

TALAAAN NG MGA NILALAMAN

Mga Pagdadaglat na Ginamit sa Batayang Aklat at sa Komentaryong Ito	1
Isang Pananalita Mula sa May-akda: Isang Maikling Buod sa Nagpapakahulugang Pamamaraan na Ito	3

PANIMULA

I. Isang Pananalita Patungkol sa Kalakaran ng Biblikal na Pagbibigay-kahulugan Tungo sa Pagdadalubhasa sa Hermenyutika	6
II. Ang mga Karanasan ng May-akda sa Pagtuturo ng Hermenyutika	13
III. Ang Isyu ng Awtoridad	15
IV. Ang Pangangailangan para sa Di-teknikal na mga Hermenyutikong Pamamaraan	17
A. Ang Kawalang-pagpapahalaga ng mga mananampalataya	
B. Dogmatismo sa mga Mananampalataya	
V. Mga Saligang Pagpapalagay Patungkol sa Bibliya	20
VI. Mga Pangkalahatang Pahayag Patungkol sa Kontekstwal/Tekstwal na Pamamaraan	22
VII. Ilang Pangkalahatang mga Puna para sa Mambabasa.....	23

ANG BIBLIYA

I. Ang Kanon	24
II. Ang mga Pag-aangkin ng Inspirasyon	26
III. Ang Layunin ng Bibliya.....	26
A. Hindi isang Panuntunang Aklat	
B. Hindi isang Siyensiya na Aklat	
C. Hindi isang Mahikang Aklat	
IV. Ang Presuposisyon ng May-akda Patungkol sa Bibliya	29
V. Ebidensya para sa isang Supernatural na Pagkasi at ang Awtoratibong Bibliya	29
A. Nanghuhulang Propesiya	
B. Arkeolohikal na mga Pagkatuklas	
C. Hindi Nagbabagong Mensahe	
D. Permanenteng Binagong mga Tao	
VI. Mga Problemang Kaugnay sa Ating Interpretasyon sa Bibliya	31
VII. Bible Ang Pangunahing Tekstwal na Pinagmumulan ng Ating Makabagong Bibliya	31
A. Lumang Tipan	
B. Bagong Tipan	
C. Maikling pagpapaliwanag ng mga problema at mga teorya ng Tekstwal na Kritisismo	
D. Ang pangunahing simulain ng tekstwal kritisismo	
E. Ilang mga halimbawa ng problema sa mga kinopya ng kamay na mga manuskrito	
F. Ang problema ng pagsasalin mula sa isang wika tungo sa iba pa	
G. Ang problema sa pantaong mga wika sa paglalarawan sa Diyos	

BIBLIKAL NA AWTORIDAD

I.	Ang Ipinagpapalagay ng Pakahulugan ng May-akda	40
II.	Ang Pangangailangan sa Napapatunayang mga Pagbibigay-kahulugan	41
III.	Mga Halimbawa ng Pang-aabuso sa Pagbibigay-Kahulugan	42

ANG INTERPRETER

I.	Presuposisyonal na Pagkokondisyon	44
II.	Ilang mga Halimbawa ng Ebanghelikong Pagkokondisyon	45
III.	Ano ang Dapat na Gawin?	49
IV.	Ang Responsibilidad ng Interpreter	50

ANG KONTEKSTWAL NA PAMAMARAAN NG PAGBIBIGAY-KAHULUGAN SA BIBLIYA

I.	Ang Kasaysayan at Pag-unlad Nito	51
A.	Pang-Hudyong Pagbibigay-Kahulugan	
B.	Ang Paaralang Alexandrino	
C.	Ang Paaralang Antioch	
D.	Ang mga Pangunahing Aral ng Antiokong Paaralan	
II.	Mga Tanong sa Pagbibigay-Kahulugan.....	56
A.	Ano ang sinabi ng orihinal na may-akda?	
B.	Ano ang ibig-sabihin ng orihinal na may-akda?	
C.	Ano ang sinabi ng orihinal na may-akda sa ibang dako sa katulad na paksa?	
D.	Ano ang sinabi ng ibang mga biblikal na may-akda sa katulad na paksa?	
E.	Paano naunawaan ng mga orihinal tagapakinig ang mensahe at paano tumugon dito?	
F.	Paano maiaangkop ang katotohanang ito sa aking panahon?	
G.	Paano maiaangkop ang katotohanang ito sa aking buhay?	
H.	Ang Pananagutan ng Tagapagbigay-Kahulugan	
I.	Ilang Makatutulong na mga Aklat	

ILANG MGA POSIBLENG NAGPAPAKAHULUGANG MGA PANGANIB

I.	Ang pangangailangan para sa kapwa Lohikal na Proseso at Tekstwal na Pokus sa Interpretasyon.....	82
A.	Ang Pampanitikang Konteksto	
B.	Ang Historikal na Konteksto	
C.	Ang Pampanitikang Dyanra	
D.	Ang Gramatika/Palaugnayan	
E.	Ang Orihinal na mga Kahulugan ng Salita at mga Konotasyon	
F.	Nararapat na Gamit ng Kahilerang mga Sipi	
II.	Mga halimbawa ng mga Pag-abuso ng Unang Limang Nagpapakahulugang mga Katanungan.....	83

PRAKTIKAL NA MGA PAMAMARAAN PARA SA INTERPRETASYON

I.	Ang Espritwal na Aspeto	90
A.	Manalangin para sa tulong ng Espiritu	
B.	Manalangin para sa personal na paglilinis	
C.	Manalangin para sa mas higit na karunungan at pagmamahal sa Diyos	
D.	Magamit agad ang bagong katotohanan sa iyong personal na buhay	
II.	Lohikal na Proseso	91
A.	Basahin ito sa ilang mga salin	
B.	Basahin ang buong aklat o pampanitikang yunit sa isang upuan	
C.	Isulat ang iyong mga obserbasyon	
1.	pangunahing layunin ng sipi	
2.	dyanra ng sipi	
D.	Suriin sa ibang Bibliya pag-aaral na pinagkukunan para sa mga puntong ito	
E.	Muling basahin ang buong aklat o pampanitikang yunit at ibalangkang ang pangunahing mga pampanitikang yunit (i.e., mga katotohanan) at maghanap para sa mga makasaysayang mga usapin o isyu (i.e., may-akda, petsa, tagapagtanggap, okasyon)	
F.	Suriin ang ibang mga pag-aaral sa Bibliyang pinagkukunan	
G.	Suriin ang mahahalagang mga kahilerang mga sipi	
H.	Ang mga Silanganin bayan ay nagpresenta ng katotohanan sa puno ng tensyon na mga pares	
I.	Sistematikong Teolohiya	
J.	Paggamit ng kahilerang mga sipi	
III.	Iminungkahing Pagkakasunod sunod para sa Paggamit ng Pananaliksik na mga Kasangkapan.....	98

MGA HALIMBAWANG KATEGORIYA PARA SA PAGSULAT NG PUNA

I.	Pagbabasang mga Siklo	100
II.	Eksedyitikal na mga Pamamaraan	102
III.	Mga pangunahing mga Pamamaraan para sa Akademikong Pag-aaral ng Salita ng NT	104
IV.	Isang Maikling Buod ng Hermenyutikal na mga Prinsipyo	105

MGA PINILING LISTAHAN NG INIREKOMENDANG PANANALIKSIK NA MGA KASANGAKAPAN SA PAMAMAGITAN NG KATEGORIYA

I.	Ang Bibliya	107
II.	Paano gumawa ng Pananaliksik	107
III.	Hermenyutika.....	107
IV.	Pangunahing mga Panimula sa Biblikal na mga Aklat.....	108
V.	Mga Bibliyang Ensiklopedya at Diksiyonaryo.....	108
VI.	Mga Pulutong na Komentaryo.....	109
VII.	Mga Salitang Pag-aaral	109
VIII.	Kultural na mga Tagpuan	110
IX.	Mga Teolohiya.....	111

X. Mga Apolohetika	111
XI. Mga Mahihirap na Maunawaan sa Bibliya.....	112
XII. Tekstwal na Kritisismo	112
XIII. Mga Leksikon	112
XIV. Web sites na Mapagbibilhan ng Mas Murang mga Aklat	113

ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN.....	114
--	------------

**MAIKLING MGA PAKAHULUGAN NG HEBREONG ANYO NG PANDIWA MAY
EPEKTO SA EXEGESIS O PAG-IINTINDI SA TEKSO**

I. Maikling Historikal na Paghubog ng Hebreo	123
II. Mga Aspeto ng Panaguri	123
A. PANDIWA	
B. MGA TANGKAY	
C. MGA MODA (MODES)	
D. <i>Waw</i>	
E. MGA PAWATAS	
F. MGA INTEROGATIBO	
G. MGA NEGATIBO	
H. MGA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP	

**MGA KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANGGRAMATIKANG ANYO NA
NAKAKAAPEKTO SA EXEGESIS**

I. PANAHUNAN.....	130
II. TINIG	132
III. MGA MODA (MODES)	132
IV. Griyegong Pananaliksik na Kasangkapan	133
V. MGA PANGGALAN	134
VI. MGA PANGATNIG AT PANG-UGNAY	134
VII. MGA KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP	136
VIII. MGA IPINAGBABAWAL	136
IX. ANG PANTUKOY	137
X. Mga Paraan ng Pagpapakita ng Pagbibigay Diin	137

MGA HALIMBAWA NG PAGSULAT NG MGA PUNA

I. Halimbawa ng isang Pampanitikang Yunit – Roma 1-3	141
II. Halimbawa ng isang NT Aklat – Tito	146
III. Halimbawa ng Detalyadong Pagsulat ng Puna mula sa mga Komentaryo ni Dr. Utley	
A. Efeso 2	153
B. Roma 5	176
C. Roma 6	199

MGA DAGDAG PABALAT

Dagdag Pabalat Isa, OT Bilang Kasaysayan	214
Dagdag Pabalat Dalawa, OT Historiograpiya Ikinumpara sa Pangkasalukuyang mga Kultura ng Near Eastern	218
Dagdag Pabalat Ikatlo, OT Salaysay	220
Dagdag Pabalat Ikaapat, OT Propesiya	223
Dagdag Pabalat Ikalima, NT Propesiya	226
Dagdag Pabalat Ikaanim, Hebreo Panulaan	231
Dagdag Pabalat Ikapito, Hebreo Karunungan Panitikan	234
Dagdag Pabalat Ikawalo, Apokaliptiko	238
Dagdag Pabalat Ikasiyam, Nagpapakahulugang mga Parabula	240
Dagdag Pabalat Ikasampu, Talahuluganan na Ginamit sa Hermenyutika	244
Dagdag Pabalat Ikalabing-Isa, Bibliograpiya ng Binanggit at Inirokemendang Aklat	255
Dagdag Pabalat Ikalabing Dalawa, Pangdoktrinang Pamamahayag	259
Tula ng Hermenyutika (ng isang dating estudyante)	261

MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA BATAYANG-AKLAT AT KOMENTARYONG ITO

AB	Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel
Freedman ABD	Anchor Bible Dictionary (6 tomo), ed. David Noel Freedman
AKOT	Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph
Owens ANET	Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard
BDB	A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs
BHS	Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997
IDB	The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 tomo), ed. George A.
Buttrick ISBE	International Standard Bible Encyclopedia (5 tomo), ed. James Orr
JB	Jerusalem Bible
JPSOA	The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America)
KB	The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner
LAM	The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M.
Lamsa LXX	Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970
MOF	A New Translation of the Bible ni James
Moffatt MT	Masoretic Hebrew Text
NAB	New American Bible Text
NASB	New American Standard
Bible NEB	New English Bible
NET	NET Bible: New English Translation, Second Beta
Edition NRSV	New Revised Standard Bible

NIDOTTE	New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis (5 tomo), ed. Willem A. VanGemeren
NIV	New International Version
NJB	New Jerusalem Bible
OTPG	Old Testament Parsing Guide niina Todd S. Beall, William A. Banks, at Colin Smith
REB	Revised English Bible
RSV	Revised Standard Version
SEPT	The Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970
TEV	Today's English Version mula sa United Bible Societies
YLT	Young's Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young
ZPBE	Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols), ed. Merrill C. Tenney

ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: ISANG MAIKLING BUOD SA NAGPAPAKAHULUGANG PAMAMARAAN NA ITO

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

Unang Saligan

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugan ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugan ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

Pangalawang Saligan

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata,

talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS⁴). Ang tekstong ito ay iisinalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS⁴ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Jerusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay

sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

Pangatlong Saligan

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

PANIMULA

I. Isang Pananalita Patungkol sa Kalakaran ng Biblikal na Pagbibigay-kahulugan Tungo sa Pagdadalubhasa sa Hermenyutika

Aking naaalala, bilang isang bagong mananampalataya, kung paaano ako nagkaroon ang kagalakan patungkol pagkakaunawa nang higit kay Kristo, ang Kristiyanong buhay, at ang Bibliya. Aking natutunan na kagalakan at katungkulan ng bawat mananampalataya na pag-aralan ang Bibliya. Naaalala ko pa kung gaano kahirap noong ako ay nagsimulang magbasa ng Bibliya. Ang aking inaakalang isang kapana-panabik na paglalakbay ay nauwi sa isang nakakalitong bangungot.

“Ang kaisipan ng personal na pag-aaral ng Bibliya ay kinakatakot ng nakakaraming mga Kristiyano. Ito ay tila nagiging lubhang nakapahirap na walang anumang pormal na pagsasanay. Gayunman, ang Awit 119 ay masugid na inaanyayahan ang bawat Kristiyanong na kumain sa espiritwal na pagpapabusog ng Banal na Kasulatan” (Mayhue 1986, 45).

Ngunit mayroong pag-asa. Ipinabatid sa akin na ang pang-relihiyong pagsasanay ay maaaring makapagbigay ng mga kasangkapan at mga pamamaraan na kinakailangan upang maunawaan ang Bibliya para sa aking sarili, ngunit ito ay tila nanging isang kalahating katotohanan. Ito ay totoo na ang pang-relihiyong pagsasanay ang nagbukas ng Bibliya sa akin sa maraming kahanga-hangang kaparaanan. Gayunman, sa lubhang kadalian, pinapatunayan nito sa akin na mas maraming pag-aaral at pagdadalubhasa ang kailangan upang tuwirang maunawaan ang Bibliya. Pagkaraka, aking napagtanto na maraming mga taon ng kadalubhasaan sa lingwistika, semantika, *exegesis*, hermenyutika, at teolohiya ang kailangan upang lubusang maunawaan ang Bibliya. Sa panahong ito, ang aking antas ng pag-aaral ay gayon, na aking tinanggap na ang mga dalubhasa na nagsanay sa aking ay hindi binigyang-kahulugan ang Bibliya nang may pagkakatulad (Silva 1987, 2-3). Inaangkin ng bawat-isa na ang katalasan ng isip sa pag-aaral ng kanilang partikular na larangan ay napakahalaga sa wastong biblikal na pagbibigay-kahulugan at gayunpaman, sila ay nagpapatuloy na hindi magkasundo sa kung papaano bibigyang-kahulugan ang ilang mga mahihirap-unawaing talata.

Ang mga punang ito ay hindi nangangahulugan na maging malakas na mapanuri ng Kristiyanong edukasyon, ngunit isang pagkilala na hindi nito maisasakatuparan ang lahat nito ipinangako. Sa anumang paraan, saanman, gayunman, kailangan magkaroon nito nang higit sa edukasyon (pag-aaral).

“Ang Bibliya ay napakapayak na ang may pinakamababang pinag-aralan ay maaaring maunawaan ang pangunahing mensahe nito at ngunit napakalalim na ang pinakamagaling na iskolar ay hindi kailanman maaaring ubusin ang buo nitong kahulugan” (Schultz at Inch 1976, 9).

Sa anumang paraan, ang pagbibigay ng kahulugan sa Bibliya ay ginawa nating nasa tanging larangang ng mga pang-akademikong dalubhasa. Kinuha natin ang Bibliya, na isinulat para sa karaniwang tao, at ibinigay ito sa mga natatangi, may mataas na kasanayang dalubhasa.

Isinulat ni Wycliffe na: “si Kristo at Kanyang mga apostol ay nagturo sa mga tao sa wika na pinakamabuti sa kanila. Ito ay tiyak na ang katotohanan ng Kristiyanong pananampalataya ay nagiging mas malinaw, mas higit na pananampalataya mismo ang nakikilala. Samakatuwid, ang doktrina ay hindi lamang dapat nasa Latin, ngunit sa karaniwang wika at, bilang ang pananampalataya ng iglesiya ay nasa Banal na Kasulatan, mas higit na makikilala ito sa isang tunay na kaunawaan, ay mas maigi. Ang karaniwang tao ay kailangang maunawaan ang pananampalataya, at bilang mga doktrina ng ating pananampalataya ay nasa Banal na Kasulatan, ang mga mananampalataya ay kailangang magkaroon ng Banal na Kasulatan sa isang wika na kanilang lubusang maunawaan” (Mayhue 1986, 106).

Ang ginawa natin sa mga prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan ay maihalintulad sa kung ano (1) ang ginawa ng mga hudyong pamamagitan ng kanilang mga dalubhasa sa kautusan, ang mga eskriba; (2) ang mga Gnostiko ay ginawa ito na kasama ang kanilang pagkarunungan pagbibigay-diin at lihim na kaalaman, na kanila lang ipinamumod; at (3) ang Iglesiya Romano Katolika ng mga Panggitnang Panahon ay ginawa ito na may pagtatalo sa paghihiwalay sakaparian at karaniwang tao, na nagpapatuloy hanggang ngayon. Muli nating kinuha ang Bibliya mula sa kaunawaan ng karaniwang tao upang ipagamit lamang ang mga katotohanan nito sa dalubhasa. Ginawa natin sa pagbibigay-kahulugan sa bibliya ay kung ano ang ginawa ng gamot sa mga manggagamot: isang dalubhasa para sa bawat sistema ng katawan ng tao, ngunit ang mga dalubhasang ito ay kasalasang hindi nagkakasundo sa pagsusuri at paggagamot. Ang katulad na pagkahilig ay nangyayari sa halos lahat ng bawat bahagi makabagong buhay, kasama ang mga pang-akademikong disiplina ng Kristiyanong kolehiyo at seminaryo.

Sa pagdagdag ng mga impormasyon ng magagamit ngayon, ang mga dalubhasa ay hindi maipamalagi sa kanilang sariling mga larangan. Samakatuwid, papaanong ang karaniwang mga Kristiyano ay maaasahan na maipamalagi ito nang may biblikal na karunungan kahit na “ang dalubhasa” mismo ay hindi ito magagawa? Si Gordon Fee, sa isang aklat na pinamagatang *Interpreting the Word of God*, ay gumawa ng ganitong pahayag:

“Ang mga mungkahing inaalok sa sulat ay maaaring tila lubhang pag-aatubuli sa karaniwang tao, kung saan ang Bibliya sa orihinal ay isinulat, na ang pagbibigay kahulugan ang naging isang gawain para lamang sa dalubhasa. Sa kabutihang-palad, ang Espiritu, bilang hangin, ‘Humihitip kung saan niya ibig’ (Juan 3:8), at sa pagkakataong ito, mayroon siyang isang kahanga-hangang paraan ng mapagbiyayang pagpapaliban sa mga dalubhasa at pagpapahayag sa atin nang tuwiran” (Schultz at Inch 1976, 126).

Sa aking palagay, tayo ay sasang-ayon sa bahaging ito ng hermenyutika (ang mga prinsipyo ng bibliikal na pagbibigay-kahulugan) at exegesis (ang kasanayan ng pagbibigay-kahulugan), kinuha natin nang maypagpapabaya ang Bibliya mula sa mga tunay na pinagkalooban nito. Si Daniel Webster ay nagbigay ng puna sa dakong ito.

“Naniniwala ako na ang Bibliya ay kailanagang maunawaan at tanggapin sa payak, maliwanag na kahulugan ng mga talata nito, yamang hindi ko mahihimok ang aking sarili na ang isang aklat ay linayon para sa kaligtasan at pagbabagong-loob ng buong mundo, ay kailangang sakupin ang kahulugan nito sa anumang hiwaga at alinlangan na walang sinuman ngunit mga kritiko at mga pilosopo ang makakatuklas nito” (Mayhue 1986, 60).

Tila ang pagpipilit sa mataas na edukasyon bilang isang pangangailangan upang bigyang-kahulugan ang Bibliya ay kailangang maging tiyak na kamalian dahil sa katotohanang ang malawaka na karamihan ng mundo ay hindi kailanman nagkaroon, at hindi kailanman maaaring magkaroon, ng antas ng teolohikong pagsasanay tinatamasa ng Europa at Amerika sa panahon ng Kaliwanagan.

“Karamihan ng mga tao ay maaaring nag-iisip na ang mga sanguniang aklat, tulad ng mga komentaryo at mga Diksyunaryong Pambibliya, ay mga kinakailangang kasangkapan para sa pag-aaral ng Bibliya. Walang dudang sila ay nakakatulong, dahil sila ay nagbibigay sa atin ng mga maliwanag na pagkaunawa ng mga dalubhasa sa Bibliya. Ngunit maraming mga Kristiyano, lalo na silang nasa mas mahirap na mga kalalagayan, ay hindi magkakaroon ng ganitong mga tulong. Kailangan ba nilang maghintay na pag-aralan ang Bibliya hanggang makuha nila ang mga ito? Kung gayon, marami ang maghihintay magpakailan pa man” (Sterrett 1973, 33).

“Ang isa ay maaaring magtiwala na ang pangkaraniwang salita ay makakapagdala ng pinakamainam ng mga pang-gramatikong salik na kinakailangan para sa pagkakaunawa Bibliikal na sulat. Kung ito ay hindi totoo, ang malaking bahagi ng Kristiyanismo ay magiging hindi karapat-dapat para sa pag-aaral ng Bibliya, at ang Bibliya ay magiging kagamit-gamit lamang sa ilang may tanging karapatang kakaunti” (Traina 1985, 81).

Ang iglesia ay kailangang bumalik isang timbang na panindigan sa pagitan ng (1) edukasyon at (2) higit sa karaniwang pagiging may kaloob. Mayroong maraming salik na napapaloob sa isang wastong pagkakaunawa ng mensahe ng Bibliya, hindi lamang alinman sa espiritwal na pag-uudyok, pangako, at pagiging mahusay ng tagapag-bigay kahulugan. Walang alinlangan na, ang isang taong hinubog ay may mag higit na kasanayan sa ilang mga anyo ng gawain, ngunit hindi kinakailangang napakahalangang isa.

“Ang presensya ng Banal na Espiritu at ang kakayahan ng wika na ipagbigay-alam ang katotohanan ay pinagsama upang ipagkaloob ang lahat ng inyong kailangan sa pag-aaral at pagbibigay kahulugan sa Bibliya para sa inyong sarili” (Henricksen 1973, 37).

Maaari bang ang pagbibigay kahulugan sa bibliya ay isang espiritwal na kaloob, gayundin ay isang natutunang disiplina? Hindi ipinapahiwatig nito sa ang lahat ng mga Kristiyano ay walang karapatan at pananagutan na bigyang kahulugan ang Banal na Kasulatan para sa kanilang mga sarili, ngunit maari ba itong sa labas ng edukasyon? Ang isang mabuting paghahambing ay ang kaloob of ebandyelikolismo. Sa mga pagkakataon ng pagpapatunay (pagsaksi) ito ay maliwanag dapat ang kaloob na ito ay makikita. Ang pagiging mabisa nito at mabunga ay malinaw. Gayunman, ito ay tunay na hindi nagtatanggal o nagbabawas ng biblikal na pananagutan para sa pagsaksi sa isang pinili, pinagkaloobang kakaunti. Ang lahat ng mga mananampalataya ay maaaring matututo na maging mas mabuti, maging mas mabisang gawain ng pagbabahagi na ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsasanay at personal na karanasan. Naniniwala ako na ito rin ay tunay pagbibigay kahulugan sa Bibliya. Kailangan nating pagsamahain ang ating pagititwala sa Espiritu (Silva 1987, 24-25) na may kaalaman mula sa edukasyon at ang pakinabang ng praktikal na karanasan.

“Maaaring ito sa puntong ito, na ako ay nagtataguyod ng isang di-intelektwal na pamamaraan sa pagbibigay kahulugan sa Bibliya. Tiyak na hindi ito ang katatayuan. Nagbabala si Spurgeon ng ganito ng kaniyang sinabi na, ‘Ito ay tila di karaniwan na may mga taong nagsasalita nang marami sa kung ano ang inihayag sa kanila ng Banal na Espiritu, na nag-iisip nang kakaunti sa kung anong inihayag niya sa iba’” (Henricksen 1973, 41).

Ito ay magdadala sa atin ng tanong na kung paaano timbangin ang dalawang maliwanag na katotohanan: Ang kakayahan ng Diyos na magpabatid sa pamamagitan ng Kanyang Salita sa dinakapag-aral at paano pagaanin ng edukasyon ang proseso.

Una, nais kong ipahayag na ang ating mga pagkakataon para sa edukasyon ay tiyak na kailangang isaalang-alang. sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya (Lukas 12:48). Maraming mga Kristiyano ay kulang sa pag-uudyok para sa pagpapabuti, hindi sa mga pagkakataon. Hindi lamang tayo mga katiwala ng ating mga pagkakataon, ngunit ng ating pag-uudyok at gayundin ang pag-uugali.

“Ang Diyos ay kanyang sariling tagapag-bigay kahulugan, ngunit ang mag-aaral ng Banal na Kasulatan ay kailangang dalhin ang kanyang gawain sa isang madisiplinang pag-iisip gayundin ang isang mainit na puso. Ang pananampalataya ay hindi nag-aalok ng madaliang paraan sa isang may pananagutang pagbasa ng Bibliya. Hindi rin nating maaaring iiwan ang gawain ng pagbibigay kahulugan sa bibliya sa mga kakaunting dalubhasa. Wala sa atin ang makakaiwas sa gawain ng pagbibigay kahulugan. Sa bawat sandali na tayo ay nakikinig sa sinumang nagsasalita, o kailanman na tayo ay nagbabasa ng isinulat ng isa, nagbibigay tayo ng kahulugan sa kunga ano ang nasabi. Ito ay walang kinaiba kapag ating binuksan Bibliya. Ang tanong ay hindi kung kailangan nating magbigay-kahulugan, ngunit gaano kabuti o gaano kasama natin ito ginagawa” (Jansen 1968, 17).

Sa ang pangangailangang ng isang mainit na puso, nais kong idagdag na kahit na ang ating mga puso ay maaaring mainit sila pa rin ay makasalanan (Silva 1987, 23, 118). Kailangan nating

maging maingat sa pag-uugnay ng ating pagkakaunawa sa Bibliya sa pagkakaunawa ng Diyos. Tayo ay palagian, at magpapatuloy na maging, apektado ng kasalanan. Sa huling pagsusuri, alinma'y hindi ang pinakamagaling na mga prinsipyong hermeyutiko o mga exegetical na pamamaraan o isang mainit na puso ang maaaring sumupit sa ating likas na hilig sa kasalanan. Ang pakumbabaan ay kailangang kasama sa ating mga pagbibigay-kahulugan.

“Ang wastong hermeyutika ay nangangailangan ng isang panindigan ng pakumbabaan. Sumasaklaw dito, hindi lamang ang pakumbabaan ng pagkatuto mula sa iba, ngunit mas mahalaga, ang pakumbabaan sa pagdating sa ilalim ng kahatulan ng ng Salita na binibigyang kahulugan. Kahit na ang gawain ng tagapag-bigay kahulugan ay nangangailangan ng pag-aaral at paghatol, ang kanyang hantungang gawain ay hayaang ang Salita na kanyang pinag-aaralan ay magsalita sa kanya at tawagin siya sa pagsunod” (Gordon Fee na sinipi sa Schultz at Inch 1976, 127).

Isa pang maaaring kalutasan ay ang konsepto ng mga nag-iibang antas o taas ng pagbibigay-kahulugan. Ito ay tima maliwanag sa akin na ang mga hindi nagsanay na karaniwang tao ay hindi magkakaroon ng malalim na kapatiran na maaaring taglayin ng isang may kasanayang tagapag-bigay kahulugan. Gayunman, hindi nito ipinapahiwatig na ang kulang na kaalaman ay may depektong kaalaman.

“Ang pagsasabing nauunawaan nating ang Salita ng Diyos ay hindi na nangangahulugang maunawaan ang lahat ng bagay dito, lutasin ang lahat ng mga suliranin ng pagbibigay-kahulugan at kumuha ng mga sagot sa lahat ng ating mga tanong. Ang eksaktong kahulugan ng ilang mga bagay ay tila nananatiling lihim” (Sterrett 1973, 16).

Kung gayon, ang lahat ng kaalaman ng tao ay nasa katulad na kaurian. Ang gawain ng Espiritu sa pangunguna sa mga anak ng Diyos sa katotohanan (Juan 14:26; 16:13-14; I Juan 2:20-21) ay pinapalawak lamang ng ating mga kasanayang pang-intelektwal. Ang mga saligan ng Kristiyanong pananampalataya ay maaaring malaman ng sinuman sa pamamagitan ng isang payak na pagbabasa ng Bibliya sa isang salin kanyang nauunawaan. Ito ay nasa larangan ng paglago at pagtimbang na ang Kristiyanong edukasyon ay nagiging isang napakahalagang tulong. Mapagkakatiwalaan natin ang Espiritu sa larangan ng pagbibigay-kahulugan. Tiyakang magkakaroon ng maling mga kahulugan at mga teolohikong suliranin, ngunit ito ba ay hindi nangyari sa mga dalubhasa?

Ang napakahalagang pangangailangan para sa mga makabagong iglesia ay ang simulang isangkot ang mga mananampalataya sa makabuluhan, personal, at pang-araw-araw na pag-aaral ng Bibliya para sa kanilang mga sarili. Kalahok dito ang pagsasanay ng iglesia sa kanila sa mga pamamaraan ng pagbibigay-kahulugan na maaari nilang maunawaan at maisakatuparan.

“Ang hamon sa iglesia ay bigyang-diin ang pansariling pag-aaral ng Bibliya sa gitna nilang naniniwala sa Bibliya” (Osborne at Woodward 1979, 13).

Ito ay lalo pang binigyang-diin:

“Ang malalim na pag-aaral ng Bibliya, gaya ng nakita nating, ay para sa bawat mananampalataya, kahit na isang mag-aaral ng Salita o isang propesyonal na manggagawang Kristiyano. Kailangan nating tandaan na hindi tayo inatasan ng Diyos na maging napakatalino, ngunit hinihingi Niya sa tayo ay maging matapat. Ang paggugugol ng isang malawak na panahon sa detalyadong pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay hindi kinakailangan ng isang henyo, ngunit ito ay nangangailangan ng disiplinadong mananampalataya. Ang pagkamatapat at disiplina ay dalawang panig ng iisang barya” (Osborne at Woodward 1979, 82).

Ang mga hermenyutikong pamamaraan ay kailangang mapababa sa karaniwang pagkakaunawa ng mga konsepto, para sa sila ay tunay ngang masasangkot sa hindi bababa sa karaniwang pagpapairal ng pantaong pangangatuwiran at mga kasanayan pangwika (Fee 1982, 16; Sire 1980, 51). Ninanais ng Diyos na makipag-usap sa atin gaya nang lubhang pagnanais ng mga mananampalataya na maunawaan ang Kanyang mensahe. Ang mga pamamaraan ay kailangang timbangin ang mga pansariling analitikong proseso habang nagkakaloob ng mabuti, mapagkakatiwalaang sanggunian nang maaaring daglian sa proseso. Ito ay lubusang totoo sa pangkasaysayan at pangkulturang kaligirang gamit. Si Gordon Fee ay nag-aalok ang mga mungkahing ito na makakatulong.

“Huwag hayaang mawalan ng pag-asa ang di-dalubhasa; ngunit hayaan mo rin siyang maging handa sa pag-aaral, hindi lamang upang mag-debosyon. Sa pag-aaral kailangan niyang gumamit ng mga sumusunod na saligan kagamitan: (a) Mahigit sa isang mabuting makabagong salin. Tinuturo nito ang mga pagkakataon kung saan may mga suliraning nalalantad. Kailangan siya maging tiyak sa paggamit ng mga saling kumikilala sa mga pagkakaiba sa pagitan ng tuluyan at mga tula at nababatid ang mga talata. (b) Mahigit sa isang mahusay na komentaryo, lalo na ang isang isinasalang-alang ang mga hermenyutikong prinsipyo na inaalok ng aklat na ito (e.g., C. K. Barrett, sa I Corinto; F. F. Bruce, sa Hebreo; R. D. Brown sa Juan). Muli, ang pagsasangguni sa marami ay kadalasang magbibigay-alam sa isa sa mga iba't-ibang pamimilian. (c) Ang iyong sarining karaniwang pagkaunawa (common sense). Ang Banal na Kasulatan ay hindi puno ng mga nakatagong kahulugan na dapat hukayin ng mga minero sa mga madilim na yungib. Subukan mong tuklasin kung ano ang malinaw na hinahangad ng mga biblikal na may-akda. Ang layunin ay kadalasang makikita malapat sa panlabas at nangangailangan lamang ng kaunting kabatiran mula sa gramatika o kasaysayan upang maging maliwanag. Kadalasan din na ito ay makikita sa ibabaw at ang mga dalubhasa ay hindi ito natagpuan dahil siya ay lubhang nakakiling sa paghuhukay muna at saka na magmasid. Sa punto ito, ang di-dalubhasa ay maraming maituturo sa dalubhasa (Gordon Fee sa *Interpreting the Word of God*,” na sinipi sa Schultz at Inch 1976, 127).

Isang Salita sa Karaniwang Tao

Para sa maraming mga karaniwang tao, mayroong isang lumalagong kalawang-halaga at kawalang-loob sa personal na pag-aaral ng Bibliya. Maraming ay pumapayag para sa iilan ang magbigay ng kahulugan sa Bibliya para sa kanila. Ito ay wumawagayway sa mukha ng biblikal na

prinsipyo ng “pagkasaserdote ng mga mananampalataya,” na lubhang pinasiglang pinagtibay ng Repormasyon. Tayong lahat ay may pananagutan na makilala ang Diyos sa pamamagitan ng Kristo at maunawaan para sa ating mga sarili, ang Kanyang kalooban para sa ating mga buhay (i.e., kakayahang pangkaluluwa). Hindi tayo mangangahas na ipagkatiwala ang nakakamanghang pananagutang ito sa iba, kahit na gaano pa natin iginagalang ang taong iyon. Tayong lahat ay magbibigay ng pagsusulit sa Diyos para sa ating pagkakaunawa sa Bibliya at kung paano nating ito ipinamuhay (cf. II Corinto 5:10).

Bakit ang paglaganap patungo sa naihandang pag-aaral ng Bibliya (mga sermon, mga komentaryo) ay lubhang makikita ngayon? Una, sa aking palagay, ang malaking bilang ng mga pagbibigay kahulugan na lubhang kara-karakang magagamit sa kanluraning kultura ay nagdulot ng malaking pagkalita. Ito ay tila walang sumsang-ayon patungkol sa Bibliya. Ito ay hindi tiyak na kalalagayan. Gayunman, ang isa ay kailangang pag-ibahin sa pagitan ng mga pangunahin, pangkasaysayang Kristiyanong katotohanan at mga isyu sa paligid. Ang mga pangunahing haligi ng Kristiyanong pananampalataya ay naibahagi sa lahat ng Kristiyanong pangkat. Sa pamamagitan nito, ang aking pakahulugan na ang mga doktrinang kaugnay sa persona at gawain ni Kristo, ang pagnanais ng Diyos na magligtas, at ang pangunahing lugar ng Bibliya at iba pang katulad na mga katotohanan ay karaniwan sa lahat ng mga Kristiyano. Ang karaniwang mga tao ay kailanga sanaying makita ang kaibahan sa pagitan ng trigo at ipa. Dahil sa maraming mga pagbibigay kahulugan ay hindi nag-aalis sa atin ng pananagutan na pumili ng isa na may pinakaakma sa kinasihang biblikal na layunin ng may-akda na naihahayag sa isang biblikal na konteksto.

Hindi lamang ang pagkakaiba ng mga pagbibigay kahulugan ang hadlang, ngunit gayundin ang mga denominasyonal na tradisyon ng tagapag-bigay kahulugan. Kadalasan, ang karaniwang tao ay iniisip nanalalaman nila ang kung ano ang ibig-sabihin ng Bibliya bago nila pag-aaral ito o kahit na basahin ito para sa kanilang mga sarili. Kadalasan, tayo ay naging lubhang may kaluwagan sa isang teolohikong sistema na nakakalimutan natin ang mga suliranin na ibinubunga ng mga sistemang gawa na tao sa buong kasaysayan ng Iglesia. At, nakalimutan natin kung paanon maraming sari-sari, kadalasang tila hindi tugmang, mga sistema ng nasa loob ng Kristiyanong komunidad. Tayo ay nangangahas na huwag takdaang ang ating mga sarili sa kung saan tayo ay pamilyar! Kailangan nating pilitin ang ating mga sarili na tanggalin ang mga salamin ng denominasyonal at pangkulturang tradisyon at view ang Bibliya in liwanag of its own panahon. Ang denominasyonal at pangkulturang mga tradisyon ay maaaring makatulong, ngunit sila ay kailangang magpasakop sa Bibliya, hindi kabaliktaran. Ito ay napakasakit na muling suriin kung ano ang nabanggit sa atin, ngunit ito ay napakahalaga na gawin natin ito, ng personal, na hiwalay sa mga magulang, pastor, guro, asawa, o mga kaibigan.

Kailangan nating naunawaan na tayong lahat ay naapektuhan, hindi lamang ng ating mga magulang, ating lugar ng kapanganakan, ating panahon ng kapanganakan, ngunit gayundin ng ating personal na mga karanasan at uri ng personalidad. Ang mga ito ay labis na nakaimpluwensya sa kung paano natin bibigyang-kahulugan ang Bibliya. Hindi natin mababago o matatanggal ang mga salik na ito, ngunit maaari nating kilalanin ang kanilang presensya, na makakatulong sa atin upang

hindi labis na maimpluwensiyahan nila. Tayong lahat ay may pangkasaysayang pasubali.

Mayroong panahon sa Amerika na ang karaniwang tao ay nalalaman ang Bibliya gayundin ang mga mangangaral, ngunit sa ating panahon ng pagdadalubhasa at ang dahan-dahang pagpasok ng mass media sa ating panahon, pinili natin ang mga dalubhasa. Gayunman, sa pagbibigay-kahulugan sa bibliya kailangan nating itong gawin para sa ating mga sarili. Hindi ito nangangahulugan na hindi na tayo sasangguni sa pinagkalooban, tinawag, at sinanay na mga Kristiyanong pinuno, ngunit hindi natin dapat hayaang ang kanilang pagbibigay-kahulugan na maging atin na walang mapagpanalakin, personal, biblikal na pagsusuri. Tayong lahat ay naaapektuhan ng kasalanan, kahit na pagkatapos na tayo ay naligtas. Ito ay nakakaapekto sa bawat aspeto ng ating pagkakaunawa patungkol sa Diyos at Kanyang mga layunin. Kailangan nating kilalanin ang pangunahin katotohanan na ating pagkakaunawa ay hindi kailanman pagkakaunawa ng Diyos. Kailangan tayong kumapit sa mga pangunahin haligi ng Kristiyanismo, ngunit hayaan ang maraming pagpapahayag ng pagbibigay-kahulugan at kasanayan sa paligid o mga di-kinakailangang bahagi. Kailangan nating, bawat-isa na magpasya kung saan ang mga hangganan nakatayo at mamuhay nang nararapat, sa pananampalataya, sa pag-ibig, sa liwanag na ating taglay mula sa Banal na Kasulatan.

Sa pagwawakas, ito ay tila para sa aking na ang iglesiya ay kailangang mag-ukol ng mas maraming lakas sa pagpapabatid ng mga prinsipyo para sa sapat na pagkakaunawa ng sinauna, kinasihang layunin ng may-akda ng Bibliya. Tayo bilang mga mambabasa ng Bibliya ay kailangan gayundin ay bawasan ang ating pangkaranasan, pamparokya, denominasyonal, nakagapos sa tradisyong mga pagpapalagay upang tunay na mahanap ang mensahe ng kinasihang biblikal na mga may-akda, kahit na ang mga ito ay maaaring sumalungat sa ating personal na mga pagkiling o denominasyonal na mga tradisyon. Kailangan nating lisanin ang ating laganap na “pagpapatunay ng talata” na mga pamamaraan para sa isang tunay na kontekstwal na pagbibigay-kahulugan ng orihinal na nabiblikal na mga may-akda. Ang tanging kinasihang tao sa pagbibigay kahulugan sa bibliya ay ang orihinal na na (mga) may-akda.

Ang mga mananampalataya ay kailangang muling suriin kanilang mga layunin at mga motibo sa liwanag ng Efeso 4:11-16. Nawa ay tulungan tayo ng Diyos sa pagsulong sa kapuspusan ng Kanyang Salita sa kaisipan at gawa.

II. Ang mga Karanasan ng May-akda sa Pagtuturo ng Hermenyutika sa mga Lokal na Iglesiya, mga Silid-aralan, at mga Seminaryo

Bilang isang pastor sa loob ng labing-limang tayo, isang propesor sa pamantasan sa loob ng labing-anim, ako ay nagkaroon ng malawak na pagkakataon na magmasid at magtalakay ng mga isyung hermenyutiko sa mga Kristiyanong mula sa maraming denominasyonal na mga pangkat. Ako ay nagpasotr sa mga iglesiyang Southern Baptist at nagturo sa tatlong mga paaralang Southern Baptist (Wayland Baptist University extension, Lubbock, Texas; The Hispanic School of Theology, Lubbock, Texas; at East Texas Baptist University, Marshall, Texas), at isang masbabang karismatikong kolehiyong antas na paraan ng Bibliya (Trinity Bible Institute, Lubbock, Texas). Buhat noong pagreretiro, ako ay nagturo

ng mga aralin sa loob ng maraming taon sa OMS Emmaus Seminary sa Cap Haitian, Haiti; ang Baptist Armenian Seminary sa Yerevan, Armenia, at ang interdenominasyonal na seminaryo sa Novi Sod, Serbia. At, ako ay isang associate na miyembro ng United Methodist Church at ang Presbyterian Church of America. Ginawa ko ang aking doctoradong gawain sa isang interdenominasyonal na seminaryo, Trinity Evangelical Divinity School sa Chicago. Ito ay nagpahintulot sa aking na magministro sa mga denominasyonal na linya sa loob ng maraming taon. Isang karaniwang paksa na pinaunlad sa mga pagtalakay na ito at ang maliwanag na kakulangan ng pagsasanay sa hermenyutikong mga konsepto at mga pamamaraan. Karamihan ng mga Kristiyano, sa pagbibigay-kahulugan ng Bibliya, ay umaasa sa

1. Pagpapatunay ng teksto
2. pagliliteral
3. alegorya/pagbibigay-moralidad
4. denominasyonal na pagdodoktrina
5. personal na karanasan
6. pangkulturang pagpapasubali

Mayroong isang matinding pangangailangan para sa isang hindi pabago-bago, mapapatunayan, tekstwal na pagtuong hermenyutikong paraan sa pagbibigay-kahulugan sa bibliya. Ito ay napakahalaga na ang hermenyutikong mga prinsipyo ay maipakilala sa (1) di-teknikal na wika; (2) payak na naipahayag na mga prinsipyo; at (3) mga prinsipyo na maaaring maipakilala sa maraming kaugnay na mga biblikal na halimbawa.

Ang mga karaniwang tao ay handang tumugo sa isang pinagaang hermenyutikong paraan na maaaring ipakilala upang magbigay ng mas di-nagbabago, mapapatunayang mga pamamaraan para sa pansariling pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan. Karamihan sa mga karaniwang tayo ay nauunawaan ang kaugnay na maraming pag-aaral ng Bibliya na kanilang ipinakilala, mula sa mga lokal na iglesiya, Kristiyanong panitikan at gayundin mula sa broadcast media (radyo at telebisyon). Ako ay nagturo ng hermenyutika sa maraming mga tagpuan.

1. Pang-lungsod na mga seminar
2. Mga sa seminar sa lokal na iglesiya
3. Mga klase sa Sunday School
4. Mga silid-aralan ng mga mababang kolehiyo
5. Mga silid-arala ng mga pamantasan

Sa bawat mga tagpuang ito, nakakakita ako ng mga karaniwang tao na bukas at masigasig na tumugon sa isang di-pabago-bago, mapapatunayang paraan sa pag-aaral ng Bibliya.

Mayroong tunay na pagkagutom na maunawaan ang Bibliya at mabuhay sa liwanag ng kanyang mga katuruan. Mayroon din isang tunay na pagkasiphayo dahil sa

1. ang napakaraming mga pagbibigay kahulugan
2. ang pagkaka-ugnay ng mga pagbibigay kahulugan
3. ang denominasyonal na kayabangan kaugnay sa partikular na mga pagbibigay kahulugan
4. ang kakulangan ng kakayahan na mapapatunayan kung ano ang sinabi sa kanila sa pangalan ng Diyos

Ang Batayang Aklat ay hindi idinisenyo na maging isang teknikal, puspusan,

akademikong pagpapakilala ng hermenyutika, ngunit isang panimula sa karaniwang mananampalataya sa Kontekstwal/Tekstwal na paraan ng pantekstong pagtuon ng paaralan ng pagbibigay-kahulugan (i.e., Antioch ng Syria) at ang personal pag-aangkop ng mga prinsipyo sa pang-araw-araw na pag-aaral at pamumuhay. Ang Panimula ay tutuon sa limang tiyak na mga bahagi.

1. ang pangangailangan para sa hermenyutikong pagsasanay
2. ang Kontekstwal/Tekstwal na mga prinsipyo ng biblikal na hermenyutika
3. ilang pangunahing mga bitag sa napapanahong hermenyutika
4. ilang pumapatnubay na methodolohikong mga pamamaraan, at
5. ang pag-aaral ng mga pinagkukunan ng Bibliya na magagamit ng makabagong karaniwang tao na nagsasalita ng Ingles

Ang Batayang Aklat na ito ay dinesenyo upang itaas ang interest at pagnanais ng mga Kristiyano sa pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan para sa kanilang mga sarili. Ito ay tinatanggap lamang na isang panimulang hakbang, ngunit isang napakahalagang hakbang gayunpaman. Ang Bibliograpiya ay nagbibigay ng maraming karagdang mga pagkukunan para sa ibayong pag-aaral sa mga pamamaraan ng pag-aaral ng Bibliya. Ang pagtanggap na mayroong suliranin sa ating kasalukuyang kilalang mga paraan ng pagbibigay kahulugan sa bibliya at mayroong isang mas di-pabago-bago, mapapatunayang paraan na magagamit ng mga karaniwang tao ay ang pangunahin layuni ng Batayang Aklat na ito. Dahil ang paglalakbay ng sanlibong milya ay nagsisimula sa isang hakbang, umaasa na ang Panimulang ito ay mag-uumpisa sa mga karaniwang tao sa tamang landas ng nakakawili at ganap na gawain ng pamumuhay, pang-araw-araw, personal na pag-aaral ng Bibliya.

III. Ang Isyu ng Awtoridad

Ang tanong kung mayroon o walang Diyos ay hindi kailanman naging isang isyu para sa akin sa pansarili. Sa pagsunod sa mga biblikal na may-akda, ipinagpapalagay ko ang pag-iral ng Diyos. Hindi ko naramdaman ang pangangailangan para sa isang pilosopikong pangangatwiran upang itaguyod ang aking pananampalataya sa puntong ito. Ang limang mga patunay ni Thomas Aquinas para sa Diyos ay makakatulong sa paghahanap ng katibayan mula sa pangangatwiran lamang. Gayunman, kahit na ang mga pilosopikong pangangailangan sa pangangatwiran ay hindi tunay na nagpapatunay ng pag-iral ng Diyos ng Bibliya, ang Ama ng ating Panginoong Hesukristo. Sa pinakamainam sila ay nagpapalagay ng isang lohikong pangangailangan, isang di-magagalaw na taga-galaw, o isang kataas-taasang pinagmulan.

At, ang tanong patungkol sa kung makikilala natin ang Diyos (pilosopiyang Griyego) ay hindi kailanman naging pangunahing pagintindi para sa akin. Aking ipinagpapalagay na ang Diyos ay nagtatangkang makipag-usap sa atin. Ito ay hindi lamang totoo sa lika na kapahayagan: (1) saksi ng Diyos sa paglalang (Mga Awit 19:1-6; Roma 1:19-20) at (2) ang panloob na moral na saksi ng sangkatauhan (Roma 2:14-15), ngunit natatangi sa nakasulat na kapahayagan ng Diyos (II Timoteo 3:15-17). Nagsalita ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng

mga pangyayari, mga kautusan, at mga propeta (cf. Mateo 5:17-19). Siya ay nagsalita nang lubusan sa Kanyang Anak (Juan 1:1-14; Hebreo 1:1-3; Mateo 5:21-48).

Ang pangunahin tanong para sa akin ay imiinog sa kung ano ang sinasabi ng Diyos. Ang pag-intinding ito ay yumabong na lubhang maaga sa aking buhay Kristiyano. Sa pagnanais na malaman ang Bibliya ako ay nanlumo sa lahat ng mga sari-saring pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Ito ay tila ang bawat-isa ay may sarili niyang palagay patungkol sa Bibliya, kadalasan ay nakabatay sa indibidwal na pansariling uri, denominasyonal na kaligiran, personal na karanasan, o pagsasanay ng magulang. Silang lahat ay lubhang napaniwala at napapaniwala. Ako ay nagsimulang magtaka kung ang isa ay tunay na maaaring malaman, sa kahit anong antas na katiyakan, kung ano ang sinasabi ng Diyos.

Sa seminaryo, sa wakas, ako ay ipinakilala sa konsepto ng “biblikal na awtoridad.” Ito ay naging malinaw sa akin na ang Bibliya ay ang tanging batayan para sa pananampalataya at kasanayan. Hindi lamang ito isang ideya upang ipagtanggol ang isang tradisyonal na mga pamamaraan at mga teolohiya. Ito ay tunay na tiyakang sagot sa isyu ng awtoridad.

Kahit na pagkatapos tanggapin ang awtoridad ng Bibliya na wastong binigyang-kahulugan, mayroong pa ring nananatiling mahirap na isyu na kung anong hermenyutikong sistema ang pinakamagaling. Ang tulad na pagkalito ang aking naramdaman sa larangan ng mga pagbibigay kahulugan, natagpuan ko na makikita sa larangan ng hermenyutika. Bilang katunayan, ang pagkakaiba ng naihayag o di-naihayag, may kamalayan o mga walang kamalayan, na mga prinsipyo ng hermenyutika ay maaaring tunay na nagdudulot ng pagkarami-raming mga pagbibigay kahulugan. Ang mga hermenyutikong prinsipyo ay lubhang mahirap suriin dahil ang kanilang mga sarili ay hindi kinasihan, ngunit umusbong sa loob na naiibang teolohikong mga tradisyon at sa pamamagitan ng pangkasaysayan mga krisis. Mayroong mga maka-Diyos na nagbibigay-kahulugan sa lahat ng sari-saring mga sistema. Paano magpapasya ang isa kung anong sistema ang gagamitin? Ang saligang isyu para sa akin ay ang “pagiging mapapatunayan” at “pagiging di-pabago-bago.” Tiyak kong ito ay dahil sa ako ay nabubuhay sa isang panahon na pinangungunahan ng makaagham na pamamaraan. Gayunman, mayroong pangangailangan ng ilang hangganang ilalagay sa pagbibigay-kahulugan. Mayroong pagtitiglaw sa loob ng hermenyutika dahil ito ay kapwa isang kaloob (sining) at isang pangkat ng lohikong mga patnubay para sa pagkakaunawa ng mga pantaong wika (agham). Anuman ang mga prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan, kailangang magkaroon ng pagtitimbang sa dalawang pananaw na ito.

Ang Antiochian (Syrian) na paaran ng pagbibigay-kahulugan ay nagkakalob na pinakamagamit na pagtitimbang. Ang kontekstwal /tekstwal na pagtuon nito ay pinahihintulutan ang ilang sukat ng pagiging mapapatunayan. Hindi kailanman magkakaroon ng pagkakaisa, ngunit sa bandang huli, binibigyang diin nito ang kahalagahan ng pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan sa kanilang maliwanag, karaniwang kaunawaan.

Ito ay kailangang tanggapin na paraan ay talagang isang pangkasaysayan pagtugon sa alegorikong paaralan ng Alexandria (Ehipto). Ito ay isang lubusang pagpapagaan (Silva

1987, 52-53), ngunit ito ay makakatulong pa rin sa pagsusuri ng dalawang pangunahing mga pamamaraan ng iglesia sa pagbibigay-kahulugan sa bibliya. Ang paaralang Antiochian, kasama ang Aristotelian metodolohiya nito, ay nagkaloob ng isang sapat na makatwirang paliwanag para sa Repormasyon/ Renaissance na pagbibigay-kahulugan, na nagtakda ng pagkakataon para sa ating makabagong makaagham na pag-aangkop. Ang Kontekstwal/ Tekstwal na paraan sa pagbibigay-kahulugan nagpapahintulot sa Bibliya na magsalita muna sa kanyang sariling panahon (isang kahulugan) at pagkatapos sa ating panahon (maraming mga pag-aangkop). Ito ay dumudugtong sa patlang ng panahon at kultura sa isang pamamaraan na katanggap-tanggap sa marurunong na komunidad ng ating panahon. Kanila itong tinanggap dahil ito ay tiyak na katulad na paraan na ginamit sa bibigyang-kahulugan sa lahat na sinaunang panitikan at ito ay umaakma sa anyon ng pag-iisip ng ating makabagong akademikong pananaw.

Yamang ang hermeyutika ay naging isang pangunahin alalahanin ng aking ministryo, ako ay nagsimulang suriin ang pangangaral, pagtuturo, at pang-relihiyong sulat nang mas maingat. Ito ay nakapanlulumong tingnan ang mga pang-aabuso na nangyayari sa pangalan ng Diyos. Ang iglesia ay tila pinapapurihan ang Bibliya at pagkatapos ay binabaluktot ang kanyang mensahe. Ito ay hindi lamang totoo sa karaniwang tao, ngunit gayundin ang pamunuan ng Iglesia. Ito ay hindi isang isyu ng kabanalan, ngunit tunay na kawalang alam sa mga saligang prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan. Ang kaligayahan aking natagpuan sa pagkaalam ng Bibliya sa pamamagitan ng layunin (intensyon) ng orihinal na na may-akda ay tiyak na di makikita sa maraming kahanga-hanga, matatapat, mapagmahal na mga mananampalataya. Ako ay nagpasyand magbuo ng Batayang Aklat upang ipakilala sa mga karaniwang tao saligang mga prinsipyo ng Antiochian, kontekstwal /tekstwal na pagtuon na pamamaraan. Sa panahong ito (1977) mayroong di karamihang mga akla ang magagamit sa hermeyutika. Ito ay sadyang totoo para sa karaniwang tao. Ako ay sumubok na magpayabong ng interest sa paglantad ng ating mga kamalian sa pagbibigay-kahulugan gayundin, ang ating mga inaakalang pagkiling. Ito ay pinagsama na may isang maikling pagpapaliwanag sa kontekstwal /tekstwal na pamamaraan at isang tala ng karaniwang teolohikong kamalian na mababangga sa pagbibigay-kahulugan. Sa huli, isang sunod-sunod na pagkakaayos ay ipinanukala upang tulungan ang sinuman na lumakad sa mga sari-saring hermeyutikong mga gawain at ang wastong panahon upang magsangguni sa mga kasangkapang pananaliksik.

IV. Ang Pangangailangan para sa Di-teknikal na mga Hermeyutikong Pamamaraan

A. Ang Kawalang-pagpapahalaga ng mga mananampalataya

Ang suliraning ito ay nasa aking puso bilang isang pastor at propesor sa loob ng maraming taon. Ako ay may masakit na pagkakabatid sa pagbaba sa pangkalahatang biblikal na kaalaman sa mga mananampalataya sa ating panahon. Ang kakulangan ito sa kaalaman ay ang naging ugat sa dahila ng maraming mga suliranin sa

pangkasalukuyang iglesiya. Nalalaman ko na ang makabagong mga mananampalataya iniibig ang Diyos gaya ng mga nakalipas na salinlahi na nagmahal sa Kanya at Kanyang Salita, ano ang nagdulot ng pagbaba ng ating pagkakaunawa, hindi lamang sa nilalaman ng Banal na Kasulatan, ngunit kung ano ang kahulugan nito at paano ito maiaangkop ngayon?

Sa aking palagay, isang diwa ng pagkasiphayo ang nagdulot sa karamihan sa mga Kristiyano na magkaroon na kawalang-sigla at kawalang malasakit patungkol sa pag-aaral at pagbibigay-kahulugan sa Bibliya. Ang kawalang malasakit na ito ay makikita sa maraming mga bahagi ng makabagong buhay. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ating pangkulturang pag-uugali ng konsumerismo. Tayo bilang isang tao ay namimihasa sa kagyat na pagbibigay-katugunan sa ating bawat pangangailangan. Ang ating kultura ay ipinihit ang kaisipan ng “madaliang pagkain” ng industriya sa isang pangkulturang pamantayan. Tayo ay pinamihasa sa isang produkto na kaagad na magagamit at madaliang nauubos. Ang Kristiyanong paglago ay batay sa pam-Bibliyang kaalaman at pang-araw-araw na pamumuhay na hindi maipapasok ang pangkulturang inaasahan. Ang kaalaman sa Bibliya ay tanging magagamit sa pagbayad ng pansariling halaga ng panalangin, pagpupunyagi, pagsasanay, regular na pag-aaral, at pansariling pag-aangkop. Sa katotohanan, karamihan sa mga makabagong mananampalataya ay nasa madaliang landas ng dalawampu’t-isang siglo, ang materyalistikong Amerika at hindi nakahandang magbayad ang ganilang pansariling halaga.

At, ang di-biblikal na dichotomy sa pagitan ng mga pari at karaniwang tao ay nagpapatingkad ng suliranin. Ito ay tila halos ating “upahang baril” na kaisipan ay nagpahupa sa karamihan ng mga karaniwang tao sa diwa ng pangangailangan sa pag-aaral at pag-unawa ang Bibliya sa sarili. “Hayaang gawin ito ng mangangaral” ay dumating sa ating kaisipan. Ang suliranin sa kaisipang ito ay, “Paano kung ang pastor ay magkamali na pagbibigay-kahulugan?” o “Paaano kung mapalitan ang pastor?” Ang kawalang malasakit na ugaling ito ay dumadaya sa biblikal na katotohanan at ang muling pagbibigay-diin ng Repormasyon (Luther) sa doktrina ng “kakayahan ng kaluluwa” (I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Pinapalaka nito ang ating “pinagsama-samang lipunan” na pagkahilig. Ito ay mauuwi sa pagtuon sa espiritwal na pananagutan palayo mula sa ating mga sarili at papunta sa ibang tao. Ang mga pinuno ng Iglesia ay naging mga tagapamagitan o gurus sa halip na “mga manlalarong tagasanay” (Efeso 4:11-12). Hindi lamang mayroong tayong isang kultura na humahati sa buhay sa secular at sa banal, ngunit ating itinatalaga ang banal upang maging mga kahalili.

Ang isa pang pangunahin dahilan para sa kawalang-malasakit sa karamihan sa mga makabagong mananampalataya sa larangan ng pag-aaral ng Bibliya ay ang ating lumalagong makabagong pagkahilig patungong pagdadalubhasa. Ang pag-aaral ng Bibliya ay naging isang teknikal na larangan domain ng mga sinanay na dalubhasa. Ang mga prinsipyo at mga pamamaraan ay lubhang magulo at kinapapalooban isa na

nararamdaman ang kawalang kakayahan maliban na siya ay magkaroon ng maraming PhD.: lingwistika, Griyego, Hebreo, hermenyutika, at teolohiya. Sinisimulan nito ang panganib ng “makabagong gnosticismo,” na ang espiritwal na katotohanan ay magagamit lamang ng mga matatalinong elitista. Sa katotohanan, kahit na ang mga elitista ay hind nagkakasundo. Ito ay tila na kahit na ang mga kasanayang teknikal do hindi nagdadala ng pagkakasundo.

Ito ay magdadala sa atin sa susunod sa dahilan sa kawalang pagpapahalaga, ay ang napakaraming mga pagbibigay kahulugan. Hindi lamang ito humaharap sa denominasyonal na mga pagkakaiba, ngunit kahit na sa loob ng mga denominasyon ay mayroong pagkakaiba ng palagay. Hindi ito nakakataka na ang karamihan sa mga mananampalataya ay naguguluhan sa mukha ng ganitong di-pagkakasunod, na kadalasang ipinapakilala sa isang pilit, dogmatikong paraan.

B. Dogmatismo sa mga mananampalataya

Mayroon bang pagtataka na mayroong pagkalito at pag-aatubili na maging kasangkot sa pamamaraan ng pagbibigay-kahulugan? Maliban sa mga nakalipas na nabanggit na panlabas na salik, mayroong maraming mga panloob. Kung mayroong kawalan ng pagpapahalaga patungkol sa pagkakasangko sa pag-aaral ng Bibliya, ito halos tila ang minsang pagpasya na ginawa upang pangibabawan ang kawalan ng pagpapahalaga, kagyat na paghahati sa dalawa at patatangi ay naibubunga. Ang antas ng dogmatismo sa mga makabagong kanluraning mag-aaral ng Bibliya students ay napakataas.

Ito ay tila kinapapalooban ng maraming salik. Ang una ay kadalasang kaugnay sa espiritwal na tradisyon na kung saan ang isa ay pinalaki. Kadalasan ang dogmatismo ay isang napaga-aralang pagtugon mula sa ating mga magulang o mga guro ng iglesia. Ito ay maaaring alinman sa isang lubos na pagkilala ng kanilang pananaw at mga kagawian o ang lubusang pagtangi ng kanilang panindigan. Ang pagsasalin, paglagom, o pasalungat na reaksyon ay kadalasang di-kaugnay sa personal na pag-aaral ng Bibliya. Kadalasan ang ating mga pagkiling, mga pagpapalagay, at a priorities ay naisasalin sa pamamagitan ng mga pamilya.

Kung ang mga magulang ay hindi tayo tinatatakan ng kanilang espiritwal na mga pananaw, pagkatapos, lubhang tiyakan na gagawin ito ng denominasyon. Karamihan sa ating pinaniniwalaan ay hindi bunga ng personal na pag-aaral ng Bibliya, ngunit ng denominasyonal na pagtuturo ng doktrina. Ngayon, napakakaunting mga iglesia ang sistematikong nagtuturo kung ano ang kanilang pinaniniwalaan at bakit. Ang suliraning ito ay apektado hindi lamang ng denominationalismo, ngunit ng geographikong kinalalagyan ng denominasyonal na iglesia. Ito ay maliwanag na ang panahong ito (post-modernity) kung saan tayo ay nabubuhay ay nakakaapeto sa ating sistemang pananampalataya, gayundin, ang ginagawa ng ating geographikong kinalalagyan. Ang parokyalismo ay kasinghalaga ng pangmagulang o denominasyonal na tradisyon. Sa

loob ng tatlumpung taon na ako ay kalahok sa Partnership Evangelism at kumuha ng mga miyembro ng iglesia at mga mag-aaral sa mga paglalakbay na pang-misyon sa mga gawain ng aking mga denominasyonal ng iglesia sa mga banyagang bansa. Ako ay namamangha kung papaanong ang mga magkakaibang iglesia na mula sa katulad na denominasyonal tradisyon ay nagsasanay sa kanilang pananampalataya! Ito ang nagbukas sa aking mata sa denominasyonal, pamparokyang pagtuturo ng doktrina (hindi pababasa ng Bibliya) na nakaapekto sa ating lahat.

Ang pangalawang pangunahing dahilan ng dogmatismo sa mga mananampalataya ay kaugnay sa personal na salik. Gaya ng pag-apekto sa atin ng panahon, lugar, at mga magulang, gayundin, tayo ay kapwa naaapektuha ng ating sariling pagkatao. Ang konseptong ito ay mapapalago sa ilang detalye sa mga huling bahagi ng Batayang Aklat na ito, ngunit kailangan itong banggitin na sa pasimula ay gaano kalaki ang ating personal na kaurian, personal na karanasan, at espiritwal na kaloob ay nakakaapekto sa ating mga pagbibigay-kahulugan. Kadalasan ang ating dogmatismo ay maaaring maihayag sa “kung ito ay nangyari sa akin, ito ay mangyayari sa iyon” o “kung ito ay hindi nangyari sa akin, ito ay hindi mangyayari sa iyo.” Ang dalawa ay hindi totoo!

V. Mga Saligang Pagpapalagay Patungkol sa Bibliya

Sa puntong ito, kailangan kong maging mas nauunawaan at susubukang sabihin ang aking sariling mga gumaganang pagpapalagay. Kung tayo ay lubhang apektadon ng di-biblikal na salik, bakit ang Batayang Aklat na ito ay hindi lamang isa pang kalipunan? Hindi ko tinatanggap sumang-ayon ka sa akin, ngunit upang magkaloob ng isang mas di-pabagobago, mapapatunayang pamamaraan para sa personal, di-teknikal na pag-aaral ng Bibliya. Ang pamamaraan ay hindi kinasihan, ngunit ito ay isang umuunlad na sinaunang Kristiyanong huwaran. Ang aking mga salingang pagpapalagay ay

- A. Ang Bibliya, kapwa Luma at Bagong Tipan, ay mula sa isa at isa lamang na Manlilikha, Manunubos na Diyos. Ipinagkaloob Niya ito sa ating sa pamamagitan ng pantaong kasangkapan upang makilala at maunawaan natin Siya at Kanyang kalooban para sa ating mga buhay (cf. II Timoteo 3:15-17). Ito ay lubusang makapangyarihan.
- B. Ang Bibliya, tulad na hermenyutika, ay hindi isang katapusa sa kanyang sarili, ngunit isang paraan sa isang personal na pakikipagtagpo sa Diyos (Grant at Tracy 1984, 177; Carson 1984, 11; Silva 1987, vi). Ang Diyos ay maliwanag na nagsalita sa atin sa Bibliya at lalong higit na maliwanag sa Kanyang Anak, si Hesukristo (Hebreo 1:1-3). Si Kristo ay ang pagtuon ng lahat ng Banal na Kasulatan. Siya ang marangal na katuparan at layunin nito. Siya ay Panginoon ng Banal na Kasulatan. Sa Kanya, ang kapahayagan ay ganap at lubos (Juan 1:1-18; I Corinto 8:6; Colosas 1:13-20).
- C. Ang Bibliya ay isinulat sa karaniwan, di-teknikal na pantaong wika. Ang pagtuon nito ay ang maliwanag, karaniwang kahuluga ng mga salita, mga sugnay, mga pangungusap (Silva 1987, 42). Ang Banal na Espiritu ay nagkaloob ng mga payak na pahayag ng

katotohanan. Hindi nito sinasabi na ang Bibliya ay may kalabuan, na ito ay hindi nagtataglay ng pangkulturang mga wikain, o na ito ay hindi nagtataglay ng mahihirap unawaing mga talata, sa puntong ito, mga kamalian sa pagsulot. Gayunman, ito ay walang nakatago o lihim na mga kahulugan. Ito ay hindi nagsasalungatan (pagkakatulad ng pananampalataya) bagaman ito ay nagtataglay ng kabalintunaan o dalawahang pag-iigting sa pagitan ng mga katotohanan.

- D. Ang mensahe ng Bibliya ay una sa lahat ay pangkatubusan at para sa lahat ng tao (Ezekiel 18:23,32; Juan 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; II Pedro 3:9). Ito ay para sa mundo, hindi natatangi para sa Israel (Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6). Ito ay para sa “napahamak” (nalugmok) na mundo, hindi lamang para sa iglesia. Ito ay para sa karaniwan, katamtamang mga tao, hindi lamang para sa pinagkaloobang espiritwal o intelektwal.
- E. Ang Banal na Espiritu ay isang napakahalagang gabay sa wastong pagkakaunawa.
1. Mayroong pangangailangan ng pagtitimbang sa pagitan ng pangtaong pagpupunyagi at kabanalan (II Timoteo 2:15) at ang pangunguna ng Espiritu (Juan 14:26; 16:13-14; I Juan 2:20-21,27).
 2. Ang Biblikal na pagbibigay-kahulugan ay maaaring isang espiritwal na kaloob (tulad sa ebandyelikolismo, pagkakaloob, o panalangi), ngunit ito ay gayundin ang gawain ng bawat mananampalataya. Bagaman ito ay isang kaloob, sa pagsusuri ng pinagkalooban, lahat tayo ay makakagawa ng mas mabuting gawain.
 3. Mayroong isang espiritwal na dimension na higit sa maaabot ng pantaong karunungan. Ang orihinal na mga may-akda ay kadalasang nagtatala nang higit sa kanilang nauunawaan (mga panghinaharap na pangyayari, mga anyo ng nagpapatuloy na kapahayagan, at maramihang katuparan ng propesiya). Ang orihinal na tagapagpakinig ay kadalayang hindi naiintindihan ang kinasihang mensahe at ang mga implikasyon nito. Ang Espiritu ang nagbibigay liwanag sa atin upang maintindihan natin ang pangunahing mensahe ng biblikal na mga may-akda. Maaaring hindi natin maunawaan ang bawat detalye, kung sa gayon, sino? Ang Espiritu ay ang tunay na may-akda ng lahat ng Banal na Kasulatan.
- F. Ang Bibliya ay hindi tuwirang nagsasalita sa bawat makabagong tanong (Spire 1980, 82-82). Ito ay may kalabuan sa maraming bahagi. Ang ilan dito ay nasara sa orihinal na pangkasaysayan tagpuan (e.g., I Corinto 15:29) at ang ibang mga bahagi ay nakatago sa likod ng “hindi pa” ng kasaysayan (e.g., Daniel 12:4). Ito ay kailangang matandaan na ang Bibliya ay may paghahambing na katotohanan, hindi puspusang katotohanan. Ito ay sapat para sa pananampalataya at pamumuhay. Hindi natin malalaman ang lahat ng bagay, kahit na ang patungkol sa Diyos o isang partikular na doktrina ng Banal na Kasulatan, ngunit maaari nating malaman kung ano ang kailangan (Silva 1987, 80).

VI. Mga Pangkalahatang Pahayag Patungkol sa Kontekstwal/Tekstwal na Pamamaraan

Ang Batayang Aklat na ito ay isang mahalagang paninula sa Kontekstwal/ Tekstwal o Literal na pamamaraan ng pagbibigay-kahulugan sa Bibliya. Ang paraang ito ay pinaunlad noong ikatlong siglo A.D. sa Antioch, Syria, bilang reaksyon sa Alegorikong pamamaraan, na pinaunlad sa nakalipas sa Alexandria, Ehipto. Ang pangkasaysayan pagpapaunlad at pagpapaliwanag ng sinaunang pamamaraan na ito ay tatalakayin sa mga susunod sa bahagi. Sa pasimulang bahaging ito, hayaan niyo akong gumawa ang ilang pangkalahatang pamamayahag patungkol sa Antiokong pamamaraan.

- A. Ito lamang ang pamamaraan na magagamit na nagkakaloob ng pamamahala sa pagbibigay-kahulugan na nagtuturo sa atin na mapatunayan, mula sa ang teksto, ang ipinagkaloob na pagbibigay-kahulugan. Ito ay nagkakaloob ng isang sukat ng di-pagbabago at katiyakan na ang isang nagbigay-kahulugan sa talata ng wasto sa liwanag ng layunin ng orihinal na kinasihang may-akda. As Gordon Fee says, “Ang isang Bibliya na nangangahulugan ng lahat ng bagay, ay nangangahulugan wala.”
- B. Ito ay hindi lamang isang pamamaraan para sa mga dalubhasa o mga pinuno ng iglesia, ngunit isang pamamaraan ng pagbabalik sa orihinal na mga tagapakinig. Ang orihinal na mga tagapakinig na ito ay naunawaan ang ang mensahe sa kanilang sariling pag-iral nakonteksto at pangkulturang kapaligiran. Dahil sa panahon, wika, at kultura, ang gawain ng pagkakaunawa ang orihinal na kalalagayan at mensahe ay nagiging mas lalong mahirap (Virkler 1981, 19- 20). Silang madaling madaling makita ay kadalasang nawawala sa kasaysayan, kultura, o wikain. Samakatuwid, ang kaalaman ng kasaysayan at kultura ay nagiging napakahalaga. Ang kaalaman ng orihinal na wika, ang kanyang kayarian, at kanyang wikain ay naging maraling tulong. Dahil sa pangkultura at lingwistikong patlang, tayo ay naging mga mananaliksik, o sa huli, mga mambabasa ng maasahang mananaliksik.
- C. Ang ating una at huling gawain sa pagbibigay-kahulugan ay upang maunawaan nang maliwanag kung ano ang sinasabi ng biblikal na mga may-akda sa kanilang panahon, ano ang naunawaan ng orihinal na mga tagapakinig, at paano maiaangkop ang mga katotohanang ito sa ating kultura at ating pansariling pamumuhay. Maliban sa mga salika na ito, ay walang makabuluhang pagbibigay-kahulugan!

Sa puntong ito, hayaan niyong sabihin ko ang maraming katanungan sa konteksto at nilalaman na itatanong ng isa sa bawat biblikal na teksto.

1. Ano ang sinabi ng orihinal na may-akda? (kritisismong tekstwal)
2. Ang ang ibig-sabihin ng orihinal na may-akda? (exegesis)
3. Ano ang sinabi saan man ng orihinal na may-akda sa katulad na paksa? (mga katulad na talata)
4. Ano ang sinabi ng iba pang biblikal na mga may-akda sa katulad na paksa? (mga katulad na talata)
5. Paano naunawaan ng orihinal na mga tagapakinig ang mensahe at paano tumugon dito? (orihinal na pag-aangkop)

6. Paano maiaangkop ang orihinal na mensahe sa aking panahon? (makabagong pag-aangkop)
7. Paano maiaangkop ang orihinal na mensahe sa aking buhay? (personal na pag-aangkop)

VII. Ilang Pangkalahatang mga Puna para sa Mambabasa

- A. Ang kasalanan ay nakakaapekto sa pagbibigay-kahulugan ng bawat-isa (kahit na pagkatapos na maligtas), edukasyon, panalangin, at pagsasaayos. Nalalaman kong ito ay nakaapekto sa akin, ngunit hindi ko palaging maunawaan kung saan at paaano. Samakatuwid, ang bawat isa sa atin ay kailangang salain ang ating pag-aaral sa pamamagitan ng panananahan ng Banal na Espiritu. Tingnan ang aking mga halimbawa, pag-isipan ang aking lohika, hayaan mong unatin ko ang iyong mga konsepto.
- B. Huwag ka nawang humatol o gumawa ng reaksyon sa Batayang Aklat na ito na nakabatay lamang sa kung ano ang palagi mong narinig o pinaniniwalaan. Bigyan mo ako ng pagkakataon na kahit kaunti ay hamunin ang iyong tradisyonal na mga pagkakaunawa. Madalas kong sinasabi sa aking klase, “Hindi dahil sa may sinabi akong isang bagay na hindi mo pa napapakinggan, hindi ito kusang nangangasomething na ako ay kakaiba!”
- C. Ang halimbawang aking ginamit ay pinagtatalunan. Sila ay ginamit upang ikaw ay mag-isip at muling suriin ang iyong personal na teolohiya at mga pamamaraan ng pag-aaral ng Bibliya. Huwag kang maging lubhang makisali sa mga paglalarawan ng mga hermeyutikong prinsipyo o mga exegetical na pamamaraan na ito na iyong di nakuha ang pamamaraan na sinusubukan kong ipakilala. Ang mga halimbawa ay ginamit upang
 1. Ipakita ang alternatibong mga pagbibigay-kahulugan
 2. Ipakita ang di-kawastuhan ng mga pagbibigay-kahulugan
 3. Ilarawan ang mga hermeyutikong prinsipyo
 4. kunin at panatilihin ang iyong atensyon
- D. Pakatandaan na hindi ko sinusubukang ibahagi sa inyo ang aking personal na teolohiya, ngunit upang ipakilala ang isang sinaunang Kristiyanong pamamaraan ng hermeyutika at ang pag-iiral nito. Hindi ko hinahanap ang iyong pagsang-ayon, ngunit ako ay nagtatangka kang hamunin sa pagsasakatuparan ng mga pamamaraan sa sa pagbibigay-kahulugan na maaaring hindi palaging sumasagot sa lahat ng ating mga katanungan, ngunit makakatulong sa pagkilala kapag ang isa ay sinusubukan na magsalita nang sobra o kakaunti patungkol sa isang talata ng Banal na Kasulatan.
- E. Ang Batayang Aklat na ito una sa lahat hindi inilalaan para sa bagong mga Kristiyano. Ito ay para sa mga mananampalataya na nagsisikap na may ganap na pagkatuto at naghahanap na maipahayag ang kanilang pananampalataya sa biblikal na mga kaurian. Ang pagiging ganap ay isang puno ng pag-iigting na proseso ng pag-uusisa sa sarili at pamumuhay na pananampalataya. Ito ay isang paglalakbay na hindi natatapos.

ANG BIBLIYA

I. Ang Kanon

Dahil sa ang aklat-aralin na ito ay pangunahing isang panimula sa kontekstwal at tekstwal na mga prinsipyo para sa pagbibigay kahulugan sa Bibliya, tila ito ay halata na kailangan nating tumingin ng una sa Bibliya mismo. Para sa layunin ng pag-aaral na ito ating ipagpapalagay ang paggagabay ng Espiritu sa kanonisasyon (ang pinakdakilang presuposisyon).

A. Ang Pangkalahatang Presuposisyon ng May-akda

1. Ang Diyos ay umiiral at nais Niya na makilala natin Siya.
2. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa atin.
 - a. Siya ay umakto sa kasaysayan (kapahayagan)
 - b. Pinili Niya ang tiyak na bayan upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (inspirasyon)
 - c. Ang Kanyang Espiritu ay tinutulungan ang mambabasa (tagapakinig) sa isinulat na kapahayagan na ito upang maunaawaan ang mga pangunahing katotohanan (iluminasyon)
3. Ang Bibliya ay ang tanging mapagkakatiwalaan na pinagmulan ng katotohanan patungkol sa Diyos (Aking nalalaman ang mga patungkol sa buhay at mga katuruan ni Hesus sa pamamagitan lamang ng Bibliya). Ito ang tanging pangkalahatang pinagmumulan ng pananampalataya at mabubuting gawa. Ang OT at NT na mga aklat ay isinulat sa partikular na mga okasyon at mga panahon ay ngayong ang mga kinasihang mga gabay para sa lahat ng okasyon at mga panahon. Gayunpaman, sila ay naglalaman ng kultural na mga katotohanan na hindi sumasaklaw sa kanilang sariling panahon at kultura (i.e., poligamiya, banal na labanan, pag-aalipin, buhay na walang asawa, lugar ng mga babae, pagsusuot ng belo, banal na halik, atbp.).

B. Akong napagtanto na ang proseso ng kanonikasyon ay isang makasaysayang proseso na may ilang hindi inaasahang mga insedente at mga pangyayari, ngunit aking isang presuposisyon na ang Diyos ang nanguna sa paghubog nito. Ang naunang iglesya ay tinanggap ang kinilalang mga aklat ng OT na tinanggap sa loob ng Judaismo. Mula sa makasaysayan g pagsasaliksik tila ang sinaunang mga iglesya, hindi ang sinaunang mga konseho lamang, ang nagdesisyon sa Bagong Tipan kanon. Tila ang mga sumusunod na pamantayan ay kasangkot, anuman sa nalalaman o hindi nalalaman.

1. Ang Protestantengeng Kanon ay naglalaman ng lahat ng kinasihang mga aklat; ang Kanon ay sarado na! (i.e., “ang pananampalataya,” Gawa 6:7; 13:8; 14:22; Galacia 1:23; 6:10; Judas vv. 3,20)
 - a. tinanggap ang OT mula sa mga Hudyo
 - b. dalawampung-pitong mga aklat sa NT (isang progresibong makasaysayang proseso)
2. Bagong Tipan mga may-akda ay konektado kay Hesus o sa isang Apostoles (Isang progresibong makasaysayang proseso)
 - a. Santiago kay Judas kay Hesus (Kanyang mga kapatid sa ina)
 - b. Marcos kay Pedro (ginawa ang kanyang mga pangaral sa Rome tungo sa isang Ebanghelyo)
 - c. Lucas kay Pablo (misyonyong katambal)
 - d. Mga Hebreo sa tradisyonal ay kay Pablo
3. Ang Teolohikal na pagkakaisa sa Apostolikong pagsasanay (kalaunan ay tinawag na “panuntunan ng pananampalataya”). Ang mga Ebanghelyo ay isinulat halos pagkatapos

- ibang mga NT na mga aklat.
- a. dahil sa pagsibol ng erehiya (i.e., adopsyonismo, Gnostisismo, Marcionismo, at Montanismo)
 - b. dahil sa nabalam na Ikalawang Pagdating
 - c. dahil sa kamatayan ng labindalawang mga Apostol
4. Ang permanente at binagong mga buhay ng mga tagapakinig ay kaya ang mga aklat na ito ay binasa at tinanggap
 5. Ang pangkalahatang konsensus ng sinaunang ng mga naunang iglesya at kalaunang iglesya mga konseho ay makikita sa naunang mga listahan ng Kanonikal na mga aklat
 - a. Si Origen (A.D. 185-254) ay nagsasaad na may apat na mga Ebanghelyo at ang mga Liham ng mga Apostoles na kumakalat sa mga iglesya.
 - b. Ang Muratorian Fragment ay may petsa sa pagitan ng A.D. 180-200 mula sa Roma (ang tanging kopya mayroon sa panahon ngayon ay nasira na, ay huling Latinong teksto). Ito ay naglilista ng kaparehong 27 mga aklat gaya ng sa Protestanteng NT (ngunit nagdadagdag ng Apokalipso ni Pedro at ang Pastol ni Hermas).
 - c. Si Eusebius ng Caesarea (A.D. 265-340) ay ipinakilala ang tatluhang designasyon (gaya ni Origen) upang ilarawan ang Kristyanong mga kasulatan: (1) “natanggap” at samakatuwid ay tinanggap; (2) “pinagtalunan” at samakatuwid ibig sabihin ilang mga iglesya, ngunit hindi lahat, ay tinanggap sila; at (3) “palso” at samakatuwid hindi tinanggap sa mas malawak na karamihan ng mga iglesya at hindi dapat basahin. Ang mga nasa pinagtalunang kategorya na sa kalaunan ay tinanggap ay ang mga: Santiago, Judas, II Pedro, at II at III Juan.
 - d. Ang Cheltenham na listahan (sa Latin) mula sa Hilagaang Africa (A.D. 360) ay may kaparehong 27 mga aklat (maliban sa Mga Hebreo, Santiago, at Judas [Mga Hebreo ay hindi partikular na binanggit, ngunit maaring isinama sa mga sulat ni Pablo]), gaya ng sa Protestanteng NT, ngunit hindi sa karaniwang pagkakasunod-sunod.
 - e. Ang Sulat sa Muling Pagkabuhay ni Athanasius noong A.D. 367 ay ang unang listahan ng eksaktong kapareho ng 27 mga aklat (walang labis, walang kulang) na gaya ng sa Protestanteng NT.
 - f. Ang konsepto at nilalaman ng isang awtoratibong listahan ng natatanging mga aklat ay isang makasaysayan at teolohikal na pag-unlad.
 6. Iminumungkahing babasahin
 - a. *The Canon of the New Testament* ni Bruce Metzger, inilathala ng Oxford Press
 - b. *Articles on Canon in Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia*, Vol. 1, pp. 709-745
 - c. *Introduction to the Bible* ni William E. Nix at Norman Geisler, inilimbag ng Moody Press, 1968 (lalo na ang tsart sa p. 22)
 - d. *Holy Writings – Sacred Teksto: The Canon in Early Christianity* ni John Barton, inilimbag ng Westminster John Knox Press.
 7. Ang Luma at Bagong Tipan ay ang tanging pampanitikang produksyon ng Ancient Near East na naging “Kanon” na espesyal na nagmumula sa at nagpapahayag na mga banal na layunin. Walang ibang mga panrelihiyong listahan na nagpapaiba sa pagitan ng Kanonikal (i.e., awtoratibo) laban sa di-Kanonikal na relihoyosng mga kasulatan. Paano, bakit, at kailan ang makasaysayang prosesong ito ay nangyari?
 - a. Ito ba ay desisyon ng mga iglesyang konseho ng ikatlo at ikaapat ng mga siglo A.D.?
 - b. Ito ba ay sa paggamit ng mga Kristyanong manunulat ng ikalawang siglo?
 - c. Ito ba ay sa pamamagitan ng mga iglesya sa huling una hanggang sa ikaapat na mga siglo?

II. Pag-aangkin ng Inspirasyon

Sa ating panahon ng nagtatalong pag-aangkin at pahayag patungkol sa Bibliya, biblikal awtoridad, at interpretasyon, nagiging labis na napakahalaga na tayo ay magpokus sa kung ano ang inaangkin ng Bibliya para sa kanyang sarili. Ang teolohikal at pilosopikal na mga talakayan at ang kanilang mga pag-aangkin ay nakakaakit, ngunit hindi inspirado. Ang mga pantaong mga kategorya at mga pormulasyon ay laging may kasalanan sa labis na pagpapahayag. Krusyal na hayaan natin ang Bibliya na magsalita para sa kanyang sarili.

Dahil si Hesus ay ang pokus ng ating pananampalataya at doktrina, kung matatagpuan natin Siya na nagsasalita sa paksang ito ito ay tiyak na nakakapagbigay impormasyon. Ginawa Niya ito sa Mateo 5:17-19 sa isang pambukas na seksyon na tinawag na “Sermon sa Bundok” (Mateo 5-7). Binaybay Niya ng malinaw ang Kanyang pananaw sa katawan ng sagradong panitikan na tinatawag nating Lumang Tipan. Pansinin ang Kanyang pagbibigay diin sa pagkwalang hanggang at kahalagahan nito para sa buhay at pananampalataya ng mga mananampalataya. Pansinin rin ang Kanyang sentral na lugar sa layunin at katuparan nito. Ang pasaheng ito ay hindi lamang sumusuporta sa isang banal na kinasihang Lumang Tipan, ngunit isang sukdulang pagpopokus sa kapahayagan ng Kanyang sarili (Kristosentrikong tipolohiya). Gayunpaman, ito rin ay nakahandang mapapansin sa vv. 21-26, 27-31, 33-37, at 38-40 na Kanyang kumpletong isinaayos ang tradisyonal na interpretasyon ng Lumang Tipan sa loob ng rabinikal na Judaismo ng Kanyang panahon. Ang Kasulatan mismo ay kinasihan, eternal, at Kristosentriko, ngunit ang ating pantaong mga interpretasyon ay hindi. Ito ay lubhang mahalaga sa pundasyonal na katotohanan. Ang Bibliya, hindi ang ating pang-unawa nito, ang siyang eternal at kinasihan. Si Hesus ay pinatindi ang tradisyonal, panuntunang-pokus na aplikasyon ng Torah at itinaas ito sa imposibleng antas ng saloobin, motibasyon, at intensyon.

Ang klasikal na pananalita ng biblikal na inspirasyon ay nagmumula sa Apostol para sa mga Hentil, si Saul ng Tarsus. Sa II Timoteo 3:15-16 Pablo ay partikular na sinasabi na ang “Diyos-na kaloob” (sa literal, hiningahan ng Diyos) ng Kasulatan. Sa puntong ito ay tektstwal na hindi tiyak kung kanyang isasama ang lahat ng mga Bagong Tipan na mga kasulatan na alam natin sa pananalitang ito. Gayunpaman, sa pamamagitan ng implikasyon, sila ay tiyak na kasama. Gayundin ang, II Pedro 3:15-16 ay isinasama ang mga kasulatan ni Pablo sa kategorya ng “Kasulatan.” Ang isa pang sumusuportang Kasulatan pasahe mula kay Pablo patungkol sa inspirasyon ay matatagpuan sa I Tesalonica 2:13. Dito, gaya ng sa nauna, ang pokus ay sa Diyos bilang tunay na pinanggagalingan ng mga salita ng Apostoles. Ang kaparehong katotohanan na ito ay ipinaalingawngaw ni Apostol Pedro sa II Pedro 1:20-21.

Hindi lamang ang mga kasulatan ay iprinisenta bilang may banal na pinagmulan, ngunit gayundin ang layunin nito. Lahat ng Kasulatan ay ibinigay sa mga mananampalataya para sa kanilang pananampalataya at buhay (Roma 4:23-24; 15:4; I Corinto 10:6, 11; I Pedro 1:10-12).

III. Ang Layunin ng Bibliya

A. Hindi isang Panuntunang Aklat

Marami sa ating pagkakaunawa patungkol sa Kasulatan ay nagsisimula sa ating maling haka haka patungkol sa mga layunin nito. Isang paraan upang maitatag kung ano ang isang bagay ay isaad kung paano ito ay hindi. Ang inklinasyon ng makasalanang tao tungo sa legalismo. na napakahalata sa mga Fareseo, ay buhay at malakas sa iyong iglesyang tahanan. Ang pagkahilig na ito ay nagpipihit sa Bibliya na maging isang ekstensibong pulutong ng mga panuntunan. Ang mga modernong mga mananampalataya ay halos pinilit na gawin ang mga Kasulatan tungo sa isang legalistik na panuntunang aklat, isang uri ng “Kristyanong Talmud.” Dapat na isaad ng malakas na ang pangunahing pokus ng mga

Kasulatan ay pagtutubos. Ito ay nagnanais na magkompronta, magkumbinse, at pilitin ang tumatalikod na sangkatauhan pabalik sa Diyos (McQuilkin 183, 49). Ang pangunahing pokus ay kaligtasan (II Timoteo 3:15), na nagdudulot ng pagiging wangis ni Kristo (II Timoteo 3:17). Ang pagiging wangis ni Kristo na ito ay isa ring pangunahing tunguhin (Roma 8:28-29; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 1:4; I Tesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15), ngunit ito ay resulta ng unang tunguhin. Higit sa isang posibilidad para sa estruktura at kalikasan ng Bibliya ay ang pagtutubos na layunin nito at hindi isang sistematikong panuntunang aklat o doctrinang aklat (i.e., hindi isang Kristyanong Talmud). Ang Bibliya ay hindi tinatalakay ang lahat ng ating intelektwal na mga katanungan. Maraming mga isyu ay tinalakay sa may kalabuan o di-kompletong mga paraan. Ang Bibliya ay hindi dinesenyo ng unang una hindi bilang sistematikong teolohiya, ngunit bilang selektibong kasaysayan ng pakikitungo ng Diyos sa Kanyang rebeldeng nilikha. Ang layunin nito ay hindi lamang mga patakaran, ngunit pakikipagrelasyon. Nagiiwan ito ng mga lugar na walang takip upang tayo ay mapuwera na lumakad sa pag-ibig (I Corinto 13), hindi alituntunin (Colosas 2:16-23). Dapat nating makita ang priyoridad ng mga tao na ginawa ayon sa Kanyang imahe (cf. Genesis 1:26-27), hindi mga alituntunin. Hindi ito pulutong ng mga alituntunin, ngunit isang panibagong karakter, isang bagong pokus, isang bagong buhay na ipinakita.

Hindi ito nagpapahiwatig na ang Bibliya ay hindi naglalaman ng mga alituntunin, sapagkat ito ay mayroon, ngunit sila ay hindi sumasaklaw sa lahat ng lugar. Madalas ang mga patakaran ay nagiging hadlang sa halip na tulay sa paghahanap ng sangkatauhan sa Diyos. Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng sapat na impormasyon upang mamuhay ng nakalulugod sa Diyos; ito rin ay nagbibigay sa atin ng ilang mga pamantayan o mga hangganan. Ang pangunahing kaloob nito, gayunpmaman, ay ang “Gabay,” hindi mga pamatnubay. Ang makilala at sumunod sa Gabay hanggang sa ikaw ay magiging kagaya Niya ay ang ikalawang tunguhin ng Kasulatan.

B. Hindi isang Siyensiya na Aklat

Isa na namang halimbawa ng makabagong pagtatangka ng sangkatauhan upang magbigay ng mga katanungan sa Kasulatan na hindi nakadesenyo upang sumagot ay sa lugar ng modernong siyentipikong pagsisiyasat. Marami ang nagnanais na magpuwersa sa mga Kasulatan tungo sa pilosopikal na grid ng natural na batas, partikular na sa relasyon ng “siyentipiko pamamaraan” ng pasaklaw na pangangatwiran. Ang Bibliya ay hindi isang banal aklat-aralin sa batas ng kalikasan. Hinid ito anti-siyentipiko; ito ay pre-siyentipiko! Ang unang una na layunin nito ay hindi sa lugar na ito. Bagamat ang Bibliya ay hindi nagsasalita ng direkta sa mga katanungang ito, ito naman ay nagsasalita patungkol sa pisikal na realidad, gayunpaman, ito ay nagsasalita sa wika ng paglalarawan (i.e., penomenolohikal na wika), hindi siyensiya. Ito ay nagalalarawan ng realidad sa mga termino ng kanyang sariling panahon. Ito ay nagpapakita ng isang “mundong pananaw” higit sa isang “larawan ng mundo.” Ibig sabihin ito ay nakapokus higit sa “ang sino” kaysa sa “ang paano.” Ang mga bagay ay inilarawan bilang kung paano sila lumitaw (i.e., ang limang mga pandama) sa mga karaniwang tao. Ilang mga halimbawa ay

1. Ang mga patay ba ang naninirahan sa lupa? Ang Hebreong kultura, gaya ng sa atin, ay inililibing ang kanilang mga patay. Samakatuwid, sa wika ng paglalarawan, sila ay nasa daigdig (Sheol o Hades).
2. Ang lupain ba ay nakalutang sa tubog? Ito ay madalas na nakakonekta sa tatluhang-kwentong-sandaigdigang modelo. Ang mga sinauan ay alam na ang tubig ay nasa ilalim ng lupa (i.e., oasis). Ang kanilang konklusyon ay ipinahayag sa patulang wika.
3. Maging tayo, sa ating panahon, ay nagsasalita sa ganitong mga kategorya.
 - a. “ang araw ay sumisikat”

b. “ang hamog ay bumabagsak”

Ilang mga aklat na tunay na nakatulong sa akin sa lugar na ito ay ang mga

- 1) *Religion and the Rise of Modern Science* ni R. Hooykaas
- 2) *The Siyentipiko Enterprise and the Christian Faith* ni Malcolm A. Jeeves
- 3) *The Christian View of Science and Scripture* by Bernard Ramm
- 4) *Science and Hermeneutics* ni Vern S. Poythress
- 5) *Darwinism on Trial* ni Phillip Johnson
- 6) Ilang mga mabubuting mga aklat ni Hugh Ross, Pensacola Bible Church, Pensacola, FL
- 7) *Science and Faith: An Evangelical Dialogue* ni Henry Poe at Jimmy Davis
- 8) *The Battle of Beginnings* ni Del Ratzsch
- 9) *Coming to Peace with Science* ni Daniel Falk
- 10) *Mere Christianity: Science and Intelligent Design* ni William Demoski

C. Hindi isang Mahikang Aklat

Hindi lamang ang Bibliya ay hindi panuntunang aklat o isang siyensiya na aklat, ngunit hindi rin ito isang mahikang aklat rin. Ang ating pagmamahal sa Bibliya ang nagdulot sa atin na dalhin ito sa ilang napakakakaibang mga paraan. Hinanap mo ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pananalangin at pagpapahintulot sa Bibliya na mabuksan ito at pagkatapos ay ituro ang iyong daliri sa isang talata? Ang karaniwang praktis na ito ay itinuturing ang Bibliya na tila isang bolang kristal o banal na “Ouija board.” Ang Bibliya ay isang mensahe, hindi isang modernong Urim at Thummim (Exodo 28:30). Ang kahalagahan nito ay nasa mensahe nito, hindi sa pisikal na presensya. Bilang mga Kristyano, dinadala natin ang Bibliya sa ospital na kasama natin, hindi upang mabasa natin ito, dahil sa tayo ay lubhang may karamdaman. Ginagawa natin ito dahil ito ay kumakatawan sa presensya ng Diyos sa atin. Para sa maraming modernong mga Kristyano ang Bibliya ay naging isang pisikal na idolo. Ang pisikal na presensya ay hindi nito kapangyarihan, ngunit ang mensahe nito patungkol sa Diyos kay Kristo. Ang paglalagay ng iyong Bibliya sa iyong kirurhiko na hiniwa ay hind makatulong upang ito ay mapagaling ng mabilis. Hindi lamang natin kailangan ang Bibliya sa tabi ng ating highaan, kailangan natin ang mensahe nito sa ating mga puso.

Akin pang naririnig na may mga tao ang nagagalit kapag may nakapaghulog ng Bibliya o isang tao ay sinulatan ito. Ang Bibliya ay hindi higit na balat ng baka (kung ikaw ay mayroong isang mahal na Bibliya), sapal ng puno, at tinta. Ito ay banal lamang ayon sa koneksyon nito sa Diyos. Ang Bibliya ay walang saysay maliban na lamang na ito ay babasahin at susundin. Ang ating kultura ay may paggalang tungo sa Bibliya at rebelde tungo sa Diyos. Una sa ating korteng sistema ang isa ay manunumpa na magsasabi ng katotohanan habang nakapatong ang kanyang kamay sa Bibliya. Kung ang isang tao ay mananampalataya siya ay hinda talaga magsisinungaling. Kung ang isa ay manunumpa sa sinaunang aklat na kung saan ay hindi niya pinaniniwalaan at ang nilalaman ay di niya nalalaman, ano ang makakapag-isip sa atin na hindi siya magsisinungaling?

Ang Bibliya ay hindi isang mahika na gayuma. Hindi ito isang detalyado, kumpleto, walang putol na aklat-aralin sa natural penomena at hindi ito “Hoyle’s” panuntunang aklat sa laro ng buhay na may detalyadong insturksyon sa bawat lugar. Ito ay isang mensahe mula sa Diyos na umaakto sa loob ng kasaysayan ng tao. Ito ay tumuturo tungo sa Kanyang Anak at itinuturo nito ang kanyang daliri sa ating rebelyon.

IV. Ang Presuposisyon ng May-akda Patungkol sa Bibliya

Bagamat ang Bibliya ay naabuso ng inaasahan at pagkakagamit ng sangkatauhan, ito parin ang ating natatanging gabay para sa pananampalataya at praktis. Nais kong ihayag ang aking presuposisyon patungkol sa Bibliya.

Ako ay naniniwala na ang Bibliya, kapwa Luma at Bagong Tipan, ay ang tanging malinaw na pagpapahayag sa sarili ng Diyos. Ang Bagong Tipan ay ang sakdal na katuparan at tagapagbigay kahulugan sa Lumang Tipan (dapat nating tignan ang OT sa pamamagitan ng mga panibagong mga kapahayagan ni Hesus at ang NT, na radikal na pangkalahatang pangako sa Israel). Ako ay naniniwala na ang iisa at tanging Eternal, Manlilikha, Manunubos na Diyos ang nagpasimula sa pagsusulat ng ating Kanonikal na mga Kasulatan sa pamamagitan ng pagkakasi ng ilang mga pinling tao upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa sa mga buhay ng mga indibidwal at mga bansa. Ang Bibliya ay ang tangi natin malinaw na pinagmumulan ng impormasyon patungkol sa Diyos at Kanyang mga layunin (Nalalaman ko ang patungkol kay Hesus mula lamang sa mga pahina ng NT). Ang natural kapahayagan (cf. Job 38-39; Awit 19:1-6; Roma 1:19-20; 2:14-15) ay balido, ngunit hindi kompleto. Si Hesuskristo ay ang permanenteng panakip ng kapahayagan ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili (cf. Juan 1:18; Colosas 1:14-16; Hebreo 1:2-3). Ang Bibliya ay dapat na pagliwanagin ng Banal na Espiritu (cf. Juan 14:23; 16:20-21; I Corinto 2:6-16) upang wastong maipaliwanag (sa kanyang espiritwal na dimensyon). Ang mensahe nito ay awtoratibo, sapat, eternal, walang kamalian, at mapagkakatiwalaan para sa lahat ng mga mananampalataya. Ang eksaktong moda ng pagkakasi nito ay hindi pa naipapahayag sa atin, ngunit halata sa mga mananampalataya na ang Bibliya ay isang supernatural na aklat, isinulat ng people sa ilalim ng espesyal na pamumuno.

V. Ebidensya para sa isang Supernatural na Pagkasi at ang Awtoratibong Bibliya

Bagamat ang pananalita sa itaas ay isang presuposisyonal, na gaya ng lahat ng pantaong karunungan, hindi ito nangangahulugan na walang kapani-paniwala na sumusuportang ebidensya. Sa puntong ito hayaan nating pag-aralan ang ebidensya na ito.

- A. Ang Bibliya ay naglalaman ng napakatumpak na mga prediksyon (makasaysayan, hindi tipolohikal [Hosea 11:1] o apokaliptiko [Zacarias 9]) patungkol sa panghinaharap na pangyayari, hindi malabo na mga pormulasyon, ngunit sa partikular at madalas na nakakamanghang katumpakan. Dalawang mabuting mga halimbawa ay ang sumusunod.
 1. Ang lugar ng ministeryo ni Hesus ay hinulaan na sa Galilee, Isaias 9:1. Ito ay hindi labis na inaasahan ng mga Hudyo na taga Judea dahil ang Galilea ay hindi itinuturing na tila Kosher dahil sa pisikal na distansya nito mula sa Templo. Subalit, ang pangunahing ministeryo ni Hesus ay ginugol sa heograoikal na lugar na ito.
 2. Ang lugar na kapanganakan ni Hesus ay partikular na itinala sa Micah 5:2. Ang Bethlehem ay napakaliit na nayon na ang tanging pag-aangkin sa kasikatan ay ang pamilya ni Jesse ay nakatira doon. Subalit, 750 na mga taon bago ang kapanganakan ni Hesus ang Bibliya ay partikula na nagtuturo nito bilang ang lugar ng kapanganakan ng Mesyas. Maging ang rabinikal na mga iskolars ng korte ni Herodes ay alam ito (Mateo 2:4-6). Ang ilan ay nag-alinlangan sa 8th siglo B.C. na petsa para sa kapwa Isaias at Micah, gayunpaman, dahil sa ang Septuagint (na isang Griyegong salin ng Hebreo

Kasulatan, na nagsimula noong mahigit 250-200 B.C.), maging sa pinakamaliit sa mga propesiya na ito ay ginawa ng higit 200 mga taon bago pa ang katuparan nito.

- B. Isa pang ebidensya ay nauugnay sa makabagong siyentipiko disiplina ng arkeolohiya. Ang huling ilang mga dekada ay nakita ang matinding bilang ng arkeolohikal na pagkatuklas. Sa aking kaalaman wala anomang mga nakita ang nagtakwil sa makasaysayang kawastuhan ng Bibliya (Nelson Glueck, *Rivers in the Desert*, p. 31, “Walang arkeolohikal na pagkatuklas ang nagawa na kumukontra sa pananalita ng Kasulatan”), sa halip ay kabaligtaran. Ang arkeolohiya ay nagsaayos ng kompiyansa sa pagkamakasaysayan sa Bibliya ng paulit-ulit.
1. Isang halimbawa ay ang paggamit ng Mesopotamiang mga pangalan sa Nuzi at Mari Tablets ng ikalawang milenyo B.C., na lumitaw sa Genesis. Hindi ito magkaparehong mga tao, ngunit magkaparehong mga pangalan. Mga pangalan are characteristic of a particular time and place. Ang mga pangalan na “Terah” at “Nahor” ay karaniwan sa biblikal na tala at sa mga sinaunang mga tableta na ito.
 2. Ang sulpot ng Hittite sibilisasyon sa Asya Minor ay isa na namang halimbawa. Sa maraming mga taon (19th siglo) ng sekular na kasaysayan ay walang reperensiya sa matatag, mataasn antas ng pag-unlad na kultura na kilala sa pamamagitan ng pangalan na ito (Archer 1982, 96-98, 210). Gayunpaman, ang Genesis 10 at ang makasaysayan mga aklat ng Bibliya ay binanggit ang mga ito ng maraming beses (II Kings 7:6,7; II Cronico 1:17). Ang arkeolohiya ay nakompirma na noon pa, hindi lamang ang kanilang pag-iiral, ngunit ang kanilang mahabang buhay at kapangyarihan (i.e., 1950 mga arekolohiko ay natagpuan ang maharlikang silid-aklatan ng 2,000 kyuniporm kung saan ang bansa ay tinawag na kapwa Anatolia at Hittite).
 3. Ang pag-iiral ni Belshazzar, ang huling Babylo niang hari (Daniel 5), ay madalas na itinatangi. Mayroong sampung mga listahan ng mga Babylo niang hari sa sekular na kasaysayan kinuha mula sa Babylo niang dokumento, ngunit wala ang naglalaman ng pangalan ni Belshazzar. Sa mas higit pang arkeolohikal natagpuan ito na mas halata na si Belshazzar ay karehente at opisyal na nakatalaga sa panahon ng periyod na yaon. Ang kanyang ama, si Nabonidus, na ang ina ay isang dakilang saserdota ng diyosa ng buwan, si *Zin*, ay labis na naging kasangkot sa pagsamba kay *Zin* (Nana) at siya ay lumipat sa Tema (Arabia), ang kanyang banal na bayan, habang nasa sampung taong kampanyang militar laban sa Ehipto. Iniwan niya ang kanyang anak na lalake, si Belshazzar, upang mamuno sa bayan ng Babylonia sa kanyang pagkawala.
- C. Isang mas higit na ebidensya para sa supernatural na Bibliya ay ang palagian nitong mensahe. Hindi ito nagsasabi na ang Bibliya ay hindi naglalaman ng ilang mga kabalintunaanang mga materyal, ngunit hindi rin nito kinokontra ang kanyang sarili. Ito ay kamangha-mangha kapag ituturing na ito ay isinulat ng higit sa 1600/1400 taon na peroyod (depende sa petsa Exodus, i.e., 1495, 1290 B.C.) ng mga may-akda ng may radikal na edukasyonal at kultural na mga kaligiran mula sa Mesopotamia hanggang Ehipto. Ito ay binubuo ng magkakaibang pampanitikang dyanra at ito ay isinulat sa tatlong magkakahiwalay na mga wika (Hebreo, Aramaic, at Koine Griyego). Subalit, sa kabila ng lahat ng pagkakaibang ito, isang nagkakaisang mensahe (i.e., balangkas na linya) ang ipinakita.
- D. Sa kahulihan, isa sa pinakakagilagilalas na mga ebidensya para sa natatanging inspirasyon ng Bibliya ay ang permanenteng moral na binagong mga buhay ng lalake at babae mula sa ibat-ibang mga kultura, ibat-ibang mga antas ng edukasyon, at ibat-ibang mga antas ng sosyo-ekonimoko sa buong kasaysayan. Saan man ang Bibliya ay

simpleng binasa, radikal, permanente pagbabago ng pamumuhay ang nangyayari. Ang Bibliya ay ang sarili nito pinakamainam na tagapagtanggol.

VI. Mga Problemang Kaugnay sa Ating Interpretasyon sa Bibliya

Ang nasa itaas ay hindi ninais na mangahulugan na magpahiwatig na ito ay madaling maunawaan o walang ilang mga problema na konektado sa Bibliya. Dahil sa kalikasan ng pantaong wika, mga sulat kamay na manuskrito pinagsama sa problema ng salin, ang ating mga modernong mga Bibliya ay dapat na iinterpret sa isang analitikal na kaparaanan.

Ang unang problema na dapat na harapin sa makabagong mambabasa ng Bibliya ay ang ibat-ibang mga manuskritong umiiral. Hindi lamang ito totoo sa Hebreo Lumang Tipan, ngunit sa Griyegong Bagong Tipan din. Ang paksa na ito ay tatalakayin sa isang mas praktikal na paraan sa huling kabanata, ngunit sa ngayon tignan natin ang problema. Ito ay madalas na tinatawag na Tekstwal na Kritisismo. Ito ay pangunahing sumusubok sa orihinal na pananalita ng Bibliya. Ilang magagandang mga aklat patungkol sa problemang ito ay mga:

- A. *Biblikal Kritisismo: History, Literary and Tekstwal* by B. K. Walke, D. Guthrie, Gordon Fee, at R. H. Harrison
- B. *The Teksto of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger
- C. *Introduction to New Testament Tekstwal Kritisismo and Scribes, Scrolls, and Scriptures*, ni J. H. Greenlee
- D. *The Books and the Parchments* ni F. F. Bruce
- E. *The Early Versions of the New Testament* ni Bruce Metzger
- F. *The New Testament Documents: Are They Reliable?* ni F. F. Bruce
- G. *The King James Version Debate: A Plea for Realism* ni D. A. Carson
- H. *Ancient Orient and Old Testament* ni K. A. Kitchen
- I. *The Orthodox Corruption of Scripture* ni Bart D. Ehrman
- J. *Rethinking New Testament Tekstwal Kritisismo* edited ni David Alan Beach

VII. Ang Pangunahing Tekstwal na Pinagmumulan ng Ating Makabagong Bibliya

Ang makabagong teksto ng Lumang Tipan sa Hebreo at tinatawag na Masoretic Teksto (ang pangkatinig na teksto na itinakda ni Rabi Aquiba noong A.D. 100). Ito marahil ang ginamit na teksto ng mga Fareseo sa panahon ni Hesus, na tanging ang relihiyosong grupo na nakaligtas sa pagkawasak ng Jerusalem ni Titus noong A.D. 70. Ang pangalan nito ay nagmumula sa isang grupo ng mga Hudyong iskolar na naglalagay ng patinig na puntos, mga bantas, at ilang mga tekstwal komento sa sinauna, walang tulis, (walang patinig) Hebreo teksto (natapos noong 9th na siglo A.D.). Ang mga sumusunod ay isang maikling guit-balangkas sa OT at NT mga pinagmulan.

- A. Old Testament
 1. Masoretik Teksto (MT) – Ang Hebreong pangkatinig tekstwal na anyo ay itinakda ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang pagdagdag ng patinig na mga puntos, tuldik, marhinal na mga puna, bantas, at mga aparatung puna ay natapos noong 9th siglong A.D. ng mga Masoretik na iskolars. Ang tekstwal na anyo na ito ay sinipi mula sa Mishnah, Talmud, Targums (Aramaik na salin), Peshitta (Syriac salin), at Vulgate (Latin salin).
 2. Septuagint (LXX) – Ang tradisyon ay nagsasabi na ito ay ginawa ng 70 Hudyong mga iskolarw sa 70 mga araw para sa sildi-aklatan ng Alexandria, Ehipto. Ito ay dapat na hiniling ng isang Hudyong pinuno ni Haring Ptolemy II na naninirahan sa Alexandria (285-246 B.C.). Ang Ptolemy mga pinuno ng Ehipto ay nagmayabang ng pinakamalaking silid aklatan sa buong mundo. Ang tradisyon na ito ay nagmumula sa “Letter of Aristeas.” Ang LXX ay

nagbibigay ng naiibang Hebreong tekstwal tradisyon mula sa teksto ni Rabi Aquiba (MT). Parehong mga tradisyon ay kinatawan sa Dead Sea Scrolls.

Ang problema ay dumarating kapag ang dalawang mga tekstong ito ay hindi nagkakasundo. At,sa mga aklat gaya ng Jeremias at Hosea, sila ay radikal na magkaiba. Simula ng pagkakatagpo ng Dead Sea Scrolls noong 1947, ito ay naging halata na kapwa ang Masoretik Teksto at the Septuagint ay may sinaunang manuskritong atestasyon. Madalas ang Masoretik Teksto ang tinatanggap bilang ang pangunahing teksto para sa Lumang Tipan at ang Septuagint ay hinahayaang magsusog nito sa mga mahihirap na mga pasaje o nasirang mga babasahin.

- a. Ang LXX ay nakatulong sa pag-uunawa sa MT (isang halimbawa):
 - (1) ang LXX of Isaias 52:14, “at marami ang mamamangha sa kanya”
 - (2) ang MT ng Isaias 52:14, “gaya ng maraming mamamangha sa iyo”
- b. Ang DSS ay nakatulong sa pag-uunawa sa MT (isang halimbawa):
 - (1) ang DSS (IQ Isaias) ng Isaias 21:8 – “pagkatapos ang tagapagmasid ay umiyak, sa bantayan Ako ay nakatayo. . .”
 - (2) the MT of Isaias 21:8 – “at Ako umiyak ng leon! Aking Panginoon, Ako ay laging nakatayo sa bantayan sa bawat araw. . .”
- c. Kapwa ang LXX at DSS aynakatulong sa ating paguunawa sa Isaias 53:11
 - (1) LXX and DSS – “pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa makikita niya ang liwanag, siya ay masisiyahan”
 - (2) MT – “makikita niya ang paghihirap ng kanyang kaluluwa. Siya ay masisiyahan” (Ang MT ay dinoble ang PANDIWA, ngunit iniwan ang unang LAYON).

Wala sa atin ang mga autograp o orihinal na mga manuskrito ng anumang orihinal ng biblikal na mga may-akda, tanging kopya ng mga kopya.

3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Isinulat noong Roman B.C. periyod, malapit sa mga panahon ng Bagong Tipan ng isang sekta ng Hudiyong humihiwalay (nilisan nila ang templong pagsamba dahil sa ang kasalukuyang punong saserdote ay hindi sa lahi ni Aaron), tinawag na mga “Essenes.” Ang Hebreong mga manuskrito (MSS) ay natagpuan noong 1947 sa ilang lugar na kuweba sa paligid ng Dead Sea. Sila ay naglalaman ng Hebreong tekstwal na pamilya sa likod ng kapwa MT at ang LXX.

Ang isang problema sa bahagi na ito ay ang pagkakaiba sa pagitan ng Masoretik Teksto at ang Lumang Tipan na mga sipi sa Bagong Tipan. Isang mabuting halimbawa ay ang pagkokompara ng Bilang 25:9 at I Corinto 10:8. Ang OT na mga reprensiya ay nagsasaad ng 24,000 namatay, habang si Pablo ay nagsaad ng 23,000 namatay. Dito tayo ay kumakaharap ng problema sa sinaunang teksto na kinopya sa pamamagitan ng kamay. Ito ay maaring pagkakamaling eskriba sa paglilipat o ito ay maaring isang sipi mula sa alaala ni Pablo o isang rabinikal na tradisyon. Alam ko na ito ay masakit sa atin (dahil sa ating presuposisyon patungkol sa inspirasyon) ang makatagpo ng pagkakaiba ng gaya nito, ngunit ang katotohanan ng bagay ay ang ating makabagong mga salin ng Bibliya ay may ilang mga maliliit na problema na gaya ng tipo nito.

Isang kahawig na problema ay matatagpuan sa Mateo 27:9, kung saan isang OT sipi ang itinukoy kay Jeremias, na kung saan ito ay tila nagmumula kay Zacarias. Upang ipakita sa iyo kung gaano katindi ang di-pagkakasundo ang idinulot nito hayaan ninyo ako na magbigay ng ilang dapat na mga dahilan sa pagkakaiba na ito.

1. Ang ikalimang siglo Syriac bersyon na tinawag na Peshitta ay simpleng nagtatanggal sa pangalang “Jeremias.”
2. Augustine, Luther, at Keil ay nanindigan ng kamalian sa teksto ng Mateo.

3. Origen at Eusebius ay nagsabi ng kamalian ng tagakopya.
4. Jerome at Ewald ay nagsaysay na ito ay isang sipi mula sa apokripal na gawa na sinasabing kay Jeremias na nawala at ito ay hindi isang sipi mula kay Zacarias. Si Mede ay nagsaysay na si Jeremias ang nagsulat ng Zacarias 9-11.
5. Si Lightfoot ay nagsaysay na si Jeremias ay inilista bilang ang una sa mga propeta; sa designasyon na ito lahat ng ibang mga propeta ay ipinahiwatig.
6. Si Hengstenberg ay nagsaysay na si Zacarias ay sinipi ang Jeremias.
7. Si Calvin ay nagsaysay na isang pagkakamali ay nakapasok sa teksto sa di nalalamang paraan.

Sa maraming mga teorya mula sa marurunong, makadiyos na tao halata na simpleng hindi natin alam. Ang itanggi ang problema (#1) ay hindi rin naman ang kasagutan. Ang itago sa likod ng mga klisey o presuposision ay hindi rin makalulutas sa problema. Ang ating makabagong mga salin Bibliya ay may ilang mga problema na dapat nating subukang uriin. Para sa karaniwang tao ito ay madalas na ginagawa sa pamamagitan ng pagkukumpara sa mga makabagong mga salin. Isang simpleng praktikal na suhestyon ay, kung ang marhin ng iyong makabagong pag-aaral na Bibliya ay nagsasabi, “wala sa pinakaluma at pinakamainam na Griyegong mga manuskrito,” huwag ka nang magtabuo ng doktrina sa tekstong ito. Maghanap ng kahilera na mga pasahe kung saan ang doktrina ay malinaw na itinuturo.

B. Bagong Tipan

Higit sa 5,300 mga manuskrito (buo o pira-piraso) ng Griyegong Bagong Tipan ay nabubuhay pa sa panahon ngayon. Mahigit 85 sa mga ito ay isinulat sa papyri. Mayroong are 268 (unsyal) mga manuskrito isinulat lahat sa malalaking titik. Sa kalaunan, mahigit sa ikasiyam na siglo A.D., isang tumatakbong iskrip (miniskula) ay nahubog. Ang Griyegong mga manuskrito naisulat sa ganitong anyo ay may bilang sa higit 2,700. Mayroong din tayong mahigit 2,100 mga kopya ng mga listahan ng Kasulatang teksto ginamit sa pagsamba na tinawag na leksyonaryo. Ang mga sumusunod ay isang maikling guhit-balangkas ng NT pinagmulan.

1. Ang Papyri – Mahigit 85 Griyegong mga manuskrito naglalaman ng mga bahagi ng Bagong Tipan ay mayroon pa, isinulat sa mga papyrus, na may petsa mula ikalawang siglo A.D., ngunit karamihan ay mula sa ikatlo at ikaapat na mga siglo A.D. Wala sa mga manuskritong ito ay naglalaman ng buong Bagong Tipan. Ang ilan ay ginawa ng mga propesyonal na mga eskriba, ngunit karamihan sa kanila ay dali-daling kinopya ng mas maliit na kawastuhang tagakopya. Hindi ibig sabihin ay matanda, sa sarili nito, ay masasabing ito ay wastung-wasto.
2. Codex Sinaiticus – ay kilala sa Hebreo “A” (*aleph*), א, o (01). Ito ay natagpuan sa St. Catherine monasteryo sa Bundok Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa mula sa ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa Luma at Bagong Tipan. Ito ay sa “ang Alexandrian na Teksto” tipo, gaya ng sa Codex B.
3. Codes Alexandrinus – ay kilala bilang “A” (*alpha*) o (02). Ito ay sa siglo A.D. manuskrito na natagpuan sa Alexandria, Ehipto. Tanging ang mga Ebanghelyo ay nasa “ang Alexandrian teksto” tipo.
4. Codex Vaticanus – ay kilala bilang “B” oo (03), ay natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at nagmumula sa gitnang ikaapat siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa Luma at Bagong Tipan. Ito ay sa “Ang Alexandrian Teksto” tipo, gaya ng sa Codex א. Ang mga ugat nito ay mula sa ikalawang siglo mula sa P⁷⁵.
5. Codex Ephraemi – ay kilala bilang “C” o (04), ay isang ikalimang siglo A.D. manuskrito na bahagyang nasira. Ang mga ugat nito ay mula sa ikatlong siglo P⁴⁵. Ang Codex W, ay mula ikalimang siglo ay mula rin sa tekstwal na pamilyang ito.
6. Codex Bezae – ay kilala bilang “D” o (05), ay isang ikalima o ikaanim na siglo A.D.

manuskrito. Ang mga ugat nito, ayon kay Eldon Jay Epp, ay nagmumula pa sa ikalawang siglo, batay sa Lumang Latin at Lumang Syriac na mga salin, gaya rin ng maraming mga papyri piraso. Gayunpaman, sina Kurt at Barbara Eland ay hindi naglista ng anumang papyri konektado sa tekstwal na pamilyang ito at inilagay nila ito sa ikaapat siglo at hindi mas maaga, ngunit sila ay naglista ng ilang prekursor na papyri (i.e., P³⁸, P⁴⁸, P⁶⁹). Ito ang pangunahing kinatawan ng tinatawag na “Ang Kanluraning Teksto.” Ito ay naglalaman ng maraming pagdagdag at ang pangunahing Griyego saksi sa likod ng ikatlong edisyon ni Erasmus’ Greek New Testament, na siyang Griyegong saksi para sa King James na salin.

Ang NT mga manuskrito ay maaring maigrupo sa tatlo, posibleng apat, mga pamilya ng mga manuskrito na nakikibahagi ng ilang mga katangian.

1. Alexandrian “lokal” teksto, na naglalaman
 - a. P⁷⁵, P⁶⁶ (mahigit sa A.D. 200) ang mga Ebanghelyo
 - b. P⁴⁶ (mahigit sa A.D. 225) mga sulat ni Pablo
 - c. P⁷² (mahigit sa A.D. 225-250) Pedro at Judas
 - d. Codex B, tinawag na Vaticanus (mahigit sa A.D. 325), na naglalaman ng kabuuang OT at NT
 - e. sinipi ni Origen
 - f. ibang mga manuskrito na nagpapakita sa teksto bilang \aleph , L, W, 33
 2. Kanluranin teksto mula sa Hilagang Africa na naglalaman ng
 - a. sipi mula sa Hilagang Africa: Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin
 - b. sipi mula kay Irenaeus
 - c. sipi mula kina Tatian at Lumang Syriac
 - d. Codex D “Bezae”
 3. Byzantine teksto
 - a. nakikita sa mahigit 80% ng 5,300 mga manuskrito (karamihan ay mga miniskula)
 - b. sinipi ng mga pinuno mula sa Antioch ng Syria: Cappadoceans, Chrysostom, at Therdoret
 - c. Codex A sa mga Ebanghelyo lamang
 - d. Codex E (eighth siglo) para sa buong NT
 4. ang ikaapat posibleng tipo ay “Caesarean”
 - a. unang una na makikita sa Marcos
 - b. ilang mga saksi nito ay mga P⁴⁵, W, \aleph
- C. Maikling pagpapaliwanag ng mga problema at mga teroya ng “mas mababang kritisismo,” tinawag rin na “tekstwal kritisismo.”
1. Paanong ang mga baryante ay lumitaw?
 - a. walang sangguni o aksidente (napakalawak na karamihan ang naglitawan)
 - (1) dumulas sa mata
 - (a) sa pagkokopya sa pamamagitan ng kamay, na nagbabasa ng ikalawang pagkakataon sa dalawang magkahawig na mga salita at magkagayon, tinanggal ang lahat ng mga salita sa pagitan nila (homoioteleuton)
 - (b) sa pagtatanggal ng isang dobleng salita o parirala (haplograpiya)
 - (c) sa pagkokopya sa pamamagitan ng kamay, isang mental na kamalian sa pag-uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong teksto (dittograpiya)
 - (2) dumulas sa pandinig sa pagkokopya sa pamamagitan ng pasalitang pagdidikta, kung saan isang maling pagbabaybay ang nangyari (itasismo) sa magkatulad na tunog na mga salita. Madalas ang maling pagbabaybay

ay nagpapahiwatig o nagbabaybay ng isa pang Griyegong salita
(3) ang pinakaunang Griyegong mga teksto ay walang mga kabanata o talatang pagkakabahagi, kaunit o walang bantas, at walang pagbabahagi sa pagitan ng mga salita. It is possible to divide letters into different mga salita

b. intensyonal

- (1) mga pagbabago ay ginawa upang mapabuti ang gramatikal na anyo ng teksto kinopya
- (2) mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang teksto sa pagkakatulad sa ibang mga biblikal teksto (harmonisasyon ng mga kahilera)
- (3) mga pagbabago ay ginawa sa pamamagitan ng pagsasasama ng dalawa o mas higit na baryante na mga babasahin tungo sa isang mahabang pinagsamang teksto (conflation)
- (4) mga pagbabago ay ginawa upang ituwid ang isang naisip na problema sa teksto (cf. Bart Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, pp. 146-50, concerning Hebreo 2:9)
- (5) mga pagbabago ay ginawa upang gawin ang teksto na mas ortodoks na doktrina (cf. I Juan 5:7-8)
- (6) ilang karagdagang impormasyon patungkol sa makasaysayan tagpuan o nararapat na interpretasyon ng teksto ay inilagay sa gilid ng isang eskriba, ngunit iniliagay sa teksto ng ikalawang eskriba (cf. Juan 5:4)

D. Ang pangunahing simulain ng tekstwal kritisismo (transkripsiyonal na mga probabilidad)

1. ang pinakahindi akma o hindi kinaugalian na gramatikal na teksto ay posibleng orihinal dahil ang mga eskriba ay may pagkiling na gawin ang teksto na mas maayos
2. ang pinakamaikasing teksto ay posibleng orihinal dahil ang mga eskriba ay may pagkiling na magdagdag ng karagdagang impormasyon o mga parirala mula sa kahilerang mga pasaha (ito ay kasalukuyang sinubok sa pamamagitan ng papyrus na pagkukumparang mga pag-aaral)
3. ang mas matandang teksto ay binibigyan ng mas bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, lahat ng bagay ay sakaling pantay.
4. ang mga manuskrito na heograpikal na ibat-iba ay madalas na mayroong orihinal na pagbabasa
5. ang mga pagtatangka upang ipaliwanag kung paano ang mga baryante ay maaring lumitaw. Ito ang itinuturing na pinakamahalagang simulain ng karamihang mga iskolar.
6. ang pag-aanalisa ng isang ibinigay na biblikal na may-akdang pampanitikang istilo, bokabularyo, at teolohiya ay ginamit upang magdesisyon sa mas posibleng orihinal na pagsasalita.
7. ang mahina sa doktrina na mga teksto, lalo na yaong mga kinalaman sa pangunahing teolohikal na mga talakayan sa panahon ng periyod na manuskritong mga pagbabago, gaya ng Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas pipiliin. Sa puntong ito nais kong sumipi mula sa aklat ni J. Harold Greenlee, *Introduction to New Testament Textual Criticism*.

“Walang Kristyanong doktrina ang nakasabit mula sa isang mapagtatalunang teksto; at ang mag-aaral ng Bagong Tipan ay dapat na mag-ingat sa pagnanais sa kanyang teksto na maging mas ortodoks o mas malakas na doktrina kaysa sa insipiradong orihinal” (p. 68).

8. Si W. A. Criswell ay nagsabi kay Greg Garrison ng THE BIRMINGHAM NEWS na siya (Criswell) ay hindi naniniwala sa bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, “hindi lahat ng bawat salita na ibinigay sa modernong publiko ng ilang siglo ng mga tagasalin.” Si Criswell ay nagsabi pa ng higit, “Ako ay higit na isang mananampalataya sa tekstwal kritisismo. At gaya ng, Sa aking palagay ang huling kalahati ng 16th kabanata ng Marcos ay erehe: hindi ito inspirado, ito ay idinugtong lamang. . . kapag iyong ikinumpara yaong mga mga manuskrito pabalik noon pa, walang konklusyon na gaya ng sa aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito. . .”

Ang patriyarka ng SBC naniniwala sa walang kamalian ay nag-aangkin na ang “interpolasyon” ay halata rin sa Juan 5:4, ang tala ni Hesus sa pul ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkaibang mga tala ng pagbibigti ni Judas (cf. Mateo 27 at Gawa 1), “Ito ay magkaibang pananaw lamang ng pagbibigti,” sabi ni Criswell. “Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong paliwanag para dito. At ang dalawang mga tala ng pagbibigti ni sa Bibliya.” idinagdag ni Criswell, “Tekstwal kritisismo ay isang kahanga-hangang siyensya sa sarili nito mismo. Hindi ito isang ephemeral, hindi ito pang-aabala. Ito ay dinamiko at sentral. . .”

Isang karagdagang problema sa ating makabagong Englis na mga kopya ng Bibliya ay mula sa panahon ng orihinal na mga may-akda hanggang sa pagkatha ng palimbagan, ang Bibliya ay kinopya sa pamamagitan ng. Madalas ang mga tagakopya na ito ay idinagdag ang kanilang sariling mga kaisipan o “itinama” ang manuskrito kanilang kinokopya. Ito ay nagdulot sa ilang mga hindi orihinal na mga karagdagan sa Bagong Tipan.

E. Ilang mga halimbawa ng problema sa mga kinopya ng kamay na mga manuskrito sa Griyegong Bagong Tipan.

1. Marcos 16:9ff – Sa Griyegong mga manuskrito ng Marcos mayroon apat na magkakaibang mga pagtatapos. Ang pinakamahabang pagtatapos ng labindalawang mga talata na natagpuan sa King James ay nawawala sa mga manuskrito \aleph at B. Ang mga Griyegong teksto ay ginamit ni Clement ng Alexandria, Origen, Eusebius, at Jerome ay hindi naglalaman ng mahabang pagtatapos na ito. Ang mahabang pagtatapos ay ipinakita sa mga manuskrito A, C, D, K, U, at \aleph^c . Ang pinakaunang saksi sa mahabang pagtatapos na ito sa mga Ama ay si Irenaeus (nagministeryo mula A.D. 177- 190) at ang Diatessaron (A.D. 180). Ang pasahe ay halatang hindi-Marcos (i.e., di-kinasihan).
Ang mga talatang ito ay naglalaman ng mga termino at teolohiyang hindi natagpuan saan man sa Marcos. Sila man ay naglalaman ng erehiya (i.e., pag-iiinom ng lason at paghahawak ng mga ahas).
2. Juan 5:4 – Ang talatang ito ay wala sa P⁶⁶, P⁷⁵, maging sa unsyal na mga manuskrito \aleph , B, C, o D. Gayunpaman, ito ay natagpuan sa A. Ito ay halatang idinagdag ng isang eskriba upang ipaliwanag ang makasaysayan tagpuan. Ito ay marahil isang Hudyong alamat na sumasagot kung bakit mayroong maraming may sakit na tao sa paligid ng pul. Ang Diyos ay hindi nagpapagaling sa pamamagitan ng mga anghel na nagbubulabog sa tubig sa sinomang mauuna bilang pabuya na pisikal na kagalingan.
3. Juan 7:53-8:11 – Ang sipi ay hindi lumitaw sa anomang sinaunang Griyegong mga manuskrito o unang iglesyang mga Ama hanggang sa ikaanim na siglo A.D. sa manuskrito “D” na tinawag na Bezae. Walang Griyegong iglesyang Ama, hanggang sa ikalabindalawang siglo A.D., ay nagkomento sa sipi na ito. Ang tala ay natagpuan

sa ilang ibang mga lugar sa Griyegong mga manuskrito ng Juan, pagkatapos ng 7:36, 7:44, at pagkatapos ng 21:25. Ito rin ay muling lumitaw sa Ebanghelyo ni Lucas pagkatapos ng Lucas 21:38. Ito ay halatang hindi makaJuan (i.e., di-kinasihan). Ito marahil ay isang pasalitang tradisyon mula sa buhay ni Hesus. Ito ay parang napakapareho Niya, ngunit hindi ito mula sa panulat ng kinasihang Apostol, samakatuwid, aking itinataggi ito bilang Kasulatan.

4. Mateo 6:13 – Ang talatang ito ay hindi natagpuan sa mga manuskrito \aleph , B, o D. Ito ay makikita sa mga manuskrito K, L, at W, ngunit kasama ng mga baryante. Ito rin ay wala mula sa mga komento ng unang iglesya Ama sa Panalangin ng Panginoon (i.e., Tertullian [A.D. 150-230], Origen [A.D. 182- 251], at Cyprian [A.D. nagminisiteryo mula 248-258]). Ito ay natagpuan sa King James na salin sapagkat ito ay isinama sa ikatlong edisyon ng Griyegong teksto ni Erasmus.
5. Lucas 22:43-44 – Ang mga talatang ito ay natagpuan sa sinaunang Griyegong unsyal na mga manuskrito \aleph^* , \aleph^2 , D, K, L, X, at Delta. Sila rin ay natagpuan sa mga sipi nina Justin Martyr, Irenaeus, Hippolytus, Eusebius, at Jerome. Gayunpaman, sila ay tinanggal sa MSS P^{69[possible]}, \aleph^c , A, N, T, at W, gayundin ang mga manuskrito ginamit ni Clement ng Alexandria at Origen. Ang UBS⁴ ay iniranggo ang kanilang pagtanggap bilang “tiyak” (A).

Si Bart D. Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, pp. 187-194, ay nagpalagay sa mga talatang ito bilang sa naunang ikalawang siglong pagdaragdag upang pasubalian ang docetic (agnostiko) mga Kristolohisto na nagtataggi sa paggiging tao at paghihirap ni Kristo. Ang labanan sa iglesya tungkol sa Kristolohikal na erehiya ay ang pinagmulan ng marami sa naunang manuskritong mga pagbabago.

Ang NASB at NRSV pinanaklong ang talatang ito, habang ang NKJV, TEV, at NIV ay may talababa na nagsasabi, “ilang mga sinaunang mga manuskrito ay tinanggal ang mga talata 43 at 44.” Ang impormasyon na ito ay natatangi sa Ebanghelyo ni Lucas.

6. I Juan 5:7-8 – Ang mga talatang ito ay hindi natagpuan sa mga manuskrito \aleph , A, o B o maging sa anumang ibang mga Griyegong manuskrito maliban sa apat na may petsa mula sa ikalabing-dalawang siglo A.D. Ang tekstong ito ay sinipi ng sinomang Griyegong mga Ama, maging sa kanilang pagdepensa ng konsepto ng pagkaDiyos ni Kristo o ang Trinidad. Sila ay wala mula sa lahat ng sinaunang mga salin kasama na ang Vulgate ni Jerome. Sila ay tila idinagdag ng kalaunang ng ilang mahuhusay na taga-kopya upang mapalakas ang doktrina ng Trinidad. Sila ay matatagpuan sa King James na salin dahil sa kanilang pagsingit sa ikatlong edisyon ni Erasmus (at tanging sa edisyon lamang na ito) ng Griyego Bagong Tipan.

Ang ating mga modernong mga salin ng Bibliya ay mayroong ilang mga tekstwal na mga problema. Gayunpaman, ang mga ito ay hindi nakaapekto sa pangunahing mga doktrina. Mapagkakatiwalaan natin ang mga modernong salin ng Bibliya para sa lahat ng kinakailangan para sa pananampalataya at praktis. Isa sa mga tagasalin ng RSV, F. C. Grant, ay nagsabi, “Walang doktrina ng Kristyanong pananampalataya ang naapektuhan ng rebisyon, dahil sa simpleng kadahilanan, na mula sa libu-libong mga baryanteng babasahin sa mga manuskrito, wala ni isa ang lumabas ng higit para mangailangan ng isang rebisyon sa pangunahing Krsityanong doktrina.” “Kapuna-puna na sa karamihan ng higit sa 90% mga iskolar ng lahat ng mga baryante ng NT teksto ay naresolba, dahil sa maraming pagkakataon ang baryante na pinakamainam na nagpapaliwanag ng pinagmulan ng mga iba pa ay sinusuportahan rin ng pinakauna at pinakamainam na mga saksi” (Gordon Fee, *The Expositor’s Bible Commentary*, Vol. 1, p. 430).

Aking binanggit ang mga halimbawang ito upang ipakita sa inyo na dapat nating ianalisa ang ating mga Englis na salin (Fee at Stuart 1982, 30-34). Sila nga ay may mga

tekstwal na problema. Hindi ako komportable sa mga tekstwal na baryanteng ito, ngunit sila ay realidad. Nakakatiyak na maunawaan na sila ay bihira lamang at hindi nakakaapekto sa anomang pangunahing Kristyanong doktrina. Gayundin, sa pagkukumpara sa ibang sinauang panitikan, ang Bibliya ay may lubhang kakaunting mga baryante.

F. Ang problema ng pagsasalin mula sa isang wika tungo sa iba pa.

Maliban sa problema ng manuskritong mga baryante mayroong karagdagang problema sa pagsasalin sa isang wika tungo sa iba. Sa realidad lahat ng mga salin ay mga maikli subalit malaman na mga komentaryo. Posibleng ang kaunawaan sa teorya ng salin ay (1) nagpapalakas sa atin na gumamit ng higit sa isang salin sa ating pag-aaral at (2) nakakatulong sa atin na malaman alin ang magkaibang mga salin ang ikukumpara. Mayroong tatlong pangunahing mga kaparaanang nakalaan sa mga tagasalin.

1. Ang literal na paraan ay sumusubok na gumamit ng salita-sa-salita na sulatan.
2. Ang idyoma-sa- idyoma na paraan ay sumusubok na gumamit ng mga sugnay o mga parirala, hindi mga salita, bilang mga basihan upang ipagbigay-alam ang sinaunang teksto.
3. Ang kaisipan-sa-kaisipan na paraan ay sumusubok na gumamit ng mga konsepto sa halip na mga termino at mga parirala ng mga orihinal.

Makikita natin ito ng malinaw sa sumusunod na grap.

KJV	NIV	Amplified Bible
ASV	NAB	Phillips na Salin LB
NASB	TEV	
RSV	JB	
	NEB	
	Williams na Salin	

Literal	Idyoma- sa-idyoma	Ideya-sa-ideya
Salita-sa-salita	Sugnay- sa-sugnay	Malayang
Pormal na Sulatan	Dinamikong	Pagbibigay ng
	Katumbas	Pakahulugan sa
		ibang
		pangungusap

Isang magandang talakayan ng salin na teorya ay matatagpuan sa aklat nina Gordon Fee at Douglas Stuart's *How To Read the Bible for All Its Worth*, pp. 34-41. Gayundin, napakalaking tulong sa larangan na ito ay sa United Bible Societies mga paglilimbag ni Eugene A. Nida sa salin na teorya at praktis.

G. Ang problema sa pantaong mga wika sa paglalarawan sa Diyos.

Hindi lamang natin kinakaharap ang walang katiyakan na teksto sa ilang mga lugar, ngunit gayundin, kung hindi tayo bihasa sa sinaunang Hebreo at Koine Griyego, kinakaharap natin ang ibat-ibang mga Englis na mga salin. Ang nagpapakomplikado sa problema ng mas higit ay ang ating saliring pantaong limitasyon at pagkamakasalahan. Ang pantaong wika sa kanyang sarili ay naglilimita at nagdedetermina sa mga kategorya at sakop ng banal na kapahayagan. Ang Diyos ay nagsalita sa atin sa mga analohiya. Ang pantaong wika ay sapat upang magsalita patungkol sa Diyos, ngunit ito ay hindi eksustibo o sukduhan. Makikilala natin ang Diyos, ngunit may ilang mga limitasyon. Isang magandang halimbawa sa limitasyon ay antropomorfismo, yan ay, pagsasalita patungkol sa Diyos sa pantao, pisikal, o pangkaisipang mga termino. Wala na tayong magagamit pang

iba. Ating sinasabi na ang Diyos ay isang persona at lahat ng ating alam ay patungkol sa personalidad ay pawang nasa pantaong mga kategorya. Ilang mga halimbawa ng kahirapang ito ay ang sumusunod.

1. antropomorpismo (ang Diyos ay inilarawan sa pantaong mga termino)
 - a. Diyos na may katawan ng tao
 - (1) naglalakad - Genesis 3:8; 18:33; Levitico 26:12; Deutronomio 23:14
 - (2) mga mata - Genesis 6:8; Exodo 33:17
 - (3) lalake sa trono - Isaias 6:1; Daniel 7:9
 - b. Diyos bilang babae
 - (1) Genesis 1:2 (Ang Espiritu bilang babae na ibon)
 - (2) Deut. 32:18 (Diyos bilang ina)
 - (3) Exodo 19:4 (Diyos bilang inang agila)
 - (4) Isaias 49:14-15; 66:9-13 (Diyos bilang ang nagpapasusong ina at posible rin sa Hosea 11:4)
 - c. Diyos bilang nagtataguyod ng paghiga (cf. I Hari 22:19-23)
 - d. NT mga halimbawa ng “kanang kamay ng Diyos” (cf. Lucas 22:69; Gawa 7:55-56; Roma 8:34; Efeso 1:20; Colosas 3:1; Hebreo 13:1; 8:1; 10:12; 12:2; I Pedro 3:22)
2. mga Pantaong titulo na ginamit upang ilarawan ang Diyos
 - a. Pastol (cf. Awit 23)
 - b. Ama (cf. Isaias 63:16; Awit 103:13)
 - c. Go’el – kamag-anak na manunubos (cf. Exodo 6:6)
 - d. Lover – asawang lalake (cf. Hosea 1-3)
 - e. Magulang, ama, at ina (cf. Hosea 11:3-4)
3. Pisikal na mga bagay na ginamit upang ilarawan ang Diyos
 - a. Bato (cf. Awit 18)
 - b. Muog at Kutang Tanggulan (cf. Awit 18)
 - c. Kalasag (cf. Genesis 15:1; Awit 18)
 - d. Tambuli ng kaligtasan (cf. Awit 18)
 - e. Puno (cf. Hosea 14:8)
4. Ang wika ay bahagi ng imahe ng Diyos sa sangkatauhan, ngunit ang kasalanan ay nakaapekto sa lahat ng aspeto ng ating pagkabuhay, kasama na ang wika.

5. Ang Diyos ay matapat at nagbibigay alam sa atin ng sapat, kung hindi labis labis, na kaalaman patungkol sa Kanyang sarili. Ito ay kadalasan sa anyo ng pagnenegatibo, analohiya, o metapora. Ang pinakamalaking problema na ating kinakaharap sa pagbibigay kahulugan sa Bibliya, kasama ng iba pang mga binanggit, ay ang ating pagkamakasalanan. Binabaluktot natin ang lahat ng bagay, kasama na ang Bibliya, upang tumugma at makatagpo ang ating mga ninanais. Kailanman ay wala tayong obhektibo, hindi apektadong pananaw sa Diyos, sa ating mundo, o sa ating mga sarili. Ngunit, maging sa lahat ng mga sagabal na ito, ang Diyos ay matapat. Makikilala natin ang Diyos at ang Kanyang Salita sapagkat nais Niya na mangyari iyon (Silva 1987, 118). Siya ay naglaan ng lahat ng ating mga kinakailangan sa pamamagitan ng iluminasyon ng Banal na Espiritu (Calvin). Oo, mayroong mga problema, ngunit mayroon ding mga masaganang probisyon. Ang mga problema ay dapat na maglimita ng ating dogmatismo at magdagdag ng ating pasasalamat sa pamamagitan ng pagiging mapanalinginin, masipag sa pag-aaral sa Bibliya. Ang daan ay hindi madali, ngunit Siya ay lumalakad ng kasama natin. Ang tunguhin ay ang pagiging wangis ni Kristo, hindi lamang isang tumpak na interpretasyon. Ang interpretasyon ay isang paraan sa tunguhin na pagkilala, paglilingkod, at pagpupuri sa Kanya na tumawag sa atin mula sa kadiliman sa pamamagitan ng Kanyang Anak (Colosas 1:13).

BIBLIKAL NA AWTORIDAD

I. Ang Ipinagpapalagay ng Pakahulugan ng May-akda

Maraming mga Kristiyano ay sasang-ayon na ang Bibliya ay ang tanging pinanggagalingan ng pananampalataya at pagsasanay. Kung gayong nga, bakit lubhang napakaraming iba't-ibang mga pagbibigay-kahulugan? Lubhang marami ay nagsasabi ng tila taliwas na mga pagbibigay-kahulugan sa pangalan ng Diyos. Paano natin malalaman kung sino ang paniniwalaan? Ang tanong na ito ay naglalarawan ng pagkalito ng makabagong Kristiyanong komunidad at isang kritikal na isyu. Paanong ang pangkaraniwang mananampalataya ay makakapagsuri ng kung ano ang kanilang narinig o nabasa—na ang lahat ay nag-aangkin na maging katotohanan ng? Para sa akin, ang kasagutan ay dumating sa aking ipinagpapalagay na kahulugan kung ano ang kinapapalooban ng “biblikal na awtoridad”. Aking naisip na ako ay sumasagot sa aking sariling mga pangyayari sa pag-iral, ngunit ako ay walang ibang pamimilian. Maaari itong magbunga ng ligalig sa iyo na ako ay nagsasalita ng “mga pagpapalagay.” Ngunit, karamihan, kung hindi lahat, ng mahalagang tanong sa buhay ay tumutukoy sa ganitong paraan dahil sa tunay na kalikasan ng ating pantaong kalalagayan. Ang lubusang kawalan ng pagkiling ay maaarin. Ang isa ay umaasa na tayo ay hindi di-pumupuna ng ating pangkulturang “mga itinatakda.” Sa isang pagsisikip na hangganan, hindi lamang sa aking sariling “mga pagtatakda,” ngunit gayundin sa iba, sinubukan kong lagyan ng ilang mga hangganan ang pagbibigay-kahulugan ng Bibliya. Napagtanto ko na ito ay maaaring mangahulugan na ako ay hindi tatanggap ng ilang katotohana, ngunit ito ay magkakanlong sa aking mula sa pangkultura, denominasyonal, at pangkaranasang mga maling pagbibigay-kahulugan. Sa katotohanan, ang kontekstwal/tekstwal na paraan ay magpipilit sa atin na magsalita nang kaunti patungkol sa Bibliya, ngunit tutulungan tayong maging mas tapat sa pangunahing mga haligi ng Kristiyanong pananampalataya.

Para sa akin, ang “biblikal na awtoridad” ay kadalang tinuturing bilang paniniwala sa pagkakaloob ng Diyos sa Bibliya, at samakatuwid, ang kanyang awtoridad. Para sa akin, ito rin ay ang pag-unawa sa kung ano ang sinabi ng biblikal na may-akda sa kanyang panahon at pagkatapos ay pag-aangkop ng katotohanan sa aking panahon. Nangangahulugan ito na kailangan kong subukang ilagay ang aking sarili sa kanyang panahon, sa kanyang pangangatuwiran, at kanyang mga layunin. Kailangan kong subuking makinig gaya ng narinig ng mga orihinal na nakadinig. Kailangang kong magsumikop sa “pagkatapos” ng biblikal na may-akda, aklat, pangyayari, parabula, atbp. Kailangan kong maipakita sa iba, mula sa teksto mismo ng Bibliya, ang paano, bakit, at saan ng aking pagbibigay-kahulugan. Hindi ako malaya sa hayaan ito, or gawin ito, sabihin kung ano ang nais kong sabihin (Liefeld 1984, 6). Kailangan itong maging malaya sa pagsasalita; Kailangan kong maging handa sa pakikinig at paglipat ng katotohanang ito sa mga tao ng aking kapanahunan. Tanging kung aking naunawaan ang orihinal na may-akda at tanging kung aking nailipat ang walang hanggang katotohanan sa aking panahon at sa aking buhay, akong ay nakilahok sa tunay na “biblikal na awtoridad.” Tiyak na mayroong ilang di pagkakasundo sa “pagkatapos” at “ngayon” na mga aspeto ng pagbibigay-kahulugan, ngunit kailangan nating

hangganang ang ating mga pagbibigay-kahulugan sa Bibliya at patunayan ang ating pag-unawa mula sa mga pahina nito.

II. Ang Pangangailangan sa Napapatunayang mga Pagbibigay-kahulugan

Isa sa mga salot ng Protestanteng Repormasyon ay ang napakaraming mga pagbibigay-kahulugan (na nagbunga ng makabagong denominasyonalismo), na nagbunga mula sa kanyang “pagbalik sa Bibliya” na kilusan. Ako ay walang tunay na pag-asa ng pagkakaisa sa panig na ito kalangitan, ngunit kailangan nating bumalik sa Banal na Kasulatan, nang di-pagbabago at napapatunayang pagbibigay-kahulugan. Kailangan nating lahat na lumakad sa liwanag, ngunit umaasang maipagtanggol nating ang ating doktrina (pananampalataya) at pagsasanay (life) mula sa Banal na Kasulatan. Ang Banal na Kasulatan ay kailangang hayaang magsalita; magsalita sa liwanag ng kanilang pampanitikan, gramatiko, at pangkasaysayang konteksto. Kailangan nating ipagtanggol ang ating mga pagbibigay-kahulugan sa liwanag ng

- A. ang karaniwang paggamit ng pantaong wika
- B. ang layunin ng orihinal na may-akda sa talata
- C. ang pagtitimbang sa lahat ng Banal na Kasulatan
- D. pagiging katulad ni Kristo

Ang napapanahong sumpa ng pagpapatunay ng teksto at pagsasa-espíritu ay winasak ang iglesia. Ang mga kulto ay natutunan ang ating mga pamamaraan at kung paano gamitin sila ng may malawak na bisa (Sire, 1980, *Scripture Twisting*; Carson 1984, *Exegetical Fallacies*; Silva 1983, *Biblical Words and Their Meanings*). Ang pag-asa ng Batayang Aklat na ito ay hindi lamang sa pagbibigay ng isang pamamaraan para sa pagbibigay-kahulugan, ngunit pagkalooban ka din ng kakayahang humatol ng iba pang mga pagbibigay-kahulugan. Kailangan nating ipagtanggol ang ating sariling mga pagbibigay-kahulugan at magkaroon ng kakayahang suriin ang iba pang mga pagbibigay-kahulugan. Ito ay kung paano gawin ito.

- A. Ang mga manunulat ng Banal na Kasulatan ay gumamit ng karaniwang pantaong wika at inaasahang maunawaan.
- B. Ang mga makabagong pagbibigay-kahulugan ay hinahap ang layunin ng orihinal na may-akda sa pagdodokumento ng maraming uri ng kaalaman.
 - 1. pangkasaysayan at pangkulturang kalalagayan sa kanilang panahon
 - 2. pampanitikang konteksto (buong aklat, pampanitikang yunit, talata)
 - 3. genre (pangkasaysayang salaysay, propesiya, kautusan, panulaan, parabula, apokaliptiko)
 - 4. tekstwal na kayarian (e.g., Juan 3 – G. Relihiyoso at Juan 4 – Bb. Di-Relihiyoso)
 - 5. palaugnayan (gramatikong mga ugnayan at anyo)
 - 6. orihinal na mga kahulugan ng salita
 - a. Lumang Tipan
 - (1) Mga kaugnay na wika (mga Semitikong wika)
 - (2) Dead Sea Scrolls
 - (3) Samaritanong Pentateuch

- (4) Mga rabinikong sulat
- b. Bagong Tipan
 - (1) ang Septuagint (ang NT na mga manunulat ay mga Hebreong palaisip na nagsusulat sa panlansangang Griyego)
 - (2) papyri na nahanap sa Ehipto
 - (3) Griyegong panitikan
- C. Ang pagtitimbang ng lahat ng Banal na Kasulatan (mga katulad na talata) dahil it ay may isang maka-Diyos na may-akda (ang Espiritu).
- D. Pagiging katulad ni Kristo (si Hesus ay ang layunin at katuparan ng Banal na Kasulatan. Siya ay kapwa ang lubusang kapahayagan ng pagka-Diyos at ang ganap na halimbawa ng tunay na pagkatao).

Ito ay isang saligan pagpapalagay na ang bawat teksto ay may isa at isa lamang na wastong pagbibigay-kahulugan at ito ang layunin ng orihinal na may-akda. Ang maka-akdang kahulugan ay may orihinal na pag-aangkop. Ang pag-aangkop (kahalagahan) na ito ay maaaring maparami sa mga magkakaibang kalalagayan, ngunit ang bawat-isa ay kailangang may di-mapaghihiwalay na kaugnayan sa orihinal na layunin (cf. *The Aims of Interpretation* by E.D. Hirsch).

III. Mga Halimbawa ng Pang-aabuso sa Pagbibigay-Kahulugan

Upang ilarawan ang aking punto patungkol sa malaganap na maling hermenyutika (kahit na sa mga ebandyeliko), isaalang-alang ang mga sumusunod na piling halimbawa.

- A. Ang Deuteronomio 23:18 ay ginamit upang patunayan na ang mananampalataya hindi dapat “ipagbili” ang kanilang mga aso. Ang mga aso sa Deuteronomio ay mga lalaking patutot ng Cananeong pagpapayabong na kulto.
- B. Ang II Samuel 9 ay ginamit bilang isang talinghaga ng biyaya na tumatakip ng ating sins gaya ng nalumpong paa ni Mephibosheth ay ginawang alegorya ng “ating kasalaan” at ang hapag ni David ay ay ginawang alegorya ng biyaya ng Diyos na tumatakip sa kanila mula sa pagkakita (ang mga sinaunang tao ay hindi umuupo na ang kanilang paa ay nasa ilalim ng isang hapag).
- C. Ang Juan 11:44 ay ginamit upang sabihin ang mga “bagay na gumagapos” na tumutukoy sa mga di narapat na ugali, layunin, at pagkilos.
- D. Ang I Corinto 13:8 ay ginamit upang patunayan na ang mga wika ay unang titigil at ng kanilang sarili, kapag sa konteksto, ang lahat ng bagay ngunit ang pag-ibig love ay titigil.
- E. Ang Colosas 2:21 ay ginamit upang patunayan ang lubusang pagpigil, kapag ito ay isang sipi mula sa mga bulaang mangangaral!
- F. Ang Pahayag 3:20 ay ginamit bilang isang ebandyelikong talata, ngunit ito ay ipinahayag sa isa sa mga pitong iglesiya.

Ang salot ng pangpapatunay ng teksto at espiritalismo ay yumayabong.

- A. “Ang pagsasanay ng paghihiwalay ng mga pangungusap, mga kaisipan, at mga palagay mula sa kanilang pinakamalapit na konteksto ay halos palaging lubhang mapanganib kapag inangkop kay Pablo. ‘Ang isahang mga pagpapatunay ng teksto,’ sabi ni Propesor H. A. A. Kennedy, ‘ay nagpanday na maraming kaguluhan sa teolohiya kasya sa lahat ng ibang kamaliang pananampalataya’” *A Man in Christ* ni James Steward, p. 15.

- B. “Ang paraan ng pagpapatunay ng teksto sa pagbibigay-kahulugan sa mga sulat ni Pablo, na tinitingnan sila bilang tuwirang mga kapahayagan ng napakataas na kalooban ng Diyos na naghahatid sa tao ng walang-hanggan, walang katapusang mga katotohan na nangangailangan lamang ayusin upang makapagpalabas ng isang ganap na teolohiya, na maliwanag na nagwawalang-bahala ang mga kaparaan na kung saan ang Diyos ay nalulugod na ipagkaloob sa tao ang kanyang Salita,” G. E. Ladd, *Theology of the NT*, p. 379.

Ngayon, ano ang maaaring gawin? Kailangan nating lahat na muling suriin ang ating panggawaing kahulugan ng biblikal na awtoridad. Kung ang ating pagbibigay-kahulugan ay makakagulat sa orihinal na may-akda o tagapakiniig, ito makakapagtaka sa Diyos. Kung tayo ay nagsasalita sa Kanyang pangalan, tiyak nating tayo ay nagbayad ng halaga ng personal na paghahayag ng pananampalataya, panalangin, at masikap na pag-aaral. Hindi nating kailangang lahat na maging mga dalubhasa, ngunit kailangan nating maging seryoso, palagian, may kakayahang mga mag-aaral ng Bibliya (i.e., ang mabuting mambabasa ng Bibliya, tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman, “Isang Gabay sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya”). Ang pagpapakumbaba, pagiging handang turuan, at isang pang-araw-araw na lakad ng pananampalataya ang magkakanlong sa atin mula sa maraming patibong. Tandaang, bawat talata ay may isang pangunahing katotohanan (ang mga salita ay may kahulugan lamang sa mga pangungusap; mga pangungusap ay may kahulugang lamang sa mga talata; ang mga talata ay kailangang maugnay sa isang tiyak na pampanitikang yunit). Maging maingat sa lubhang tiwala ng pagbibigay-kahulugan ng mga detalye (ang Espiritu ay tutulong sa mga mananampalataya na hanapin ang mga pangunahing katotohanan sa mga talata)!

ANG INTERPRETER

I. Presuposisyonal na Pagkokondisyon

Tayo ay historikal na kinundisyon. Ang lubusang kawalang kinikilingan ay hindi posible (Carson, *Biblical Interpretasyon and the Church* 1984, 12). Gayunpaman, kung ating makikita ang ating mga pagkiling, o kahit sa lugar kung sila ay matatagpuan, tayo ay mas mainam na makakakontrol sa kanilang impluwensya. Mayroong mainam na talakayan sa ating paunang kaunawaan sa Duncan Ferguson *Biblical Hermeneutics*, pp. 6-22.

“Dahil lahat tayo ay may mga pagkiling at mga miskonsepsyon ito ay madaling makita lahat sa Kasulatan yaong nais lamang nating makita, at hindi makita ang bago at nagpapatatag na kapahayagan ng mas buong katotohanan na siyang layunin ng Diyos para sa atin. . . Napakadaling basahin lahat ang ating ideya sa Kasulatan sa halip na palabasin ang itinuturo ng Kasulatan, na maaring bahagyang makakapagpaalis ng ating mga ideya (Stibbs 1950, 10-11).

Maraming mga lugar kung saan ang ating mga presuposisyon ay magmula.

- A. Isang pangunahing salik ay ang tipo ng ating personalidad. Ito ay nagdudulot ng maraming mga pagkalito at di-pagkakasundo sa mga mananampalataya. Inaasahan natin ang lahat ng tao na mag-isip at mag-analisa ng gaya ng sa atin. Isang napakahalagang aklat sa laranga na ito ay *Why Christians Fight Over the Bible* ni John Newport at William Cannon. Ilang mga mananampalataya ay napakalohikal at napakaestruktura sa kanilang prosesong kaisipan, habang ang iba ay mas higit na emosyonal at hindi mahilig sa mga detalye at sistema. Subalit lahat ng mga mananampalataya ay repsonsable sa pag-iinterpret sa Bibliya at mamuhay ng ayon sa mga katotohana nito.
- B. Isa pang salik ay ang ating personal na pananaw sa ating mundo at ating karanasan dito. Hind lamang ang mga personalidad na salik ay nakakaapekto sa atin, ngunit ang ating pagiging lalake at babae rin. Ating natutunan mula sa ating pag-aaral na ang utak ay gumagana ng magkaiba sa lalake at babae ayon sa kanilang mga pananalita. Ito ay makakaapekto kung paano natin iinterpret ang Bibliya. Gayundin, ang ating mga personal na mga karanasan, o ang mga karanasan yaong mga malalapit sa atin, ay maaring makaapekto sa ating mga interpretasyon. Kung ang isang natatanging espritwal na karanasan ay nangyari sa atin, tiyak na atin itong hahanapin sa Bibliya at sa mga buhay ng iba.
- C. Malapit na may kaugnayan sa ating personalidad na pagkakaiba ay ang espritwal na pagkakaloob (I Corinto 12-14; Roma 12:3-8; Efeso 4:7,11-12). Madalas ang ating kaloob ay direktang may kinalaman sa tipo ng ating personalidad (Awit 139:13-16). Ang pagkakaloob ay nagmumula sa ating kaligtasan (I Corinto 12:4,7,11), hindi pisikal na kapanganakan. Gayunpaman, sila ay maaring magkaugnay. Ang espritwal na pagkakaloob ay para maging mapagbiyayang paglilingkod (I Corinto 12:7) sa ating kapwa mga mananampalataya, ngunit madalas ito ay nagiging alitan (I Corinto 12:12-30), lalo na sa larangan ng biblikal na interpretasyon. Ang ating personalidad rin ay nakakaapekto sa kung paano tayo lalapit sa Kasulatan. Ang ilan ay nilalapitan ang Kasulatan naghahanap para sa sistematikong mga kategorya, habang ang iba ay nilalapitan ito sa mas eksistensyal, debosyonal na moda. Ang ating dahilan sa paglapit sa Bibliya madalas ay nakakaapekto sa ating pagkakaunawa. Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng pagtuturo ng isang Sunday School na klase para sa limang taong gulang at paghahanda para sa isang serye ng pagtuturo sa isang unibersidad. Gayunpaman, ang proseso ng interpretasyon ay dapat na pareho.
- D. Isa pang mahalagang salik ay ang ating lugar ng kapanganakan. Mayroong napakaraming kultural at teolohikal na mga pagkakaiba maging sa loob ng Estados Unidos at ito ay pinarami pa ng ibang mga kultura at nasyonalidad. Madalas natututo tayo ng malalakas na

mga pagkiling mula sa ating kulura, hindi sa Bibliya. Ang dalawang magandang pangkasalukuyang mga halimbawa nito ay ang Amerikanong indibidwalismo at kapitalismo.

- E. Habang ang lugar ng ating kapanganakan ay nakakaapekto sa atin, gayundin, ang oras ng ating kapanganakan. Ang kulura ay isang sunud-sunurang salik. Maging yaong mga galing sa kaparehong kulura at heograpikal na lugar ay maaring maapektuhan ng “ang henerasyon na puwang.” Kung ang isa ay paparamihin ang henerasyon na puwang na ito na higit sa maraming mga siglo at mga kulura pabalik sa panahon ng Bibliya, ang potensyal na kamalian ay mas lalong lumalaki. Tayo ay apektado ng dalawampung-ising siglo na siyentipikong kaisipan at ating panglipunan na anyo at pamantayan. Bawat panahon ay may “lasa” lahat ay sa kanyang sarili. Gayunpaman, kapag tayo ay lalapit sa Bibliya, dapat nating maunawan ang kultural na tagpuan nito para sa layunin ng interpretasyon.
- F. Hindi lamang ang heograpiya, panahon, at kulura nakakaapekto sa atin, ngunit ang pagpapalaki ng ating mga magulang. Ang magulang ay may malaking impluwensiya at minsan ito ay nasa negatibong pakahulugan. Ang kanilang mga pagkiling ay madalas naipapasa sa kanilang mga anak o di naman kaya ay ang mga anak ay lubusang itinatakwil ang mga katuruan at pamumuhay ng kanilang magulang. Kapag ang isa ay magdadagdag ng denominasyonal na mga salik sa timpla na ito, malinaw kung paano tayo naging presuposisyonal. Ang malungkot na pagkakabahagi ng Kristyanismo sa maliliit na mga grupo, bawat isa ay nag-aangkin ng awtoridad at pagiging una sa lahat higit sa iba, ay nagdulot matinding mga problema sa pag-iinterpret sa Bibliya. Marami ang alam kung ang kanilang pinaniniwalaan ng sinasabi ng Bibliya bago paman nila binabasa ito o pinag-aaralan ng personal, sapagkat sila ay naindoktrinahan ng isang partikular na perspektibo. Ang tradisyon ay hindi mabuti o masama. Ito ay nasa gitna lamang at maaring makatulong ng mabuti. Gayunpaman, bawat henereasyon ng mga mananampalataya ay dapat na pahintulutan na ianalisa ito ayon sa liwanag ng Bibliya; ang tradisyon ay makakaprotekta sa atin o makagapos sa atin (ang pelikula na “Fiddler on the Roof”).
- G. Bawat isa sa atin ay naging, at magpapatuloy na maging, apektado ng kasalanan at rebelyon, kapwa pantao at di-pantao, nalalaman at di-nalalaman. Ang ating mga interpretasyon ay laging natatamaan ng ating esperitwal na pagkahinog o kakulangan nito. Maging ang pinaka hawig ni Kristo na mga mananampalataya ay apektado ng kasalanan ay ang pinaka karnal na mga mananampalataya ay may liwanag ng nananahan na Espiritu. Lahat tayo, harinawa, ay magpapatuloy na lumago sa ating pakikipagrelasyon sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo sa kaparaanan ng Espiritu. Tayo ay dapat na lumakad sa liwanag na mayroon tayo, laging bukas sa mas higit na liwanag na mula sa Kasulatan sa pamamagitan ng Espiritu. Ang ating mga interpretasyon ay tiyak na magbabago at maaayos habang tayo ay nabubuhay, mas higit tayong mapapalapit sa mga tao ng Diyos at sa Diyos mismo.
Kung ikaw ay walang panibagong kaisipan patungkol sa Diyos sa loob ng ilang mga taon, ikaw ay “patay na utak”!

II. Ilang mga Halimbawa ng Ebanghelikong Pagkokondisyon

Sa puntong ito nais kong magbigay ng ilang mga konkretong mga halimbawa ng kapamanggitan na nagreresulta mula sa mga binanggit sa itaas na mga salik.

- A. Magkahalong paglalangoy (mga lalake at mga babae lumalangoy ng magkasama) ay isang tunay na isyu sa ilang mga iglesya, madalas yaong mga heograpikal na naalis mula sa lugar kung saan ang paglalangoy ay napakadaling gawin.
- B. Paggamit ng tabako ay isang tunay na isyu sa ilang mga iglesya (lalo na sa Timog Amerika), madalas doon sa heograpikal na mga lugar kung saan ito ay hindi pangunahing perang pananim (mga mananampalataya, madalas ay hindi pisikal na tugma sa kanilang mga sarili, ginamit ang tabako bilang dahilan upang akusahan ang iba sa pananakit sa kanilang mga

katawan).

- C. Paggamit ng alkohol sa Amerika ay isa nang importanteng isyu sa maraming grupo ng mga iglesya, habang bahagi ng Europa at Timog Amerika ito ay hindi isang isyu. Ang Amerika ay mas higit na apektado ng temperamentong kilusan ng 1920 kaysa sa Bibliya. Si Hesus ay tunay na uminom ng pinangasim na alak. Mas higit ka bang “espiritwal” kaysa kay Hesus? Ang mga sumusunod ay Natatanging Paksa na kinuha mula sa mga komentaryo ni Dr. Bob Utley. Makikita mo ito at makukuha ang lahat ng ito ng libre sa www.freeBibliyacommentary.org.

NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL

I. Biblikal na mga Salita

A. Lumang Tipan

1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
2. *Tirosh* – Ito ay “bagong alak” (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin (“matamis na alak,” BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay “malakas na pag-inom” (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang “lasing” o “lasenggero .” Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).

B. Bagong Tipan

1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng *yayin*
2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblical*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , “Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot” (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng “bagong alak” sa Pentecost (Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon

1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan

1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim

- A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.
- B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw (tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na “bagong alak” o “matamis na alak.”
- C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.
- D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na “pnatandang alak” at maaring ialay sa altar (*Edhuyoth* 6:1).
- E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.
- F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton “matandang alak” at kailangan na haluan ng tubig.
- G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad

- A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.
- B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang

nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.

- C. Para sa akin, ang Roma 14 at I Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.
- D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak.(e.g., Europa, Israel, Argentina)?

- D. Ang pag-iikapu ay madalas na iprinoklama bilang (1) isang paraan sa personal na pagkayaman, ngunit tanging sa mga kultura kung saan ang pagkayaman ay posible o (2) isang paraan upang maiwasan ang paghahatol ng Diyos.

Ang sumusunod ay isang Natatanging Paksa na kinuha mula sa mga komentaryo ni Dr. Utley.

NATATANGING PAKSA: IKAPU

Ang Mateo 23:23 at Lucas 11:42 ay ang tanging NT reperensiya sa ikapu. Ako ay hindi naniniwala na ang NT ay nagtuturo ng ikapu sapagkata sa ang kabuuang tagpuan na ito ay labans sa “pagpulot ng lisat” na Hudyong legalismo at sariling pagmamatuwid. Ako ay naniniwala sa NT mga gabay para sa regular na pagbibigay (kung mayroon man) ang matatagpuan sa II Corinto 8 at 9, na lumalagpas ng higit sa pagbibigay! Kung ang isang Hudyo na ang tanging impormasyon sa OT ay ang inuutos na magbigay ng sampu hanggang tatlong porsyento (mayroong dalawa, o posibleng tatlo, kinakailangag mga ikapu sa OT), samakatuwid ang mga Kristyano ay dapat magbigay ng higit pa at hindi man lang magkaroon ng oras na talakayin ang mga ikapu!

Ang NT mga mananampalataya ay dapat na maging maingat na gawin ang Kristyanismo tungo sa isang legal na batay sa pagsasagawa koda (Kristyanong Talmud). Ang kanilang nais ay mapalugod ang Diyos ay nagdulot sa kanila na subukang maghanap ng mga gabay para sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Gayunpaman, sa teolohikal ito ay mapanganib na hugutin nag lumang tipanang alituntunin na hindi pinaninindigan sa NT (cf. Gawa15) at gawin silang dogmatikong kriterion, lalo na kapag sila ay inangkin (ng mga modernong mangangaral) na nagdulot ng kalamidad o nangangako ng kasaganann (cf. Malakias 3).

Narito ang isang mabuting sipi mula kay Frank Stagg, *New Testament Theology*, pp. 292-293:

“Ang Bagong Tipan ay hindi nagpapakila ng ikapu sa biyaya ng pagbibigay. Ang mga ikapu ay binagnggit lamang ng tatlong beses sa Bagong Tipan: (1) sa pagbabawal ng mga Farese para kaligtaan ang katarungan, habag, at pananampalataya habang ang pagbibigay ay masusing iniingatan sa pag-iikapu ng maging ang hardin ay makapamunga (Mateo 23:23; Lucas 11:42); (2) sa paglalantad ng mayabang na Farese na ‘nanalangin para sa kanyang sarili,’ nagmamayabang na siya ay nag-aayuno ng dalawang beses ng isang linggo at nagikapu ng lahat ng kanyang ari-arian (Lucas 18:12); at (3) sa pakikipagtalo para sa pagiging superiyor ni Melchizedek, at kaya kay Christ, kay Levi (Hebreo 7:6-9) Malinaw na si Hesus ay nag-aproba ng ikapu bilang bahagi ng Templong sistema, gaya ng sa prinsipyo at praktis sinusuportahan Niya ang pangkalahatang pagsasagawa ng Templo at sinagoga. Ngunit walang indikasyon na ipinapataw Niya ang anumang bahagi ng kultura ng Templo para sa Kanyang tagasunod. Ang mga ikapu ay pangunahing pinakakakitaan, dati ay kinakain sa santwaryo sa pamamagitan ng isang ikapu at ang huli ay kinakain ng mga saserdote. Ang pag-iikapu ay itinakda sa Lumang Tipan ay madadala lamang sa relihiyosong sistema na itinatag sa paligid ng sistema ng pagsasakripisyo ng hayop

Maraming mga Kristyano ang nakita ang ikapu bilang isang patas at gumaganang plano sa pagbibigay. Kaya habang ito ay hindi ginagawa na isang pamimilit o isang legalismong sistema, maaring mapatunayan na ito ay masayang plano. Gayunpaman, walang sinoman ang makakapagpatunay ng balidad na ang ikapu ay itinuturo sa Baging Tipan. Ito ay kinilala bilang ang nararapat para sa pagoobserba ng mga Hudyo (Mateo 23:23; Lucas 11:42), ngunit ito ay hindi ipinapataw sa mga Kristyno. Sa katonayan, posiblen na ngayon para sa mga Hudyo o mga Kristyano na mag-ikapu sa Lumang Tipan na pakahulugan. Ang pag-iikapu sa ngayon ay malamyang kawangis ng sinaunang ritwal na praktis na nagmumula sa sakripisyal na sistema ng mga Hudyo. Si Paul Stagg ay binuod ito:

“Habang higit ang maaring sabihin para sa paghihiram sa ikapu ng kusang loob bilang ang pamantayan para sa pagbibigay ng sinoman ng walang matinding pagpapataw nito sa ibang mgatao bilang ang Kristyanong kinakailangan, ito malinaw na sa pag-aangkop ng gaya niyon ang isang tao ay hindi nadadala ang Lumang Tipan na pgawain. Sa pinakahalaga ang isang tao ay ginagawa ang isang bagay ng bahagyang analogo sa ikapung pagsasagawa ng Lumang Tipan, na isang suportang buwis sa Templo at saserdoteng sistema, isang panlipunan at panrelihiyong sistema na hindi na umiiral. Ang pag-iikapu ay obligasyon sa Judaismo bilang isang buwis hanggang sa pagkawasak ng Templo noong A.D. 70, ngunit ang mga ito ay hindi na umiiral sa mga Kristyano.

“Hindi ito pagpapababa sa pag-iikapu, ngunit ito ay upang maliwanagan ang relasyon nito sa bagong tipan. Ito ay upang pabulaanan na ang Bagong Tipan ay sumusuporta sa mga pamimilit. legalistiko, kumikitang motibo at ang pagbabarat na madalas na kinakikitaan ng pagiging maakit ng ikapu sa panahon ngayon. Bilang isang kusang-loob na sistema, ang pag-iikapu ay nag-aalok ng higit pa; ngunit ito ay dapat na tubusin sa pamamagitan ng biyaya kung ito ay magiging Kristyano. Ang ikatuwiran na ‘ito ay gumagana’ ay tanging hiramín ang pragmatikong pagsusulit ng mundo. Marami ang ‘gumagana’ na hindi makaKristyano. Ang pag-iikapu, kung ito ay magiging kasundo ng Bagong Tipang teolohiya, dapat na mag-ugat sa biyaya at pag-ibig ng Diyos.”

III. Ano ang Dapat na Gawin?

Ang mga nakalista sa itaas ay maaring magdagdagan pa ng sunod sunod. Halata na, ito ay nangangailangang maisaad na ang mga personalidad na mga salik na ito ay madalas nakakaapekto sa periperál na mga lugar lamang. Makakatulong sa bawat isa sa atin na ianalisa kung ano ang ating pinaniniwalaan na siyang di mahahating paniniwalang Kristyano. Ano ang pangunahing haligi ng iglesya sa bawat panaho at anumang kultura? Ito ay hindi madaling katanungan, ngunit aking naisip na ito ay napakahalaga. Dapat tayong may paninindigan sa pinakamahalagang kaibuturan ng historikal na Kristyanismo, ngunit talakayin sa pag-ibig ang ating kultural at indibidwal na pagkakaiba sa lugar na hindi krusyal (cf. Roma 14:1-15:13; I Corinto 8-10). Habang nauunawaan ko ang aking sarili at ang Bibliya, mas nagiging lumuliit ang di-mahahating mga kaibuturan. Unang una, para sa akin, ito ay nagsasangkot sa persona at gawa ng Triune na Diyos at paano ang isang tao ay magkakaroon ng relasyon sa Kanya. Ang lahat ng iba pa ay nagiging mas hindi krusyal ayon sa liwanag ng mga pangunahing mga isyung ito. Ang pagkahinog ay magkikiling sa atin na mas hindi magign dogmatiko at mapanghusga!

Lahat tayo ay may mga presuposisyon, ngunit kakaunti sa atin ay nakakapagpaliwanag, analisa o nagkategorya sa kanila. Gayunpaman, dapat nating kilalanin ang kanilang mga presensiya. Tayong lahat ay nagsusuot ng mga salamin o pansala ng isang uri o iba pa. Ang aklat na nakatulong sa akin upang makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng eternal at kultural na mga aspeto naitala sa Kasulatan ay sina Gordon Fee at Doug Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, especially chapters 4 and 5. Ang Bibliya ay nagtatala ng ilang mga bagay na hindi nito sinusugan!

IV. Ang Responsibilidad ng Interpreter

Ayon sa liwanag ng talakayan sa itaas, ano ang ating responsibilidad bilang isang? Ito ay nagsasangkot ng mga sumusunod.

1. Ang mga Kristyano ay personal na responsable sa pag-iinterpret ng Bibliya para sa kanilang mga sarili. Ito ang madalas na sinasabi na pagkasaserdote ng mananampalataya (kakayahan ng kaluluwa). Ang pariralang ito ay kailanman hindi lumitaw sa Bibliya sa PANG-ISAHAN, ngunit laging sa PANGMARAMIHAN (cf. Exodo 19:5; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Ang interpretasyon ay isang pangkomunidad na tungkulin ng pananampalataya. Maging maingat sa labis na pagbibigay diin sa kanluraning indibidwalismo. Huwag tayong mangahas na ipasa ang responsibilidad na ito sa ibang mga tao (I Corinto 12:7).
2. Ang Bibliya ay isang aklat na naghahangad ng interpretasyon (i.e., Mateo 5:29-30). Ito ay hindi binabasa na parang pang-umagang dyaryo. Ang katotohanan nito ay historikal na kinondisyon, gaya natin. Dapat nating pagdugtungin ang puwang sa pagitan ng “ang nakaraan” at “ang ngayon.”
3. Maging pagkatapos nating nagawa ang ating pinakamainam na magagawa sa ating mga interpretasyon tayo parin ay magkakamali sa ilang mga bagay. Tayo ay dapat na lumakad sa liwanag na meron tayo. Dapat tayong magmahal at magrespeto sa ibang mga mananampalataya na mayroong ibang pagkakaunawa (i.e., Roma 14:1-15:13; I Corinto 8-10).
4. “Praktis ay nagpapaperpekto.” Ito ay totoo sa lugar ng interpretasyon. Ang panalangin at praktis ay makakapaghubog ng kakayanan ng isang tao na mag-interpret.
5. Ang Hermenyutika ay hindi makakapagsabi sa isang tao kung ano ang eksaktong kahulugan ng teksto, ngunit ito ay makakapagpakita kung ano ang hindi ibig sabihin nito!

ANG KONTEKSTWAL NA PAMAMARAAN NG PAGBIBIGAY-KAHULUGAN SA BIBLIYA

I. Ang Kasaysayan at Pag-unlad Nito

A. Pang-Hudyong Pagbibigay-Kahulugan

Ang pinaka di-pabago-pabagong paggamit sa pamamaraan ng pag-aaral ng Bibliya ay kilala bilang ang Pangkasaysayan-Pang-gramatika-Leksikong Pamamaraan (sa Batayang Aklat, ito ay tinatawag na Kontekstwal/Tekstwal na pamamaraan) na nagsimula sa Antioch, Syria, sa ikatlong siglo A.D. bilang reaksiyon sa Alegorikong Pamamaraan, na umunlad pintong daang taon nang mas maaaga sa Alexandria, Ehipto. Ang Alexandrian na Pamamaraan ay isang pag-aangkop sa pamamaraan of Philo, isang Hudyong tagapagsalin na nabuhay mula 20 B.C. hangang A.D. 55. Si Philo ay nanirahan din sa Alexandria. Siya, bilang isang Hudyong ng Diaspora, ay hindi lubhang maimpluwensya sa gitna ng mga rabbi, ngunit mayroong isang malaking ambag sa mga Hellenistikong marurunong ng Alexandria, na siyang sentro ng kaalaman sa panahong iyon. Si Philo ay sumasang-ayon sa mga rabbi na ang Lumang Tipan ay ipinagkaloob ng Diyos. Naniniwala siya na ang Diyos ay tanging nagsalita sa pamamagitan ng Hebreong Banal na Kasulatan at mga Griyegong pilosopo, lalo na si Plato. Samakatuwid, bawat aspeto ng teksto ay mayroong kahulugan—bawat pangungusap, sugnay, salita, titik, at kahit na ang pinakamaliit na palamuti o katangi-tangi sa teksto.

Ang pagbibigay-kahulugan ng mga rabbi ay nakikilala sa isang pagtuon sa “kung papaano,” lalo na sa kaugnayan nito sa Kautusan ni Moises. Si Philo, bagaman gumagamit ng ilan sa mga katulad na katangian ng gramatika at pagbabaybay, ay nakita ng nakatagong mga kahulugan sa teksto na may kaugnayan sa Platonismo. Ang mga rabbi ay kinahihiligan ang pagpapairal sa Kautusan ni Moises sa pang-araw-araw na pamumuhay, habang si Philo ay nagnanais na muling bigyang kahuugan ang kasaysayan ng Israel sa liwanag ng kanyang Platonikong pananaw sa mundo. Upang gawin ito, kailangang niyang lubusang tanggalin ang Lumang Tipan mula sa kanyang pangkasaysayang konteksto.

“Sa kanyang kaisipan, marami sa mga pagkakaunawa ng Judaismo, na naunawaan ng wasto, ay hindi naiiba mula sa mga pinakamataas na pagkakaunawa ng Griyegong pilosopiya. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa piniling bayan ng Israel ngunit Kanang inihayag ang Kanyang sarili sa hindi sukdulang naiibang paraan mula sa paraan na Kanyang inihayag ang Kanyang sarili to sa mga Griyego” (Grant at Tracy 1984, 53-54).

Ang kanyang karaniwang paraan ay gawing alegorya ang teksto kung:

1. ang teksto ay nagsabi ng tila isang hindi karapat-dapat sa Diyos (ang pagiging pisikal ng Diyos)
2. ang teksto ay nagtataglay kahit anong inaakalang mga pagkakasalungatan
3. ang teksto ay nagtataglay kahit anong inaakalang pangkasaysayang mga suliranin

4. ang teksto ay maaaring iakma (gawing alegorya) sa pilosopikong pananaw sa mundo (Grant at Tracy 1984, 53)

B. Ang Paaralang Alexandrino

Ang mga saligan ng pamamaraan ni Philo sa pagbibigay-kahulugan ay nagpatuloy sa Kristiyanong Paaralan ng Pagbibigay-kahulugan, na umunlad sa mismong lungsod na ito. Isa sa unang mga pinuno ay si Clemente ng Alexandria (A.D. 150-215). Siya ay naniniwala na ang Bibliya ay nagtataglay iba't-ibang mga antas ng kahulugan upang gawing may kaugnayan ang Banal na Kasulatan sa iba't-ibang mga uri ng tao, mga kultura, at mga yugto ng panahon. Ang mga antas na ito ay

1. ang pangkasaysayang, literal na kaunawaan
2. ang pangdoktrinang kaunawaan
3. ang pangpropesiya o tipolohikong kaunawaan
4. ang pilosopikong kaunawaan
5. ang mistikong o alegorikong kaunawaan (Grant at Tracy 1984, 55-56)

Ang saligang pamamaraan na ito ay pinagpatuloy ni Origen (A.D. 185-254), na maaaring ang pinakadakilang kaisipan ng sinaunang iglesiya (Silva 1987, 36-37). Siya ay ang unang kritiko ng teksto, taga-tanggol ng pananampalataya, tagapagbigay-kahulugan, at sistematikong teologo. Isang mabuting halimbawa ng kanyang pamamaraan ay matatagpuan sa kanyang pagbibigay-kahulugan ng Kawikaan 22:20-21. Isinama niya ito sa I Tesalonica 5:23. Sa paraang ito bawat talata sa Bibliya ay mayroong tatlong antas ng pagbibigay-kahulugan.

1. isang “pangkatawan” o literal na kaunawaan
2. isang “pagkaluluwa” o moral na kaunawaan
3. isang “espirtwal o allegorikong/mistikong” kaunawaan (Grant at Tracy 1984, 59)

Ang hermenyutika ng Alexandria ay lumaganap sa halos lahat ng Iglesiya sa larangan ng pagbibigay-kahulugan hanggang sa panahon ng Protestanteng Repormasyon. Ito ay nakikilala sa kanyang maunlad na anyo kay Augustino (A.D. 354-430) sa kanang apat na mga antas ng pagbibigay-kahulugan.

1. ang literal—nagtuturo ng mga pangkasaysayang kaganapan
2. ang alegoriko—nagtuturo ng kung ano ang dapat paniwalaan
3. ang moral—nagtuturo ng kung ano ang dapat gawin
4. ang mistiko—nagtuturo ng kung ano ang dapat asahan

Para sa iglesiya bilang isang kabuunan, ang di-literal (#2,3,4) ay nagtataglay ang purong espirtwal na kaunawaan. Gayunman, ang mga pang-aabuso ng di-pangkasaysayang, di-gramatikong pamamaraan ay nagduloy ng pagbabalangkas sa isa pang paaralan ng pagbibigay-kahulugan. Ang Pangkasaysayan-Pang-gramatika-Tekstwal-na pagtuon na paaralan ng Antioch sa Syria (ikatlong siglo) ay nasasakdal sa alegorista ng

1. pag-aangkat ng kahulugan sa teksto
2. pagpipilit sa isang nakatagong kahulugan sa bawat teksto

3. paglalagay ng imahinatibo at napakalayong pagbibigay-kahulugan
4. hindi pagpapahintulot sa mga salita at mga pangungusap na tanglayin ang kanilang maliwanag, karaniwang na kahulugan (Sire 1980, 107)
5. pagpapahintulot ng pantaong sariling isipan upang mangibabaw sa payak na mensahe ng orihinal na may-akda

Ang alegorya, kapat ginawa ng isang bihasa, maka-Diyos na tagapagsalin, ay maaaring magtaglay na malaking saysay. Ito ay maliwanag na sina Hesus (Mateo 13:18-23) at Pablo (I Corinto 9:9-10; 10:1-4; Galacia 4:21-31) ay kapwa nagtakda ng isang biblikal na pamamaraan para sa pamamaraang ito. Gayunman, kapag ginamit bilang isang kasangkapan upang patunayan ang isang paboritong teolohikong doktrina o upang ipagtanggol ang di-wastong mga pagkilos, ito ay nagiging isang isang malaking kakatisuran. Ang malaking suliranin ay walang kaparaan na patunayan ang kahulugan mula sa teksto mismo (Silva 1987, 74). Ang pagiging makasalanan ng sangkatauhan ay iniliko ang pamamaraang ito (at lahat ng mga pamamaraan sa ilang saklaw) sa isang mamamaraan upang patunayan ang halos lahat ng bagay at pagkatapos, tinatawag nila ilang biblikal.

“Mayroong palagiang panganib ng eisegesis, sa pagbabasa sa Bibliya ng mga kaisipan na ating natanggap mula sa ibang dako at pagkatapos, ay tatanggapin sila, bawat-isa na may awtoridad na ating ipinapalibot sa aklat” (World Council of Churches Symposium on Biblical Authority para sa Today, Oxford, 1949). “Si Origen, at marami pang iba na kasama niyo, ay sumunggap sa pagkakataon ng labis ng pagpapahirap Banal na Kasulatan, sa bawat posibleng paraan, na malayo sa tunay na kaunawaan. Kanilang pinagtibay na ang ang literal na kaunawaan ay lubhang mahina at mahirap, at, sa ilalim ng nasa labas na likod ng titik, mayroong kubling mas malalalim ng hiwaga, na hindi makukuha ngunit sa paglalapat ng mga alegorya. At sa ganito, wala silang kahirapan sa pagsasakatuparan nito; para sa haka-haka na lilitaw na mahusay ay palagiang nagugustuhan, ng sanlibuhan na isang matibay na doktrina. . .na may pag-aangkop sa sistemang walang pagpipigil na unti-unting natamo ang isang antas, na kung sinoman ang hahawak ng Banal na Kasulatan para sa kanyang sariling libangan hindi lamang makakaranas na di maparusahan, ngunit kahit magtaglay ang pinakamataas na pagkilala. Sa maraming mga siglo, walang tao ang maituturing na mahusay, na walang kasanayan at walang takot para sa pagbabago sa sari-saring uri ng mga katakatang hugis ng banal na salita ng Diyos. Ito ay walang alinglangang isang gawain ni Satanas upang papanghinain ang kapangyarihan ng Banal na Kasulatan, at upang ilayo mula sa pagbasa nito ang tunay na pakinabang. Dinalaw ng Diyos ang ganitong kawalang galang sa isang makatarungang hatol, nang hinayaan niyang ang dalisay na kahulugan ng Banal na Kasulatan ay mailibing sa ilalim ng mga bulaang mga pagbibigay-kahulugan. Ang Banal na Kasulatan, sabi nila, ay mayabong, at ito ay nagdudulong ng iba’t-ibang mga kahulugan. Aking kinikilala na ang Banal na Kasulatan ay isang pinaka mayaman at di-mauubusang bukas ng lahat ng karunungan; ngunit aking itinatanggi na ang kanayang pagiging mayabong ay nagtataglay ng maraming mga kahulugan na kahit sinong tao, sa kanyang kaluguran, ay maaaring magtakda. Hayaan nating alamin ngayon, na ang tunay kahulugan ng Banal na Kasulatan ay ang natural at maliwanag na kahulugan; at ating itong yakapin at mamalagi dito nang di natitinag. Huwag nating pabayaang bilang nag-aalinglangan, ngunit matapang na tanggihan gaya ng

nakamamatay na mga kasamaan, yaong mapagkunwaring mga pagpapaliwanag, na siyang naglalayo sa atin mula sa natural na kahulugan” (John Newport dissertation, N.D., 16-17).

C. Ang Paaralang Antioch

Ito ay maliwanag na ang paaralang Alexandrino ay mapangangatuwiranang bukas sa sakdal na ang mga pagbibigay-kahulugan nito ay higit na nakaasa sa talas ng isip ng tagapagsalin kaysa sa ang layunin ng orihinal na kinasihang may-akda. Ang isa ay maaari, at gawing, magpahayag ng kahit anong pagbibigay-kahulugan at “patunayan” ito mula sa Bibliya sa paggamit ng ganitong pamamaraan. Ang Antiokong pamamaraan ay tumutuon sa payak, maliwanag na kahulugan ng teksto ng Banal na Kasulatan (Cole 1964, 87). Ang saligang pagtuon nito ay pag-unawa sa mensahe ng orihinal na may-akda. Kaya ito tinawag na Pangkasaysayan-Pang-gramatika na pamamaraan ng hermeyutika. Binibigyang-diin ng Antioch ang kapwa isang pangkasaysayang konteksto at ang karaniwang na paggamit ng pantaong wika. Hindi nito inaalis ang mga talinghaga, propesiya, o mga sagisag, ngunit pagpilit na maiugnay sa layunin, pangkasaysayang kalagayan, at istilo ng orihinal na may-akda, kasama ang pagpili ng genre na orihinal na may-akda.

“Ang paaralan ng Antioch ay nagbibigay-diin sa pangkasaysayang katotohanan ng biblikal na kapahayagan. Hindi sila papayag na maiwala ito sa isang mundo ng mga sagisag at mga anino. Sila ay mas higit na Aristoteliano kaysa sa Platonista” (Grant at Tracy 1984, 66).

Ang ilang mga sinauang pinuno ng paaralan ng pagbibigay-kahulugan na ito ay: Luciano, Diodoro ng Tarsus, Theodoro ng Mopsuestia, at Juan Crisostomo. Ang paaralag ito ay naging kasangko sa isang lubhang pagbibigay-diin sa pagkatao ni Hesus. Ito ay mayroong pangalan na Nestorian Heresy (Si Hesus ay mayroong dalawang likas, isang Diyos at isang tao)—at isang ay isang maling pananampalataya (cf. I Juan 4:1-3). Sa kadahilanang ito, ang paaralan ay nawalan ng impluwensiya at maraming mga tagasunod nito. Ang punong himpilan nito ay lumipat mula sa Syria patungo sa Persya upang maging malayo sa disiplina ng Romanong Iglesia.

D. Ang mga Pangunahing Aral ng Antiokong Paaralan

Bagaman ang mga pangunahing aral ng Antiokong Paaralan ay nagpatuloy sa mga napahiwalay na lugar, ito ay muling sumambulat sa lubusang kasibulan kina Martin Luther at John Calvin, na gaya sa nakalipas na pagiging usbong nito kay Nicholas ng Lyra. Ang pangkasaysana at tekstwal na pagtuon na pamamaraan sa hermeyutika ay ang pangunahing tinatangkang ipakilala ng Batayang Aklat na ito. Kasama nito ang dagdag na diin sa pagpapairal (aplikasyon), na isa sa mga kalakasan ni Origen, ang Antiokong pamamaraan ay maliwanag na makikita ang kaibahan sa pagitan ng exegesis at pagpapairal (Silva 1987, 101). Dahil sa ang Batayang Aklat ay pangunahing para sa mga hindi sinanay sa teolohiya mga mananampalataya, ang kaparaanan ay tutuon sa teksto ng Banal na Kasulatan sa salin

kaysa sa mga orihinal na wika. Ang mga tulong sa pag-aaral ay ipapakilala at itatagubilin, ngunit ang maliwanag na kahulugan ng orihinal na may-akda, sa malawak na karamihan ng mga pagkakataon, ay maaaring matiyak kahit na wala ang malawak na tulong sa labas. Ang gawain ng mga maka-Diyos, masigasig ng mga dalubhasa ay tutulong sa atin sa mga bahagi ng kaligirang kasangkapan, mga mahihirap intindihang talataan, at pagkakita ng malaking larawan, ngunit kailangan muna nating magpunyagi sa w payak kahulugan ng Banal na Kasulatan sa ating mga sarili. Ito ay ating pribelehiyo, ating pananagutan, at ating proteksyon. Ang Bibliya, ang Espiritu, at ikaw ay ang prayoridad! Ang pagkakaunawa sa kung paano suriin ang pantaong wika sa isang di-teknikal na antas, kasama ng kapangyarihan ng nanananahang Banal na Espiritu, ay ang kambal na mga haligi nitong kontekstwal/tekstwal na pamamaraan. Ang iyong kakayahan na tila maging malaya sa pagbibigay-kahulugan ng Bibliya para sa iyong sarili ay ang pangunahing layunin ng Batayang Aklat na ito. James W. Sire sa kanyang aklat na *Scriptures Twisting* ay gumawa ng dalawang mabuting punto.

“Ang iluminasyon ay dumarating sa isipan ng tao ng Diyos—hindi lamang sa mga espiritwal na pinili. Walang klase ng guru sa biblikal na Kristiyanismo, walang illuminati, walang tao na lahat ng wastong pagbibigay-kahulugan ay kailangang dumating. At, sa gayon, habang ang Banal na Espiritu ay nagkaloob natatanging mga kaloob ng karunungan, kaalaman, at espiritwal na pag-intindi, hindi Niya itinatalaga ang mga pinagkaloobang mga Kristiyano na maging tanging makapangyarihang mga talagapagbigay-kahulugan ng Kanyang Salita. Ito ay nasa bawat Kanyang tao na matuto, humatol at mag-isip sa sanggunian ng Bibliya na siyang tumatayo bilang awtoridad kahit na sa kanilang pinagkalooban ng Diyos ng mga natatanging kakayahan.”

“Sa pagbubuod, ang aking pagpapalagay na aking gagawin sa buong aklat ay ang Bibliya ay ang tunay na kapahayagan ng Diyos sa sangkatauhan, na ito ay ating pangwakas na awtoridad sa lahat ng mga bagay na kaniyang ipinapahayag, na ito ay hindi isang lubusang hiwaga ngunit maaaring maunawaan nang may kasapatan ng pangkaraniwang tao sa bawat kultura” (pp. 17-18).

Hindi nating nanaising magtiwala nang walang malay sa kahit sinong ibang tao o denominasyon sa pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan, na nakakaapekto hindi lamang sa buhay, ngunit gayundin sa buhay na darating. Ang pangalawang layunin ng Batayang Aklat na ito ay ang pagtatamo ng kakayahan na suriin ang mga pagbibigay-kahulugan ng ibang tao. Ang Batayang Aklat na ito ay nagnanais na magbigay sa bawat-isang mananampalataya sa isang pamamaraan para sa personal na pag-aaral ng Bibliya at isang kalasag laban sa pagbibigay-kahulugan ng iba. Ang mga matatalinong tulong ay itatagubilin, ngunit hindi kailangang tanggapin na walang wastong pagsusuri at tekstwal na dokumentasyon.

II. Mga Tanong sa Pagbibigay-Kahulugan

Ang ating pagtalakay ng isang pangkasaysayang pagbatid at tekstong-pagtuon na kaparaanan ay iikot sa pitong tanong sa pagbibigay-kahulugan na kailangan itanong nang isa sa pag-aaral ng bawat konteksto ng Bibliya.

1. Ano ang sinabi ng orihinal na may-akda? (kritisismong tekstwal)
2. Ano ang ibig-sabihin ng orihinal na may-akda? (exegesis)
3. Ano ang sinabi ng orihinal na may-akda sa ibang dako sa katulad na paksa? (mga katulad na talataan)
4. Ano ang sinabi ng ibang mga bibliikal na may-akda sa katulad na paksa? (mga katulad na talataan)
5. Paano naunawaan ng mga orihinal tagapakinig ang mensahe at paano tumugon dito? (pangkasaysayang pagpapairal)
6. Paano maiaangkop ang katotohanang ito sa aking panahon? (kasalukuyang pagpapairal)
7. Paano maiaangkop ang katotohanang ito sa aking buhay? (personal na pagpapairal)

A. Ang Unang Tanong sa Pagbibigay-Kahulugan

1. Ang pangangailangan sa pagbasa Hebreo at Griyego sa pagbibigay-kahulugan Banal na Kasulatan.

Ang panimulang hakbang ay pagtatayo ng orihinal na teksto. Dito, tayo ay dumating nang harapan sa paksa ng mga orihinal na wika ng sinaunang Hebreo, Aramaiko, at Koine Griyego. Kailangan bang malaman ang mga wikang ito, at lahat ng kanilang tekstwal na mga pagkakaiba, bago ang isa ay may kasapatan sa pagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan? Hayaan niyong ipahagi ko ang aking mga pagpapalagay muli patungkol sa Bibliya.

- a. Ninanais ng Diyos ang sangkatauhan na makilala Siya (ang mismong layunin ng paglalang, Genesis 1:26-27).
- b. Siya ay nagkaloob sa ating ng isang nakasulat na tala ng Kanyang kalikasan, layunin, at mga pagkilos.
- c. Kaniyang isinugo ang Kanyang pinakadakilang kapahayagan, ang Kanyang Anak, si Hesus ng Nazareth. Ang Bagong Tipan ay nagtataglay ng Kanyang buhay at mga katuruan gayundin ang kanilang mga pagbibigay-kahulugan.
- d. Ang Diyos ay nangungusap sa karaniwang tao. Ninanais Niyang ang lahat ng mga tao na maligtas (Ezekiel 18:23,32; Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).
- e. Ang malawak na nakararami sa mundo ay hindi kailanman malalaman ang kapahayagan ng Diyos maliban sa isang salin (Sterrett 1973, 28).
- f. Hindi nating kailangang makita ang mga dalubhasa bilang mga di-nagkakamaling talagapagbigay-kahulugan. Kahit na ang mga dalubhasa ay kailangang magtiwala sa ibang mga dalubhasa. Kahit na ang mga dalubhasa sa loob ng katulad na larangan ay hindi palaging nagkakasundo (Triana 1985, 9).
- g. Ang mga dalubhasa (iskolar) ay maaaring tayong tulungan. Ang mga Kristiyanong dalubhasa ay mga kaloob ng Diyos na binigay sa iglesiya (I

Corinto 12:28; Efeso 4:11). Gayunman, kahit na walang tulong mula sa kanila, ang mga mananampalataya ay maaaring malaman ang payak, simpleng katotohanan ng Banal na Kasulatan. Sila ay hindi nagtataglay ang ganap o lubusang kaalaman. Hindi nila makikita ang yaman ng detalye na mauunawaan ng isang biblikal na dalubhasa, ngunit mga mananampalataya ay maaaring makaalam ng sapat para sa pananampalataya at pagsasanay.

2. Paggamit ng makabagong mga salin

Ang makabagong mga salin ay bunga ng matalinong pananaliksik. Sila ay gumagamit ng mga magkakaibang pilosopiya sa pagsasalin. Ang ilan ay lubhang malaya sa pagsasalin ng mga konsepto (paraphrasing) sa halip na mga salita (salita sa salita) o mga sugnay (dinamikong katumbas). Dahil sa yamang ito ng pananaliksik at pagpupunyagi, ang mga mananampalataya, sa paghahalintulan ang mga saling ito, ay may iba't-ibang teknikal na inpormasyon na magagamit para sa kanila, kahit na kung mga mananampalataya ay hindi nauunawaan ang teknikal na proseso o mga teoriya sa likod nila. Sa paghahambing ng makabagong mga salin, sila ay mas lubusang naunawaan ang mensahe ng orihinal na may-akda. Hindi ito nangangahulugan na walang mga panganib.

“Ang tao na nagbabasa lamang ng Ingles ay nasa biyaya ng (mga) tagapagsalin, at mga tagapagsalin ay kadalasang kailangang gumawa ng mga pagpili kung anong katotohanan sa orihinal na Hebreo o Griyego ang talagang ninanais na ipahayag” (Fee at Stuart 1982, 29).

“Ang mag-aaral ng Bibliya ay hindi masusupil ang kahinaang ito (hindi pagkaalam ng mga orihinal at paggamit ng mga salin) sa isang pinag-aralang paggamit ng mga mahuhusay na komentaryo. Higit sa lahat, ang bawat isa ay kailangang mabatid ang mga panganib. Ang mag-aaral ay kailangang ihambing ang mga salin sa kanyang pag-aaral ng mga talata, at hindi sila ipagsasantabi” (Osborne at Woodward 1979, 53).

Umaasa akong ikaw ay natulungan ng mga pagtalakay sa itaas patungkol sa kasapatan ng mga Ingles na salin. Iminumungkahi ko para sa mga layunin ng pag-aaral ng Bibliya na ikaw ay gumamit ng hindi kukulang sa dalawang iba't-ibang mga salin na nagkakaiba sa teoriya ng pagsaalin. Una sa lahat, ikaw ay magnanais na gumamit ng isa sa lubhang literal (i.e., salita sa salita) at ihambing ito sa isang wikaing salin (dinamikong katumbas). Sa paghahambing ng dalawang uri ng mga mga salin, karamihan sa mga suliranin sa kahulugan ng salita, kayarian ng pangungusap, at tekstwal na mga pagkakaiba ay magiging maliwanag. Kapang mangyari ang mga pangunahing pagkakaiba, sumangguni sa mga teknikal na komentaryon at mga tulong sa pananaliksik.

3. Hebreo at Griyegong mga pagkakaiba sa kasulatan

Isa pang mahirap na suliraning kakaharapin sa loob ng bahaging ito ng “ano ang sinabi ng orihinal na may-akda?” ay nauukol sa orihinal na mga kasulatan. Wala tayong kahit anosa mga orihinal na naisulat ng biblikal na mga may-akda

(mga autograp). Bilang katunayan, tayo ay tinanggal sa mga daang taon mula sa mga orihinal (mga autograp). Hanggang natuklasan ang Dead Sea Scrolls noong 1947, ang ating pinakalumang kasulatan ng Lumang Tipan ay mula noong ika-9 na siglo A.D., na tinatawag na Tekstong Masoretiko (MT). Ang mga Masoret ay isang pangkat ng mga Hudyang dalubhasa na naglalag ng mga patinig (mga puntong patinig) sa malakatinig na Hebreong teksto. Ang proyektong ito ay hindi natapos hanggang sa ika-9 na siglo A.D. Ang Dead Sea Scrolls ay nagpapahintulot sa ating na tiyakin ang Hebreong teksto pabalik sa B.C. panahon. Sila ay nagpapatunay ng ang kawastuhan ng ating Lumang Tipan batay sa MT. Ito ay nagbigay-daan sa mga dalubhasa na ihambing ang Hebreong mga kasulatan sa kanilang Griyegong mga salin: ang Septuagint, at sa kanilang galing kina Aquila, Symmacho, at Theodotian. Ang punto ng lahat nang ito ay mayroong maraming mga pagkakaiba sa lahat ng mga siping ito.

Ang Bagong Tipan ay napapaloob sa katulad na kahirapan. Hindi natin taglay ang mga sulat ng mga Apostol, bilang katunayan, ang ating mga sipi ay maraming daang taon na naitanggal mula sa kanila. Ang pinakalumang mga kasulatan magagamit sa Griyegong Bagong Tipan ay mga piraso ng ilang mga aklat na nakasulat sa papyri. Ang mga petsa ay mula sa ikalawa at ikatlong mga siglo A.D. at wala ay may kompletong Bagong Tipan. Ang sumunod na pinakalumang pangkat ng Griyegong mga kasulatan ay nanggalin sa ikaapat hanggang ikaanim na mga siglo. Sila ay nakasulat lahat sa malalaking mga titik na walang mga bantas o mga paghahati ng talataan. Pagkatapos nito, ay dumating ang mga sanlibong mga kasulatan mula huling mga siglo, kadalasang ika-12 – ika-16 (nakasulat sa maliliit na mga titik). Wala sa kanila ang sumasang-ayon nang lubusan. Gayunman, kailangan nitong malakas na bigyang-diin na wala sa mga pagkakaiba ang nakakaapekto sa pangunahing mga Kristiyanong doktrina (Bruce 1969, 19-20).

Dito ay kung saan pumapasok ang pag-aaral ng tekstwal kritisismo sa kaganapan. Ang mga dalubhasa s bahaging ito ay sinuri at inuri ang mga iba't-ibang teksto sa “mga pamilya,” na nakikilala sa mga kilalang karaniwang pagkakamali o pagdadagdag. Kung nais mo ang mas marami pang inpormasyon sa paksang ito, basahin ang

- a. *The Books and the Parchments* ni F. F. Bruce
 - b. “Texts and Manuscripts of the Old Testament,” *Zondervan’s Pictorial Encyclopedia of the Bible*, vol. 5, pp. 683ff
 - c. “Texts and Manuscripts of the New Testament,” *Zondervan’s Pictorial Encyclopedia of the Bible*, vol. 5, pp. 697ff
 - d. *Introduction to New Testament Textual Criticism* by J. H. Greenlee
- Ang suliranin ng tekstwal na kritisismo ay hindi nalutas, ngunit ang gawain hanggang ngayon ay tiyakang nakatulong sa paglilinaw ng pagkalita sa bahaging ito.

“Bihirang ang isa ay uulitin ang mga gawain ng mga kritikong tekstwal, maliban kung ang isang alternatibong pagbabasa ay nabanggit bilang isang tala sa ibaba ng salin na karaniwang ginagamit” (Liefeld 1984, 41).

Aking natagpuan na ang mga suliranin sa mga kasulataang ito ay kaagad na matatagpuan pagpansin sa ating mga makabagong Ingles na Bibliyang may Pag-aaral. Ang Revised Standard Version at Ang New English Bible ay naglalaan ng maraming nakakawiling alternatibong mga salin. Ang lahat ng makabagong mga salin ay naglalaan ng mga alternatibong pagbasa sa ilang pagkakataon. Ang isa pang nakakatulong na mapagkukunan sa puntong ito ay ang bagong *Twenty-Six Translations of the Bible* na pinatnugot ni Curtis Vaughn, na inilathala ng AMG Publishers. Ang tatlong tomong pangkat ay naglalaan ng King James Version sa bold na pagkakalimbag at tatlong hangang limang alternatibong mga salin mula sa ang pangkat ng dalawampu't-anim na mga salin. Ang kagamitang ito ay mabilis na nagpapakita ng tekstwal na mga pagbabago. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring sapat na masasaliksik sa mga komentaryo at iba pang mga kasangkapang pananaliksik.

4. Ang mga hangganan ng pantaong wika

Ang isa pang sangkap ay nakapaloob sa tanong, “ano ang sinabi ng orihinal na may-akda?” ay kinapapalooban ng mga kalabuan ng pantaong wika. Kapag ang pantaong wika, na pangunahing isang pangkat ng mga magkakatulad na mga ugnayan sa pagitan ng mga salita at mga konsepto, ay pinipilit na ilarawan ang Diyos at espiritwal ng mga bagay, malaking suliranin ang lilitaw. Ang ating pagkakaroon ng hangganan, and ating pagiging makasalanan, ang ating pagiging sa laman, at ang ating karanasan sa panahon (nakalipas, kasalukuyan, hinaharap) ang lahat ay makakaapekto sa ating wika habang ating tinatangkang ilarawan ang higit sa natural. Maaari nating ipilit na ihayag ang mga konseptong ito sa pantaong mga kaurian (Ferguson 1937, 100). Ang isang uri ng ganitong mga kaurian ng talinghaga ay mga antropomorphismo (taong-anyo). Ang mga kauriang ito ay isa sa dahilan bakit ang mga rabbi, Philo at Origen (Silva 1987, 61), ay nagsimulang gumamit ng alegorya. Sa katotohanang ito, ang ating paglalarawan at pag-unawa sa Diyos at ang higit sa natural ay paghahambing lamang (i.e., kabaliktaran, paghahambing, at talinghaga). Ito ay hindi kailanman magiging ganap o lubusan. Ito ay pagpapalagay, ngunit sa pananampalataya, ang mga Kristiyano ay pinaniniwalan itong sapat.

Ang suliraning ito ng pantaong wika ay higit pang pinalubha kapag inilagay sa isang nakasulat na anyo. Kadalasan, ang pagbabago sa tinig o ilang kumpas ng katawan ay makakatulong sa ating na maunawaan ang mga kapitaganan ng pantaong komunikasyon, ngunit ang mga ito ay hindi makikita sa isang nakasulat teksto. Gayunman, kahit na sa maliwanag mga hangganan ito, tayo pa rin, para sa halos lahat

nang bahagi, ay mauunawaan ang iba. Ang ating pag-aaral ng Bibliya ay mahahangganang ng mga kalabuanang ito, gayundin angang karagdaganang suliranin ng pagsasalin ng tatlong magkakaibang mga wika (Hebreo, Aramaiko, at Koine Griyego). Hindi nating malalaman nang tiyakan ang lubusang kahulugan ng bawat talata. Isang mainam na aklat sa bahaging ito ay *God's Word in Man's Language* ni Eugene Nida. Sa tulong ng Banal na Espiritu malalaman nating ang payak na kaunawaan sa karamihan ng Banal na Kasulatan. Maaaring ang mga kalabuan ay nandoon upang ibaba tayo at magdulot sa atin ng pagtitiwala sa kahabagan ng Diyos.

B. Ang Pangalawang Tanong sa Pagbibigay-Kahulugan (para sa isang sheet ng exegetical na mga pamamaraan, tingnan ang pp. 96 at 97)

1. Balangkas ng mga pampanitikang yunit

Isang paraan, maaaring ang pinakamagaling na paraan, upang maunawaan ang isang nakasulat na dokumento ay makilala ang layunin ng may-akda at ang mga pangunahing pagkakahati (i.e., mga pampanitikang yunit) sa kanyang pagpapahayag. Tayo ay sumusulat na may isang layunin at layunin sa kaisipan. Gayundin, ang biblikal na mga may-akda. Ang ating kakayahan na makilala ang pangkalahatang layunin at pangunahing mga pagkakahati ay lubusang makakatulong sa ating pag-unawa ng mga maliliit na bahagi nito (mga talata at mga salita). Isang susi sa deduktibong pamamaraang ito (Osborne at Woodward 1979, 21) ay ang pagbabalangkas (Tenney 1950, 52). Bago subukan ang pagbibigay-kahulugan sa talataan sa loob ng isang biblikal na aklat, kailangan niyang malaman ang layunin ng pampanitikang yunit na kung saan ito ay isang bahagi ng liwanag na nakapalibot sa mga talataan at kayarian ng buong aklat. Nalalaman ko ang pamamaraang ito ay tila puspusan sa una, gaya ng paglalagay nito sa kasanayan, ngunit ito ay mahalaga tulad ng pagbibigay-kahulugan.

“Mula sa pananaw ng Bibliya o panitikan, ang pinakasimpleng pagkakamali sa pagbasa ay ang pagkabigong isaalang-alang ang pinakamalapit na konteksto ng tala o talata na tinatanong” (Sire 1980, 52).

“Ang prinsipyo ng kontekstwal na pagbibigay-kahulugan ay, sa gana ng teoriya, isa sa kakaunting tinatanggap sa pangkalahatan na hermeneutikong mga patnubay, kahit na ang palagiang paggamit ng mga prinsipyo ay isang kilalang-kilala mahirpa na gawain” (Silva 1983, 138).

“Ang konteksto ay hindi lamang tayo tinutulungang maunawaan ang kahulugan—ito sa katunayan ang gumagawa ng kahulugan” (Silva 1983, 139).

“Anong talata ay umaakma sa loob—kung ano ang maiaambang nito sa buong pagdaloy ng aklat at kung anong kaurian sa aklat na mag-aambang dito—nagtatayo ng isang napakahalagang interest ng pampanitikang kontekstong hakbang sa exegesis” (Stuart 1980, 54).

Ang gawaing ito ay maaaring maisakatuparan sa isang napakapayak na paraan. Ang isa ay maaaring gawin ang maraming hakbang ng pagbibigay-kahulugan sa isang panahon. Ito ay maliwanag na kung ang isa ay nagnanais magbigay-kahulugan na isang talata sa liwanag ng layunin ng orihinal na may-akda, kailangan nilang magbasa at maging pamilyar sa buong mensahe ng may-akda (ang aklat). Habang ang isa ay nagbabasa ng biblikal na aklat nang maraming beses upang magkaroon ng lubos na pagkakilala sa mga nilalaman nito, kailangan niyang gumawa ng mga tala sa kanyang mga pagmamasid. Sa unang pagbasa, hanapin ang pangunahing layunin ng aklat at kanyang genre. Sa ikalawang pagbasa, magtala ng malalaking mga tipak ng magkakaugnay na kasangkapan, na tinatawag nating mga pampanitikang yunit. Isang halimbawa na mula sa aklat ng Roma ay naghahayag ng mga pangunahing paksa.

- a. Maikling panimula at paksa (1:1-17)
- b. Ang pagkalugmok ng lahat ng tao(1:18-3:21)
- c. Ang pag-aaring-ganap ay isang kaloob (4:1-5:21)
- d. Ang pag-aaring-ganap ay nakakaapekto sa ating pamumuhay (6:1-8:39)
- e. Ang ugnayan ng mga Hudyo sa pag-aaring-ganap (9:1-11:36)
- f. Praktikong bahagi ng pagsasabuhay ng pag-aaring-ganap sa isang pang-araw-araw na batayan (12:1-15:37)
- g. Mga pagbati, mga pamamaalam, at mga babala (16:1-27)

“Subukang gumawa ng isang balangkas na totoong kumakatawan sa mga pangunahing yunit ng impormasyon. Sa ibang mga salita, ang balangkas ay kailangang maging isang natural, hindi artipisyal, lumago mula sa mga talata. Itala ang mga sangkap na kasama sa loob ng bawat paksa (quantitative) at gayundin ang tindi o kahalagahan ng mga sangkap (qualitative). Hayaang ang talata ang magsalita para sa kanyang sarili. Kapag nakakita ka ng isang bagong paksa, sakop, isyu, konsepto, o katulad, kailangan mong magsimula ng isang bagong paksa para sa inyong balangkas. Pagkatapos magbalangkas ang pangunahing mga paghahati, gawin ang mas maliit ng mga paghahati tulad ng mga pangungusap, mga sugnay at mga parirala. Ang balangkas ay kailangang maging detalyado habang ginagawa mo ito na walang pagpilit o pagiging artificial” (Stuart 1980, 32-33).

Ang pagbabalangkas ng antas ng talataan (at higit pa) ay isang susi sa pagpapahintulot na magsalita ng orihinal na may-akda. Ito ay mag-iingat sa atin sa mula sa pagiging pangunahin ng mga di lubhang mahalaga o mga pahapyaw. Ang natapos mong balangkas ay maaaring ihambing sa isang Pag-aaral na Bibliya, tulad ng NIV Study Bible o NASB Study Bible, isang ensiklopedyang pambibliya, o isang komentaryo, ngunit pagkatapos lamang na iyong nabasa ang aklat nang maraming beses at nakagawa na ng pansamantalang balangkas.

“Ito ay ang mahalagang gawain sa exegesis, at sa kabutihang-palad, ito ay isang bagay na maaaring gawin ng isa na may kahusayan na hindi na kailangang

sumangguni sa mga ‘pantas’” (Fee at Stuart 1980, 24).

Kapag ang malaking pampanitikang bahagi ay naibukod, saka ang mas maliliit na mga yunit ay maaaring makilala at mabuod. Ang mas maliliit na mga yunit ng kaisipan ay maaaring maraming mga talata o kahit na isang kabanata o higit pa. Karamihan sa mga pampanitikang genre ang talataan ay isang susi (Liefeld 1984, 90) sa pagbibigay-kahulugan. Ang isa ay hindi kailanman dapat magtanggka sa pagbibigay-kahulugan na kulang sa isang talataan. Gayan ng isang pangungusap na bumubuo ng konteksto para sa mga salita, mga talata bumubuo ng konteksto para sa mga pangungusap. Ang pangunahing yunit ng makalayuning pagsusulat ay ang talataan. Sa mataas na paaralan tayo ay tinuruan upang ihiwalay ang pampaksang pangungusap sa isang talataan. Ang katulad na prinsipyang ito ay tutulong sa atin nang napakalaki sa biblikal na pagbibigay-kahulugan. Bawat talataan ay mayroong isang pangunahing layunin sa pangkalahatang pagpapakilala ng may-akda sa katotohanan. Kung ating maibubukod ang layuning ito at maibubuod ang katotohanan nito sa isang payak, paturo na pangungusap, matatapos natin ang ating balangkas ng kayarian ng may-akda’. Kung ang ating pagbibigay-kahulugan ay banyaga sa layunin o katotohanan ng ang orihinal na may-akda, inaabuso natin ang Bibliya at walang biblikal na awtoridad!

“Huwag nating pagkatiwalaan ang kabanata at mga paghahati ng talataan. Sila ay hindi orihinal at kadalasang lubusang mali” (Stuart 1980, 23).

“Ang mga kapasyahan patungkol sa paggawa ng talataan ay minsang pansarili, at iyong matatagpuan na ibat’t-ibang mga pagpapangkat ng mga patnugot sa mga nilalaman ay hindi palaging nagkakasundo. Ngunit kung ikaw ay nagpasyang magsimula ng iyong talata kung saan ay walang patnugot ang nagsimula ng isang talataan o magtapos ng isang talataan kung saan ay walang patnugot ang nagtapos ng isang talataan, ngayon ito ay iyong pananagutan na ipaliwanag nang lubusan para sa iyong pagpapasya” (Stuart 1980, 45).

2. Tala sa pangkasaysayan at pangkulturang kalagayan

Ang nakalipas na pagtalakay ng mga pampanitikang yunit ay mahalaga, hindi lamang para sa unang tanong, “ano ang sinabi ng orihinal na may-akda” (kritisismong tekstwal), ngunit gayundin para sa ikalawa, “ano ang ibig-sabihin ng orihinal na may-akda mean?” (exegesis). Ang mga katanungang ito ay magkaugnay, ngunit hindi magkauri. Ang una ay tumutuon sa mga salita ng orihinal na may-akda (kritisismong tekstwal). Ang ikalawa ay tumutuon sa tatlong lubhang mahalagang mga aspeto ng pagbibigay-kahulugan na nauugnay na kahulugan.

- a. ang pangkasaysayang kaligiran ng may-akda at/o ang mga pangyayari ng aklat
- b. ang uri ng pampanitikang anyo (genre) kung saan ang mensahe ay ipinagkaloob
- c. ang pangunahing pang-gramatiko at lingwistikong mga aspeto ng teksto

Isa sa mga katangian ng alegorya ay lubusan hiwalay ang pagbibigay-kahulugan nito ng sa isang teksto mula sa pangkasaysayang kalagayan. Ito ay isang pangunahing aral ng kontekstwal/tekstwal o Antiokong Pamamaraan na itinatatag ang

pangkasaysayang konteksto. Ang prinsipyong ito ay muling binigyang-diin ni Martin Luther. Ang pagbibigay-diing ito sa kaligirang kasangkapan sa pagbibigay-kahulugan ay dumating sa pagkatawag na, sa isang pangkalahatang kaunawaan, “mas mataas na kritisismo”; datapwat ang inpormasyon patungkol sa orihinal na teksto ay dumating sa pagkakatawag na “mas mababang kritisismo.” Sa mas mataas na kritisismo, ang isa ay nagtatangkang tiyakin kapwa mula sa panloob (ang bibliikal na aklat mismo) at panlabas (sekular na kasaysayan, arkeolohiya, atbp.) ang sumusunod na mga bagay.

- a. inpormasyon patungkol sa may-akda
- b. inpormasyon patungkol sa petsa ng pagkakasulat
- c. inpormasyon patungkol sa mga tumanggap ng sulat
- d. inpormasyon patungkol sa kaganapan ng sulat
- e. inpormasyon patungkol sa sulat mismo
 - (1) inuulit o nag-iisang mga termino
 - (2) inuulit o nag-iisang mga konsepto
 - (3) saligang daloy ng mensahe
 - (4) ang anyo na kung saan ang mensahe ay makikita (genre)

“Ang kaguluhan sa pananaw sa mundo. . . ay nangyayari kapag ang isang mambabasa ng Banal na Kasulatan ay nabigo sa pagbibigay-kahulugan ng Bibliya sa loob ng intelektwal at pangkulturang balangkas ng Bibliya mismo, ngunit sa halip ay gumagamit ng isang banyagang balangkas ng sanggunian. Ang kadalasang paraan na kung saan ito ay makikita ay para sa pangkasultang pahayag, mga salaysay, mga utos o mga sagisag na may partikular na kahulugan o pangkat ng magkakaugnay na mga kahulugan sa loob ng bibliikal na balangkas ng sanggunian na inaangat at ilalagay sa loob ng isa pang balangkas ng sanggunian. Ang bunga ay ang orihinal nilalayong kahulugan ay nawala o pinapangit, at isang bagong at lubhang iba’t-ibang kahulugan ang ipinapalit” (Sire 1980, 128).

Ang uring ito ng inpormasyon ay kadalasang (ngunit hindi palagi) makakatulong sa pagbibigay-kahulugan ng sulat. Ang pangkasaysayang aspetong ito ng pagbibigay-kahulugan, tulad ng pagbabalangkas, ay maaaring magawa, sa ilang pagkakataon, na walang tulong ng “mga dalubhasa.” Sa iyong pagbasa ng bibliikal na aklat, isulat ang pangkasaysayang kaligirang inpormasyon mula sa Bibliya mismo at mamamangha ka sa dami ng inpormasyon na iyong nahimay. Sa katunayan, karamihan sa mga inpormasyong ito ay makikita lamang mula sa bibliikal na aklat mismo (kadalasang sa mga unang kakaunting talata). Kadalasang mayroong maraming mga teoriya na naihahayag sa mga komentaryo na sa katunayan ay mga pagpapalagay na may kaunting bibliikal o pangkasaysayang katibayan. Kapag iyo nang naipon ang lahat ng inpormasyon sa maliwanag sa iyo na mula sa bibliikal na aklat, ito ang panahon na palawaking iyong pang-unawa sa paggamit ng isa sa mga sumusunod na uri ng mga pantulong sa pananaliksik:

- a. panimulang mga aklat na kadalasang nahahati sa mga aklat ng Luma at

Bagong Tipan

- b. mga artikulo ng mga biblikal na ensiklopedya, talahulugan, o mga manwal, na kadalasang nasa ilalim ng pangalan ng biblikal na aklat
- c. ang mga paniwala na matatagpuan sa mga komentaryo
- d. ang mga paniwala na matatagpuan sa mga Bibliyang may pag-aaral

Ang mga uring ito ng mga kasangkapang pananaliksik ay upang ibigay sa iyo ang pangkasaysayang kalagayan sa isang maikling panahong ng pag-aaral. Karamihan, kadalasan ang mga kagamitang ito ay may kaiklian dahil we wala tayong maraming inpormasyon patungkol sa maraming mga aspeto ng sinaunang kasaysayan.

Gayundin, ang uring ito ng kasangkapan ay kadalasang nakasulat sa di-teknikal na wika. Muli, na maliwanag din sa iyo, ang aking saligang pamamaraan sa pagbibigay-kahulugan ay makita ang malaking larawan muna at pagkatapos ay suriin ang mga bahagi ng detalyado.

3. Ang uri ng panitikan (genre)

Ang susunod na bahagi ng pagbibigay-kahulugan na kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda ay nauugnay sa pampanitikang genre. Ito ay isang terminong Pranses na nangangahulugang isang natatanging kaurian ng panitikan na nakikilala sa istilo, anyo, o nilalaman. Ito ay mahalaga dahil ang istilo kung saan ang isa ay pumipili sa pagsusulat ay nakakaapekto sa kung paano natin mauunawaan ito. Kadalasang nakakatawang mga pagbibigay-kahulugan ng propesiya o panulaan ay iminumangkahi na kung ano ang tinatawag ng isa na “ang literal” na pamamaraan ng pagbibigay-kahulugan. Gayunman, ang “literal” na pamamaraan mula sa Antioch ay nangangahulugang na pagbibigay-kahulugan nating ng pantaong wika sa kanyang karaniwang kahulugan. Kung ito ay apokaliptikong panitikan, ito ay di dapat bigyang-kahulugan ng literal. Ito rin ay totoo sa panulaan, mga wikain, at mga talinghaga.

Ang pangunahing yunit ng kaisipan, na nasa tuluyan ay kadalasang ang talataan, ay tinuturing ng genre. Ang ilang mga halimbawa ng mahalagang sangkap na ito sa pagkilala ng pinangkat na mga yunit ng kaisipan para sa mga layunin ng pagbibigay-kahulugan ay sumusunod:

- a. Para sa panulaan ang pangunahing yunit ay ang stropa o saknong, na nangangahulugan na isang kalipunan ng mga linya inayos na magkakasama bilang isang tularang yunit (tingnan ang Dagdag na Dahon Anim).
- b. Para sa isang kawikaan ang pangunahing yunit ay ang puno o buod na paksa ng tala sa kanyang kaugnayan sa katulad na paksa na makikita sa loob ng mismong aklat, isa pang aklat ng mismong may-akda, o ibang karunungan panitikan. Dito, ang tematikong paksa, kaysa sa naibukod na kawikaan, ay ang susi sa pagbibigay-kahulugan. Hindi lamang ang magkakasingkahulugang paksa (ang magkatulad), ngunit gayundin sa magkasalungat na paksa (mga kabaliktaran) o sintetikong pagpapaunlad (karagdagang inpormasyon) ng katulad na paksa ay napakahalaga sa isang wastong pagbibigay-kahulugan ng Hebreng karunungan

panitikan (tingnan ang Dagdag na Dahon Pito).

- c. Para sa propesiya ang pangunahing yunit ay kailangang ang buong orakulo. Ito ay maaaring maiba mula sa isang talataan, isang kabanata, maraming mga kabanata, sa isang buong aklat. Muli, ang salitang paksa at istilo ang magbubukod ng pangpropesiyang yunit (tingnana ang mga Dagdag na Dahon Apat at Lima).
- d. Para sa Ebanghelyo mga pagkakatulad ang pangunahing yunit ay mauugnay sa uri ng panitikang kasangkot. Kadalasan ang yunit mauugnay sa isang pangyayari, isang yugto sa pagtuturo, isang paksa, atbp. Ito ay maaaring kapalooban ng isang pangyayari o isang kalipunan ng mga pangyayari, parabula o isang kalipunan ng mga parabula, isang propesiya o isang kalipunan ng mga propesiya, ngunit lahat ay tumutuon sa isang pangunahing paksa. Kadalasang mas mabuting tingnan sa pampanitikang pagdaloy ng bawat Ebanghelyo sa halip na pumunta sa mga kaugnay na mga talataan ng ibang mga Ebanghelyo.
- e. Para sa mga sulat at mga pangkasaysayang salaysay ang pangunahing yunit ay kadalasang ang talataan. Gayunman, maraming mga kadalasang anyo ng talata ay mga mas malalaking pampanitikang yunit. Kailangan itong makita at nakikilala bilang isang buong pampanitikang yunit bago ang mas maliliit na mga bahagi ay wastong mabingyang-kahulugan. Ang ilang mga halimbawa ng mas malaking mga pampanitikang yunit na ito ay sumusunod.

- (1) Mateo 5-7 (ang Pangaral sa Bundok)
- (2) Roma 9-11 (patungkol sa di-nananampalatang Israel)
- (3) I Corinto 12-14 (mga espiritwal na kaloob) [o I Corinto 11-14 mga pantubay para sa pangmadlang pagsamba]
- (4) Pahayag 2-3 (mga sulat sa mga iglesiya) o 4-5 (kalangitan)

Ang pagsusuri sa pampanitikang kaurian ay napakahalaga sa kanilang wastong pagbibigay-kahulugan (Fee at Stuart 1982, 105). Sa pagbabalangkas, at sa ilang pagkakataon, ang pangkasaysayang kaligiran, ito ay maaaring maisakatuparan ng isang katamtamang mambabasa sa tulong ng isang salin na kumikilala sa mga panulaan at mga talata (Fee at Stuart 1982, 24). Ang dahilan na nagpag-uuri ng pampanitikang genre na lubhang mahalaga ay bukod sa pangkalahatang mga pantubay para sa pagbibigay-kahulugan, mayroong natatanging mga pangangailangan sa bawat pampanitikang kaurian. Ito ay ayon sa katuwiran lamang. Kung ang bawat uri ay kumakatawan sa iba't-ibang kalakaran ng pangtaong komunikasyon, ngayon, ito ay maliwanag na may mga pangangailangan sa natatanging pakikitungo upang humantong sa layunin ng may-akda. Ito ay isang sumpa na magdagdag sa layunin ng ang biblikal na may-akda gayundin ang pagbawas nito.

- 4. Natatanging mga pamamaraan ng pagbibigay-kahulugan na nauugnay sa genre

Hayaan niyong ibuod ko ang ilang tanging mga patnubay sa nakapaloob sa mga natatanging genre na ito.

a. Panulaan

- (1) Ang kayarian ay mahalaga. Ang sinaunang Hebreo ay pinaunlad ang kanilang patulang kayarian o huwaran sa kaisipan (na naihayag sa mga kumpas sa bawat linya), hindi sa pagtutugma.
 - (a) kasingkahulugan (ang katulad na kaisipan)
 - (b) kasalungat (isang kabaliktarang kaisipan)
 - (c) sintetiko (ang pagpapaunlad ng kaisipan)
- (2) Ang panulaan ay kadalasang matalinghaga, hindi literal. Tinatangka nitong magsalita sa ating karaniwang pantaong mga pagnanasa at mga karanasan. Subukan mong kilalanin ang mga talinghaga (Sterrett 1973, 93-100) at unawain ang kanilang tungkulin o layunin.
- (3) Subukan mong kunin ang pangkalahatang pagkakilala ng pampanitikang yunit at huwag ipilit ang mga detalye o mga talinghaga sa pagbabalangkas ng mga doktrina.

b. Mga Kawikaan

- (1) Dahil sila ay may kaugnaya sa pang-araw-araw na pamumuhay, hanapin ang ang praktikal na kaangkupan.
- (2) Ang mga magkakatulad na talataan ay mas malaki ang maitutulong dito kaysa sa konteksto o pangkasaysayang kalagayan. Subukang ilata isang talaan ng mga kawikaan na may katulad na kaangkupan, gayundin ang iba pang mga talataan na maaaring magturing o magpaunlad ng katulad, kasalungat, o nabuong katotohanan.
- (3) Subukang ibukod ang mga talinghaga at kilalanin ang kanilang layunin sa kawikaan.
- (4) Siguraduhing hindi ka magbibigay-kahulugan sa mga kawikaan sa isang partikular na paraan, ngunit sa kaunawaan ng isang pangkalahatang katotohanan.

c. Propesiya

- (1) Ang uri ng genre na ito ay kailangan munang makita sa liwanag ng kanyang sariling pangkasaysayang kalagayan. Ito, una sa lahat ay kaugnay sa kanyang sariling panahon at ang pinakamalapit na kasaysayan sa panahong iyon. Ang pangkasaysayang kalagayan ay napakahalaga sa genre na ito.
- (2) Ang isa ay kailangang hanapin ang punong katotohanan. Ang pagtuon sa isang detalye na maaaring umakma sa ating panahon o ang huling mga araw at pabayaang pangkalahatang mensahe ng orakulo ay isang karaniwang pagkakamali.
- (3) Kadalasan ang mga propeta ang nagsasalita sa mga hinaharap na pangyayari, maaaring marami. Dahil sa pag-abuso sa propesiya, sa

aking pagkaunawa, ito ay pinakamainam na bigyan ng pagtatakda ang pagbibigay-kahulugan sa propesiya sa Lumang Tipan sa tiyak na mga salaysay na nakatala sa Bagong Tipan. Ang propesiya sa Bagong Tipan ay kailangang bigyang-kahulugan sa liwanag ng

- (a) Kanyang pagkagamit sa OT o mga pagkabanggit
 - (b) ang mga katuruan ni Hesus
 - (c) iba pang magkakatulad na mga talata sa NT
 - (d) kanyang sariling kontekstwal na kalagayan
- (4) Tandaang sa karamihan ng mga biblikal na propesiya, lalo na sa Lumang Tipan, ang propesiya patungkol sa Mesias, ay mayroong dalawang pagtuon: ang Pagkakatawang-tao at ang Pangalawang Pagdating (Silva 1987, 104-108).

d. Ang Apat na Ebanghelyo

- (1) Bagaman tayo na may apat na mga Ebanghelyo at nagawa nating paghambing sila, hindi ito palagi ang pinakamagaling na pamamaraan sa pagsubok na hanapin ang layunin o kahulugan ng isang partikular na manunulat ng Ebanghelyo. Kailangan nating tingnan ang kanyang paraan sa paggamit ng kasangkapan, hindi kung papaano ginamit at pinaunlad ito ng iba pang mga manunulat ng Ebanghelyo. Ang paghahambing ay nakakatulong, ngunit pagkatapos mo lamang malaman ang kahulugan ng isang partikular na manunulat.
- (2) Ang pampanitikan o pangkasaysayang konteksto ay napakahalaga sa pagbibigay-kahulugan ang mga Ebanghelyo. Sikaping makilala ang mga pampanitikang hangganan ng pangkalahatang paksa na tinalakay at hindi sa kang mga inihiwalay na bahagi. Subukang makita ang paksang ito sa liwanag ng unang-siglong Judaismo sa Palestino.
- (3) Ito ay mahalagang tandaan na ang mga Ebanghelyo ay nagtatala ng mga salita at mga pagkilos ni Hesus, ngunit ang mga Sulat ay nagbibigay-kahulugan sa kanila sa tiyak na mga kalalagayan ng iglesia. Hanapin ang mga katulad sa ma Sulat.
- (4) Si Hesus ay nagsabi ng ilang may kalabuan at mahihirap unawaing bagay, ang ilan ito ay hindi natin lubusang mauunawaan hanggan sa makita natin Siya. Siya rin ay maraming sinabi na payak at maliwanag—simulan mo dito. Kumilos ka sa kung ano ang alam mo at kadalasan ang nalalabing bahagi ay magiging maliwanag sayo. Kung hindi, ang mensahe ay maaaring hindi para sa atin, para sa ating panahon (Daniel 12:4).
- (5) Sa kaugnayan nito sa mga parabula
 - (a) Maging tiyak sa konteksto. Pansinin (1) kung kanino winiwika ni Hesus ang parabula; (2) ang layunin ni Hesus para sa

- pagpapahayag ng parabula at (3) kung gaano karaming mga parabula ay na nabanggit sa isang kalipunan. Basahin pa nang mas maigi upang makita kung Kanya itong binigyang-kahulugan.
- (b) Huwag igiit ang mga detalye. Gawing pangunahin ang Kanyang mga pangunahing punto. Kadalasang mayroon lamang isang punong katotohanan sa bawat parabula o mga pangunahing tauhan.
 - (c) Do hindi build major doctrines on mga parabula. Doctrine should be grounded on extended clear teaching mga talataan.
- e. Ang mga Sulat at mga Pangkasaysayang Salaysay
- (1) Kung ihahambing sa ibang uri ng mga pampanitikang genre, sila ay ang pinakamadali na bigyang-kahulugan.
 - (2) Ang kontekstwal kalagayan ay ang susi, kapwa pangkasaysayan at pampanitikan.
 - (3) Ang pampanitikang yunit at ang talataan ay ang magiging susing pampanitikang yunit.

Ang mga natatanging hermenyutika na naiuugnay sa mga pampanitikang uri ay tinatalakay nang detalyado sa sumusunod na mahuhusay na mga aklat.

1. *How to Read the Bible for All Its Worth* ni Gordon Fee at Douglas Stuart
2. *Protestant Biblical Interpretation* ni Bernard Ramm
3. *Linguistics at Bible Interpretation* ni Peter Cotterell at Max Turner
4. *Literary Approaches to Biblical Interpretation* ni Tremper Longman III
5. *Exegetical Fallacies* ni D. A. Carson
6. *Plowshares and Pruning Hooks* by D. Brent Sandy
7. *A Basic Guide to Interpreting the Bible* ni Robert H. Stein

5. Palaugnayan at mga pang-gramatikong katangian

Ang isa pang aspeto sa pagtatamo ng orihinal layunin o kahulugan ng may-akda ay tinatawag na palaugnayan o pang-gramatikong kayarian. Ito ay kadalasan mahirap dahil ang wikain at mga pangkayariang pagkakaiba sa pagitan ng mga biblikal wika at ating ating sariling wika. Gayunman, ito ay isang may pakinabang na bahagi sa pagbibigay-kahulugan at kinakailangang bigyang pansin ang ilang detalye. Kadalasan, ang isang paghahambing ng mga makabagong salin at isang saligang kaalaman ng gramatika ay makakatulong sa atin nang lubusan.

“Ang gramatika ay hindi palaging magpapakita sa atin ng aktwal na kahulugan, ngunit it ay magpapakita sa ating ng mga maaaring kahulugan. Hindi nating dapat tanggapi ang kahit anong kahulugan na pipinsala dito. Ang gramatika ay mahalaga sa pag-unawa ang Bibliya. Hindi ito katakatakata. Sa katunayan, ito ay nangangahulugan na ating mauunawaan ang Bibliya sang-ayon sa mga karaniwang batas ng pantaong wika” (Sterrett 1973, 63).

Ang gramatika ay isang bagay na ang karaniwang tao ay alam ang pagkagamit, ngunit hindi sa teknikal na kahulugan. Natutunan natin ang gramatika noong tayo ay natutong magsalita. Ang gramatika ay ang pagbuo ng mga pangungusap upang ipabatid ang mga ideya. Hindi natin kailangang maging mga dalubhasa sa pang-gramatikong mga ugnayan upang bigyang-kahulugan ang Bibliya, subalit, kailangan nating subukang maunawaan kung bakit sinabi ito ng orihinal na may-akda ang paraan na kanyang sinabi. Kadalasan ang kayarian ng isang pangungusap ay magpapakita sa atin kung ano ang binibigyang-diin ng may-akda. Ito ay maaaring matiyak sa maraming kaparaanan.

- a. Habang iyong binabasa ang mga talata sa maraming Ingles na salin, pansinin ang pagkakasunod-sunod ng salita. Isang mabuting halimbawa nito ay sa Hebreo 1:1. Sa King James Version ang paksa ng pangungusap na, “Diyos,” ay unang makikita, ngunit sa Revised Standard Version ang naglalarawang parirala na, “sa marami at iba’t-ibang paraan,” ay unang makikita. Ito ay mahalaga dahil ito ay naglalarawan ng tunay na layunin ng may-akda. Ang pangunahing kahulugan ba ng tekstong ito ay ang Diyos ay mayroong ipinahayag (na kapahayagan) o paano ito ipinahayag ng Diyos (inspirasyon)? Ang huli ay totoo dahil ang Revised Standard Version ay nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng salita sa Koine Griyego (paggamit ng interlinear). Gayundin, ang isang teknikal na komentaryo ay makakatulong sa mga isyu ng pagkakasunod-sunod ng salita at mga isyung pang-gramatiko.
- b. Sa iyong pagbasa ng ang talata sa maraming Ingles na salin, pansinin ang salin ng MGA PANDIWA. MGA PANDIWA ay napakahalaga sa pagbibigay-kahulugan. Isang mabuting halimbawa ay I Juan 3:6,9. Kapag inihambing ang King James Version sa makabagong mga salin ang pagkakaiba ay maliwanag. Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN NA PANDIWA. Ang mga talatang ito ay hindi nagtuturo ng “kawalang kasalanan,” ngunit “pagkakasala nang kaunti.” Sa pangwakas ng Batayang Aklat na ito, isang maikling kahulugan ng mga Hebreo at Griyegong pang-gramatiko termino ay isinama (tingnan ang Talaan ng mga Nilalaman).
- c. Sa iyong pagbasa ng talata sa maraming Ingles na mga salin, pansinin ang mga nag-uugnay ng kaisipan. Kadalasan, sila ay makakatulong sa atin na malaman ang layunin ng isang sugnay o paano ang kaugnay ng mga pangungusap at mga konteksto. Pansinin ang mga sumusunod na nag-uugnay (Traina 1985, 42-43).
 - (1) pansamantala o magkakasunod na mga nag-uugnay
 - (a) pagkatapos (Pahayag 11:11)
 - (b) samantalang (Mga Gawa 16:16)
 - (c) bago (Juan 8:58)
 - (d) ngayon (Lucas 16:25)
 - (e) kasunod (I Corinto 15:6)

- (f) hanggang sa (Marcos 14:25)
- (g) kapag (Juan 11:31)
- (h) habang (Marcos 14:43)
- (2) lokal o heograpikong mga nag-uugnay (kung saan, Hebreo 6:20)
- (3) lohikong mga nag-uugnay
 - (a) kadahilanan
 - dahil (Roma 1:25)
 - para sa (Roma 1:11)
 - sapagkat (Roma 1:28)
 - (b) kinalabasan
 - dahil dito (Roma 9:16)
 - pagkatapos (Galacia 2:21)
 - samakatuwid (I Corinto 10:12)
 - kaya (I Corinto 8:12)
 - (c) layunin
 - upang sa gayon (Roma 4:16)
 - upang (Roma 5:21)
 - (d) pagkakaiba
 - bagaman (Roma 1:21)
 - ngunit (Roma 2:8)
 - lalong higit pa (Roma 5:15)
 - gayunman (I Corinto 10:5)
 - kung hindi (I Corinto 14:16)
 - gayon pa man (Roma 5:14)
 - (e) paghahambing
 - rin (II Corinto 1:11)
 - tulad ng (Roma 9:25)
 - kung papaanong – gayundin (Roma 5:18)
 - sadyang – gayundin (Roma 11:30-31)
 - gayundin naman (Roma 1:27)
 - gayundin (Roma 4:6)
 - (f) kalipunan ng mga katotohanan
 - at (Roma 2:19)
 - una sa lahat (I Timoteo 2:1)
 - huli sa lahat (I Corinto 15:8)
 - o (II Corinto 6:15)
 - (g) pasubali (e.g., “kung,” Roma 2:9)
- (4) nagbibigay din na mga nag-uugnay
 - (a) tunay ngang (Roma 9:25)

(b) lamang (I Corinto 8:9)

Ang mga paglalarawan ito ng mga mga nag-uugnay sa kaisipan ay kinuha mula sa *Methodical Bible Study* ni Robert A. Traina, pp. 42-43. Bagaman ang kanyang paglalarawan ay kadalasang mula sa mga sulat ni Pablo at nakararami mula sa aklat ng Roma, sila ay nagamit bilang mabuting mga halimbawa kung paaano natin mabubuo ang ating mga kaisipan na gamit ang mga mga nag-uugnay ng kaisipan. Sa paghahambing ng makabagong mga salin sa kapwa ang Luma at Bagong Tipan, ipinapahiwatig at inihahayag nito, ang mga kaugnayang ito ay nagiging maliwanag. Si Traina ay mayroon ding isang mapakahusay na buod na patungkol sa pang-gramatiko kayarian sa pp. 63-68. Maging maingat na mambabasa ng Bibliya!

d. Sa iyong pagbasa ng talata sa maraming Ingles na salin, pansinin ang pag-uulit ng mga termino at mga parirala. Ito ay isa pang paraan upang matiyak ang kayarian ng orihinal na may-akda para sa ang layunin ng kabatiran kanyang nilalayong kahulugan. Ang ilang mga halimbawa ay:

(1) Ang inuulit na parirala sa Genesis, “ang mga ito ay ang mga salin-lahing . . .” (2:1; 5:1; 6:9; 10:1; 11:10,27; 25:12,19; 36:1,9; 37:2). Ang pariralang ito ay nagpapakita sa atin kung paaano hinati ng may-akda ang aklat.

(2) Ang inulit na paggamit ng “kapahingahan” sa Hebrews 3-4. Ang termino ay ginamit sa tatlong magkakaibang kahulugan.

(a) isang Sabbath na pahinga gaya ng sa Genesis 1-2

(b) ang ipinangakong lupain sa Exodus hanggang Joshua

(c) kalangitan

Kung ang isa ay hindi nakita ang kayariang ito, maaari niyang di makita ang layunin ng may-akda at maaaring isipin na ang lahat ng tao na namatay sa ilang ay espiritwal na napahamak.

6. Mga pag-aaral ng Wikain at Salita

Basahin ang talata sa maraming Ingles na mga salin, partikular, isang salita-para sa-salita, tulad ng New American Standard Version, kasama ang isang dinamikong katumbas, tulad ng New International Version. Sa paraang ito, ang isa ay makikilala ang mga wikain. Bawat wika ay mayroong sariling mga pagbibiro o mga kasabihan. Para sa isa na nagbibigay-kahulugan sa isang wikain na literal ay lubusan hindi matatagpuan ang punto. Isang mabuting halimbawa ay ang Hebreong termino na “pagkagalit.” Kung ating pansinin sa kanyang pagkakagamit sa Bagong Tipan, lalo na sa Roma 9:13; Lucas 14:26; o Juan 12:25, ang isa ay maaaring di maunawaan nang tama ang wikain. Gayunman kung ang kanyang Hebreong kaligiran at paggamit sa Genesis 29:31,33 o Deut. 21:15 ay makikita, saka ito magiging maliwanag na hindi ito nangangahulugang “pagkagalit” sa ating Ingles na kaunawaan ng salita, ngunit ito ay isang wikain ng paghahambing. Ang mga teknikal na komentaryo ay tunay na magiging malaking

tulong sa mga bagay na ito. And dalawan mabuting mga halimbawa ng ganitong uri ng komentaryo ay (1) *The Tyndale Commentary Series* at (2) *The New International Commentary Series*.

Ang huling aspeto ng ikalawa tanong na ito, “Ano ang ibig-sabihin ng orihinal na may-akda?” ay mga pag-aaral ng salit. Pinili kung talakayin ito sa hulihan dahil ang pag-aaral sa salita ay naabusos! Ang kadalasang etimolohiya ay naging tanging aspeto ng kahulugan na ginagamit sa pagbibigay-kahulugan ng isang talata. Ang ang sulat ni James Barr, *The Semantics of Biblical Language*; A. Carson, *Exegetical Fallacies*; kasama si Moises Silva sa *Biblical Words and Their Meaning*, ay nakatulong sa makabagong talagapagbigay-kahulugan na muling suriin ang kanilang mga pamamaraan sa pag-aaral ng mga salita. Ang mga talagapagbigay-kahulugan ng Bibliya bilang isang pangkat ay may kasalanan sa maraming pang-lingwistikong kamalian.

“Marahil ang pangunahing dahilan kung bakit ang mga pag-aaral ng salita ay bumubuo ng partikular na mayamang pinagkukunan ng mga kamalian sa exegesis ay dahil ang maraming mangangaral at nagtuturo ng Bibliya ay nalalaman lamang nang mahusay ang Griyego sa paggamit ng concordance, o marahil ay higit pa nang kaunti. May mababang pakiramdam para sa Griyego bilang isang wika, at sa gayun mayrong pagtukso na ipakita kung anong natutuhan sa pag-aaral” (Carson 1984, 66).

Kailangan ito ipahayag na may pagdidiin na ang konteksto, hindi etimolohiya, ang nagpapasiya ng kahulugan!

“Ang kamaliang pang-ugat ay ipinalalagay na ang bawat salita ay mayroong isang kahulugan na nakabalot sa kanyang ayos o mga sangkap nito. Sa pananaw na ito, kahulugan ay pinagpasyahan ng etimolohiya” (Carson 1984, 26).

“Kailangan nating sumang-ayon sa maliwanag na katotohanan na ang mga tagapagsalita ng isang wika ay nalalaman nang payak na ang kasunod sa wala patungkol sa pagpapaunlad nito; at ito ay tiyakan sa kalalagayan ng mga manunulat at mga pinakamalapit na mambabasa ng Banal na Kasulatan. . . ang ating tunay na hangarin ay ang kahalagahan ng Griyego o Hebreo sa kaunawaan ng mga manunulat ng bibliya; upang matapang na ilagay ito, ang mga pangkasaysayang pagsasaalang-alang ay sa walang halaga sa pagsusuri ng kalagayan ng Koine, sa panahon ni Kristo” (Silva 1983, 38).

“Yamang ang paggamit ay lubhang mahalaga, isang ay so important, isang walang panganib na patakaran para sa tagapagsalin ay iwanan ang etimolohiya sa kamay ng mga dalubhasa at iangkop sa kanyang sarili nang may pagsisikap sa konteksto at paggamit” (Mickelsen 1963, 121-122).

Kailangan nating hanapi ang orihinal na pagkakagamit, o ilagay natin sa ibang paraan—ang kahulugan nauunawaan at nilalayon ng orihinal na may-akda at madaling

nauunawaa ng mga orihinal na tagapakinig. Ang mga terminong biblikal ay mayroong maraming iba't-ibang pagkakagamit (semantikong pagkakagamit). Ang *Exegetical Fallacies*, ni D. A. Carson pp. 25-66, ay malaking tulong sa puntong ito—masakit, ngunit makatulong. Upang ilarawan, pansinin kung paanong ang mga Ingles na kahulugan ay nagbago sa paglipas ng panahon.

- a. Sa I Tesalonica 4:15, ang King James Version ay mayroong “hindi sila mapipigil na nangatulong.” Sa American Standard Version ang termino ay naisalin na “mauuna.” Pansinin kung paano nagbago ang kahulugan ng “mapipigil”.
- b. Sa Efeso 4:22 ang King James Version ay mayroong “inyong iwan, tungkol sa paraan ng inyong pakikipagtalakayan na nakaraan, ang dating pagkatao. . .” Sa American Standard Version ang termino ay naisalin “pamumuhay.” Pansinin kung paano nagbago ang kahulugan of “pakikipagtalakayan”.
- c. In I Corinto 11:29 ang King James ay mayroong “Sapagka't ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng kapamahakan sa kaniyang sarili.” Sa American Standard version ang terminong “kapamahakan” ay naisalin bilang “kahatulan.” Pansinin ang pagbabago sa termino.

Karamihan sa atin ay may pagkiling na bigyang-kahulugan mga terminong biblikal sa liwanag ng ating pag-unawa ng terminong ito sa ating denominasyon o teolohikong sistema. Ang suliranin dito ay dalawang bahagi.

- a. Kailangan tayong maging maingat sa paggamit ng kahulugan mula sa layunin ng orihinal na may-akda at hindi sa denominasyonal o pangkulturang kaligiran.
- b. Kailangan tyaong maging maingat na huwag ipilit ang isang salita upang mangahulugan na ating teknikal na pang-relihiyong kahulugan sa bawat konteksto na kung saan ito makikita. Kadalasan ang mismong may-akda ay gumagamit ng katulad na termino sa iba't-ibang mga kaunawaan.
- c. Ang ilang mga halimbawa of this follow.
 - (1) Ang paggamit ni Juan ng “mundo”
 - (a) Pisikal na planeta (Juan 3:16; I Juan 4:1,14)
 - (b) Pantaong lipunan na natataga at gumaganap na hiwalay mula sa Diyos (I Juan 2:15; 3:1; 5:4-5)
 - (2) Paggamit ni Pablo ng “katawan”
 - (a) pisikal na katawan (Roma 1:3)
 - (b) makasalanang kalikasan (Roma 8:3-4)
 - (3) Paggamit ni Pablo ng “templo”
 - (a) ang iglesiya bilang isang kabuuan (I Corinto 3:16-17)
 - (b) ang indibidwal na mananampalataya (I Corinto 6:19)
 - (4) Paggamit ni Santiago ng terminong “ligtas”
 - (a) espiritwal na kaligtasan (Santiago 1:21; 2:14)
 - (b) pisikal na pagpapalaya (Santiago 5:15,20)

Ang paraan upang patuloy sa pagtiyak ng kahulugan ng isang salita ay tingnan ang maraming mga salin at tandaan ang mga pagkakaiba. Tingnan ang termino sa isang malawak na concordance tulad ng *Analytical Concordance to the Bible* ni Robert Young o *The Exhaustive Concordance of the Bible* ni James Strong. Tingnan ang lahat ng iba pang mga pagkakagamit sa mismong bibliikal na aklat na iyong pinag-aaralan; tingnan ang lahat ng mga pagkakagamit sa katulad na may-akda. Subukang gawin ang halimbawa ng ibang mga gamit sa katulad na ang Tipan. Si Walter Henricksen, sa *A Layman's Guide to Interpreting the Bible*, 1973, pp. 54-56, ay nagkakaloob ng mga hakbang na ito:

- a. Ang paggamit ng termino ng ang manunulat.
- b. Ang kaugnayan ng termino sa kanyang pinakamalapit na konteksto.
- c. Ang sinaunang paggamit ng termino at ang panahon ng pagkakasulat.
- d. Ang ugat na kahulugan ng termino.

Subukang siyasatin ang saligang kahulugan mula sa ibang Tipan (tandaang ang mga manunulat na NT ay mga Hebreong palaisip na nagsusulat ng Koine Griyego). Pagkatapos, ito na ang panahon na pumunta sa isang teolohikong salitang aklat, bibliikal na ensiklopedya, talahulugan, o komentaryo upang marepaso ang iyong kahulugan (tingnan ang tala VII sa p. 103). Ako ay nagsulat ng isang payak na akademikong gabay sa mga pag-aaral ng salita sa NT sa p. 98 upang ilarawan kung gaano kalaking pagpupunyagi ang kailangang gamiting upang matiyak ang kahulugan ng isang salita sa isang partikular na konteksto.

C.-D. Ang Pangatlo at Pang-apat na mga Tanong sa Pagbibigay-Kahulugan

Ang susunod na mga taong na susubukang sugutin ng tagapagsalin ay “ang pa ang sinabi ng mismong may-akda sa katulad na paksa?” Ito ay malapit na may kaugnaya sa ang ikaapat na saligang tanong, “ano ang sinabi ng ibang kinasihang mga may-akda sa katulad na paksa?” Ang dalawang katanungang ito ay maaaring maisama sa panlarawang konsepto ng mga konsentrikong pangkat ng mga magkakatulad na talataan. Sa pasimula, tayo ay nagsasalita patungkol sa paano ginamit ang salita o teolohikong konsepto sa alinmang lugar ng isang kinasihang may-akda. Ang prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan ay tinatawag na “ang pagkakatulad ng Banal na Kasulatan.”

“Ang walang pagkakamaling patakaran sa pagbibigay-kahulugan ng Banal na Kasulatan ay ang Banal na Kasulatan mismo; at samakatuwid, kapag may ay isang tanong patungkol sa tunay at lubos na kaunawaan of kahit anong Banal na Kasulatan (na hindi iba-iba, ngunit iisa) ito ay maaaring masapit at makilala sa iba pang mga lugar na mas maliwanag na ipinapahayag” (Westminster Confession, kabanata 9).

Ito ay batay sa tatlong palagay.

- na ang lahat ng Banal na Kasulatan ay na kinasihan ng Diyos (I Timoteo 3:15-17,

ihambing kina Fee at Stuart 1982, 209)

- na ang Banal na Kasulatan ay hindi nagsasalungatan
- na ang pinakamahasay na tagapagsalin ng Banal na Kasulatan ay Banal na Kasulatan (Silva 1987, 68,93,94)

Kung totoo ang mga ito, ang pinakamainam na paraan upang maunawaan ang isang talata ay ang kontekstwal konsentrikong mga pangkat ng sulat.

1. ang katulad na paksa o termino sa katulad na pinakamalapit na konteksto (talataan o pampanitikang yunit)
2. ang katulad na paksa o mga termino sa katulad na biblikal na aklat
3. ang katulad na paksa o mga termino ng mismong may-akda
4. ang katulad na paksa o mga termino sa ang katulad na panahon, genre, o Tipan
5. ang katulad na paksa o mga termino sa Bibliya bilang isang kabuuan

Habang tayo ay palayo sa paggalaw mula sa partikular na talata na ating tinatangkang bigyang-kahulugan, mas lalong magiging panlahat at, sa ilang pagkakataon, pasamantala ang kairalan ng mga nagiging pagkakatulad.

“Magbigay-kahulugan sang-ayon sa makipot na konteksto bago maging mas malawak. Ito ay karaniwang sinasang-ayunan na ang Banal na Kasulatan ay nagbibigay-kahulugan sa Banal na Kasulatan. Gayunman, kailangan itong maunawaan na ang isang termino o talata ay ikalangang bigyang kahulugan muna sa kanyang pinakamalapit na konteksto bago ito pag-aralan sa liwanag sa mas malawak na pag-aangkop nito sa Bibliya bilang isang kabuunan” (Osborne at Woodward 1979, 154).

Ang bahaging ito ng pagbibigay-kahulugan ay maaaring makatulong sa pagtingin kung paano ang ating talata ay nauugnay sa buong kapahayagan (McQuilkin 1983, 43; Silva 1987, 83; Sterrett 1973, 86). Sa karaniwan, tayo sa gumagalaw mula sa

1. exegesis (bilang 1 pataas) papuntang
2. biblikal na teolohiya (mga bilang 2, 3, at 4 pataas) papuntang
3. sistematikong doktrina (bilang 5 pataas)

Tayo ay gumagalaw mula sa nagpapalaking kristal patungo sa teleskopyo. Kailangan muna nating matiyak na may kaugnayan ang kahulugan ng ating tinutuong talata bago tayo pumunta sa sistematikong doktrina. Ito ay isang, bagaman hindi nag-iisa, layunin ng mga sistematikong teolohiyang aklat “tingnan ang tala IX mga teolohiya p. 105). Ang paggalaw ay kinakailangan, ngunit mapanganib. Ang ating mga kaligiran, mga kinikilingan, at mga denominasyonal na pagtuturo ng doktrina ay palaging handa at may kakayahang gumiiit. Kung tayo ay gagamit ng mga katulad na talataan (at kailangan natin) kailangan nating matiyak na sila ay mga tunay na magkakatulad, hindi lamang katulad na termino o parirala.

Ito ay kadalasang totoo na ang mga katulad na mga talataan ay nagdudulot ng pagkalahatang pagtitimbang sa ating pagbibigay-kahulugan. Ito ay aking naging karanasan sa pagbibigay-kahulugan na ang Bibliya ay kadalasan nakasulat sa kabalintunaan o dalawahang

tambalan (silangang kaisipan). Kailangan nating kilalalin ang biblikal na pag-iigting sa pagitan ng mga paksa na hindi ito tatanggalin para sa layunin ng paggawa ng nakapayak na mga pagpapahayag, na tinatanggang uriing ang katotohanan, o tangkilikin ang mga teolohikong posisyon. Ang isang kinasihang teksto ay hindi magagamit upang salungatin o maliitin ang iba pang kinasihang teksto! Ito ay ilang mga halimbawa ng pag-iigting sa pagitan ng biblikal na mga katotohanan.

1. predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. kasiguraduhan ng mananampalataya laban sa pangangailangan para sa pagtitiyaga
3. orihinal na kasalanan laban sa kusang kasalanan
4. Si Hesus bilang Diyos laban sa si Hesus bilang tao
5. Si Hesus na kapantay ng Ama laban sa si Hesus bilang masunurin sa Ama
6. Bibliya bilang salita ng Diyos laban sa pantaong pagkamay-akda
7. Kawalang kasalanan laban sa kaunting pagkakasala
8. Panimulang kagyat na pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal laban sa nagpapatuloy na pagpapaging-banal
9. pag-aaring-ganap sa pananampalataya (Roma 4) laban sa pag-aaring-ganap na pinapatunayan ng mga gawa (cf. Santiago 2:14-26)
10. Kristiyanong kalayaan (cf. Roma 14:1-23; I Corinto 8:1-13; 10:23-33) laban sa Kristiyanong pananagutan (cf. Galacia 5:16-21; Efeso 4:1)
11. Pagkamataas ng Diyos laban sa Kanyang pagkamalapit
12. Ang Diyos lubusang di makikilala laban sa makikilala sa Banal na Kasulatan at Kristo
13. Maraming talinghaga ni Pablo para sa kaligtasan
 - a. pagkukupkop
 - b. pagpapaging-banal
 - c. pag-aaring-ganap
 - d. pagtubos
 - e. pagkaluwalhati
 - f. pagpili (predestinasyon)
 - g. pagkakasundo
14. ang kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan laban sa isang hinaharap na kalubusan
15. pagsisisi na isang kaloob ng Diyos laban sa pagsisisi na isang pinag-uutos na pagtugon para sa kaligtasan
16. ang OT ay palagian laban sa ang OT ay lumipas na at walang kabuluhan at walang bisa (cf. Mateo 3:17-19 laban sa 5:21-48; Roma 7 laban sa Galacia 3)
17. mga mananampalataya ay mga lingkod/mga alipin o mga anak/mga tagapagmana
Si Moises Silva ay mayroong nakakatulong ng tala ng mga pag-iigting na umiiral sa ating pag-unawa ng Banal na Kasulatan.
 1. Ang Bibliya ay sa Diyos, ngunit ito ay dumating sa pangtaong anyo.
 2. Ang mga utos ng Diyos ay walang alinlangan, ngunit ang pangkasaysayang konteksto ng mga sulat ay lumilitaw na may alinglangan sa ilang mga sangkap.
 3. Ang maka-Diyos mensahe ay maliwanag, ngunit maraming mga talataan at tila may

- kalabuan.
4. Tayo ay umaasa lamang sa Espiritu para sa pagtuturo, ngunit ang pagkadalubhasa ay tiyak na kailangan.
 5. Ang Banal na Kasulatan ay tila ipinapalagay ng isang literal at pangkasaysayang pagbasa, ngunit tayo ay humaharap din sa matalinghaga at di-pagkasaysayan (e.g., ang mga parabula).
 6. Ang wastong pagbibigay-kahulugan ay nangangailangan ng personal na kalayaan ng tagapagsalin, ngunit ilan antas ng panlabas, pangkalahatang awtoridad ay nakikitang nag-uutos.
 7. Ang kawalang kinikilingang ng biblikal na mensahe ay mahalaga, ngunit ang ating mga pagpapalagay ay tila nagbibigay ng isang antas ng pagkiling sa pamamaraan ng pagbibigay-kuhulugan (Silva 1987, 36-38).

Ang panig ng mga kabalintunaan angg totoo? Sa lahat ng mga ito ang aking sagot ay “oo,” dahil silang lahat ay totoo. Ang kapwa panig ay biblikal. Ang ating gawain bilang tagapagsalin ay makita ang malaking larawan at pagsamahin ang lahat ng mga bahagi nito, hindi lamang ang ating isang itinatangi, o pinaka kilala. Ang mga kasagutan sa mga suliranin ng pagbibigay-kahulugan ay hindi matatagpuan sa pagtanggap ng pag-iigting upang pagtibayin ang isang panig ng dalawahan (Silva 1987, 38). Ang pagtitimbang ay maaaring maisakatuparan mula sa ang wastong paggamit ng concordance o mula sa mga sistematikong teolohiyang aklat. Mag-ingat na huwag sumangguni lamang sa mga sistematikong teolohiya mula sa ang denominasyonal na pananaw na iyong pinanggagalingan o iyong sinasang-ayunan. Hayaan mong ang Bibliya ang humamon sa iyo, dumagundong sa iyo—hindi lamang sumipol. Ito ay titigatig sa iyong mga itinatanging mga pagkakaunawa.

Ito ay totoo na ang pagtatangkang iayos ang doktrina, o iugnay ang tila magkasalungat na biblikal na kasangkapan, ay ipinagpapalagay at kadalasang tumatalima sa isang pangdoktrinang posisyon. Ito ay kulang sa katotohanan para sa biblikal teolohiya una sa lahat ay naglalarawan. Ang pamamaraang ito (biblikal na teolohiya) ng pag-aaral ay kumukuha ng isang maliit na piraso ng biblikal na kasangkapan. Hinahangganan nito ang sarili sa may-akda, panahon, o isang genre. Sinisikap nitong hanapin lamang ang mga teolohikong kaurian mula sa isang tinakdaang biblikal na balangkas ng sanggunian. Kadalasan, sa paggawa ng pagtatakda sa biblikal kasangkapan, tayo ay sapilitang kunin nang mataimtim ang mahihirap intindihining mga pahayag ng Banal na Kasulatan na walang pagpapaliwanag ng kanilang kahulugan sa pagkabanggit sa ibang mga tala. Ipinipilit nito sa atin na tingnan nang taimtim kung ano sinabi ng may-akda. Ito ay hindi pagtingin para sa isang pagtitimbang, ngunit para sa maningning, maliwanag na mga pahayag ng biblikal na may-akda. Ito ay isang masakit na pagsisikap na mapatibay ang kapwa mga panig ng biblikal na kabalintunaan. Tayo ay sumangguni sa lahat ng tatlong ito konsentrikong mga pangkat ng magkakatulad na mga talataan. Ang isa ay umaasa na gagalaw sa bawat yugto sa bawat konteksto.

1. Ano ang sinabi at ibig-sabihin ng may-akda? (exegesis)
2. Ano ang kanyang sinabi sa alinmang lugar sa katulad na paksa? Ano ang sinabi ng

iba sa katulad na panahon? (biblikal na teolohiya)

3. Ano ang sinabi ng Bibliya bilang isang kabuuan dito at sa mga kaugnay na paksa? (sistematikong doktrina)

Isa pang maaaring suliranin sa paggamit ng mga katulad na talataan ay tinatawag na “ang pagkakamali ng nagigibang mga konteksto.”

“Kapag ang dalawa o higit pang mga teksto na walang kaugnayan ay tinuring sa sila ay magkasama, tayo ay mayroong pagkakamali na nagibang mga konteksto. Ang kamaliang ito sa pagbasa ay maaaring nakakalita dahil ito ay ang katiwalian ng isang ganap na mabuting prinsipyo ng pagbasa: upang ihambing ang Banal na Kasulatan sa Banal na Kasulatan. Tayo ay may pananagutan bilang mga mabuting mambabasa ng Bibliya upang gamitin ang bawat teksto na nagtataglay ng paksa na nais nating maunawaan” (Sire 1980, 140).

“Ano nagkakaloob sa mga talagapagbigay-kahulugan ng karapatan na iugnay ang ilang mga talata ng sama-sama at hindi ang iba? Ang punto ay ang lahat ng ganitong pag-uugnay sa katapusan ay nagbubunga ng isang kalipunan na nakakaapekto sa pagbibigay-kahulugan ng ibang mga teksto” (Carson 1984, 140).

Isang mabuting halimbawa ng suliraning ito ay nabanggit na sa Batayang Aklat na ito— Ang pag-uugnay ni Origen ng isang talata ng Mga Kawikaan sa walang kaugnayang teksto sa aklat ng I Tesalonica.

- D. Paano naunawaan ng orihinal na tagapakinig ang mensahe at tumugon dito? Ito ang ikaapat pagbibigay-kahulugang tanong. Ito ay nauugnay lamang sa ilang mga uri ng genre (i.e., pangkasaysayang salaysay, mga Ebanghelyo, at ang aklat ng Mga Gawa). Ito ay lubhang makakatulong kung ang inpormasyon ay magagamit dahil ito ay ating layunin bilang isang tagapagsalin, “pakinggan gaya ng pagkakarinig dito.”

F.-G Ang Panglima at Pang-anim na mga Tanong sa Pagbibigay-Kahulugan

1. Pag-aangkop

Hanggang sa puntong ito tayo ay tumitingin sa mga pagbibigay-kahulugang tanong na nauugnay sa layunin ng orihinal na may-akda. Ngayon, tayo ay bumaling sa kapantay na mahalagang pagtuon patungkol sa kanyang kahulugan sa aking panahon at sa aking buhay. Walang pagbibigay-kahulugan ay lubos maliban kung ang antas na ito ay sapitin at sapat na maisasama. Ang layunin ng pag-aaral ng Bibliya ay hindi ang kaalaman lamang, ngunit ang pang-araw-araw na pagiging katulad ni Kristo. Ang layunin ng Bibliya ay isang mas malalim, mas malapit na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos. Ang teolohiya ay kailangang maging praktikal.

“Sang-ayon kay Kierkegaard ang pang-gramatiko, leksiko, at pangkasaysayang

pag-aaral ng Bibliya ay kinakailangan ngunit pauna sa tunay na pagbasa ng Bibliya. ‘Ang basahin ang Bibliya bilang salita ng Diyos, ang isa ay kailangang ito ng kanyang puso sa kanyang bibig, ng may kasabikan, may masigasig na paghihintay, sa pakikipag-usap sa Diyos. Ang basahin ang Bibliya nang walang pag-iisip o walang pag-iingat o pag-akademiko o pang-propesyunal ay hindi pagbasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Habang ang isa ay nagbabasa bilang isang liham ng pag-ibig na binabasa, kung gayon ay binabasa ito bilang ang Salita ng Diyos’” (mula sa *Protestant Biblical Interpretation* ni Ramm, p. 75).

Ang pag-aangkop ay hindi isang pagpipilian (Osborne at Woodward 1979, 150).

Gayunman, ang pag-aangkop ay may mas kakaunting kayarian kaysa sa pagbibigay-kahulugan (dito pumapasok ang pagiging malikhain at mga karanasan sa buhay ng ang tagapagsalin at tagapagpahayan na dumadating sa pagtuon). Sa kaisipan mayroon ngunit isang orihinal na layunin sa Banal na Kasulatan. Ito ay maaaring mapalaki sa dalawa (maramihang katuparan ng propesiya o mga pagpapahaba ng parabula).

Kadalasan ang orihinal na layunin ng may-akda ay tunay, ngunit hindi nauubos ang layunin ng Espiritu. Ang pag-aangkop ay kadalasang naitatakda sa pamamagitan ng personal

- a. pangangailangan
- b. kalagayan
- c. antas ng paglago
- d. pagnanais na makilala at sumunod sa Diyos
- e. mga pangkultura at denominasyonal na tradisyon
- f. kasalukuyang pangkasaysayang kalalagayan

Ito ay maliwanag na ang paglundag mula sa ang “pagkatapos” papuntang “ngayon” ay may kalabuan. Mayroong maraming mga sangkap na hindi nakikilala o napipigil. Ang isang dahilan para sa pag-unlad ng alegorikong pamamaraan ay ang pagnanais na iangkop ang Bibliya sa mga pangkasalukuyang pangangailangan. Ang ilan ay magsasabi na ang alegorya ay kinakailangan para sa pag-aangkop (Silva 1987, 63,65), ngunit itinatangi ko ito. Ang Espiritu ay ating palaging gabay sa pag-aangkop na Siya ang nasa pagbibigay-kahulugan. Ang pag-aangkop ay kailangang maging kasamang kaugnay sa hinahangad na kahulugan ng orihinal na kinasihang may-akda!

2. Ilang mga makakatulong na patnubay

- a. Tiyaking ang pag-aangkop ng pangunahing layunin ng biblikal na may-akda, hindi lamang ang mga maliit ng detalye ng talata.
- b. Huwag mong titingnan ang bawat aspeto ng ating pangkasalukuyang kalagayan na matutugunan ng detalyado. Kadalasan ang biblikal na “mga prinsipyo” ay ating tanging gabay. Gayunman, ang ating pagbubuo ng mga ito ay isang antas na pagtanggap mula sa inspirasyon. Gayundin, ang kanilang pag-aangkop ay kadalasang lubhang pagpapalagay. Ang ilang mga talagapagbigay-kahulugan ay natuklasan ang mga biblikal na prinsipyo sa

bawat teksto. Mas ligtas na takdaan ang mga prinsipyo sa pagpapahaba ng pagtuturo ng mga talataan o kung hindi, ang mga prinsipyo ay maaaring maging mga patunay na teksto.

- c. Hindi lahat ng katotohanan para sa kagyat o personal na pag-aangkop. Ang Bibliya kadalasan ay nagtatala ng hindi nagtatanggol. Gayundin, hindi lahat ng biblikal na katotohanan ay naaangkop sa bawat panahon, bawat pagkakataon, at bawat mananampalataya.
- d. Ang pag-aangkop ay hindi kailanman tila sumalungat sa ibang maliwanag na mga talataan sa Bibliya.
- e. Ang pag-aangkop ay hindi kailanman tila sumasalungat sa pag-uugaling tulad kay Kristo. Ang mga labis sa pag-aangkop ay mapanganib gaya ng sa pagbibigay-kahulugan.
- f. Ang ilang karaniwang tanong sa pag-aangkop na maitatanong sa bawat biblikal na talata ay iminungkahi ni Richard Mayhue sa *How To Interpret the Bible for Yourself*, 1986, p. 64
 - (1) Mayroon bang mga halimbawa na susundin?
 - (2) Mayroon bang mga utos na susundin?
 - (3) Mayroon bang mga kamalian na iiwasan?
 - (4) Mayroon bang mga kasalanang itatakwil?
 - (5) Mayroon bang mga pangakong aangkinin?
 - (6) Mayroon bang bagong mga kaisipan patungkol sa Diyos?
 - (7) Mayroon bang mga prinsipyo na dapat ipamuhay?

H. Ang Pananagutan ng Tagapagbigay-Kahulugan

Sa puntong ito, makakatulong na talakayin ang personal na pananagutan ng tagapagsalin kaugnay sa nararapat na pag-uugnay ng walang hanggan, nauukol na mga katotohanan ng Bibliya. Naihayag na ang pamamaraang ito ay hindi maliwanag at ang Banal na Espiritu ay kailangan nating maging gabay. Para sa akin, isang susing sangkap sa bahaging ito ay ating layunin at saloobin. Kailangan tayong lumakad sa liwanag na taglay natin. Wala akong pananagutan para sa iyong paglakad sa pananampalataya, o ikaw para sa akin. Maaari tayong magbahagi ng ating pananaw sa pag-ibig at nang may pag-asa mula sa ating pag-unawa ng partikular na mga talataan ng Banal na Kasulatan. Tayong lahat ay kailangan maging handa na hanapi ang bagong liwanag mula sa Banal na Kasulatan, ngunit tayo lamang ay may pananagutan para sa kung ano ang nauunawaan natin. Kung tayo ay lalakad sa pananampalataya sa liwanag na taglay natin, mas maraming liwanag ang maipagkakaloob (Roma 1:17). Dapat din nating mabatid sa puntong ito ng pag-alala ng ating pag-unawa ay hindi palagaing mas mataas sa pag-unawa ng iba. Ang Roma 14:1-15:13 ay lubhang napakahalaga sa bahaging ito, ngunit ako ay palaging namamangha na kadalasang tayong nag-iisip na ang ating pangkat ay ang mas malakas na kapatid at ang bawat-isa na hindi sumasang-ayon sa isang miyembro ng mas mahinang pangkat at nangangailangan ng ating tulong. Lahat tayo ay nangangailangan ng tulong. Lahat tayo

may mga bahagi ng kalakasan at mga bahagi ng kahinaan sa ating pag-unawa at pag-aangkop ng espiritwal na katotohanan. Narinig kong nasabi na ang Bibliya ay nag-aaliw ng balisa at binabalisa ang magiginhawa. Tayo ay lumakad sa puno ng pag-igting na daan sa espiritwal na paglago. Tayong lahat ng ay apektado ng kasalanan at hindi nating mararating kailanman at malulubos ang paglago sa panig na ito ng kalangitan. Lumakad sa liwanag na iyong taglay—sa loob ng liwanag ng Bibliya. “Lumakad sa liwanag gaya ng Siya ay nasa liwanag” (I Juan 1:7). Magpatuloy na lumakad.

- I. Ito ang ilang makakatulong na aklat
 1. *Applying the Bible* ni Jack Kuhatschek
 2. *Understanding and Applying the Bible* ni J. Robertson McQuilkin
 3. *Living By the Book* ni Howard G. Hendricks
 4. *Why Christians Fight Over the Bible* ni John Newport

ILANG MGA POSIBLENG NAGPAPAKAHULUGANG MGA PANGANIB

I. Ang pangangailangan para sa kapwa Lohikal na Proseso at Tekstwal na Pokus sa Interpretasyon

Halata na ang mga prinsipyong ito ng interpretasyon ay maaring abusuhin, dahil sa ang hermeneutika ay hindi isang purong agham. Krusyal na ating isaad ang ilang mga halatang mga patibong na kasangkot sa di-nararapat na paggamit o di-paggamit ng kontekstwal/tekstwal na pokus na mga prinsipyo na naunang ipinakita sa aklat-aralin na ito. Ang kontekstwal/Tekstwal na pamamaraan ay tila kagay ang siyentipokong pamamaraan. Ang mga resulta nito ay ninais na mapatunayan at maulit ng iba. May pangangailangan ng isang malinaw na daana sa ating panghakbanging pamamaraan, mga puntos ng interpretasyon at lohiko. Ang mga pirasaong ito ng ebidensya ay magmumula sa ilang mga kontekstwal at tekstwal na pokus na mga lugar.

- A. Ang pampanitikang konteksto ng sipi
 1. pinakamalapit (talataan)
 2. ilang magkaugnay na mga talataan
 3. mas malakinhang pampanitikang yunit (kaisipang bloke)
 4. pangkabuuang biblikal na aklat (layunin ng may-akda)
- B. Ang historikal na konteksto ng sipi
 1. kinaligiran at tagpuan ng may-akda
 2. kinaligiran at tagpuan ng tagapakanig o mambabasa
 3. kinaligiran at tagpuan ng kanilang kultura
 4. kinaligiran at tagpuan ng anumang mga problema tinalakay sa sipi
- C. Ang pampanitikang dyanra (tipo ng panitikan)
- D. Ang grammar/palaugnayan (relasyon sa mga bahagi ng pangungusap sa bawat isa at sa mga nakapaligid na mga pangungusap)
- E. Ang orihinal na mga kahulugan ng salita at mga konotasyon (mga depinisyon ng mahahalagang mga termino)
 1. semantikong larangan
 2. pagkakagamit ng may-akda
 3. ibang mga may-akda ng kaparehong periyod
 4. ibang biblikal na mga may-akda
- F. Nararapat na gamit ng kahilerang mga sipi (konsentrikong mga bilog ng kahalagahan)
 1. kaparehong pampanitikang yunit
 2. kaparehong aklat
 3. kaparehong may-akda
 4. kaparehong periyod
 5. kaparehong Testamento
 6. ang Bibliya bilang ang kabuuan

Maanalisa ng isa ang isa pang interpretasyon batay sa kung paano nila ginugugol ang mga pinaghati-hating mga sangkap. Magkakaroon ng hindi pagkakaunawaan, ngunit ito ay mula sa teksto mismo. Tayo ay makakarinig at makakabasa ng napakaraming magkakaibang mga interpretasyon ng Salita ng Diyos habang ito ay nagiging krusyal na ating kritikong tinatasa ang mga ito, batay sa posibilidad ng beripikasyon at nararapat na mga kaparaanan, hindi lamang kung tayo ay personal na sumasang-ayon sa kanila.

Gaya ng sa lahat ng wikang pangkomunikasyon ng tao (berbal at isinulat), mayroong potensyal para a di pagkakaunawaan. Dahil sa ang hermeneutika ay ang mga prinsipyo para sa pag-iinterpret ng sinaunang panitikan, halata na ang kanilang pag-aabuso ay posible rin. Para sa bawat pangunahing prinsipyo ng interpretasyon

mayroong posibilidad ng intensyonal o di-intensyonal na pag-aabuso. Kung ating maihiwalay ang mga potensyal na lugar ng ating mga presuposisyon, ito ay makakatulong sa atin na magkaroon ng kaalaman sa kanila kapag tayo ay dumarating sa atin sa personal na mga interpretasyon.

II. Mga halimbawa ng mga Pag-abuso ng Unang Limang Nagpapakahulugang mga Katanungan

- A. Ating presuposisyon — madalas ang ating personalidad, ating mga karanasan, ating denominasyon, o ating kultura ang nagdudulot sa atin na iinterpret ang Bibliya sa pamamagitan ng mga salita o pansala. Hinayaan natin itong magsabi kung ang nais nating sabihin nito. Ang eksistensyal na pagkiling ay nakakaapekto sa ating lahat, ngunit kung tayo ay may-alam sa mga ito matutumbasan natin ito sa pamamagitan ng pagtatangka na pahintulutan ang Bibliya at ang panahon nito na magsalita bago tayo magtangka na gamitin ang mensahe sa ating mga sarili at sa ating kultura. Ilang mga halimbawa ng panganib na ito ay makikita sa
1. William Barclay sa interpretasyon ng Mateo 15:37-39, kung saan ang mga milagrosong pagpaparami ng pagkain ni Hesus ay naging simpleng maramihang pagsasalo-salo sa bawat ng isang na anumang kanilang mga pinamili. Ang pilosopikal na pagsala ni Barclay sa lohikal na positibismo ay radikal na nagpabago sa halatang intensyon ni Mateo. Tandaan na mayroong pitong mga basket na puno ng mga pirasong tinapay na tira-tira (Mateo 16:37).
 2. Ang mga tala ng mga babae sa ministeryo ay makikita sa Exodo 15:20; Hukom 4:4ff; II Hari 22:14; II Cronico 2:22; Isaias 8:3; Lucas 2:36; Gawa 21:9; Roma 16:1; II Corinto 11:5; at I Timoteo 3:11. Ang mga makabagong ebangheliko na hindi panatag patungkol dito, alinman sa mga haka-hakang mga pananaw o ang malakas na pananalita ng I Corinto 14:34 at I Timoteo 2:11-15, ay hindi dapat makapagpabago sa nararapat at halatang interpretasyon ng ibang mga sipi na ito.

Ang sumusunod ay isang Natatanging Paksa mula sa mga komentaryo sa paksang ito.

NATATANGING PAKSA: MGA BABAE SA BIBLIYA

- I. Ang Lumang Tipan
- A. Sa kultural ang mga babae ay itinuturing na pag-aari
1. isinama sa listahan ng pag-aari (Exodo 20:17)
 2. pagtrato ng alipin sa mga babae (Exodo 21:7-11)
 3. ang sumpa ng mga babae pwedeng mapawalang bisa ng mayamang responsableng lalake (Bilang 30)
 4. ang mga babae bilang panira sa labanan (Deutronomio 20:10-14; 21:10-14)
- B. sa praktikal mayrooang tulungan
1. lalake at babae ginawa sa imahe ng Diyos (Genesis 1:26-27)
 2. parangalan ang tatay at nanay (Exodo 20:12 [Deutronomio 5:16])
 3. igalang at ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
 4. mga lalake at mga babae ay maaring maging Nazarites (Bilang 6:1-2)
 5. ang mga anak na babae ay may karapatan sa pamana (Bilang 27:1-11)
 6. bahagi ng tipanang bayan (Deutronomio 29:10-12)
 7. tupdin ang kautusan ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
 8. mga anak na lalake at babae ni Heman (Levitang pamilya) nanguna sa musika sa Templo (I Cronico 25:5-6)
 9. anak na lalake at babae ay magpropropesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)
- C. Mga babae ay nasa pamumunong mga tungkulin

1. ang kapatid na babae ni Moses, si Miriam, tinawag na propetesa (Exodo 15:20-21 pansinin rin ang Micah 6:4)
2. mga babae ay pinagkaluoban ng Diyos na maghabi ng materyal para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
3. isang babae, si Deborah, ay isa rin propetesa (cf. Hukom 4:4), pinangunahan ang lahat ng mga tribu (Hukom 4:4-5; 5:7)
4. si Huldah ay isang propetesa na tinanong ni Haring Josiah na basahin at iinterpret ang bagong natagpuang “Aklat ng Kautusan” (II Hari 22:14; II Cronico 34:22-27)
5. si Queen Esther, isang makadiyos na babae, iniligtas ang mga Hudyo sa Persia

II. Ang Bagong Tipan

- A. Sa kultural ang mga babae sa kapwa Judaismo at ang Greco-Romanong mundo ay ikalawang klaseng mga mamamayan na may ilang mga karapatan o pribilehiyo (ang eksepsyon ay ang Macedonia)
- B. Mga babae sa pamumunong tungkulin
 1. sina Elizabeth at Maria, makadiyos na mga babae nakalaaan sa Diyos (Lucas 1-2)
 2. si Anna, makadiyos na babae naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
 3. si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay-iglesya (Gawa 16:14,40)
 4. ang apat na mga anak na babaeng birhen ni Philip ay mga propetesa (Gawa 21:8-9)
 5. si Phoebe, dekonesa sa iglesya ng Cenchrea (Roma 16:1)
 6. si Prisca (Priscilla), kapwa manggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Gawa 18:26; Roma 16:3)
 7. Sina Maria, Tryphaena, Tryphosa, Persis, Julia, Nereus na mga magkakapatid na babae, ilang mga babae kamanggagawa ni Pablo (Roma 16:6-16)
 8. si Junia (KJV), posibleng isang babae na apostoles (Roma 16:7)
 9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (Felipos 4:2-3)

III. Paano ang isang makabagong mananampalataya ay mapagbalanse ang magkaibang biblikal na mga halimbawa?

- A. Paano madedetermina ang historikal o kultural na mga katotohanan, na nagagamit lamang sa orihinal na konteksto, mula sa eternal mga katotohanan balido sa lahat ng mga iglesya, lahat ng mga mananampalataya?
 1. Dapat nating tanggapin ang intensyon ng orihinal na kinasihang may-akda ng napakaseryoso. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging pinagmumulan ng pananampalataya at praktis.
 2. Dapat nating pakitunguhan ang mga halatang kinodisyong makasaysayang kinasihang mga teksto.
 - a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Gawa 15; Galacia 3)
 - b. unang siglong Judaismo
 - c. mga halatang makasaysayang kinondisyong mga pananalita ni Pablo sa I Corinto
 - (1) ang legal na sistema ng paganong Roma (I Corinto 6)
 - (2) pananatiling isang alipin (I Corinto 7:20-24)
 - (3) buhay walang asawa (I Corinto 7:1-35)
 - (4) mga birhen (I Corinto 7:36-38)
 - (5) mga pagkaing sinakripisyo sa isang idolo (I Corinto 8; 10:23-33)
 - (6) di-nararapat na mga aksyon sa Huling Hapunan (I Corinto 11)

3. Ang Diyos ay lubusan at malinaw na ipinahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Dapat nating tanggapin ng seryoso ang kapahayagan, ngunit hindi bawat ng aspeto ng historikal na akomodasyon nito. Ang salita ng Diyos ay isinulat sa mga pantaong mga salita, ipinahayag sa isang partikular na kultura at partikular na panahon.

B. Ang Bibliikal na interpretasyon ay dapat na hanapin ang orihinal na intensyon ng may-akda. Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay pundasyonal at krusyal para sa nararapat na interpretasyon. Ngunit magkagayon dapat nating iaplay ito sa ating sariling panahon. Ngayon, narito ang problema sa mga babae sa pamumuno (ang tunay na nagpapakahulugang problema ay maaring ang pagbibigay kahulugan sa termino. Kung saan may higit na mga ministryo kaysa sa mga pastor na nakikita sa pamumuno? Kung saan ang mga dyakonesa at mga propetesa ay nakikita bilang mga pinuno?) Medyo malinaw na si Pablo, sa I Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, ay nagsasaad na mga babae ay hindi dapat na mamuno sa pampublikong pagsamba! Ngunit paano ko ito maiaaplay sa ngayon? Ayoko na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita at kalooban ng Diyos. Posibleng ang panahon ni Pablo ay masyadong limitado, ngunit ang aking panahon ay masyadong bukas. Hindi ako masyadong komportable sa pagsasabi na ang mga salita at katuruan ni Pablo ay kondisyonal, unang siglo, lokal na sitwasyong mga katotohanan. Sino ako na hahayaan ko ang aking isipan o aking kultura na magpanegatibo sa kinasihang may-akda?!

Gayunpaman, ano ang aking gagawin kapag mayroong bibliikal na mga halimbawa ng mga babaeng pinuno (maging sa mga kasulatan ni Pablo, cf. Roma 16)? Isang magandang halimbawa ng talakayang ito ni Pablo ng pampublikong pagsamba sa I Corinto 11-14. Sa 11:5 siya ay tila nagpapahintulot sa mga babae ng pangangaral at pananalangin sa pampublikong pagsamba na may takip sa kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 siya ay naghahangad na sila ay manahimik! Mayroong mga dyakonesa (cf. Roma 16:1) at mga propetesa (cf. Gawa 21:9). Sa sar-saring uri na ito ang nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na makiisa sa mga komento ni Pablo (na may kaugnayan sa mga pagbabawal sa mga babae) bilang limitado sa unang siglong Corinto at Ephesus. Sa kapwa mga iglesya mayroong mga problema sa mga babae nagsasagawa ng kanilang bagong-natagpuang kalayaan (cf. Bruce Winter, *Corinth After Paul Left*), na maaring magdulot ng kahirapan para sa iglesya sa pag-abot ng kanilang lipunan para kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay dapat na malimitahan upang ang ebanghelyo ay mas maging epektibo.

Ang aking panahon ay kabaligtaran ng kay Pablo. Sa aking panahon ang ebanghelyo ay dapat na malimatahan kung ang artikulado, sinanay na mga babae ay hindi pinahintulutan na magbahagi ng ebanghelyo, hindi pinahihintulutan na mamuno! Ang panghuling hantungan ng pampublikong pagsamba? Hindi ba ang ebanghelismo at pagdidisipulo? Ang Diyos ba ay mapaparangalan at malulugod sa mga babaeng pinuno? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabi ng “oo”!

Nais ko na sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay unang-una na makaPablo. Ayoko na labis na maimpluwensahan o manipula ng makabagong peminismo! Gayunpaman, nararamdaman ko na ang iglesya ay napakabagal sa pagtugon sa halatang mga bibliikal na mga katotohanan, gaya ng di-nararapat na pang-aalipin, kapootang panlahi, bigotrya, at seksismo. Ito rin ay naging magabal sa pagtugon ng nararapat sa pag-abuso sa mga kababaihan sa modernong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay nagpalaya sa alipin at babae. Hindi ko nais na ang isang kulturang-nakataling teksto ang muling maggapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang interpreter alam ko na ang Corinto ay isang napakagulong iglesya. Ang karismatikong mga kaloob ay mas pinahahalagahan ay pinagyayabang. Ang

mga babae ay maaring napasama dito. Ako rin ay naniniwala na ang Ephesus ay naapektuhan ng mga bulaang mga guro na nagsasamantala sa mga babae at ginagamit silang bilang pangalawang tagapagsalita sa mga bahay na iglesya ng Ephesus.

C. Mga suhestyon para sa mas malawak pang pagbabasa

How to Read the Bible For All Its Worth ni Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)

Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics ni Gordon Fee

Hard Sayings of the Bible ni Walter C. Kaiser, Pedro H. Davids, F. F. Bruce at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

3. Romano Katoliko, sa pagnanasa na masuportahan ang episkopal na sistema ng kaayusan ng pamahalaan, gumagamit ng teksto ni Juan 21:15-17. Mula sa teksto mismo hindi nararapat na gumamit ng mga termino “korder” at “tupa” na kaugnay sa obispo at mga pari at kanilang mga nakatalagang mga tungkulin sa ministeryo.

B. Ang ating pag-abuso sa konteksto — ito ay tumutukoy sa kapwa historikal konteksto at ang pampanitikang konteksto ng isang sipi. Ito marahil ang karaniwang pag-abuso sa Kasulatan sa ating panahon. Sa pag-aalis ng isang sipi mula sa ninais na layunin ng may-akda mula sa kanyang panahon, magagawa ng isa na magsalita ng kahit na ano ang Bibliya. Kung ito ay hindi napakaraniwan at nakamamatay, ang mga halimbawa ng panganib na ito ay magiging katawa-tawa.

1. Isang mangangaral ng nakalipas na panahon ay nangaral laban sa pagbebenta ng mga aso batay sa Deuteronio 23:18. Ang historikal at pampanitikang mga tagpuan ay winalang-bahala. Ang termino “aso” ay inilipat mula sa lalake, makultong prostitusyon (Deuteronio) tungo sa isang hayup (ngayon).

2. Kapag ang makabagong legalista ay gumagamit ng Colosas 2:21 upang mapawalang batas ang ilang mga aktibidad ng hindi inaalala na ang talatang ito ay sipi ni Pablo sa mensahe ng bulaang mga guro, ang problema ay kitang-kita na.

3. Ang makabagong paggamit ng mga mananalangin ng kaluluwa ng Pahayag 3:20 bilang pagsasarang apila ng “ang plano ng kaligtasan,” ng hindi iniisip na ito ay nasa konteksto ng Kristyanong mga iglesya (Pahayag 2-3). Ang tekstong ito ay hindi nagtatalakay ng paunang kaligtasan, ngunit ang muling pagpapambalik sa pangakong sinumpaan, nagsisimula sa mga indibidwal ng kongregasyon.

4. Ang makabagong kulto ng Mormonismo ay nagsipi ng I Corinto 15:29 bilang isang pruwera para sa “bautismo para sa patay.” Walang mga kahanay na mga sipi para sa talatang ito. Ang kagyat na konteksto ay ang balidad ng muling pagkabuhay at ang talatang ito ay isa sa ilang mga halimbawang ginamit upang makompirma ang katotohanang ito.

5. Si C. I. Scofield ay nagsipi ng II Timoteo 2:15, “na gumagamit na matuwid ng Salita ng katotohanan,” ay ginamit bilang suportang Kasulatan para sa paghahati sa Bibliya tungo sa pitong natatanging mga tipan.

6. Paggamit ng Juan 6:52ff ng mga Romano Katoliko upang suportahan ang doktrina ng transubstansiyasyon (na ang mga elemento ng Eucharistya ay tunay na nagiging katawan at dugo ni Kristo) ay isa na namang halimbawa ng panganib na ito. Si Juan ay hindi itinala ang Huling Hapunan ng mismong ang kanyang sarili, ngunit tanging ang diyologo ng karanasan sa itaas ng silid (Juan 13-17). Ang siping ito nasa konteksto ng pagpapakain ng limang libo, hind ang Eucharistya.

7. Ang pangangaral sa pagpapaging banal mula sa Galacia 2:20, ng hindi iniisip na nagpokus ng konteksto ay sa kompletong bisa ng pag-aaring ganap.

- C. Ang ating pag-abuso sa pampanitikang dyanra — ito ay nagsasangkot ng di-pagkakaunawaan ng orihinal na mensahe ng may-akda dahil sa ating pagkabigo na makilala ang pampanitikang anyo na kanyang binabanggit. Bawat pampanitikang anyo ay may ilang natatanging mga elemento ng interpretasyon. Ilang mga halimbawa ng pag-abuso na ito ay ang sumusunod.
1. Ilang mga literalista ay nagtangkang gawin ang panulaan ng Awit 114:3-6 tungo sa isang historikal na salaysay—madalas hinuhusgahan ang iba sa pamamagitan ng kanilang literal na interpretasyon.
 2. Ang ilan ay nagsubok na iinterpret ang apokaliptikong mga seksyon ng Pahayag Revelation 12 at 13 bilang literal na mga tauhan at mga hayop.
 3. Ang ilan ay nagsubok na ilarawan ang “impyerno” mula sa parabula ng Lucas 16:19-31. Ito ang ikalimang sa mga serye ng limang parabula, na magkakaugnay sa iisang sentral na intenyon ni Hesus sa pagpapahayag sa mga relihiyosong mga pinuno (Fareseo) sa Lucas 15:1-2. Gayundin, ang termino na ginamit ay *Hades* at hindi *Gehenna*.
- D. Ang ating pag-abuso sa talinghaga o kultural na mga idyoma ay isa na namang panganib. Tayong lahat ay nagsasalita sa mga simbolikong wika. Subalit, yaong mga nakaririnig sa atin ay namumuhay sa kaparehong kultura, nauunawaan nila ang ating idyomatikong mga parirala. Paano ang ating mga idyoma ay hindi karaniwan mula doon sa ibang mga kultura. Naalala ko ang isang Indyanong pastor na nagsabi sa akin na siya ay naaawa at “ako ay pinatay sa kiliti.” Makabubuti sa akin na magmuni-muni ng kanilang makukulay na mga parirala, gaya ng “iyan ay kakila-kilabot na maganda”; “ako ay buong tainga”; “mapapatay ako niyan”; o “krus sa aking puso ay nawa ako ay mamatay.”
1. Ang Bibliya ay may mga idyoma rin.
 - a. Ang salitang “poot” sa Lucas 14:26; Juan 12:25; Roma 9:13, at Malakias 1:2-3 ay isang Hebreong idyoma ng pagkukumpara, na makikita rin sa Genesis 29:31,33 at Deutronomio 21:15, ngunit kung hindi natin nalalalaman na ito ay magdudulot ng labis na di-pagkakaunawaan.
 - b. Ang mga parirala, “putling mo ang iyong mga paa” at “hugutin mo ang iyong mga mata,” sa Mateo 5:29-30 ay mga Oriental na labis na pananalita, hindi mga literal na kautusan.
 - c. Ang Banal na Espiritu ay nasa anyo ng isang kalapati sa Marcos 1:10; gayunpaman, ang Kasulatan ay nagsasabi, “gaya ng isang kalapati” o “bilang isang kalapati,” cf. Lucas 3:22.
- E. Ang ating pag-abuso sa pamamagitan ng labis na pagsisimple. Sinasabi natin na ang ebanghelyo at sa pamamagitan nito ibig nating sabihin na ito ay madaling maunawaan, gayunpaman, maraming simpleng mga buod ng ebanghelyo ay may kamalian sapagkat sila ay hindi kompleto.
1. Ang Diyos ay pag-ibig, ngunit ito ay nag-aalis sa konsepto ng matinding poot ng Diyos (Roma 1:18-2:16).
 2. Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya lamang, ngunit ito ay nagtatanggal sa konsepto na ang mga indibidwal ay dapat na magsisi at manampalataya (Marcos 1:15; Gawa 20:21).
 3. Ang kaligtasan ay libre (Efeso 2:8-9), ngunit ito ay lubusang nagtatanggal sa ideya na ito ay naghahangad ng isang pagbabago ng pamumuhay (Efeso 2:10).
 4. Si Hesus ay Diyos, ngunit ito ay nagtatanggal sa konsepto na Siya ay tunay na tao (I Juan 4:2).
- F. Ang ating pag-abuso sa selektibidad — ito ay kapareho sa labis na pagsisimple at prupruwebang -teksto. Tayo ay madalas na namimili o nagsasama lamang ng yaong Kasulatan na nagsusuporta sa ating teolohiya.
1. Isang halimbawa ay makikita sa Juan 14:13-14; 15:7,16; 16:23, sa parirala “anoman

ang iyong hihingin sa panalangin, iyong matatanggap.” Para sa nararapat na balanse dapat na isaad ng isa ang ibang biblikal na kriterya patungkol sa paksang ito.

- (a) “manatiling humihingi, naghahanap, kumakatok,” Mateo 7:7-8
 - (b) “ayon sa kalooban ng Diyos,” I Juan 5:14-15, na ibig sabihin ay “sa pangalan ni Hesus” ang ipinapahiwatig
 - (c) “walang alinlangan,” Santiago 1:6
 - (d) “walang pansariling mga tunguhin,” Santiago 4:1-3
2. Ang paggamit sa teksto ng I Corinto 11:6 upang punahin ang mga lalake na may mahabang buhok ng hindi tinitignan ang Bilang 6:5; Levitico 19:27, at ang kultura sa panahon ni Hesus, ay di-nararapat.
 3. Hindi pagpapahintulot sa mga babae na magsalita o magturo sa iglesia batay sa I Corinto 14:34 ng hindi isinasalang-alang ang I Corinto 11:5, na nasa kaparehong pampanitikang yunit, ay isang labis na pananalita.
 4. Hindi pagpapahintot o pagpapababab sa pagsasalita sa ibat-ibang wika, madalas batay sa I Corinto 13:8 (I Corinto 13 ay nagsasaad na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay magpaparam), hindi tinitignan ang katuruan sa I Corinto 14:5,18,39, is ay hindi nararapat.
 5. Pagbibigay-diin sa kautusang pagkain ng Levitico 11 ng hindi tinitignan ang Mateo 15:11 at, sa isang pahilis na paraan, Gawa 10:10-16, ay di-nararapat
- G. Ang ating pag-abuso sa pagmamayor sa mga minor — madalas hindi natin nahuhuli ang orihinal na intensyon ng may-akda sapagkay tayo ay nasasangkot sa nakakaaliw, ngunit hindi sentral na isyi. Ito ay maaring makita sa mga sumusunod.
1. Sino ang napangasawa ni Cain? Genesis 4:17
 2. Marami ang may pag-aalala patungkol sa mga tagatanggap ng pangangaral ni Hesus habang Siya nasa Hades. I Pedro 3:19
 3. Isa pang katanungan ay nagmamalasakit sa kung paano ang Diyos ay wawasakin ang daigdig. II Pedro 3:10
- H. Ang ating pag-abuso sa Bibliya bilang isang kasaysayan — ang Bibliya madalas ay nagtattala ng hindi nito tinataguyod (Fee at Stuart 1982, 85). Tayo ay dapat na magpokus sa malinaw na mga katuruan na mga sipi, hindi lamang sa historikal na mga tala, para sa ating teolohiya.
- I. Ang ating pag-abuso sa relasyon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan, , Israel at ang Iglesia, Kautusan at Biyaya. Sa presuposisyonal, si Kristo ay Panginoon ng Kasulatan (Grant at Tracy 1984, 95). Lahat ng Kasulatan ay dapat na sukdulang magtuturo sa Kanya. Siya ang katuparan sa plano ng Diyos para sa sangkatauhan (Colosas 1:15-23). Ito ay nangangahulugang na bagamat ang Lumang Tipan ay dapat na tumayo sa kanyang sariling paa, ito ay tumuturo patungo kay Kristo (Sterrett 1973, 157-171). Naisip ko na dapat nating iinterpret ang OT sa pamamagitan ng bagong kapahayagan ng NT. Ang Lumang Tipan ay nagbibigay diin ay nabago at naging pangkalahatan. Ang Bagong Tipan ay nalagpasan ang Mosaik na Tipan (cf. ang aklat ng Hebreo at Galacia 3)
- Ang mga halimbawa ng bawat na mga panganib na ito ay libu-libo. Gayunpaman, hindi ibig sabihin ay may ilang labis na pag-iinterpret at ilang kulang sa pag-iinterpret at ilang maling pag-iinterpret, ay dapat walang ng interpretasyon. Kung tayo ay mananatili sa pangunahing orihinal na intensyon ng may-akda na ipinahayag sa konteksto at kung tayo ay lalapit sa Bibliya ng may panalangin at pagpapakumbaba maiiwasan natin ang napakalaking mga panganib na ito.

“Bakit kaya ang mga tao ay madalas nakakakita ng mga bagay sa mga salaysay sa Bibliya, na wala naman talaga doon—binabasa nila ang Bibliya sa kanilang sariling mga nosyon kaysa na basahain palabas ang Bibliya kung ano ang nais sa kanila ng Diyos na malaman?”

1. sila ay mga desperado, desperado sa impormasyon na maiaaplay sa kanilang mga sariling sitwasyon
2. sila ay walang pasensya; nais nila ang mga kasagutan ngayon, mula sa aklat na ito, mula sa kabanata na ito
3. maling mali sila sa pag-aasam na lahat ng bagay sa Bibliya ay magagamit ng direkta bilang instruksyon para sa kanilang indibidwal na mga buhay” (Fee at Stuart 1980, 84).

PRAKTIKAL NA MGA PAMAMARAAN PARA SA INTERPRETASYON

I. Ang Espiritwal na mga Aspeto

Ang pag-aaral ng Bibliya ay isang kombinasyon ng pagdepende sa Banal na Espiritu at a ng pagpapatalas ng kaloob na ibinigay ng Diyos ng kaisipan at pag-aanalisa. Ang espiritwal na aspeto ng pag-aaral ng Bibliya ay mahirap na talakayin dahil sa malawak na ayos ng magkakaibang mga interpretasyon pinaninindigan ng makadiyos, edukado, sinserong mga mananampalataya. Ito ay isang misteryo kung bakit may labis na di-pagkakaunawaan, maging alitan, sa mga mananampalataya, lahat ay nagsusubok na maunawaan at mapagtibay ang Kasulatan. Ang Espiritu ay krusyal, ngunit lahat ng mga mananampalataya ay may Espiritu. Ang sumusunod ay aking simpleng pagtatangka na ipahayag ang kinakailangang espiritwal na saloobin ng bawat interpreter.

- A. Ang panalangin ang dapat na “unang priyoridad” sa interpretasyon at aplikasyon. Ang panalangin ay hindi automatikong dugtong sa tunay na interpretasyon, maging sa kalidad nito o dami, ngunit ito ang hindi mawawalang hakbang. Ang magpatuloy sa pag-aaral ng Bibliya ng wala ang Espiritu ay gaya ng paglalangoy ng walang tubig. Muli, hindi ito nangangahulugan na ipinapahiwatig na ang panalangin ay direktang kaugnay sa kalidad ng ating pag-iintindi sa teksto—iyan ay madedetermina ng karagdagang mga salik. Ngunit isang bagay ang tiyak, ang tao na di tinulungan ng Diyos ay hindi malalaman ang mga espiritwal na katotohanan (Calvin). Ang panalangin ay hindi pananaig ng ilang pag-aatubili sa bahagi ng Diyos na buksan ang Kanyang aklat sa atin, ngunit ito ay pagkilala sa ating pagdepende sa Kanya. Ang Espiritu ay ibinigay sa atin upang maunawaan ang Salita ng Diyos (Juan 14:26; 16:13-14; I Corinto 2:10-16).
- B. Ang personal na paglilinis ay mahalaga rin. Ang nalalaman, hindi naihingi ng tawad na kasalanan ay humahadlang sa ating relasyon sa Diyos. Hindi Niya hinihingi ang walang kasalanan na buhay upang maunawaan ang Bibliya, ngunit ang Bibliya ay espiritwal na katotohanan at ang kasalanan ay balakid sa espiritwal na mga bagay. Kailangan nating ipahayag ang ating mga nalalaman na kasalanan (I Juan 1:9). Kailangan nating buksan ang ating mga sarili sa Panginoon para mainspeksyon (Awit 139:1,23-24). Marami sa Kanyang mga pangako ay kondisyonal sa ating pananampalatayang pagtugon, kaya rin, ang ating abilidad na maunawaan ang Bibliya.
- C. Kailangan nating mahubog ang pagnanasa na makilala ang Diyos at ang Kanyang Salita (Awit 9:7-14; 42:1ff; 119:1ff). Kapag tayo ay naging seryoso sa Diyos, Siya ay may kakayahan na mapalapit sa atin at buksan ang Kanyang kalooban para sa buhay natin (Zacarias 1:3-4; Santiago 4:8).
- D. Kailangan nating madaling iaplay ang katotohanan ating nakita mula sa ating pag-aaral ng Bibliya (isinasagawa sa praktis anoman ang ating pinaniniwalaan na totoo) sa ating mga buhay. Marami sa atin ay maraming ng alam sa biblikal na katotohanan kaysa sa tayo ay nabubuhay (I Juan 1:7). Ang kriterya para sa mas higit na katotohanan ay ang paglakad natin sa katotohanan na mayroon na tayo. Ang aplikasyon ay hindi opsyonal, ngunit ito ay pang-araw-araw. Lumakad sa liwanag na mayroon ka at mas higit na liwanag ang ibibigay (Roma 1:17).

“Mapapagtanto na wala tila intelektwal na pagkaunawa sa Bibliya, gayunpaman ay kompleto, makakakuha ng lahat ng yaman nito. Hindi nito itinatakwil ang ganyang kaunawaan, dahil ito ay esensyal sa kompletong pagkaunawa. Ngunit

dapat ito ay magdala sa isang espiritwal na pagkaunawa sa espiritwal na mga kayamanan ng aklat na ito kung ito ay maging kompleto. At para sa espiritwal na kaunawaan ng isang bagay higit sa intelektwal na pagkaalerto ang kinakailangan. Ang espiritwal na mga bagay ay espiritwal na mauunawa, at ang estudyante ng Bibliya ay nangangailangan ng saolobin ng pagtatanggap, ang kasigasihan na matagpuan ang Diyos upang siya ay mismong lumapit sa Kanya, kung siya ay makakalagpas higit sa siyentipikong pag-aaral tungo sa mas mayamang pamana ng pinakadakilang mga aklat na ito” *The Relevance of the Bible*, H. H. Rowley (p. 19).

II. Ang Lohikal na Proseso

Basahin ang Bibliya! Hindi malalaman ng sinoman kung ano ang ibig sabihin kung hindi nito alam kung ano ang sinasabi. Ang *analitikal* na pagbabasa at pagbabalangkas ay ang mga susi sa pag-uunawa. Sa hakbang na ito ilang mga siklo (apat) ng pagbabasa ng buong biblikal na aklat sa isang upuan ang kasangkot.

E. Magbasa sa ilang mga salin. Inaasahan na ikaw ay makakabasa ng mga salin na gumagamit ng magkaibang mga teorya ng salin.

1. pormal na kaisahan (salita-para-salita) gaya ng
 - a. ang King James Version
 - b. ang American Standard Version
 - c. ang New American Standard Bible
 - d. ang Revised Standard Version
2. dynamikong katumbas na mga salin gaya ng
 - a. ang New International Version
 - b. ang New American Bible
 - c. Good News for Modern Man (Today’s English Version)
 - d. ang Jerusalem Bible
 - e. ang New English Bible
 - f. Williams salin
3. konsepto para sa konsepto mga salin gaya ng
 - a. ang Amplified Bible
 - b. Phillips salin
 - c. the Living Bible

Ang iyong personal na pag-aaral sa Bibliya ay dapat na mula sa kategorya (1) o (2). Gayundin, isang kahalireang Bibliya na gumagamit ng ilang mga salin sa kaparehong pahina ay higit na makakatulong.

F. Basahin ang buong aklat o pampanitikang yunit sa isang upuan

1. Kapag ikaw ay magbabasa, hayaan mo ang iyong sarili sa isang pinahabang periyod ng oras ng pag-aaral, isang itinakda o regular na oras o humanap ng isang tahimik na lugar. Ang pagbabasa ay isang pagtatangka na maunawaan ang kaisipan ng isa pang tao. Hindi mo dapat iisiping magbasa ng isang personal na sulat sa mga seksyon. Subuking basahin ang kompletong mga aklat ng Bibliya sa isang upuan.
2. Isang susi para sa di-teknikal, tekstwal na pokus na metodolohiya ay ang pagbabasa at muling pagbabasa. Ito ay makakamangha sa iyo kung paano ang kaunawaan ay may kaugnayan sa pamilyaridad. Ang praktikal na paraan ng aklat-aralin na ito ay nakapokus sa paligid ng mga pamamaraan na ito.
 - a. pitong nagpapakahulugang mga tanong
 - b. apat na yugto ng pagbabasa na may mga takdang-aralino
 - c. paggamit ng mga kasangkapang pananaliksik sa nararapat na lugar

G. Isulat lahat ng iyong mga tekstwal na obserbasyon (i.e., mabuting pagsusulat ng mga punag) Isulat ang mga puna ng iyong binasa. Mayroong ilang mga hakbang sa seksyon na ito. Hindi sila ninais upang maging pahirap, ngunit dapat nating kontrolin ang ating pagnanasa sa dagliang kaalaman sa Bibliya sa pamamagitan ng pagdepende ng matindi sa mga interpretasyon ng ibang tao. Ang personal na pag-aaral ng Bibliya ay nangangailangan ng oras ng panalangin, pagsasanay, at pagtyatyaga. Hindi ito madaling daan, ngunit ang benepisyo ay labis-labis.

1. Basahin ang aklat na nais mong pag-aralan sa isang panahon lamang. Aking nirerekomenda na pumili ka ng mas maikling Bagong Tipan na aklat muna. Ang pag-aaral ng buong aklat ay pinakamainam. Ito ay mas mabuting pamamahala ng iyong oras at ito ay mas madali na makakapanatili ng kinaligirang impormasyon at konteksto sa pagitan sa mga oras ng pag-aaral. Ang pag-aaral sa Aklat, sa buong periyod ng panahon, ay makakapagbigay sa iyo ng biblikal na balanse. Ito ay magpupuwersya sa iyo na talakayin ang mga mahihirap, di-pamilyar, at may kabalintunaanang mga katotohanan.

Subukan mong ilagay sa iyong sariling mga salita, sa isang maikli subalit alaman, wastong pangungusap, kung ang ang pangkalahatang layunin ng may-akda sa pagsusulat ng aklat. Gayundin, subuking ihiwalay ang sentral na temang ito sa isang susing talata, talataan, o kabanata. Tandaan na nag layunin ay madalas naipapahayag sa pamamagitan ng tipo ng pampanitikang dyanra na ginamit. Kung ang mga aklat ay binubuo ng ibang mga dyanra kaysa sa historikal na kasaysayan, kumonsulta sa espesyal na hermenyutikal na pamamaraang seksyon patungkol sa pampanitikang dyanra (*See How to Read The Bible For All Its Worth* by Fee and Stuart).

2. Basahin muli ito sa kaparehong salin. Sa pagkakataong ito pansinin ang pangunahing pagkakabahagi (pampanitikang mga yunit) ng kaisipan ng may-akda. Ang mga ito ay makikilala sa pamamagitan ng mga pagbabago sa paksa, panahon, topik, tono, estilo, atbpa. Sa puntong ito huwag mong subukang balangkasin ang estruktura ng aklat, tanging ang halatang mga pagbabago lamang nito. Huwag mong ibatay ang iyong pagbabahagi sa kabanata at talata ng iyong Englis na Bibliya. Ang mga ito ay hindi orihinal at madalas nagpapaligaw at hindi wasto. Buodin ang bawat isa sa iyong pagbabahagi sa pamamagitan ng paggamit ng maikli, naglalarawang mga pangungusap na kinakikitaan ang paksa o topik ng seksyon. Kapag iyong nahiwalay ang mga seksyon, tignan kung iyong mapagdudugtong ang mga ito ng magkasama tungo sa magkakaugnay na mga topik, mga kaibhan, pagkukumpara, mga persona, at pangyayari, atbpa. Ang hakbang na ito ay isang pagtatangka na ihiwalay at iugnay sa malalaking mga bloke ng tila di-magkakaugnay na materyal, na sa realidad, ay ang mga pampanitikang yunit na sumasaklaw na estruktura ng may-akda. Ang mga pampanitikang yunit na ito ay nagpapakita sa atin ng daloy ng mga kaisipan ng orihinal na may-akda at nagtuturo sa atin tungo sa kanyang orihinal na intensyon.

H. Sa puntong ito makakatulong sa atin na suriin ang iyong balangkas at sumasaklaw na layunin kasama ng ibang mga mananampalataya.

“Kapag ang iyong pribadong interpretasyon ay nagdadala sa iyo sa konklusyon na kaiba mula sa historikal na maaalam na mga tao ng Diyos na ibinigay sa sipi, isang kinakailangang liwanag ng pag-iingat ang dapat sumulpot sa iyong isipan” (Henricksen 1973, 38).

“Upang ang eksegesis ay iyong maging trabaho at hindi lamang parang isang mekanikal na kompyendum ng gawa ng iba, makakabuti na gumawa ka ng iyong sarili at humantong sa iyong sariling mga konklusyon na gaya ng posibleng nauna sa hakbang na ito” (Stuart

1980, 39).

“Palagiang tignan ang ating pang-unawa sa Kasulatan sa:

1. ating pastor
2. ating kapwa mga Krisyano
3. ang makasaysayang pagkaunawa sa Kasulatan ng ortodoks na mga Kristyano” (Sire 1980, 15)

Madalas ang iyong Study Bible ay mayroong mga balangkas sa pasimula ng bawat aklat. Kung hindi, karamihan ay may paksa sa bawat kabanata sa itaas ng pahina o kahit paano nakaposisuon sa teksto. Huwag kailanman tumingin sa kanila hanggat hindi ka nakakasulat ng iyong sarili. Maaaring mong baguhin ang sa iyo, ngunit ang mga maiikling solusyon sa hakbang na ito ay makakapilay sa iyong abilidad na mag-analisa sa mga pampanitikang yunit para sa iyong sarili.

Hindi lamang ang mga Study Bibliye ay naglalamang ng mga balangkass ng mga biblikal aklat, ngunit ito rin ay may

1. mga komentaryo
2. mga panimula sa aklat ng Luma at Bagong Tipan
3. mga ensiklopedya Bibliya o diksyonaryo sa ilalim ng pangalan ng biblikal aklat

I. Muling basahin ang kabuuang biblikal aklat at

1. sa isang nakahiwalay na papel, isulat ang mga talataang pagkakabahagi ng iyong Bibliya sa ilalim ng mga pampanitikang yunit (magkakaibang mga topik) na iyong naihiwalay at nabalangkas. Ang balangkas ay hindi higit sa pagkikilala sa orihinal na kaisipan ng may-akda at kanilang relasyon sa bawat isa. Ang mga talataan ay magbubuo ng kasunod na lohikal na pagbabahagi sa ilalim ng mga pampanitikang yunit. Habang inaalang mo ang talataan sa ilalim ng bawat pampanitikang yunit, ilarawan ang konteksto sa isang pangungusap gaya ng iyong ginawa ng mas una sa mas malaking pagbabahagi ng aklat. Ang simpleng pagbabalangkas na pamamaraan ay makakatulong sa iyo upang mapaiwas ka sa pagpapahalaga sa hindi mahahalaga.

Hanggang sa puntong ito ikaw ay gumawa mula lamang sa isang salin. Ngayon, ikumpara ang iyong mga pagbabahagi sa ibang mga salin.

- a. mas malaking mga yunits
- b. ang mga talataang pagbabahagi

Gumawa ng isang notasyon sa mga lugar ng pagkakalayo.

- a. mga paksang pagbabahagi
- b. mga talataang pagbabahagi
- c. pagpili ng salita
- d. estruktura ng pangungusap
- e. mga marhinal na mga puna (Ito ay madalas na nagsasangkot ng mga manuskritong baryante. Para sa teknikal na impormasyon na ito kumonsulta sa mga komentaryo)

2. Sa puntong ito tumingin sa mga talata sa biblikal a teksto upang sagutin ang mga katanungang ito (ang historikal na tagpuan).

- a. sino ang nagsulat ng sipi
- b. kanino ipinapahayag ang sipi
- c. bakit ang sipi ay isinulat kanila
- d. kailan ang sipi isinulat
- e. anong historikal na mga kalagayang ang kasangkot

Ang tipong ito ng materyal ay maaring masilip mula sa aklat mismo. Madalas lahat ng ating nalalaman patungkol sa historikal na tagpuan ng mga biblikal aklat ay matatagpuan sa

mismong aklat (panloob na ebidensya) o sa loob ng kahilerang mga biblikal na sipi. Tunay na mas madali na magkonsulta sa isang “propesyonal” na komentarista sa puntong ito, ngunit paglabanan mong gawing ito. Magagawa mo ito para sa kapakanan ng iyong sarili. Ito ay magbibigay sa iyo ng kagalakan, magdaragdag ng iyong kompiyansa, at makakatulong sa iyo na manatiling independente sa mga “dalubhasa” (Osborne at Woodward 1979, 139; Jensen 1963, 20). Isulat ang mga katanungang sa tingin mo ay maaring makatulong gaya ng: Mayroon bang mga inulit na mga salita o parirala? Mayroon bang kapuna-punang estruktura? Mayroon bang mga serye ng kahanay na mga sipi mula sa ibang mga partikular na biblikal na aklat? Kasama ng mga katanungan sa iyong harapan, muling basahin ang buong aklat. Kapag ikaw ay nakatagpo ng isang item na nauugnay sa anumang mga katanungang ito, isulat ito sa ilalim ng seksyon na iyon. Sa ganitong praktis at maingat na pagbabasa ito ay makakapagmangha sa iyo kung gaano kadami ang iyong natutuhan mula sa teksto mismo.

J. Suriin ang iyong mga obserbasyon

Ngayon ay oras na upang suriin ang iyong mga obserbasyon sa biblikal aklat kasama ng mga lalake at babae na pinagkalooban ng Diyos na nakaraan at kasalukuyan.

“Interpretasyon ay isang sosyal na proseso. Ang pinakainam na mga resulta ay matatamo lamang sa pamamagitan ng pakikiisa sa maraming isipan. Ang mga resulta ng mga iskolar sa isang panahon ang natural at karapat-dapat na pamana doon sa mga nagsikap sa kaparehong larangan sa mga sumusunod na mga panahon, at dapat na gamitin nila. Walang interpreter ng Bagong Tipan ay matalinong babalewalain ang mga resulta dinala ng nakalipas na mga henerasyon at itapon para sa lubusang nagsasarili at orihinal na mga konklusyon sa lahat ng mga punto. Dapat siyang maging pamilyar hanggat maaari sa anomang mga naunang natamo. . .Ang mga komentaryo na nagawa ng pag-aaral ng nakalipas ay bumubuo ng isang napaka esensyal na bahagi sa mga materyal para sa interpretasyon” (Dana 1946, 237).

“Charles H. Spurgeon. . . ‘Ito ay tila kakaiba na ilang mga tao na nagsasalita ng labis sa kung ano ang ipinipahayag ng Banal Espiritu sa kanila ay dapat na mag-isip ng napakaliit sa kung ano ang ipinapahayag Niya sa iba” (Henricksen 1973, 41).

“Ang pagdiin sa pangunguna ng unang kamay na pag-aaral ay hindi nangangahulugang na ang eksamenasyon ng mga komentaryon ay hindi nirerekomenda. Sa kabilang dako. kapag ginawa sa tamang lugar, kinikilala na ito ay isang hindi mawawalang hakbang sa isa metodikal na paglapit. Si Spurgeon ay tamang-tama sa pagsasabi na ‘dalawang magkasaliwang mga kamalian ay dumagsa sa estudyante ng Kasulatan: ang pagkahilig na kunin ang bawat ikalawang kamay ng materyales mula sa iba, at ang pagtanggig na kunin ang anomang bagay mula sa iba” (Traina 1985, 9).

Para doon sa walang mga komentaryo o pananaliksik na kasangkapan na nakalaan sa kanilang wika, posible na magawa ang hakbang na ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng kaparehong biblikal aklat kasama ng hinog na mga Kristyano sa inyong lugar at pagkukumpara ng mga puna. Siguraduhing mag-aral kasama ng mga tao mula sa ibat-ibang mga perspektibo.

Maging maingat na pansinin ang mga teorya ng mga komentarista patungkol sa historikal na tagpuan laban sa kanilang dokumentasyon ng historikal na mga kalagayan, alinamang mula sa Bibliya mismo o sa historikal na pinagmumulan. Kung ang isa ay hindi magiging maingat sa presuposision ng iba patungkol ang layunin at tagpuan ng may-akda ay makakaapekto sa kanyang interpretasyon. Isang magandang halimbawa nito ay inaasahang kinaligiran ng aklat ng Hebreo. Ang mga kabanata anim at sampu ay napakahirap. Madalas, ang interpretasyon ay iminumungkahi batay lamang sa dapat na historikal na mga kalagayan o denominasyonal na mga

tradisyon.

K. Suriin ang Mahahalagang mga Kahilerang mga Sipi

Pansinin ang konsentrikong mga bilog (kahanay na mga sipi) ng nagpapakahulugang kahalagahan. Isa sa matinding mga panganib sa interpretasyon ay ang pagpapahintulot sa ibang mga bahagi ng Bibliya na madetermina kung ang partikular na kahulugan ng tekstong, ngunit gayundin, sa kaparehong pagkakataon, ito ang isa sa ating dakilang katulong. Kailangan lamang ay sa tamang panahon. Sa anung punto ka tumitingin sa mas malawak na sakop ng biblikal na katotohanan? Mayroong di-pagkakaunawaan sa puntong ito (Ferguson 1937, 101), ngunit para sa akin ang punto ng pokus ay dapat na una sa orihinal na may-akda at ang kontekstwal na aklat na iyong pinag-aaralan. Ang Diyos ay kinasihan ang biblikal na mga may-akda upang sabihin ang isang bagay sa kanyang panahon. Dapat nating unang maunawaan ang mensaheng ito ng lubusan bago natin maiuugnay sa ibang mga sipi ng Bibliya na alam natin. Kung hindi, magsisimula tayong magbabasa ng ating paborito, pamilyar at denominasyonal na mga pananaw sa bawat sipi. Pinahihintulutan natin ang ating personal na sistematikong teolohiya o denominasyonal na pagkiling na durugin at palitan ang kinasihang mga tekstong! Ang mga tekstong ay may pagkauna! Ang mga konsentrikong mga bilog na ito, sa aking pagtawag sa kanila, ay gumagalaw mula sa partikular na sipi tungo sa kabuuang Bibliya, ngunit tanging sa may grado, at minarkahang mga hakbang

1. Maging maingat na obserbahan ang lohikal at pampanitikang posisyon ng iyong sipi sa loob ng biblikal aklat. Ang pag-aaral sa kabuuang biblikal aklat ay krusyal. Dapat nating makita ang kabuuan bago ang mga kahalagahan ng mga bahagi na halata. Dapat nating hayaan ang may-akda na magsalita sa kanyang tagpuan at para sa kanyang layunin. Huwag kailanman na lumagpas sa partikular na sipi at sa kagyat na konteksto nito hanggang sa pinahintulutan mo itong magsalita ayon sa kanyang sariling puwersa. Sa kadalasan nais nating masagot ang lahat ng problema bago nating siniseryoso kung ano ang sinabi ng isang partikular na kinasihang biblikal may-akda. Madalas nating pinoprotektahan ang ating mga teolohikal na mga pagkiling!
2. Kapag naramdaman natin na tayo ay nakipagbuno sa tekstong ng sapat upang maunawaan ang pangunahing mensahe, magkagayon tayo ay tutungo na sa kasunod na lohikal na hakbang, na kapareho ng may-akda sa kanyang ibang mga kasulatan. Ito ay higit na makakatulong sa kambal na mga kasulatan, gaya ng Ezra at Nehemias; Marcos at I at II Pedro; Lucas at Gawa; Juan at I Juan; Colosas at Efeso; Galacia at Roma.
3. Ang kasunod na konsentrikong bilog ay may kinalaman sa magkakaibang mga manunulat, ngunit yaong mga nagsulat ng kaparehong historikal na tagpuan, gaya ng Amos at Hosea o Isaias at Micah, o Haggai at Zacarias. Ang konsentrikong bilog na ito ay maari ring magugnay sa kaparehong tipo ng pampanitikang dyanra sa magkaparehong paksa. Isang halimbawa ay ang pagdudugtong ng Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21 nang Daniel, Zacarias, at ang aklat ng Pahayag. Lahat ng mga ito, bagamat isinulat ng magkakaibang mga may-akda, ay nauugnay sa huling-panahon at isinulat sa isang apokaliptikong dyanra. Ang bilog na ito madalas kinilala bilang “biblikal na teolohiya.” Ito ay isang pagtatangka na pahintulutan ang isang partikular na mga seksyon ng Kasulatan na maugnay sa bawat isa sa kontroladong batayan. Kung ang eksigesis ay isang kagat sa empanada, ang biblikal teolohiya ay ang piraso nito. Kung ang eksigesis ay isang solo, magkagayon ang biblikal teolohiya ay isang grupo. Tayo ay naghahanap ng kalakaran, mga tema, mga paksa, mga katangi-tanging mga salita, mga parirala, o estruktura ng isang ibinigay na periyod, pampanitikang dyanra, paksa, o may-akda.

4. Dahil lahat ng sa Bibliya ay kinasihan (II Timoteo 3:16) at dahil ang ating pangunahing presuposiyon ay hindi dapat ito sumasalungat sa kanyang sarili (analohiya ng Kasulatan), magkagayon dapat nating pahintulutan ang Bibliya na lubusang magpaliwanag sa kanyang sarili sa isang partikular na paksa. Kung ang eksigesis ay ang kagat at ang biblikal teolohiya ay ang piraso, magkagayon ang sistematikong doktrina ay ang buong pie. Kung eksigesis ay solo at biblikal teolohiya ay isang grupo, magkagayon ang sistematikong doktrina ay ang buong koro. Maging maingat, huwag kailanman na subukang sabihin na, “ang sinasabi ng Bibliya. . .” hanggat iyong maingat na nalagpasan ang konsentrikong bilog ng interpretasyon.

L. Ang Silanganing mga tao ay ipinapakita ang katotohanan sa puno-ng-tensyon na mga pares. Ang Bibliya ay madalas nagbibigay ng katotohanan sa dyalektikal na mga pares. Kung tayo ay magmimintis sa pagbabalanse ng katotohanan (kabalintunaan) ating napipilit ang sumasaklaw na biblikal na mensahe. Ang di-balanseng presentasyon ng katotohanan ang siyang kinakikitaan ng makabagong mga denominasyon. Dapat nating pahintulutan ang mga biblikal may-akda na magsalita, nguni gayundin ang Bibliya bilang ang kabuuan (ibang mga kinasihang mga may-akda). Sa puntong ito ng yugot ng interpretasyon isang nauugnay na mga kahilerang sipi, alinmang nagkokompirma, nagbabago, o tila sumasalungat, ay labis na makakatulong. Ito ay dapat na mariing isaad na ito ay nakasisira gaya ng pagdaragdag sa mensahe ng Bibliya na gaya ng pag-aalis mula dito. Ang mga katotohanan ng Bibliya ay ipinapakita na malinaw, simpleng mga pananalita, ngunit ang relasyon sa pagitan ng mga malinaw na pananalitang ito ay madalas na tila kasangkot. Ang nakararangal na kaluwalhatian ng interpretasyon ay ang malaking larawan, ang balanseng katotohanan.

I. Sistematikong Teolohiya

Paanong ang isa ay makakapagpresenta ng isang doktrina ng sistematiko? Ito ay kapareho sa biblikal teolohiya na ating pinahihintulutan ang mga konsepto, mga tema, at mga salita ba gumabay sa atin

1. ibang kaugnay na mga sipi (sang-ayon at di-sang-ayon)
2. ang nagpapaliwanag na katuruang sipi sa paksang yaon
3. ibang mga elemento ng kaparehong katotohanan
4. ang pagpapalitan ng dalawang mga Testamento

Ang Bibliya ay nagsasalita ng totoo, ngunit hindi laging kompleto sa isang ibinigay na konteksto sa isang ibinigay na paksa. Dapat tayong maghanap ng pinakamalinaw na biblikal na presentasyon ng isang ibinigay na katotohanan katotohanan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paggamit ng ilang mga pananaliksik na mga kagamitan. Muli, dapat mong subukan na magtrabo muna na may pinakakaunting mga tulong sa pagpapakahulugan. Isang kompletong concordance ng Bibliya ay maaring malaking tulong. Ito ay makakatulong sau na mahanap ang mga kahilera ng mga salita. Madalas ito ang lahat ng ating kinakailangang upang madiskubre ang kaisipan at mga kahilerai. Ang concordance ay magpapakita sa atin ng magkakaibang biblikal na mga termino na isinalin sa Inglis. Ang Concordances ay makukuga na sa King James Version, ang New American Standard Bible, at ang Bagong New International Version. Dapat tayong maging sigurado na tayo ay hindi nalilito sa mga Inglis na salita sa Hebreo o Griyegong mga kasingkahulugan. Isang mabuting concordance ay maglilista ng magkaibang orihinal na mga salita at ang lugar ng kanilang mga paglitaw. Ang mga konsentrikong bilog (mga kahilerang mga sipi) ay muling sa kahalagahan dito. Ang pagkakasunod-sunod ng priyoridad ay ang

1. ang kagyat na konteksto ng pampanitikang yunit
2. ang mas malaking konteksto ng buong aklat aklat
3. ang kaparehong may-akda
4. ang kaparehong periyod, pampanitikang dyanra, o Testamento
5. ang kabuuang Bibliya

Sistematikong teolohiyang mga aklat ay pagtatangka na hatiin ang Kristyanong katotohanan tungo sa mga kategorya at pagkatapos ay hanapin ang lahat ng mga reperensiya sa paksang yaon. Madalas sila ay idinugtong ang mga ito ng magkasama sa napakadenominasyonal na mga paraan. Ang sistematikong mga teokohiya ang pinakakiling sa lahat ng mga reperensiyang mga aklat. Huwag kailanman na kumosulta ng isa. Laging gumamit yaong mula sa ibang mga teolohikal na mga perspektibo upang mapuwera ang iyong sarili na muling mag-isip sa kung ano ang iyong pinaniniwalaan, bakit ka naniniwala nito, at saan mo ito mapapatunayan mula sa Kasulatan.

J. Paggamit ng mga Kahilerang mga Sipi

Kung mayroong lamang ilang mga reperensiya para sa salita na iyong pinag-aarala, basahin ang lahat ng ito at gayundin ang kabuuang talataan kung saan sila ay lumitaw. Kung mayroong napakaraming mga reperensiya, na tumutukoy sa konsentrikong mga bilog muli sa pamamagitan ng pagbabasa na lumitaw sa kagyat na konteksto ng pampanitikang yunit at ang mas malaking konteksto ng kabuuang aklat at pumili ng ilan upang basahin sa ibang mga biblikal aklat sa pamamagitan ng kaparehong may-akda, o ang kaparehong periyod, pampanitikang dyanra, Testamento, o ang kabuuang Bibliya. Maging maingat sapagkat madalas ang kaparehong salita ay ginamit sa magkaibang mga pakahulugan sa magkaibang konteksto. Maging sigurado na panatiliin ang biblikal mga teksto na magkahiwalay. Huwag kailanman na pahintulutan ang paghahalo ng mga teksto mula sa lahat ng mga dyanra sa Bibliya ng walang maingat na pagsusuri sa konteksto ng bawat isa! Sa halip ay subukang hanapin ang kahilerang mga katotohanan (sang-ayon at d-sang-ayon). Ilang mga halimbawa nito ay ang sumusunod.

1. Ang paggamit ng terminong “kalangitan” sa loob ng aklat ng Efeso. Sa una ito ay tila nangahulgan na “langit kapag tayo ay namatay,” ngunit kung ang lahat ng pagkakagamit ay ikukumpara, ito ay nangahulugan na “ang espiritwal na kaharian na sabay na umiiral sa atin ngayon” (Efeso 1:3,20; 2:6; 3:10; 6:12).
2. Ang parirala na “pagpupuspos ng Espiritu” ay ginamit sa Efeso 5:18. Ito ay naging pokus ng matinding kontrobersiya. Ang aklat ng Colosas ay tumulong sa atin ng eksaktong kahilera. Ang Colosas na kahanay ay may “hayaan ninyong ang isipan ni Kristo ay manahan sa inyo ng sagana” (Colosas 3:16).

Ang kasunod na pinagkukunan ng tulong sa paghahanap ng mga makahulugang mga tipong ito ng mga kahilera ay ang isang magandang reperensiyang Study Bible. Gaya ng lahat ng mga mabubuting bagay, ang pagprapraktis ay nakakaperpekto. Habang ikaw ay nagprapraktis ng mga pamamaraan na ito sila ay mas nagiging mas madali. Ito rin ay totoo sa pananaliksik na mga kasangkapan.

Sa puntong ito nais kong ibahagi sa inyo ang isang praktikal na paraan sa paggamit ng isang tipo ng pananaliksik na kasangkapan na karamihan ng mga mananampalataya ay hindi kailanman ginagamit—ang sistematikong teolohiyang mga aklat. Ang mga aklat na ito ay madalas na ektensibong nilagyan ng indise sa pamamagitan ng kapwa teksto at paksa. Suriin ang indese para sa iyong teksto. Isulat ang mga pahina. Pansinin kung anong “teolohikal na kategorya” sila nakasama. Tignan ang pahina at hanapin ang iyong teksto. Basahin ang talataan; kung ito ay makakatulong at makakapag-udyok ng pag-iisip basahin ang pahina (ang buong seksyon).

Tuklasin kung paano ang iyong konteksto ay tumutugma sa kabuuang Kristyanong teolohiya. Ito ay marahil ang tanging teksto sa topik na ito o isa sa ilan. Ito ay maaring isang diyalektikal na kabalintunaan tungo sa isang doktrina. Ang mga aklat na ito ay isang dakilang tulong sa pagtingin ng isang malaking larawan kapag sila ay ginamit ng kritikal at kaayon sa ilang mga may-akda, mga denominasyon, ang sistematikong mga teolohiya! Isang kompletong listahan ng mga mas maiinam ay matatagpuan sa konklusyon ng mga aklat-aralin (IX 105). Ang mga aklat ay hindi para sa magagaan, debosyonal na pagbabasa, ngunit sila ay labis na nakakatulong sa pagsusuri ng iyong pormulasyon ng malaking larawan. Isang puna ng pag-iingat ang dapat na ibigay dito. Ang mga aklat ay napaka nagpapakahulugan. Sa tuwing inilalagay natin ang ating teolohiya sa isang

estruktura ito ay nagiging makiling at presuposisyonal. Ito ay hindi maiiwasan. Samakatuwid, huwag kumonsulta sa iisang may-akda lamang, ngunit sa iilan (ito rin ay totoo sa mga komentaryo). Basahin ang sistematikong mga teolohiya mula sa mga may-akda na iyong hindi sinasang-ayunan o mula sa ibang mga denominasyonal na kinaligiran. Tignan ang kanilang mga ebidensya at pag-isipan ang kanilang lohiko. Ang paglago ay dumarating kasama ng pakikibaka. Puwersahin sila na ipakita sa iyo mula sa Bibliya kung ano ang kanilang sinasabi:

1. konteksto (kagyat at mas malawak)
2. palaugnayan (gramatikal estruktura)
3. etimolohiya at kasalukuyang pagkakagamit (salitang pag-aaral)
4. kahilerang mga sipi (konsentrikong mga bilog)
5. kasaysayan at kultura ng orihinal tagpuan

Ang Diyos ay nagsalita sa pamamagitan ng Israel, kay Hesus, at sa mga Apostoles, at sa isang mas mababang paraan, Siya ay patuloy na nagbibigay liwananag sa iglesya upang maunawaan ang mga Kasulatan (Silva 1987, 21). Ang nanampalatayang komunidad ay isang batay laban sa marahas, radikal na mga interpretasyon. Basahin ang mga pinagkaloobang mga lalake at babae ng nakalipas at kasalukuyan. Huwag maniwala ng lahat ng kanilang sinulat, ngunit makinig sa kanila sa pamamagitan ng iyong sariling ginabayan ng espiritu na pansala. Tayong lahat ay nakondisyong historikal.

III. Iminungkahi na Pagkakasunod-sunod para sa Paggamit ng Pananaliksik na mga Kasangkapan

Sa buong Aklat-aralin na ito ikaw ay napalakas ang loob na gumawa ng iyong sariling pag-aanalisa, ngunit darating ang punto na lagpas na wala sa atin ay makakarating ng personal. Hindi tayo maaring magiging dalubhasa sa lahat ng mga larangan. Dapat tayong maghanap ng may kakayahan, makadiyos, pinagkaloobang mga mananaliksik upang tumulong sa atin. Hindi ito nanangangahulugan na hindi natin sila pupunahin at ang kanilang mga nagawa. Napakaraming mga pananaliksik na kasangkapan ang nakalaan sa ngayon sa Inglis na wika at ang yaman ng mga kasangkapan na ito ay nakakamangha. Narito ang iminungkahing pagkakasunod-sunod. Pagkatapos mong magawa ang lahat ng mga panimulang mga obserbasyon ng sipi sa pamamagitan ng iyong sarili magkagayon ay dagdagan mo ang iyong impormasyon ng mga sumusunod (gumamit ng magkaibang mga kulay ng tinta para sa iyong mga puna at para doon na mula sa tulong ng bawat larangan).

- A. Magsimula sa historikal na kinaligiran ng
 1. mga panimula sa Bibliya
 2. mga artikulo sa Bibliya mga ensiklopediya, mga hanbuk, o diksyonaryo
 3. mga pambungad na kabanata ng mga komentaryo
- B. Gumamit ng ilang mga tipo ng mga komentaryo
 1. maiikling mga komentaryo
 2. teknikal na mga komentaryo
 3. debosyonal na mga komentaryo
- C. Gumamit ng pandagdag na dalubhasang reperensiyang mga materyal
 1. para sa salitang mga study bibles
 2. kultural na kinaligirang mga aklat
 3. heograpikal na naaangkop na mga aklat
 4. arkeolohiya na mga aklat
 5. apologetiko na mga aklat
- D. Sa kahulihan, subuking kunin ang malaking larawan. Tandaan na tayo ay nakakatanggap ng

katotohanan ng paunti-unti; huwag maghanap ng daang maikli sa iyong pag-aaral—huwag umasa ng dagliang mga resulta- manatili sa programa. Asahan ang tensyon at di-pagkakasundo sa interpretasyon. Tandaan na ang interpretasyon ay isang ginabayan ng Espiritu na tungkulin gayundin ito ay isang lohikal na proseso. Basahin ang Bibliya ng analitikal at ang pananaliksik na mga kasangkapan ng kritikal. Ang pagprapraktis ay nakakaperpekto. Magsimula ngayon. Gumawa ng isang pangako ng kahit tatlung minuto kada araw, maghanap ng tahimik na lugar at isantabi ang oras na yaon, pumili ng isang maliit na Bagong Tipan muna, pagsamahin ang ilang mga salin ng Bibliya at mga Study Bible, kumuha ng papel at lapis, magsimula.

MGA HALIMBAWANG KATEGORYA PARA SA PAGSULAT NG MGA PUNA

Ang unang mungkahi ay ang paggamit ng isang isinulat na work sheet o anyo. Ito ay makakatulong sa iyo na itala ang ilang mga tipo ng mga impormasyon habang iyong binabasa ang biblikal aklat. Kung gusto mong gawin ang iyong personal na punang obserbasyon sa isang kulay na tinta, magkagayon gumamit ng ibang kulay para sa kaisipan na mula sa magkaibang pananaliksik na mga kasangkapan. Ang sumusunod na worksheet ay pansamantala, ngunit ito ang mas nakakatulong sa akin. Maari kang maghubog ng sarili mong pagkakasunod-sunod at mga pamuhatan. Ang sumusunod na worksheet ay tila listahan ng mga kategorya ng impormasyon na maaring makakatulong sa interpretasyon. Kinakailangan mong mag-iwan ng mga puwang sa pagitan ng mga bagay sa iyong worksheet. Ang pinalibutang halimbawang anyo ay unang-una para sa mga topik at kanilang relasyon sa apat na siklo ng pagbabasa. Kasama sa pangwakas ng Aklat-araling ito ay ang isang halimbawa ng aklat ng Romans., mga kabanata 1-3 (pampanitikan yunit) at ang aklat ng Tito (buod ng aklat).

PAGSULAT NG MGA PUNA

I. Pagbabasang mga Siklo

A. Unang pagbabasa

1. Ang sumasaklaw na tema o layunin ng buong aklat ay: (maikling paglalarawan)
2. Ang temang ito ay inihalimbawa sa (pumili ng isa)
 - a. Talata
 - b. Talataan
 - c. kabanata
3. The tipo of pampanitikan dyanra is

B. Ikalawang pagbabasa

1. Ang pangunahing pampanitikan mga yunit o nilalamang mga pagbabahagi ay mga
 - a.
 - b.
 - c.Atb.
2. Buodin ang paksa (sa isang paturol na pangungusap) ng bawat pangunahing pagbabahagi at punahin ang kanilang relasyon sa bawat isa (kronolohikal, teolohikal, atbpa.)
3. Ilista ang mga lugar na iyong sinuri, suriin ang iyong balangkas

C. Ikatlong pagbabasa

4. Panloob na impormasyon patungkol sa historikal na tagpuan (ibigay ang kabanata at talata)
 - a. May-akda ng aklat (1)
(2)
(3)
 - b. Petsa ng pagsusulat o petsa ng pangyayari
(1)
(2)
(3)
 - c. Tagatanggap ng aklat (1)
(2)
(3)
 - d. Pagkakataon ng pagsusulat
5. Punan ang iyong gumaganang nilalamang balangkas sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga talataang pagbabahagi. Ikumpara ang mga salin mula sa magkaibang saling teoryang mga grupo, lalo na mula sa literal at idyomatiko (dinamikong katumbas). Pagkatapos isulat ang iyong sariling balangkas.
6. Buodin ang bawat talataan sa paturol na pangungusap.
7. Ilista possible Paglalapat points with each major division and/or talataans.

C. Ikaapat na pagbabasa

1. Ilista ang mga mahalaga kahilerang mga sipi (kapwa positibo at negatibo). Obserbahan ang mga konsentrikong bilog ng kahalagahan.
 - a. Kaparehong aklat o pampanitikang mga yunit
 - b. Kaparehomay-akda
 - c. Kapareho periyod, paksa o pampanitikang dyanra
 - d. Kapareho Testamento
 - e. Buong Bibliya
2. Suriin ang sistematikong teolohiyang mga aklat.
3. Maghubog ng dalubhasaang mga listahan upang mabatid ang estruktura.
 - a. Ilista ang pangunahin at minor na mga karakter.
 - b. Ilista ang susing mga termino (teolohikal, pabalik-balik o di-normal na mga termino).
 - c. Ilista ang pangunahing mga pangyayari.
 - d. Ilista ang heograpikal na paggalaw.
4. Gumawa ng puna para sa napakahirap na mga sipi.
 - a. Tekstwal na mga problema
(1) mula sa marhin ng iyong Ingles na Bibliya

(2) mula sa pagkukumpara sa Ingles na mga salin

- b. Historikal na mga problema at pagkakatangi
- c. Teolohikal na mga problema ng pagkakatangi
- d. Yaong mga talata na nagdudulot sa iyo ng kalituhan

D. Aplikasyon ng mga katotohanan

- 1. Isulat ang iyong detalyadong balangkas sa kaliwang bahagi ng isang papel.
- 2. Sa kanang bahagi isulat (sa lapis) ang posibleng aplikasyon ng mga katotohanan para sa pangunahing pampanitikang mga yunit at/o ang mga talataan.

E. Paggamit ng Pananaliksik na mga Kasangkapan

- 1. Basahin ang pananaliksik na mga kasangkapan sa nararapat na pagkakasunod-sunod. Gumawa ng mga puna sa isang “work sheet.” Tignan ang mga
 - a. punto ng pagsasang-ayon
 - b. punto ng pagkakasalungat
 - c. mga panibagong kaisipan at mga aplikasyon
 - d. itala ang posibleng mga interpretasyon sa napakahirap na mga pasahe
- 2. Maganalisa mula sa pananaliksik na mga kasangkapan at maghubog ng isang pangwakas na detalyadong balangkas kasama ng mga aplikasyong punto. Ang punong balangkas na ito ay dapat na makatulong sa iyo upang mabatid ang orihinal na estruktura at layunin ng may-akda.
 - a. Huwag gawing pangunahin ang hindi pangunahin.
 - b. Huwag kalimutan ang konteksto.
 - c. Huwag magbasa sa teksto ng higit, o kulang, kaysa sa ninanais ng orihinal na may-akda.
 - d. Ang aplikasyong mga punto ay dapat na magawa sa tatlong antas:
 - (1) tema ng buong aklat—first pagbabasa
 - (2) pangunahing pampanitikang mga yunit—ikalawang pagbabasa
 - (3) mga talataan—ikatlong pagbabasa
 - e. Pahintulutan ang kahilerang mga sipi na makompirma at malinawan ang iyong interpretasyon bilang ang huling hakbang. Ito ay nagpapahintulot sa Bibliya na iinterpret ang kanyang sarili. Gayunpaman, ang paggawa nito ng huli ay nagsasanggalang sa atin mula sa pagpapahintulot ng ating pangkalahatang sistematikong teolohikal na pagkakaunawa sa Bibliya mula sa nagpapatahimik, nagbabalewala, o nagpapalikong mahihirap na mga sipi.

F. Teolohikal na Kaunawaan

- 1. Gumamit ng sistematikong teolohiyang mga aklat upang maunawaan ang iyong teksto na nauugnay sa mga pangunahing katotohanan ng Bibliya.
- 2. Ilarawan sa iyong sariling mga salita ang mga pangunahing katotohanan ng iyong sipi. Ang iyong sermon o pagtuturo ay dapat nagpapakita ng katotohanang ito!

II. Eksedyitikal na mga Pamamaraan

- A. Ang Teksto (pinakamababa ang isa sa talataan sa Ingles)

1. Pagtibayin ang orihinal na teksto (punahin ang anumang manuskritong mga baryante)
2. Mga saling opsyon
 - a. Salita para sa salita (KJV, ASV, NASB, RSV, NRSV)
 - b. Dinamikong mga katumbas (NIV, NEB, Jerusalem Bible, Williams, TEV)
 - c. Ibang sinaunang mga salin (LXX, Vulgate, Peshitta, etc.)
 - d. Walang pagpapakahulugan sa ibang pangungusap na mga salin (i.e., mga komentaryo) sa yugto na ito.
3. Suriin ang anumang mahalagang mga baryante sa mga salin at bakit may
 - a. Griyegong manuskritong mga problema
 - b. mga mahihirpa na salita
 - c. Natatanging konstruksyon
 - d. Teolohikal na mga katotohanan

B. Eksedyitikal na mga bagay na dapat sinuri

1. Pansinin ang kagyat na kontekstwal na yunit (paanong ang iyong talataan nauugnay sa pampanitikang yunit at paano ito nauugnay sa nakapaligid na mga talataan)
2. Pansinin ang posibleng estruktural na mga elemento
 - a. Kahilerang mga estruktura
 - b. mga sipi/alusyon
 - c. mga talingha
 - d. mga ilustrasyon
 - e. mga tula/himno/awit
3. Pansinin ang mga gramitikal na mga elemento (palaugnayan)
 - a. PANDIWA O UKOL SA PANDIWA (PAMANAHON, BOSES, PANAGANO, BILANG, KASARIAN)
 - b. Espesyal na konstruksyon (KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP, mga pinagbabawal, atbap.)
 - c. salita o sugnay na pagkakasunod-sunod
4. Pansinin ang mga susing salit
 - a. Ibigay ang buong semantikal na larangan
 - b. Aling kahulugan ang nahahanay ng pinakamainam sa konteksto
 - c. Maging maingat sa itinakdang teolohikal na pagpapaliwanag
5. Pansinin ang mahalagang bibliikal na mga kahilera ng mga salita, mga topik o mga sipi
 - a. Kaparehong konteksto
 - b. Kaparehong aklat
 - c. Kaparehong may-akda
 - d. Kaparehong dyanra
 - e. Kaparehong periyod
 - f. Buong Bibliya

C. Historikal na Buod

1. Paanong ang partikular na okasyon ng pagsusulat ay nakaapekto sa katotohanang mga pananalita.

2. Paanong ang kultural na kapaligiran ay nakaapekto sa katotohanang mga pananalita.
3. Paanong ang mga tagatanggap ay nakaapekto sa katotohanang mga pananalita.

D. Teolohikal na Buod

1. Teolohikal na mga katotohanan
 - a. Isaad ng malinaw ang teolohikal na badya ng may-akda:
 - (1) Espesyal na terminolohiya
 - (2) Mahalagang sugnay o parirala
 - (3) Sentral na katotohanan ng mga pangungusap o mga talataan
 - b. Paano ito nauugnay sa paksa o katotohanan ng pampanitikan yunit?
 - c. Paano ito nauugnay sa paksa o katotohanan ng buong aklat?
 - d. Paano ito nauugnay sa paksa o katotohanan bilang ipinahayag sa Kasulatan?
2. Espesyal na mga punto ng interes
3. Personal na mga kaunawaan
4. Mga kaunawaan mula sa mga komentaryo

E. Mga Aplikasyon ng Katotohanan

1. Paglalapat ng mga katotohanan ng pampanitikang yunit
2. Paglalapat ng mga katotohanan ng mga talataang lebel
3. Paglalapat katotohanan ng teolohikal na mga elemento sa loob ng teksto

III. Mga pangunahing mga Pamamaraan para sa Akademikong Pag-aaral ng Salita ng NT

- A. Itatag ang pangunahing kahulugan at semantikong larangan
Gumamit ng *A Greek-English Lexicon* ni Bauer, Arndt, Gingrich, Danker
- B. Pagtibayin ang kasalukuyang pagkakagamit (Koine na Griyego)
 1. Gumamit ng *The Vocabulary of the Greek Testament* ni Moulton, Milligan para sa Ehiptong papirus
 2. Gamitin ang Septuagint at Redpath Concordance ng LXX para sa Palestinang Judaismo
- C. Pagtibayin ang semantikong sakop
Gumamit ng *Greek-English Lexicon of the New Testament* ni Louw, Nida o *Expoistory Dictionary of New Testament Words* ni Vine
- D. Pagtibayin ang Hebreong kinaligiran
Gumamit ng Strong Concordance na may kanyang numerong nakadugtong sa *Hebrew and English Lexicon of the Old Testament* ni Brown, Driver, Briggs; *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, inedit ni Van Gemneren (5 bolyum) o *Synonyms of the Old Testament* ni Girdlestone

- E. Pagtibayin ang gramatikal na anyo ng salita sa konteksto
Gumamit ng interlinear Greek-English New Testament at isang analitikal na leksikon *Analytical Greek New Testament* ni Timothy at Barbara Friberg
- F. Suriin ang kadalasang pagkakagamit ng dyanra, mga may-akda, paksa, atbap.
Gumamit ng isang concordance
- G. Suriin ang iyong pag-aaral sa
 - isang Bibliyang ensiklopedya – gumamit ng *Zondervan’s Pictorial Bible Encyclopedia* (5 bolyum) o *The International Bible Encyclopedia* (5 bolyum)
 - isang Bibliyang Diksiyonaryo – gumamit ng *Anchor Bible Dictionary* or *Interpreter’s Bible Dictionary*
 - isang teolohikal salitang-aklat – gumamit ng *The New International Dictionary of New Testament Theology* (3 bolyum) inedit ni Colin Brown, o *Theological Dictionary of the New Testament* (walang-putol) ni Bromiley
 - isang sistematikong teolohikal na aklat – gamitin ang *Systematic Theology* ni Berkhof; *A Theology of the New Testament* ni Ladd; *New Testament Theology* ni Stagg; o isang bilang ng iba pa
- H. Isulat ang buod ng mahalagang nagpapakahulugang mga resulta

IV. Isang Maikling Buod ng Hermenyutikal na mga Prinsipyo

- A. Laging munang magdasal. Ang Espiritu ay esensyal. Nais ng Diyos na iyong maunawaan.
- B. Pagtibayin ang Orihinal na Teksto
 1. Suriin ang mga puna sa marhin ng iyon Study Bible para sa Griyegong manuskritong mga baryante.
 2. Huwag magtayo ng isang doktrina sa isang pinag-uusapang teksto, magnahap ng isang malinaw na kahilerang sipi.
- C. Pagkakaunawa ng Teksto
 1. Basahin ang buong konteksto (pampanitikan konteksto ay krusyal). Suriin ang balangkas sa isang Study Bible o komentaryo upang madetermina ang pampanitikang yunit.
 2. Huwag kailanman na iinterpret ang kaunti sa isang talataan. Subukan na ibalangkas ang punong mga katotohanan sa mga talataan sa pampanitikang yunit. Sa ganitong paraan tayo ay makakasunod sa orihinal na mga kaisipan ng may-akda at ang kanilang pag-unlad.
 3. Basahin ang talataan sa ilang mga salin na gumagamit ng magkaibang mga teoryang salin.
 4. Kumonsulta lamang sa isang magandang mga komentaryo at ibang mga tulong sa pag-aaral ng Bibliya pagkatapos na iyong napag-aralan ang (tandaan ang Bibliya, ang Espiritu, at ikaw ang unang-una sa biblikal na interpretasyon).

- D. Pag-uunawa sa mga Salita
1. Ang NT na mga manunulat ay mga Hebreo na mangingisip, na sumusulat sa Koine (lansangan) na Griyego.
 2. Dapat nating mahanap ang pangkasalukuyang kahulugan at mga konotasyon, hindi makabagong Englisyon na mga paliwanag (tignan ang Septuagint at Ehoiting papirus).
 3. Ang mga salit ay may kahulugan lamang sa mga pangungusap. Ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa mga talataan. Ang mga talataan ay may kagulugan lamang sa pampanitikang mga yunit. Suriin ang semantikong larangan (i.e., ilang mga kahulugan ng mga salita).
- E. Gumamit ng Kahilerang mga Sipi
1. Ang Bibliya ang pinakamainam na nterpreter Bibliya. Ito ay may nag-iisang tanging may-akda, ang Banal na Espiritu.
 2. Maghanap ng pinakamalinaw na katuruan ng teksto sa katotohanan ng iyong talataan(reperensiyang Bibliya o concordance).
 3. Maghanap para sa kabalintunaang mga katotohanan (puno ng tensyong mga paris ng silanganing panitikan).
- F. Paglalapat
1. Hindi mo maaaplay ang Bibliya sa iyong panahon hanggat hindi mo maunawaan kung ano sinasabi ng kinasihang may-akda sa kanyang panahon (historikal na konteksto ay krusyal).
 2. Maging maingat sa personal na mga pagkiling, teolohikal na mga sistema, o mga adyenda. Hayaang ang Bibliya ang magsalita para sa kanyang sarili!
 3. Maging maingat na gawing prinsipyo ang bawat talata. Hindi lahat ng mga teksto ay may pangkalahatang kahalagahan. Hindi lahat ng mga teksto ay mailalapat sa makabagong mga indibidwal.
 4. Tumugon ng madalian sa bagong katotohanan o kaunawaan. Ang Bibliyang kaalaman ay para makapaggawa ng pang-araw-araw na pagiging wangis ni Kristo at paglilingkod sa kaharian.

ISANG PILING TALA NG MGA IMINUMUNGKAHING KASANGKAPAN SA PANANALIKSIK AYON SA KAURIAN

I. Ang Bibliya

- A. Pagkaunawa ng pamamaraan ng pagsasaling-wika.
 - 1. J. Beekman at J. Callow, *Translating the Word of God*
 - 2. Eugene Nida, *God's Word in Man's Language* (William Carey, N.D.)
 - 3. Sakae Kubo at Walter Specht, *So Many Versions* (Zondervan, 1983)
 - 4. F. F. Bruce, *The Book and the Parchments* (Revell, 1963)

- B. Kasaysayan ng Ingles ng Bibliya
 - 1. F. F. Bruce *The English Bible: A History of Translations From the Earliest Versions to the New English Bible* (Oxford, 1970)
 - 2. Ira Maurice Price, *The Ancestry of Our English Bible* (Harper, 1956)

II. Paano Gumawa ng Pananaliksik

- A. Walter J. Clark, *How To Use New Testament Greek Study Aids* (Loizeaux Brothers, 1983)
- B. F.W. Danker, *Multipurpose Tools for Bible Study* (Concordia, 1970)
- C. R.T. France, *A Bibliographic Guide to New Testament Research* (JSOT Press, 1979)
- D. D. W. Scholer, *A Basic Bibliographic Guide for New Testament Exegesis* (Eerdmans, 1973)

III. Hermenyutika

- A. James Braga, *How to Study the Bible* (Multnomah, 1982)
- B. Gordon Fee at Douglas Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth* (Zondervan, 1982)
- C. Richard Mayhue, *How to Interpret the Bible for Yourself* (Moody, 1986)
- D. J. Robertson McQuilkin, *Understanding and Applying the Bible* (Moody, 1983)
- E. A. Berkeley Mickelsen, *Interpreting the Bible* (Eerdmans, 1963)
- F. John MacArthur, Jr., *Rediscovering Expository Preaching* (Word, 1992)
- G. Bruce Corley, Steve Lemke, at Grant Lovejoy, *Biblical Hermeneutics* (Broadman & Holman, 1996)
- H. Robert Stein, *A Basic Guide to Interpreting the Bible*

IV. Mga Panimulang Pagpapakilala sa mga Aklat ng Bibliya

A. Lumang Tipan

1. R. K. Harrison, *Introduction to the Old Testament* (Eerdmans, 1969)
2. William Sanford LaSor, David Allen Hubbard at Frederic Wm. Bush, *Old Testament Survey* (Eerdmans, 1982)
3. Edward J. Young, *An Introduction to the Old Testament* (Eerdmans, 1949)
4. T. Arnold at Bryan E. Beyer, *Encountering the Old Testament* (Baker, 1998)
5. Peter C. Craigie, *The Old Testament: Its Background, Growth and Context* (Abingdon, 1990)

B. Bagong Tipan

1. Donald Guthrie, *New Testament Introduction* (IVP, 1970)
2. Bruce M. Metzger, *The New Testament: Its Background, Growth and Content* (Abingdon, 1965)
3. D. A. Carson, Douglas J. Moo, at Leon Morris, *An Introduction to the New Testament* (Zondervan 1992)
4. Walter A. Elwell at Robert W. Yarbrough, *Encountering the New Testament* (Baker 1998)
5. Robert H. Gundry, *A Survey of the New Testament* (Zondervan, 1994)

V. Mga Biblikal na Ensiklopedya at Talahuluganan (maraming tomo)

- A. M. Tenney, ed., *The Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia*, 5 tomo (Zondervan, 1976)
- B. G. A. Buttrick, ed., *The Interpreter's Dictionary of the Bible and Supplement*, 5 tomo (Abingdon, 1962-1977)
- C. Geoffrey W. Bromiley, ed., *The International Standard Bible Encyclopedia*, 5 tomo, rev. ed. (Eerdmans, 1979-1987)
- D. Joel B. Green, Scot McKnight at J. Howard Marshall editors, *Dictionary of Jesus and the Gospels* (IVP, 1992)
- E. Gerald F. Hawthorne, Ralph P. Martin at Daniel G. Reid editors, *Dictionary of Paul and His Letters* (IVP, 1993)
- F. David Noel Freedman, ed., *The Anchor Bible Dictionary*, 6 tomo (Doubleday, 1992)

VI. Mga Pulutong ng Komentaryo

A. Lumang Tipan

1. D. J. Wiseman, ed., *The Tyndale Old Testament Commentaries* (InterVarsity, 1970)
2. *A Study Guide Commentary Series* (Zondervan, 1977)
3. R. K. Harrison, ed., *The New International Commentary* (Eerdmans, 1976)
4. Frank E. Gaebelin, ed., *The Expositor's Bible Commentary* (Zondervan, 1958)
5. Bob Utley, www.freebiblecommentary.org

B. Bagong Tipan

1. R. V. G. Tasker, ed., *The Tyndale New Testament Commentaries* (Eerdmans, 1959)
2. *A Study Guide Commentary Series* (Zondervan, 1977)
3. Frank E. Gaebelin, *The Expositor's Bible Commentary* (Zondervan, 1958)
4. *The New International Commentary* (Eerdmans, 1976)
5. Bob Utley, www.freebiblecommentary.org

VII. Mga Pag-aaral ng Salita

A. Lumang Tipan

1. Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament* (Eerdmans, 1897)
2. Aaron Pick, *Dictionary of Old Testament Words* (Kregel, 1977)
3. R. Laird Harris, Gleason L. Archer, Jr. at Bruce K. Waltke, *Theological Wordbook of the Old Testament* (Moody, 1980)
4. William A. Van Gemeren, editor, *Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, 5 tomo (Zondervan, 1997)

B. Bagong Tipan

1. A. T. Robertson, *Word Pictures in the New Testament* (Broadman, 1930)
2. M. R. Vincent, *Word Studies in the New Testament* (MacDonald, 1888)
3. W. E. Vine, *Vine's Expository Dictionary of New Testament Words* (Revell, 1968)
4. William Barclay, *A New Testament Wordbook*, (SCM, 1955)
5. _____, *More New Testament Words* (Harper, 1958)
6. C. Brown, et. al., *The New Dictionary of New Testament Theology*, 5 tomo (Zondervan, 1975-1979)

C. Teolohiko

1. Alan Richardson, ed., *A Theological Word Book of the Bible* (MacMillan, 1950)
2. Everett F. Harrison, ed., *Baker's Dictionary of Theology* (Baker, 1975)

VIII. Pangkulturang kapaligiran

A. Mga kaugalian

1. Adolf Deissman, *Light From the Ancient East* (Baker, 1978)
2. Roland de Vaux, *Ancient Israel*, 2 tomo (McGraw-Hill, 1961)
3. James M. Freeman, *Manners and Customs of the Bible* (Logos, 1972)
4. Fred H. Wright, *Manners and Customs of Bible Lands* (Moody, 1953)
5. Jack Finegan, *Light From the Ancient Past*, 2 tomo (Princeton University Press, 1974)
6. Victor H. Matthews, *Manners and Customs in the Bible* (Hendrickson, 1988)

B. Mga Kasaysayan

1. John Bright, *A History of Israel* (Westminster, 1981)
2. D. J. Wiseman, ed., *Peoples of Old Testament Times* (Oxford, 1973)
3. P. R. Ackroyd at C. F. Evans, ed., *The Cambridge History of the Bible*, vol. 1 (Cambridge, 1970)

C. Bagong Tipan

1. Adolf Deissmann, *Light From the Ancient East* (Baker, 1978)
2. F. F. Bruce, *New Testament History* (Doubleday, 1969)
3. Edwin M. Yamauchi, *Harper's World of the New Testament* (Harper and Row, 1981)
4. Alfred Edersheim, *The Life and Times of Jesus the Messiah* (Eerdmans, 1971)
5. A. N. Sherwin-White, *Roman Society and Roman Law in the New Testament* (Oxford, 1963)
6. J. W. Shepard, *The Christ of the Gospels* (Eerdmans, 1939)

D. Arkeolohiya

1. Jack Finegan, *Light From the Ancient Past*, 2 tomo (Princeton University Press, 1946)
2. H. T. Vos, *Archaeology of Bible Lands* (Moody, 1977)
3. Edwin M. Yamauchi, *The Stones and the Scriptures* (Holman, 1972)
4. K. A. Kitchen, *Ancient Orient and the Old Testament* (InterVarsity Press, 1966)
5. John H. Walton, *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Context* (Zondervan, 1989)

E. Heograpiya

1. C. F. Pfeiffer at H. F. Vos, *The Wycliffe Historical Geography of Bible Lands* (Moody, 1967)
2. Barry J. Beitzel, *The Moody Atlas of Bible Lands* (Moody, 1985)
3. Thomas V. Brisco ed., *Holman Bible Atlas* (Broadman and Holman, 1998)

IX. Mga Teolohiya

A. Lumang Tipan

1. A. B. Davidson, *The Theology of the Old Testament* (Clark, 1904)
2. Edmond Jacob, *Theology of the Old Testament* (Harper & Row, 1958)
3. Walter C. Kaiser, *Toward an Old Testament Theology* (Zondervan, 1978)
4. Paul R. House, *Old Testament Theology* (IVP, 1998)

B. Bagong Tipan

1. Donald Guthrie, *New Testament Theology* (InterVarsity, 1981)
2. George Eldon Ladd, *A Theology of the New Testament* (Eerdmans, 1974)
3. Frank Stagg, *New Testament Theology* (Broadman, 1962)
4. Donald G. Bloesch, *Essentials of Evangelical Theology*, tomo 2 (Harper & Row, 1978)

C. Buong Bibliya

1. Geerhardus Vos, *Biblical Theology* (Eerdmans, 1948)
2. L. Berkhof, *Systematic Theology* (Eerdmans, 1939)
3. H. Orton Wiley, *Christian Theology* (Beacon Hill Press, 1940)
4. Millard J. Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed. (Baker, 1998)

D. Doktrina—pangkasaysayang pangpapaunlad

1. L. Berkhof, *The History of Christian Doctrines* (Baker, 1975)
2. Justo L. Gonzales, *A History of Christian Thought*, tomo 1 (Abingdon, 1970)

X. Apolohetika

A. Norman Geisler, *Christian Apologetics* (Baker, 1976)

B. Bernard Ramm, *Varieties of Christian Apologetics* (Baker, 1962)

C. J. B. Phillips, *Your God Is Too Small* (MacMillan, 1953)

D. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (MacMillan, 1978)

E. Colin Brown, ed., *History, Criticism and Faith* (InterVarsity, 1976)

F. F. Bruce, *Answers to Questions* (Zondervan, 1972)

G. Walter C. Kaiser Jr., Peter H. Davids, F. F. Bruce at Manfred T. Brauch, *Hard Sayings of the Bible* (IVP, 1996)

XI. Mga Kahirapan sa Bibliya

- A. F. F. Bruce, *Questions and Answers*
- B. Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties* (Zondervan, 1982)
- C. Norman Geisler at Thomas Howe, *When Critics Ask* (Victor, 1992)
- D. Walter C., Kaiser, Jr., Peter H. Davids, F. F. Bruce at Manfred F. Baruch, *Hard Sayings of the Bible* (IVP, 1996) and *More Hard Sayings of the Bible*

XII. Tekstwal na Kristisismo

- A. Bruce M. Metzger, *The Text of the New Testament, Its Transmission, Corruption and Restoration* (Oxford, 1964)
- B. J. Harold Greenlee, *Introduction to New Testament Textual Criticism* (Eerdmans, 1964)
- C. Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, (United Bible Societies.)

XIII. Mga Leksiko

- A. Old Testament (Hebrew)
 - 1. Francis Brown, S. R. Driver, at Charles A. Briggs, *Hebrew and English Lexicon*, (Clarendon Press, 1951)
 - 2. Bruce Einspahr, *Index to Brown, Driver and Briggs Hebrew Lexicon*
 - 3. Benjamin Davidson, *Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon* (MacDonald)
 - 4. Ludwig Koehler and Walter Baumgartner, *The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament*, 2 tomo
- B. Bagong Tipan (Griyego)
 - 1. Walter Bauer, William F. Arndt, F. Wilbur Gingrich at Frederick W. Danker, *A Greek-English Lexicon* (University of Chicago Press, 1979)
 - 2. Johannes P. Louw at Eugene A. Nida, eds., *Greek-English Lexicon*, 2 tomo (United Bible Societies, 1989)

3. James Hope Moulton at George Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament* (Eerdmans, 1974)
4. William D. Mounce, *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament* (Zondervan, 1993)

XIV. Mga magagamit na web site upang bumili ng nakalimbag, nagamit na, at bawas na halaga na mga aklat

- A. www.Christianbooks.com
- B. www.Half.com
- C. www.Overstock.com
- D. www.Alibris.com
- E. www.Amazon.com
- F. www.BakerBooksRetain.com
- G. www.ChristianUsedBooks.net

ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuon lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakang pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangangatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuon lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuon lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging

makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo, maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

I. Mga Pagpapalagay

- A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.
- B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.
- C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.
- D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
 1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
 2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
 3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
 4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
 5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
 6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
 7. mga kaagapay na pahayag/talata


Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng

labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:


II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan

- A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.
- B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.
- C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.
- D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.
- E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang “tugon ng mambabasa” o reader response (pagpakahulugang “ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto”).

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:



Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinalakay ang mga bukod-tanging pamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa, hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
 - a. tagpuang pangkasaysayan
 - b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
 - a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
 - b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
 - c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
 - a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
 - b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

- A. Ang unang tapusang ng pagbasa
 1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa

- ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
- a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
 - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
 - c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
 3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
 4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
 - a. Lumang Tipan
 - (1) salaysay na Hebreo
 - (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
 - (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
 - (4) Mga pamkautusan na koda
 - b. Bagong Tipan
 - (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
 - (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
 - (3) Mga liham/epistulo
 - (4) panitikang Apokaliptiko
- B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
 2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
 3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.
- C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
 2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
 - a. ang may-akda
 - b. ang petsa
 - c. ang mga tagatanggap
 - d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
 - e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
 - f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
 3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
 4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

- D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
 - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
 - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
 - c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
 2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
 - a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
 - b. mga inuulit na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
 - c. magkakatambis na mga konsepto
 3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
 - a. mga mahahalagang salita
 - b. mga di-karaniwang salita
 - c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
 - d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
 4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
 - a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
 - (1) mga aklat ng “sistematikong teolohiya”
 - (2) mga sangguniang Bibliya
 - (3) mga pagkakatugma
 - b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay iniharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
 - c. Hanapin ang mga magkakanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
 5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
 - a. mga pag-aaral ng Bibliya
 - b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
 - c. mga paunang salita ng Bibliya
 - d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang “pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon.”

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang

panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng “kaya winika ng Diyos,” ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, “ating” mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklis ay nakatulong sa akin:

- A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
- B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
- C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
- D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
- E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

- A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

“Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan. Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng

- karaniwang tao sa bawat kultura.”
- B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. “Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarân, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos.”

- C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19:
- “Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat.”

VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

- A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang “tapusang pagbasa #3” ay tsekin itong impormasyon.
- B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.
- C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS4)
 2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
 3. The New King James Version (NKJV)
 4. The New Revised Standard Version (NRSV)
 5. Today’s English Version (TEV)
 6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na “ang paksang pangungusap” o “ang pangunahing ideya ng teksto.” Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

- D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa

- pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
1. pampanitikang konteksto
 2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
 3. impormasyong panggramatika
 4. mga pag-aaral ng salita
 5. mga kaugnay na talatang magkakanayan
- E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng “Textus Receptus.”
 2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
 3. Ang Today’s English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
 4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasalang Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.
- F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasalang Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
 2. mga pamalit na kahulugan ng salita
 3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
 4. mga tekstong iba’t iba ang pakahulugan
- Gayong ang mga pagsasalang Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.
- G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

MAIKLING MGA PAKAHULUGAN NG HEBREONG ANYO NG PANDIWA MAY EPEKTO SA EXEGESIS O PAG-IINTINDI SA TEKSO

I. Maikling Makasaysayang Pag-unlad ng Hebreo

Ang Hebreo ay bahagi ng Shemitic (Semitic) na pamilya ng timog-kanluran na wika ng Asya. Ang pangalan (ibinigay ng mga makabagong iskolars) ay nagmula sa anak ni Noah, si Shem (cf. Genesis 5:32; 6:10). Ang mga angkan ni Shem ay nakalista sa Genesis 10:21-31 bilang Arabs, Hebreo, Syrians, Arameans, at Assyrians. Sa realidad, ilang mga Semitic na mga wika ang ginamit ng mga bansa na inilista sa lahi ni Ham (cf. Genesis 10:6-14), Canaan, Phoenicia, at Ethiopia.

Ang Hebreo ay bahagi ng hilaga-kanlurang grupo ng mga Semitic na mga wika. Ang mga modernong mga iskolars ay mayroong mga sampol ng sinaunang wikang grupong ito mula sa:

- A. Amorite (*Mari Tablets* mula sa 18th siglo B.C. in Akkadian)
- B. Canaanite (*Ras Shamra Tablets* mula sa 15th siglo B.C. sa Ugaritic)
- C. Canaanite (*Amarna Letters* mula sa 14th siglo B.C. sa Canaanite Akkadian)
- D. Phoenician (Hebreo ay gumagamit ng Phoenician alpabeto)
- E. Moabite (Mesha na bato, 840 B.C.)
- F. Aramaic (opisyal na wika ng Persian Empire ginamit sa Genesis 31:47 [2 mga salita]; Jeremias 10:11; Daniel 2:4b-6; 7:28; Ezra 4:8-6:18; 7:12-26 at sinalita ng mga Hudyo sa unang siglo A.D. sa Palestina)

Ang Hebreong wika at tinawag na “ang labi ng Canaan” sa Isaias 19:18. Ito ay unang tinawag na “Hebreo” sa paunang salita ni Ecclesiasticus (Wisdom ng Ben Sirach) noong 180 B.C. (at ilang ibang naunang mga lugar, cf. *Anchor Bible Dictionary*, vol. 4, pp. 205ff). Ito ay higit na malapit sa Moabite at ang wikang ginamit sa Ugarit. Mga halimbawa ng sinaunang Hebreo na natagpuan sa labas ng Bible ay

1. ang Gezer na kalendaryo, 925 B.C. (isang kasulatan ng batang mag-aaral)
2. Ang Siloam Inscription, 705 B.C. (mga kasulatan sa)
3. Samaritan Ostraca, 770 B.C. (mga tala ng buwis sa basag na palayok)
4. Lachish na mga sulat, 587 B.C. (mga pandigmaang komunikasyon)
5. Maccabean mga barya at selyo
6. Ilang mga teksto ng Dead Sea Scroll
7. Ilang mag bilang ng mga inskripsyon (cf. “Mga wika [Hebreo],” ABD 4:203ff)

Ito, ay gaya ng lahat ng Semitic na mga wika, ito ay kinakikitaan ng mga salita na binubuo ng tatlong mga katinig (tatluhan-katinig na ugat). Ito ay isang nababaluktot na lengguwahe. Ang tatlong-ugat na mga katinig ay nagdadala ng pangunahing mga kahulugan ng salita, habang unalpi, hulapi, o panloob na mga karagdagan ay nagpapakita ng sintaktikal na tungkulin (ang mga patinig ay idinagdag sa kalaunan, cf. Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebreo*, pp. 46-49).

Ang Hebreong bokabularyo ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng prosa at tula. Ang mga salitang kahulugan ay konektado sa pambayan na etimolohiya (hindi pangwika na mga pinagmulan). Ang mga salitang paglalaro at tunog na paglalaroo ay medyo karaniwan (*paronomasia*).

II. Mga Aspeto ng Predikasyon

A. MGA PANDIWA

Ang normal na inaasahang pagkakayos ng salita ay PANDIWA, PANGHALIP, SIMUNO

(may kasamang panuri), LAYON (may kasamang panuri). Ang pangunahing walang lambot na PANDIWA ay ang *Qal*, GANAP, PANLALAKE, PANG-ISAHAN na anyo. Ito ang paraan ng Hebreo at Aramaic na mga leksiko ay inayos. Ang mga PANDIWA ay binago ang tono upang ipakita

1. bilang—Pang-isahan, pangmaramihan, dalawahan
1. kasarian—Panlalake at pambabae (walang neutral)
2. panagano—indikatio, pasakali, pautos (sa pamamagitan ng analohiya sa modernong kanluraning mga wika, ang relasyon sa aksyon ng realidad)
3. pamanahon (aspekto)

- a. GANAP, na nagpapakita ng natapos, sa pakahulugan ng pasimula, nagpapatuloy, ay nagtatapos ng isang aksyon, Madalas ang anyong ito ay ginamit sa nakalipas na aksyon, ang isang bagay na nangyari. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagsasabi “Ang nag-iisang kabuuan ay inilarawan ng isang GANAP ay itinuturing ring tiyak. Ang DI-GANAP ay maaring maglarawan g isang estado bilang posible o ninais, o inaasahan, ngunit ang GANAP ay tinitigina ito bilang aktwal, tunay, a t tiyak” (p. 36).

S. R. Driver, *A Treatise on the Use of the Tenses in Hebrew*, ay inilarawan ito bilang: “Ang GANAP ay ginagamit upang tukuyin ang mga aksyon sa pagkakamit ng yaong mga nakalatag sa hinaharap, ngunit itinuturing bilang nakadepende sa di-nababagong detereminasyon ng kagustuhan na maaring sabihin na aktwal na nangyari na: kaya ang resolusyon, o kautusan, lalo na ang sa Isang Banal, ay madalas na inihayag sa GANAP na pamanahon” (p. 17, e.g., ang makapropetang GANAP).

Si Robert B. Chisholm, Jr. Mula sa *Exegesis to Exposition*, ipinaliwanag ang pandiwang ito sa ganitong paraan:

“... tinitignan ang sitwasyon mula sa labas, bilang kabuuan. Bilang ganyan ito ay nagpapahayag ng isang simpleng katotohanan, maging ito man ay isang aksyon o estado (kasama na ang estado ng pagkatao o isipan). Kapag ginamit bilang mga aksyon, madalas na tinitignan nito ang aksyon bilang kompleto mula sa retorikal na punto ng nagsasalita o nagsasalaysay (maging ito o ito ay hindi kompleto sa katotohanan o realidad ay hindi ang punto). Ang GANAP ay maaring tumukoy sa isang aksyon/estado ng nakalipas, pangkasalukutan o panghinaharap. Bilang pagpuna sa itaas, panahong saklaw, na nakakaimpluwesnya kung paano ang isa ay isinasalin ang GANAP patungo sa pamanahong-naaangkop na wika gaya ng Englis, ay dapat na madetermina mula sa konteksto” (p. 86).

- b. DI-GANAP, na nagpapakita ng isang aksyon na nasa progreso (di-kompleto, paulit-ulit, nagpapatuloy, o walang-katiyakan), madalas ay paggalaw tungo sa isang tunguhin. Madalas ang anyong ito ay ginamit sa Pangkasalukuyan at Panghinaharap na aksyon. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebreo Old Testament*, says “Lahat ng DI-GANAP ay kumakatawan sa di-kompletong mga estado. Sila ay alinmang paulit-ulit o nagbabago o walang katiyakan. Sa ibang salita, o bahaging nahubog, o bahagyang may katiyakan. Sa lahat ng mga kaso silay ay bahagya sa ilang pakahulugan, i.e., di-kompleto” (p. 55).

Si Robert B. Chisholm, Jr. *From Exegesis to Exposition*, ay nagsasabi na “Napakahirap na bawasan ang esensya ng DI-GANAP tungo sa nag-iisang

konsepto, dahil ito ay pumapalibot sa parehong aspeto at moda. Minsan ang DI-GANAP ay ginamit sa indikatibong pamamaraan at ginagawa ang obehektibong pananalita. Sa ibang pagkakataon ito ay tumitingin sa aksyon ng mas higit na subyektibeismo, bilang nagpapalagay, walang katiyakanm posible at higit pa” (p. 89).

- c. Ang idinagdag na *waw*, na nagdurugtong sa PANDIWA sa aksyon ng naunang mga PANDIWA(s).
 - d. PAUTOS, na nakabatay sa bolisyon ng nagsasalita at potensyal na aksyon ng tagapakinig.
 - e. Sa sinaunang Hebreo tangin ang mas malaking konteksto ang makakadeterminoina ng pangmaykada-na intensyong panahon ng mga oryentasyon.
- B. Ang pitong pangunahong binagong tono na mga anyo at kanilang pangunahing mga kahulogan. Sa realidad ang mga anyo na ito ay gumagawa ng magkaugnay sa bawat isa sa konteksto at dapat na hindi ihiwalay.
1. *Qal (Kal)*, ang pinaka-karaniwan at pangunahin sa lahat ng mga anyo. Ito ay nagpapakita ng simpleng aksyon o estado ng kalagayan. Walang dahilan o espisipikasyon ang ipinahiwatig.
 2. *Niphal*, ang ikalawang pinaka-karaniwang anyo. Ito ay madalas BALINTIYAK, ngunit ang anyong ito ay gumaganap rin bilang katugon at pasarili. Ito rin ay walang pandahilanan o espisipikasyon na ipinahiwatig.
 3. *Piel*, ang anyong ito ay aktibo at nagpapahayag ng pagdadala patungkol sa isang aksyon tungo sa estado ng kalagayan. Ang pangunahing kahulugan ng *Qal* na tangkay ay nahubog o pinahaba tungo sa estado ng kalagayan.
 4. *Pual*, ito ang BALINTIYAK na katapat ng *Piel*. Ito ay madalas na ipinahayag ng isang PANDIWARI.
 5. *Hithpael*, na isang panarili o katugon na tangkay. Ito ay nagpapahayag ng umuulit o nagaganap na aksyon sa *Piel* na tangkay. Ang madalang na BALINTIYAK anyo ay tinawag na *Hothpael*.
 6. *Hiphil*, ang aktibong anyo ng pandahilang tangkay na salungat sa *Piel*. Ito ay maaring may permisong aspeto, ngunit madalas ito ay tumutukoy sa sanhi ng isang pangyayari. Si Ernst Jenni, isang German Hebreong dalubhasa sa gramatika, ay naniniwala na ang *Piel* ay nagpapakita ng isang bagay na paparating tungo sa isang estado ng kalagayan, habang ang *Hiphil* ay nagpakita kung paano ito nangyari.
 7. *Hophal*, ang BALINTIYAK na katapat sa *Hiphil*. Ang huling dalawang mga tangkay na ito ay ang pinakamadalang na gamitin sa pitong mga tangkay.

Madami sa impormasyong ito ay nagmumula sa *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, ni Bruce K. Waltke at M. O'Connor, pp. 343-452.

Ang ahensya at pagsasagawang tsart. Isang susi sa pag-uunawa sa Hebreong PANDIWA sistema ay tignan ito bilang tularan ng TINIG na relasyon. Ilang mga tangkay ay kasalungat sa ibang mga tangkay sa ibang mga tangkay (i.e., *Qal - Niphal; Piel - Hiphil*)

Ang tsart sa ibaba ay nagsusubok na ipakita ang pangunahing tungkulin ng PANDIWA mga tangkay bilang ang pagsasagawa.

TINIG o SIMUNO	Walang Sekondaryang Ahensya	Isang Aktibong Sekondaryang Ahensya	Isang BALINTIYAK Sekondaryang Ahensya
AKTIBO	<i>Qal</i>	<i>Hiphil</i>	<i>Piel</i>
PANGGITNA BALINTIYAK	<i>Niphal</i>	<i>Hophal</i>	<i>Pual</i>
PANARILI/KATUGON	<i>Niphal</i>	<i>Hiphil</i>	<i>Hithpael</i>

Ang tsart na ito ay kinuha mula sa napakahusay na talakayan ng PANDIWANG sistema ayon sa bagong pananaliksik sa Akkadian (cf. Bruce K. Waltke, M. O'Connor, *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, pp.354-359).

R. H. Kennett, *A Short Account of the Hebrew Tenses*, ay naglaan ng kinakailangang babala. “Karaniwan kong natatagpuan sa katuruan, na ang pangunahing kahirapan ng mga mag-aaral sa Hebreong pandiwa ay masunggab ang kahulugan na nagpaparating sa mga isipan ng mga mismong sarili ng mga Hebreo; ibig sabihin, mayroong pagkahilig na itakda bilang mga katumbas sa bawat ng Hebreong Pamanahon ng ilang bilang ng Latin o Englis na mga anyo na kung saan ang isang partikular na Pamanahon na karaniwang isinalin. Ang resulta ay isang kabiguan na maunawaan ng marami sa mga mapipinong tabing ng kahulugan, na nagbibigay ng buhay at kalusugan sa wika ng Lumang Tipan.

Ang kahirapan sa paggamit ng Hebreong Pandiwa ay nakasalalay lamang sa puntong pananaw, kaya sukdulang magkaiba mula sa ating sarili, kung saan ang mga Hebreo ay itinuturing na isang aksyon; ang *panahon*, na sa atin ay unang konsiderasyon, na gaya ng pinakasalitang, ‘pamanahon’ na ipinapakita, na para sa kanila ay sekondaryang kahalagahan. Kaya ito, samakatuwid, ay esensyal na ang isang estudyante ay dapat na malinaw na mahawakan, hindi higit sa Latin o Englis na mga anyo na maaring ginamit sa pagsasalin ng bawat Hebreong Pamanahon, ngunit sa halip ay ang aspeto ng bawat aksyon, gaya ng pagpresinta nito sa sarili sa kaisipan ng mga Hebreo.

Ang pangalang ‘pamanahon’ habang ipinaparatang sa Hebreong Pandiwa ay nagpapaligaw. Ang tinatawag na Hebreong ‘pamanahon’ ay hindi nagpapahayag ng *panahon* ngunit parang *estado* ng isang aksyon. Kaya hindi kung hindi dahil sa kalituhan na maaring lumitaw sa paggamit ng termino ‘estado’ sa parehong mga pangalan at pandiwa, ‘ang mga estado’ ay mas higit na mainam na designasyon kaysa sa ‘pamanahon.’ Dapat na laging nananitili sa isipan na imposible na maisalin ang Hebreong Pandiwa tungo sa Englis ng walang ibinibigay na limitasyon (viz. ng oras) na lubusang wala sa Hebreo. Ang sinaunang mga Hebreos ay kailanman hindi nagisip ng isang aksyon bilang nakalipas, pangkasalukuyan, o panghinaharap, simple bilang isang GANAP, i.e., kompleto, o DI-GANAP, i.e., gaya ng sa pagtakbo ng pag-unlad. Kapag sinabi natin na isang tiyak Hebreong pamanahon umaayon sa isang GANAP, pluperfect, o Panghinaharap sa Englis, hindi natin ibig sabihin na ang mga Hebreos ay iniisip ito na GANAP, Pluperfect, o Panghinaharap, ngunit ito lamang ay dapat sa pagsalin sa English. Ang *panahon* ng isang aksyon ang mga Hebreo ay hindi tinangka na ipahayag sa anumang pangpandiwang anyo” (paunang salita at p. 1).

Para sa ikalawang mabuting babala, Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebrew*, ay nagpaalala sa atin, “Walang paraan upang malaman kung ang muling pagtatayo ng mga makabagong iskolar ng semantikong larangan at pakahulugang relasyon sa sinaunang mga patay na wika ay basta lamang isang repleksyon ng kanilang intuwisyon, o kanilang katutubong wika, o maging ang mga larangan na iyon ay umiral sa klasikal na Hebreo” (p. 128).

- C. Mga Panagano (na ang tanging analohiya ay kinuha mula sa modernong kanluraning mga wika)
1. Ito ay nangyari na, ay nangyayari (INDIKATIBO), madalas gumagamit ng GANAP na pamanahon o mga PANDIWARI (lahat ng mga PANDIWARI ay INDIKATIBO).
 2. Ito ay mangyayari, maaring mangyari (PANAKALI)
 - a. Gumagamit ng minarkahang DI-GANAP na pamanahon
 - (1) COHORTATIVE (dinagdagang h), unang panauhang DI-GANAP na anyo na normal na nagpapahayag ng isang nais, isang hiling, pagpapalakas sa sarili (i.e., mga kagustuhang mga aksyon ng tagapagsalita)
 - (2) JUSSIVE (panloob na mga pagbabago), ikatlong panauhang DI-GANAP (maaring ikalawang panauhan sa negatibong mga pangungusap) na normal na nagpapakita ng isang hiling, isang permiso, o pagpapaalala, o isang tagubilin
 - b. Gumagamit ng isang GANAP na pamanahon na may kasamang *lu* o *lule*
Ang mga konstruksyon na ito ay kapareho ng IKALAWANG KLASSE KONDISYONAL na mga pangungusap sa Koine Griyego. Isang huwad na pananalita (protasis) na nagreresulta sa huwad na konklusyon (apodosis).
 - c. Gumagamit ng isang DI-GANAP na pamanahon at *lu*
Ang konteksto at *lu*, gayundin ang panghinaharap na oryentasyon, ay minarkahan itong PANAKALI pagkakagamit. Ilang mga halimbawa mula kay J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament* ay mga Genesis 13:16; Deuteronio 1:12; I Hari. 13:8; Awit. 24:3; Isaias 1:18 (cf. pp. 76-77).
- D. *Waw* - Konbersibo/magkakasunod/pamanggit. Ang naiibang Hebreong ito (Canaanite) sintaktikal na katangian ay nagdulot ng matinding pagkalito ng maraming taon. Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga paraan madalas ay batay sa dyanra. Ang dahilan para sa pagkalito ay dahil ang mga naunang mga iskolars ay mga Europeo at sinubukang magbigay kahulugan ayon sa kanilang katutubong mga wika. Nang ito ay napatunayang mahirap sinisi nila ang problema sa Hebreo na “dapat” sinauna, lipas na wika. Ang mga Europeyong mga wika ay mga PAMANAHON (oras) na nakabatay na PANDIWA. Ilan sa mga uri at gramatikal na mga implikasyon ay tiniyak sa pamamagitan ng titik na WAW na idinagdag sa GANAP o DI-GANAP na mga PANDIWANG tangkay. Nabago nito ang paraan na ang aksyon ay tinignan.
1. Sa makasaysayang salaysay ang PANDIWA ay idinugtong ng magkasama sa isang tanikala na may pamantayang tularan.
 2. Ang waw na unlapi ay nagpakita ng isang partikular na relasyon sa naunang mga PANDIWA(s).
 3. Ang mas malaking konteksto ay laging susi sa pag-uunawa ng PANDIWA tanikala.
Ang Semitic na PANDIWA ay hindi pwedeng ianalisa ng nag-iisa.
- J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagpuna ng kakaibang sa Hebreo sa paggamit nito ng waw bago ang mga GANAP at DI-GANAP (pp. 52-53). Habang ang pangunahing ideya ng GANAP ay nakalipas, Ang pagdagdag ng *waw* ay

madalas nagpapanukala nito tungo sa panghinaharap na panahong aspeto. Ito rin ay totoo sa DI-GANAP na ang pangunahing ideya ay pangkasalukuyan o panghinaharap; ang pagdagdag ng waw ay naglalagay nito sa nakalipas. Ang di karaniwan na panahon na ito ang naglilipat at nagpapaliwanag sa pagdagdag ng *waw*, hindi pagbabago sa pangunahing kahulugan ng mismong pamanahon. Ang *waw* na mga GANAP ay gumagawa ng mainanam sa propesiya, habang ang mga waw DI-GANAP ay gumagawa ng mainam sa mga salaysay (pp. 54, 68). Si Watts ay nagpatuloy sa kanyang depinisyon,

“Bilang isang napakahalagang pagkakaiba sa pagitan ng *waw* na kondyanktibo at waw konsekwetibo, ang sumusunod na mga interpretasyon ang ibinibigay:

1. *Waw* na kondyanktibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang paghahanay.
2. *Waw* na konsekyutibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang pagkakasunod-sunod. Ito lamang ang tanging anyo ng *waw* na ginamit na may konsekyutibong DI-GANAP. Ang relasyon sa pagitan ng DI-GANAP ay idinugtong ito ng maaring temporal na pagkakasunod-sunod, lohikal na konsekwensiya, lohikal na dahilan, o lohikal na pagkakasalungat. Sa lahat ng kaso mayroong pagkakasunod-sunod” (p. 103).

E. PAWATAS - Mayroong dalawang mga uri ng PAWATAS

1. PAWATAS SUKDULAN, na isang “malakas, nagsasarili, kapansin-pansin na mag ekspresyon na ginamit para sa madramang epekto. . .bilang sa SIMUNO, ito ay madalas ay walang nakasulat na Pandiwa, ang Pandiwa ‘maging’ na syempre ay nauunawaan, ngunit ang salitang pagkakatayo ay madramang nag-iisa,” (J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*,” p. 92).

2. PAWATAS BANGHAY, na “magkaugnay ng gramatikal sa pangungusap sa pamamagitan ng mga preposisyon, nag-aangkin na mga PANGHALIP, at ang BANGHAY na relasyon” (p. 91).

J. Weingreen, *A Practical Grammar for Classical Hebreo*, inilarawan ang estado ng BANGHAY: “Kapag ang dalawa (o higit pa) na mga salita ay malapit na pinagsama sila ay bumubuo ng isang tambalang ideya, ang nakadependeng salita (o mga salita) ay (ay mga) sinasabi na nasa BANGHAY estado” (p. 44).

F. INTEROGATIBO

1. Sila ay lumilitaw ng una sa pangungusap.
2. Nagbibigay kahulugan na kahalagahan
 - a. *ha* – hindi umaasan ng isang pagtugon
 - b. *halo*’ – ang may-akda ay umaasa ng “oo” na sagot

G. NEGATIBO

1. Sila ay laging lumilitaw bago abg mga salita na kanilang inenegatibo.
2. Pina karaniwang pagnenegatibo ay *lo*’.
3. Ang terminong *’al* ay mayroong walang katiyakang konotasyon at ginamit na may kasamang mga COHORTATIVES at JUSSIVES.
4. Ang terminong *lebhilti*, ibig sabihin “upang ang. . .hindi ang,” ay ginamit na may kasamang mga PAWATAS.
5. Ang terminong *’en* ay ginamit na may kasamang mga PANDIWARI.

H. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

3. Mayroong apat na mga uri ng kondisyonal na mga pangungusap na pangunahing kahanay sa Koine Griyego.
 - a. isang bagay na ipinagpalagay na nangyayari o isipin ng isang katuparan (UNANG KLASE sa Griyego)

- b. isang bagay kasalungat sa katotohanan na ang katuparan ay imposible (IKALAWANG KLASE)
- c. isang bagay na isang posible o maaring malamang (IKATLONG KLASE)
- d. isang bagay na mas hindi malamang, samakatuwid, ang katuparan ay kahinahinala (IKAAPAT NA KLASE)

4. GRAMATIKAL NA MGA PANANDA

- a. Ang ipinagpalagay na totoo o tunay na kondisyon ay laging gumagamit ng isang INDIKATIBONG GANAP o PANDIWARI at madalas ang protasis ay ipinakilala sa pamamagitan ng
 - (1) *'im*
 - (2) *ki* (o *'asher*)
 - (3) *hin* o *hinneh*
- b. ang kasalungat sa katotohanang kondisyon ay laging gumagamit ng isang GANAP na aspeto ng PANDIWA o isang PANDIWARI na may ipinapakilalang KATAGA *lu* o *lule*
- c. ang mas malamang na kondisyon ay laging gumagamit ng DI-GANAP PANDIWA o mga PANDIWARI sa protasis, madalas *'im* o *ki* ang ginamit bilang pampakilala sa mga KATAGA
- d. ang mas hindi malamang na kondisyon ay gumagamit ng DI-GANAP na mga PANAKALI sa protasis at laging gumagamit ng *'im* bilang pagpapakilala sa KATAGA

MGA KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANGGRAMATIKANG ANYO NA NAKAKAAPEKTO SA EXEGESIS

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C.) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWAR. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (mopolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpiya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

- A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na “GANAP” at “DI-GANAP.”
 1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
 2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagprogreso

1. Naganap na = AORIST
2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

Isang konkreong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang “ligtas.” Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:

1. AORIST – “naligtas” (cf. Roma 8:24)
2. GANAP – “ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy” (cf. Efeso 2:5,8)
3. PANGKASALUKUYAN – “iniligtas” (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
4. PANGHINAHARAP – “ay ililigtas” (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuo sa PANDIWANG PANAUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAUNAN. Ang pamantayan “walang mga pagarbo” na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular “di-tiyak,” “di-markado,” o “walang hudyat” na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayan lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?

1. GANAP NA PANAUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, “kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangligtas”).
2. LIPAS NA GANAP NA PANAUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nanatiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 “si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas.”
3. PANGKASALUKUYANG PANAUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, “Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala.” “Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala.”
4. DI-GANAP NA PANAUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, “Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem” o “nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya.”
5. PANGHINAHARAP NA PANAUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuo sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, “Mapapalad ang mga. . . nila ang. . .”

II. TINIG

- A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.
- B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.
- C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay nakakatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:
1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22; Mga Gawa 22:30).
 2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
 3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
 4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.
- D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:
1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 “binitay ang sarili.”
 2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 “si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.”
 3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 “At sila'y sangagsanggunian.”

III. PANAGANO (O “MODA”)

- A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari (PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).
- B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito lamang ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.
- C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit

na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”

- D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito’y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.
- E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito’y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mga autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.
- F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilathang ng Baker ay isang malaking tulong dito.
- G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

- A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.
- B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.
- C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.
- D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.
- E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

V. MGA PANGNGALAN

- A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.
- B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA “upang maging” o “maging.”
 2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL “ng.”
 3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL “mula.”
 4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na “upang.”
 5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL “sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng .”
 6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, “sa pamamagitan ng o “kasama ng.”
 7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, “Gaano kalayo?” o “Hanggang saan ang?”
 8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

- A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.
- B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K.

Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).

1. Panahunang PANG-UGNAY
 - a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – “kailan”
 - b. *heōs* – “habang”
 - c. *hotan, epan* (PAS.) – “kapag”
 - d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – “hanggang”
 - e. *priv* (PAW.) – “bago”
 - f. *hōs* – “mula pa,” “kapag,” “habang”
2. Lohikal na PANG-UGNAY
 - a. Layunin
 - (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – “upang ang,” “na ang”
 - (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – “na ang”
 - (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – “na ang”
 - b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
 - (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– “upang ang,” “kaya”
 - (2) *hiva* (PAS.) – “nang sa gayon
 - (3) *ara* – “kaya”
 - c. Pansanhi o dahilan
 - (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konklusyon) – “para,” “sapagkat”
 - (2) *dioti, hotiy* – “sapagkat”
 - (3) *epei, epeids, hōs* – “dahil sa”
 - (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infīn.) – “sapagkat”
 - d. Imperensiyal
 - (1) *ara, poinun, hōste* – “samakatuwid”
 - (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – “sa kung aling salaysay,” “sa gayon,” “samakatuwid”
 - (3) *oun* – “samakatuwid,” “kaya,” “kung gayon,” “dahil dito”
 - (4) *toinoun* – “nang naalinsunod”
 - e. Kasalungat o pagkakaiba
 - (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – “ngunit,” “maliban”
 - (2) *de* – “ngunit,” “gayunman,” “muna,” “sa kabilang dako”
 - (3) *kai* – “ngunit”
 - (4) *mentoi, oun* – “gaynman”
 - (5) *plēn* – “higit kailanman” (karamihan sa Lucas)
 - (6) *oun* – “gayunman”
 - f. Paghahambing
 - (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
 - (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
 - (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
 - (4) *ē* – “kaysa”
 - g. Nagpapatuloy or serye
 - (1) *de* – “at,” “ngayon”
 - (2) *kai* – “at”
 - (3) *tei* – “at”
 - (4) *hina, oun* – “ns”
 - (5) *oun* – “kung gayon” (sa Juan)
3. Mariin na mga pagkakagamit
 - a. *alla* – “katiyakan,” “o,” “sa katotohanan”
 - b. *ara* – “talaga,” “tiyak,” “totoo”
 - c. *gar* – “ngunit talaga,” “tiyak,” “talaga”
 - d. *de* – “talaga”
 - e. *ean* – “kahit na”
 - f. *kai* – “kahit na,” “talaga,” “totoo”
 - g. *mentoi* – “talaga”
 - h. *oun* – “totoo,” “sa anomang paraan ”

VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

- A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.
- B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang “kung.” Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa “dahil sa” (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).
- C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na “salungat sa katotohanan.” Ito ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. “Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan” (Lucas 7:39)
 2. “Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat.” (Juan 5:46)
 3. “Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo.” (Galacia 1:10)
- D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa “kung” na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.
- E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

VIII. MGA IPINAGBABAWAL

- A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: “Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . .” (Mateo

6:19); “Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . .” (Mateo 6:25); “huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . .” (Roma 6:13); “huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . .” (Efeso 4:30); at “huwag kayong magsipaglasing ng alak. . .” (5:18).

- B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa “huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos.” Ilang mga halimbawa: “Huwag ninyong isiping. . .” (Mateo 5:17); “Kaya huwag kayong mangabalisa. . .” (Mateo 6:31); “Huwag mo ngang ikahiya. . .” (II Timoteo 1:8).
- C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. “Hindi kailanman, kailanma’y hindi” o “hindi sa ilalim ng anomang kalagayan.” Ilang mga halimbawa: “hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan” (Juan 8:51); “kailan man ay hindi. . .” (I Corinto 8:13).

IX. ANG PANTUKOY

- A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY “ang” ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa “isang panturo” isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
 1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
 2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
 3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: “Ang Diyos ay Espiritu” (Juan 4:24); “Diyos ay ilaw” (I Juan 1:5); “Ang Diyos ay pag-ibig” (4:8,16).
- B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles “a” o “isang.” Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
 1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
 2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay
- C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

- A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.
- B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).
- C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
 1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay,

- gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
- a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
 - b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
 - c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakasunod-sunod ay:
 - a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
 - (1) PANDIWA
 - (2) SIMUNO
 - (3) KAPUPUNAN
 - b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
 - (1) PANDIWA
 - (2) SIMUNO
 - (3) LAYON
 - (4) INDIREKTANG LAYON
 - (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
 - c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
 - (1) PANGNGALAN
 - (2) PANURING
 - (3) PANG-UKOL NA PARIRALA
 3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
 - a. “kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama.” Ang pariralang “kanang kamay ng pakikisama” ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
 - b. “kasama ni Kristo” ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
 - c. “Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa” (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.
- D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: “Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . .” (Mateo 28:20).
 2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton (“o hindi nalimitahan”). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaan ng atensyon. Mga halimbawa:
 - a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
 - b. Juan 14:1 (bagong paksa)
 - c. Roma 9:1 (bagong seksyon)
 - d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
 3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: “upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian” (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
 4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
 - a. euphemismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng “tuloy” para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o “paa” para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I

- Samuel 24:3).
- b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng “Kaharian ng langit” (Mateo 3:21) o “isang tinig mula sa kalangitan” (Mateo 3:17).
 - c. Mga Talinghaga
 - (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
 - (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
 - (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)
 - (4) ironya (Galacia 5:12)
 - (5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
 - (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
 - (a) “iglesya”
 - (i) “iglesya” (Efeso 3:21)
 - (ii) “pagkakatawag” (Efeso 4:1,4)
 - (iii) “tinawag” (Efeso 4:1,4)
 - (b) “malaya”
 - (i) “malayang babae” (Galacia 4:31)
 - (ii) “kalayaan” (Galacia 5:1)
 - (iii) “malaya” (Galacia 5:1)
 - d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
 - (1) matalinghagang pagkakagamit ng “pagkain” (Juan 4:31-34)
 - (2) matalinghagang pagkakagamit ng “Templo” (Juan 2:19; Mateo 26:61)
 - (3) Hebreong kataga ng pakikiramay, “galit” (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
 - (4) “Lahat” laban sa “marami” Ikumpara Isa. 53:6 (“lahat”) sa 53:11 & 12 (“marami”). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at 19 ipakita.
 5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: “Ang Panginoong Hesukristo.”
 6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
 - e. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na “katulad.”
 - f. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—“kanyang sarili,” “siya mismo,” o “mismo.”
- E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
 2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa “salita-sa-salita” na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang “dinamikong katumbas” (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
 3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
 4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
 - a. *The American Standard Version* of 1901
 - b. *Young’s Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang

pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

HALIMBAWANG WORK SHEET SA ROMA 1-3

I. Unang Pagbasa

- A. Ang pangkalahatang layunin: Paanong ang tao ay matuwid kasama ng Diyos, kapwa sa simula at sa pagpapatuloy?
- B. Ang Susing Paksa: 1:16-17
- C. Ang pampanitikang genre: sulat

II. Pangalawang Pagbasa

A. Ang mga pangunahing pampanitikang yunit

- 1. 1:1-17
- 2. 1:18-3:21
- 3. 4:1-5:21
- 4. 6:1-8:39
- 5. 9:1-11:36
- 6. 12:1-15:37
- 7. 16:1-27

B. Buod ng mga pangunahing pampanitikang yunit

- 1. Panimula at paksa, 1:1-17
- 2. Ang pagkapahamak ng lahat ng mga tao, 1:18-3:21
- 3. Ang pag-aaring-ganap ay isang kaloob, 4:1-5:21
- 4. Ang pag-aaring-ganap ay isang pamumuhay, 6:1-8:39
- 5. Ang kaugnayan ng mga Hudyo sa pag-aaring-ganap, 9:1-11:36
- 6. Paano maipapamuhay ang pag-aaring-ganap sa pang-araw-araw na buhay, 12:1-15:37
- 7. Pangwakas na mga pagbati at mga babala, 16:1-27

III. Pangatlong Pagbasa

A. Panloob na kaalaman patungkol sa pangkasaysayang kapaligiran

- 1. May-akda
 - a. Pablo, 1:1
 - b. Alipin ni Kristo Hesus, 1:1
 - c. Isang Apostol, 1:1, 5
 - d. Sa mga Hentil, 1:5, 14
- 2. Petsa
 - a. Pagkatapos ng pagbabagong-loob at panawagan ni Pablo, 1:1.
 - b. Pagkatapos ng panahon ng pagsisimula ng iglesiya sa Roma at kanyang impluwensya sa paglago, 1:8.
- 3. Mga Tumanggap
 - a. Mga banal, 1:7
 - b. Sa Roma, 1:7
- 4. Pangyayari
 - a. Ang kanilang pananampalataya ay kilalang-kilala, 1:8.
 - b. Palagi silang ipinapanalangin ni Pablo, 1:9-10.

- c. Ninanais ni Pablo na makita sila nang personal, 1:11.
 - d. Ninanais ni Pablo na ibahagi ang espirital na kaloob sa kanila, 1:11, 15.
 - e. Ang kanilang pagkikita ay magpapasigla sa bawat-isa, 1:12
 - f. Si Pablo ay hinandlangang sa pagpunta, 1:13.
5. Pangkasaysayan Kapaligiran
- a. Isinulat sa iglesiya na nasa kabisera ng Emperyong Romano.
 - b. Tila si Pablo ay hindi pa nakakarating doon, 1:1-13.
 - c. Tila ang Emperyong Romano, at lubusan sa Roma mismo, ay lubhang imoral at palasamba sa mga diyus-diyosan, 1:11ff.
 - (1) Mga diyus-diyosan, 1:21-23
 - (2) Pagiging bakla (o tomboy), 1:26-27
 - (3) Napakasamang kaisipan, 1:28-31
 - d. Tila mayroong isang malaking Hudyang populasyon sa Roma, 2:17-2:31; 9-11 (maaaring isang lumalaking pag-igting sa pagitan ng mga mananampalatayang Hudyo at mga mananampalatayang Hentil.)

B. Mga Iba't-ibang Paghahati ng Mga Talata

ASV (<u>literal</u>)	Jerusalem Bible (<u>pangwikain</u>)	Williams (<u>pangwikain</u>)
Unang yunit, 1:1-17	Unang yunit, 1:1-17	Unang yunit,
1:1-7	1:1-2	1:1-17
1:8-15	1:3-7	1:1-7
1:16-17	1:8-15	1:8-15
Ika-2 yunit, 1:18-3:31	Ika-2 yunit, 1:16-3:31	Ika-2 yunit
1:18-23	1:16-17	1:16-23
1:24-25	1:18-25	Ika-3 yunit
1:26-27	1:26-27	1:24-32
1:28-32	1:28-32	Ika-4 yunit
2:1-16	2:1-11	2:1-16
2:17-29	2:12-16	2:1-11
3:1-8	2:17-24	2:12-26
3:9-18	2:25-29	Ika-5 yunit
3:19-20	3:1-8	2:17-29
3:21-30	3:9-18	2:17-24
3:31	3:19-20	2:25-29
	3:21-26	Ika-6 yunit
	3:27-31	3:1-18
		3:1-8
		3:9-18
		Ika-7 yunit
		3:19-31
		3:19-20
		3:21-26
		3:27-31

- C. Balangkas ng Nilalaman na may mga buod
1. Panimula at paksa, 1:1-17
 - a. Panimula ng may-akda, 1:1-2
 - b. Panimula sa mga tatanggap, 1:3-7
 - c. Panimulang panalangin, 1:8-15
 - d. Ang paksa, 1:16-17
 2. Ang pagkapahamak ng lahat ng tao, 1:18-3:21
 - a. Pagkapahamak ng mga pagano na nakikita sa kanilang mga gawa, 1:18-32
 - b. Pagkapahamak ng mga Hudyo na nakikita sa kanilang mga gawa, 2:1-11
 - c. Ang kanilang pambansang pag-asa, 2:12-3:8
 - (1) Ang kanilang Kautusan ay hindi makapagpapalaya sa kanila, 2:12-24
 - (2) Ang kanilang pagpapatuli ay hindi makapagpapalaya sa kanila, 2:25-29
 - (3) Ang kanilang minana ay hindi makapagpapalaya sa kanila, 3:1-8
 - d. Ang pagkapahamak ng lahat ng tao, 3:9-20
 - e. Ang pag-asa ng lahat ng tao, 3:21-31

IV. Pang-apat na Pagbasa (halimbawa, 1:1-3:21, panggitnang teksto lamang)

A. Natatanging tala

1. (Bagamat ang halimbawang ito ay limitado sa 1:1-3:21, isang mabuting halimbawa ng natataning mga tala ay matatagpuan sa katagang “samakatuwid,” 2:1; 5:1; 8:1; 12:1, na ginamit sa isang paraan ng pagbuod ng daloy ng kaisipan ni Pablo.)
2. Ang gamit ng “ebanghelyo”
 - a. 1:1, inihiwalay para sa ebanghelyo ng Diyos
 - b. 2:9, ang ebanghelyo ng Kanyang Anak
 - c. 1:15, upang ipangaral ang ebanghelyo
 - d. 1:16, Hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo
 - e. 2:16, sang-ayon sa aking ebanghelyo
[Mula sa tala at kontekstong ito, maraming patungkol sa ebanghelyo mismo ang maaaring matiyak.]
3. Mga sanggunian sa kapootan at kahatulan ng Diyos
 - a. 1:18, poot ng Diyos
 - b. 1:24, 26, 28, ibinigay sila ng Diyos
 - c. 2:1, ang kahatulan ng Diyos dumadaluyong sa kanilang gumagawa ng ganitong mga bagay
 - d. 2:3, ang kahatulan ng Diyos
 - e. 2:5-6, (kapwa mga talata)
 - f. 2:12, ay mapapahamak
 - g. 2:16, ang araw. . . ang Diyos ay hahatulan ang mga lihim ng mga tao
 - h. 3:6, ang Diyos ang hahatol sa mundo

B. Mga susing salita o mga parirala

1. 1:1, apostol
2. 1:1, ebanghelyo ng Diyos
3. 1:4, Anak ng Diyos
4. 1:5, biyaya. . . pananampalataya
5. 1:6, ang tinawag
6. 1:7, mga banal
7. 1:11, espiritwal na kaloob. . . ilang bunga (v. 13)

8. 1:16, kaligtasan
9. 1:17, pagiging matuwid
10. 1:18, poot ng Diyos. . .kahatulan ng Diyos (2:2)
11. 2:4, pagsisisi
12. 2:7, kawalang kamatayan, buhay na walang hanggan
13. 2:12, ang Kautusan
14. 2:15, budhi
15. 3:4, inaring-ganap
16. 3:24, katubusan
17. 3:25, pagpalubag-loob

C. Mga mahihirap intindihiing talata

1. Pang-teksto or pangsalin
 - 1:4, “Espiritu ng kabanalan” o “epiritu ng kabanalan”
2. Ang wasto bang salin ng Habakkuk 2:4 ay matatagpuan sa Roma 1:1-7?
3. Pangkasaysayan
 - 2:21-23, “kayo na siyang nangaral na . . .” (kailan, paano at saan ginawa ito ng mga Hudyo?)
4. Teolohiko
 - a. 1:4, “. . . na naihayag na may kapangyarihan na maging Anak ng Diyos. . .” (o si Hesus ba ay ipinanganak na Diyos?)
 - b. 2:14-15 (2:27), “Ang mga hentil na walang kautusan na ginagawa nang likas ang mga bagay nang kautusan, ay isang kautusan sa kanilang mga sarili. . .” (Paano silang hindi kailanman nakarinig ng kautusan ngunit isinasakatuparan ang ilang sa mga ito?)
 - c. 3:1, “Ano ang kalamangan ng Hudyo?”

D. Mga Mahahalagang Pagkakatulad

1. Katulad na aklat
 - 1:18-3:21 ay isang pampanitikang yunit
2. Katulad na may-akda
 - Ang aklat ng Galacia ay ipinapaliwanag ang mga katotohanang pang-doktrina.
3. Katulad na yugto – walang tuwirang mga pagkakatulad.
4. Katulad na Tipan – walang tuwirang mga pagkakatulad.
5. Buong Bibliya – Gumagamit si Pablo ng Habakkuk 1:4. (Gagawin niyang pangunahin ang mga tauhan sa Lumang Tipan sa kabanata 4.)

E. Pagiging-tangi sa Teolohiya

1. Pangkalikasang Kapahayagan
 - a. Sa paglalang, 1:18-23
 - b. Sa panloob na kamalayang moral, 2:14-16
2. Ang lahat ng sangkatauhan ay napahamak

V. Pagpapairal (aplikasyon) (halimbawa sa 1:1-3:21)

Detalyadong Balangkas ng Nilalaman

- A. Panimula at paksa (1:1-17)
1. Panimula ng may-akda, 1:1-2
 2. Panimula sa mga tatanggap, 1:3-7
 3. Panimulang Panalangin, 1:8-15
 4. Ang paksa, 1:16-17
- B. Ang pagkapahamak ng lahat ng tao, 1:18-3:21
1. Ang pagkapahamak ng mga pagano ay makikita sa kanilang mga gawa, 1:18-3:21
 2. Ang pagkapahamak ng mga Hudyo ay makikita sa kanilang mga gawa, 2:1-11
 3. Ang kanilang pambansang pag-asa, 2:12-3:8
 - a. ang kanilang kautusan ay hindi makapagliligtas sa kanila, 2:12-24
 - b. and kanilang pagtutuli ay hindi makapagliligtas sa kanila, 2:25-29
 - c. and kanilang pamana ay hindi makapagliligtas sa kanila, 3:1-8
 4. Ang pagkapahamak ng lahat ng tao, 3:9-20
 5. Ang pag-asa ng lahat ng tao, 3:21-31

Mga Punto ng Pagpapairal

- A. Ang walang-bayad na biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo ay ang panawagan kapwa kay Pablo at sa mga Romano na kanilang pinanampalatayanan at tinanggap. Ang alok na ito ay bukas para sa lahat.
- B. Ang lahat ng tao, anuman ang kanilang pang-labas na pang-relihiyong pamumuhay, o wala nito, ay maliligtas sa pamamagitan ng pagtiti-wala sa natapos na gawain ni Kristo, hindi ng kanilang sarili

Ang susing buod na talata ng 1:18-3:31 ay 3:21-30

HALIMBAWANG WORK SHEET SA TITO (isang buong aklat)

I. Unang Pagbasa

- A. Ang pangkalahatang layunin ng biblikal na aklat na ito ay:
Habang nasa paghahanda ng pagtatatag ng mga lokal ng iglesiya kasama ng kanilang mga matatanda, ang nagpapatuloy na pangangailangang para sa orthodoxy at orthopraxy ay binigyang-diin.
- B. Ang susing paksa
1. Ang pagtatatag ng mga lokal na iglesiya at mga matatanda, 1:5.
 2. Pagbibigay-diin sa pangangailangan ng:
 - a. orthodoxy - 1:9-11, 14; 2:1
 - b. orthopraxy - 1:16; 3:8
- C. Ang pampanitikang kaurian (genre): sulat
1. Panimula 1:1-4
 2. Pagwawakas 3:12-15

II. Pangalawang Pagbasa

- A. Ang pangunahing pampanitikang yunit o mga paghahati ng nilalaman:
1. 1:14
 2. 1:5-9
 3. 1:10-16
 4. 2:1-10a
 5. 2:10b-15
 6. 3:1-11
 7. 3:12-15
- B. Ang buod ng mga paksa ng mga pangunahing pampanitikang yunit o mga paghahati ng nilalaman.
1. Tradisyonal na Kristiyanong panimula sa sulat, 1:1-4
 2. Mga patnubay para sa matatanda, 1:5-9.
 3. Mga patnubay para sa pagkaalam ng mga bulaang katuruan, 1:10-16
 4. Mga patnubay para sa mga mananampalataya sa pangkalahatan, 2:1-10a.
 5. Ang teolohikong batayan para sa mga patnubay, 2:10b-15
 6. Mga patnubay para sa kanilang maaaring magdulot ng mga suliranin, 3:1-11
 7. Tradisyonal na Kristiyanong pagwawakas sa sulat, 3:12-15

III. Pangatlong Pagbasa

- A. Panloob na mga kaalaman patungkol sa pangkasaysayang kapaligiran ng aklat
1. May-akda
 - a. Si Pablo, 1:1
 - b. Alipin ng Diyos, 1:1
 - c. Apostol ni Hesus Kristo, 1:1
 2. Petsa
 - a. Isinulat kay Tito, 1:4
 - (1) Siya ay hindi nabanggit sa Mga Gawa
 - (2) Siya ay tila naligtas at isinama sa mga pang-misyong paglalakbay ni Pablo, Galacia 2:1.
 - (3) Siya ay isang di-tinuling Hentil, Galacia 2:3.

- (4) Siya ay naging tagapaglutang ng mga suliranin ni Pablo, II Corinto 2:13; II Timoteo 4:10; Tito 1:4.
- b. Iniwan siya ni Pablo sa Creta, 1:5
- (1) Dahil ang tala ng paglalakbay ng mga sulat Pastoral ay hindi akma sa pagkakasunod-sunod ng mga Mga Gawa, ito marahil ay ang pang-apat na pangmisyong paglalakbay ni Pablo.
- (2) Ipinagpapalagay nito na si Pablo pinalaya pagkatapos ng pagsasara ng aklat ng Mga Gawa. Subalit, siya ay muling hinuli at pinatay sa ilalim ni Nero na namatay noong A.D. 68.
3. Ang tumanggap: matapat na kamanggagawa ni Pablo, si Tito, ngunit dapat ding basahin sa mga lokal na pagtitipon.
4. Pangyayari: Pagpapatuloy ng ministeryo ng pagtatatag ng mga lokal na iglesiya sa Pulo ng Creta.
- a. Pagtatalaga ng mga matatanda, 1:5
- b. Pagpapabulaan ng mga bulaang mangangaral, 1:9-11, 14-16; 3:9-11
- c. Pagpapasigla ng mga matatapat

B. Mga Iba't-ibang mga Paghahati ng mga Talata

1. Mga Paghahati ng mga talata

<u>Literal</u>		<u>Dinamikong Katumbas</u>		
NASB	NRSV	Jer. Bible*	NIV*	Williams*
Unang Yunit 1:1-4	Unang Yunit 1:1-3 1:4	Unang Yunit 1:1-4	Unang Yunit 1:1-4 1:5-9 1:10-16	Unang Yunit 1:1-4
Ika-2 Yunit 1:5-9 1:10-16	Ika-2 Yunit 1:5-9 1:10-16	Ika-2 Yunit 1:5-9	Ika-2 Yunit 1:5-9 1:10-16	
		Ika-3 Yunit 1:10-14 1:15-16		
Ika-3 Yunit 2:1-14 2:15	Ika-3 Yunit 2:1-2 2:3-5 2:6-8 2:9-10 2:11-14 2:15	Ika-4 Yunit 2:1-10	Ika-3 Yunit 2:1-2 2:3-5 2:6-8 2:9-10 2:11-14 2:15	Ika-2 Yunit 2:1-10 2:11-14
Ika-4 Yunit 3:1-11	Ika-4 Yunit 3:1-11	Ika-5 Yunit 2:11-14 2:15	Ika-4 Yunit 3:1-2 3:3-8 3:9-11	Ika-3 Yunit 3:1-2 3:8-11
		Ika-6 Yunit 3:1-3 3:4-8a	Ika-5 Yunit 3:12-14	Ika-3 Yunit 3:12 3:13-14
		Ika-7 Yunit 3:8b-11		

Ika-8 Yunit	3:15	3:15
3:12-14	3:12-14	3:12-14
3:15	3:15	3:15

2. Iba't-ibang mga saling mga buod ng nilalaman.

a. Jerusalem Bible

- (1) Unang Yunit, “pananalita,” 1:1-4
- (2) Ika-2 Yunit, “ang pagtatalaga ng mga matatanda,” 1:5-9
- (3) Ika-3 Yunit, “ang mga humahadlang na bulaang mangangaral,” 1:10-14, 15, 16
- (4) Ika-4 Yunit, “ilang mga partikular na pagtuturong pang-moral,” 2:1-10
- (5) Ika-5 Yunit, “ang batayan ng Kristiyanong pang-moral na pamumuhay,” 2:11-14
- (6) Ika-6 Yunit, “mga pangkalahatang alituntunin para sa mga mananampalataya,” 3:1-3, 4-8a
- (7) Ika-7 Yunit, “personal na pagpapayo kay Tito,” 3:8b-11
- (8) Ika-8 Yunit, “mga praktikal na tagubilin, mga pagpapaalam at mga mabuting pagbati,” 3:12-14, 15

b. New International Version

- (1) Unang Yunit, pagbati, 1:1-4
- (2) Ika-2 Yunit, “tungkulin ni Tito sa Creta,” 1:5-9, 10-16
- (3) Ika-3 Yunit, “ano ang dapat ituro sa iba't-ibang mga pangkat,” 2:1-2, 3-5, 6-8, 9-10, 11-14, 15
- (4) Ika-4 Yunit, “paggawa kung ano ang mabuti,” 3:1-2, 3-8, 9-11
- (5) Ika-5 Yunit, “mga huling pahayag,” 3:12-14, 15

c. Williams Translation

- (1) Unang Yunit, “Ang mga pagkilos ng mga tao ng Diyos ay naitatangi sa pamamagitan ng kilang mga pamumuhay,” 1:1-4, 5-9, 10-16
- (2) Ika-2 Yunit, “Ang mga tao ng Diyos ay tinawag sa katuwiran,” 2:1-10, 11-14, 15
- (3) Ika-3 Yunit, “ang mga mananampalataya ay dapat maging mabuti,” 3:1-2, 3-7, 8-11, 12, 13-14, 15

C. Mga buod ng paghahati ng mga talata

1. Tradisyonal na Kristiyanong panimula sa sulat, 1:1-4

a. Mula kanino, 1:1a

- (1) Pablo
- (2) Isang alipin ng Diyos
- (3) Isang apostol ni Hesus Kristo

b. Why, 1:1b-3

- (1) Upang pasiglahin ang pananampalataya
- (2) Upang pangunahan sila sa lubusang kaalaman
 - (a) Sa pag-asa ng buhay na walang hanggan na ipinangako ng Diyos
 - (b) Na inihayag ng Diyos sa wastong panahon
 - (c) Sa pamamagitan ng mensaheng ipinagkatiwala kay Pablo sa pamamagitan ng kautusan ng Diyos

c. Para kanino, 1:4a

- (1) kay Tito
- (2) Ang aking tunay na anak sa karaniwang pananampalataya

- d. Panalangin, 1:4b
 - (1) Espiritwal na pagpapala
 - (2) Kapayapaan
 - (3) Mula sa
 - (a) Diyos na ating Ama
 - (b) Kristo Hesus na ating Tagapagligtas
- 2. Patnubay para sa mga matatanda, 1:5-9
 - a. Walang Kapintasan, 1:6, 7
 - b. Isang asawa
 - c. Mananampalatayang mga anak
 - d. Hindi naparatangan ng walang ingat na pamumuhay
 - e. Hindi naparatangan ng pagsuway
 - f. Hindi sutil
 - g. Hind magagalitin
 - h. Hindi gumon sa malalakas na alak
 - i. Hindi palaaway
 - j. Hindi gumon sa hindi matapat na pakinabang
 - k. Magiliw sa mga panauhin
 - l. Mapagmahal sa kabutihan
 - m. Mahinahon sa pag-iisip
 - n. Matuwid
 - o. Malinis na pamumuhay
 - p. Mapagpigil
 - q. Nagpapatuloy na tumalima sa mapagkakatiwalaang mensahe
 - r. May kakayahang magpalakas sa iba na may kapaki-pakinabang na katuruan
 - s. Hatulan silang humahadlang sa kaniya (2:15)
- 3. Mga pamantayan para sa pagkilala ng mga bulaang mangangaral, 1:10-16
 - a. Masuwayin
 - b. Palasalita lamang ngunit wala namang sasabihin
 - c. Mga mandaraya ng kanilang sariling pag-iisip
 - d. Mga pang-Hudyong sangkap
 - (1) Pagtutuli, 1:10
 - (2) Mga kuwentong pang-Hudyo, 1:14
 - (3) Mga ninuno, 3:9
 - (4) Mga pagtatalo patungkol sa kautusan, 3:9
 - e. Sirain ang buong katuruan ng pamilya na hindi dapat gawin
 - f. Para sa kapakanan ng hindi marangal na kapakinabangan
 - g. Ang kanilang mga kaisipan at mga budhi ay marumi
 - h. Ang kanilang pagkilos ay nagkakaila sa Kaniya
 - i. Kasuklam-suklam
 - j. Masuwayin
 - k. Walang kabuluhan para sa anumang mabuti
- 4. Mga patnubay para sa mga mananampalataya, 2:1-10a, 12
 - a. Para sa mga nakakatandang lalaki, 2:2
 - (1) Mahinahon
 - (2) Seryoso
 - (3) Makatuwiran
 - (4) Malusog sa pananampalataya
 - (5) Malusog sa pag-ibig
 - (6) Matatag

- b. Para sa ma nakakatandang babae, 2:3
 - (1) Mapitagan sa pagkilos
 - (2) Hindi mapanirang puri
 - (3) Hindi alipin sa pag-inom ng alak
 - (4) Mga guro ng kung ano ang tama
 - (5) Tagapagsanay ng mga mas batang babae
- c. Para sa mga nakakabatang babae, 2:4-5
 - (1) Maging mapagmahal na mga asawa
 - (2) Maging mapagmahal na mga ina
 - (3) Seryoso
 - (4) Dalisay
 - (5) Tagapag-ingat ng tahanan
 - (6) Mabait
 - (7) Nagbabailalim sa mga asawang lalaki
- d. Para sa mga nakakabatang lalaki, 2:6-8
 - (1) Makatuwiran
 - (2) Nagtatakda ng isang karapat-dapat ng halimbawa ng paggawa ng mabuti
 - (3) Matapat
 - (4) Seryoso sa iyong pagtuturo
 - (5) Kapaki-pakinabang na mensahe
 - (6) Hindi matututulan
- e. Mga mananampalatayang alipin, 2:9-10
 - (1) Pagsasagawa ng lubusang pagpapailalim sa kanilang mga panginoon
 - (2) Itigil ang pagtanggap sa kanila
 - (3) Itigil ang pagnanakaw sa kanila
- 5. Teolohikong mga batayan para sa mga patnubay, 2:10b-15; 3:4-7
 - a. upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Diyos na ating Tagapagligtas, 2:10b.
 - b. Ang biyaya ng Diyos ay nailantad sa lahat ng sangkatauhan, 2:11.
 - c. Hinihintay ang pinagpalang pag-asa (ang pangalawang pagdating), 2:13
 - d. Binili ni Hesus a isang bayan upang ihayag ang Diyos, 2:14
 - e. Naihayag ang kabutihan at mapagkandiling pag-ibig ng Diyos, 3:4
 - f. Iniligtas tayo ng Diyos hindi batay sa ating mga gawa, 3:5.
 - g. Iniligtas tayo ng Diyos batay sa kanyang Kanyang kahabagan, 3:5.
 - (1) Sa pamamagitan ng paglilinis ng bagong buhay
 - (2) Pagpapanibago ng Banal na Espiritu
 - (3) Kapwa ibinigay sa pamamagitan ni Kristo
 - (4) Tayo ay may matuwid na katatayuan kasama ng Diyos
 - (5) Tayo ay mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan
- 6. Mga patnubay para sa kanilang nagdudulot ng mga suliranin, 3:1-11
 - a. Magbailalim sa kanilang nasa kapangyarihan, 3:1-2.
 - (1) Handa para sa anumang mabuting pangangalakal
 - (2) Ihinto sa pagsasamantala sa kaninuman
 - (3) Maging mapanahimik
 - (4) Pagpapakita ng sakdal na kaamuhan sa bawat-isa
 - b. Maging maamo sa lahat ng sangkatauhan dahil, 3:3-8
 - (1) Ang mga mananampalataya ay minsang:
 - (a) Walang kaunawaan
 - (b) masuwayin
 - (c) pinamahalaan sa masamang paraan

- (d) kinagawiang pagiging alipin sa lahat ng uri ng pagkahumaling
 - (e) Paggugugol sa ating buhay sa masamang hangarin
 - (f) Paggugugol sa ating buhay sa pagkainggit
- c. Mag-ingat sa, 3:9-11
- (1) Hangal ng pagtatalo
 - (2) Mga ninuno
 - (3) Tungalian
 - (4) Mga pagtatalo patungkol sa kautusan
 - (5) Isang tao na palapangkatin
 - (a) mandaraya
 - (b) makasalanan
 - (c) sinumpa ang sarili
7. Tradisyonal na Kristiyanong pagsasara ng sulat, 3:12-15
- a. Ang kahalili ni Tito ay darating na, 3:12
 - (1) Artemas (o)
 - (2) Tychico
 - b. Dumating si Tito at kinatagpo ako sa Nicopolis, 3:12
 - c. Palakasin ang mga mananampalataya upang tumulong, 3:13-14
 - (1) Zenos (at)
 - (2) Apollos
 - d. Mga panghuling pagbati at pagwawakas, 3:15
- D. Tala ng mga akmaang punto ng pag-aangkop: Kasama ng detalyadong balangkas na ito, sa malayong kaliwa ng (mga) pahina, isulat ang maaaring mga katotohanang pag-aangkop sa bawat pangunahing pampanitikang yunit at sa bawat paghahati ng mga talata. Ipahayag ang katatahanang pag-aangkop sa isang maikling paturol na pangungusap. Ang balangkas na ito ay magiging iyong mga punto para sa iyong sermon.

IV. Pang-apat na Pagbasa

- A. Mga mahalagang pagkakatulad (ibang mga sulat Pastoral)
- 1. I Timoteo (lalo na sa kabanata 3:1-13)
 - 2. II Timoteo
- B. Mga natatanging tala
- 1. Paggamit sa titulong “Tagapagligtas”
 - a. Ang Diyos na ating Tagapagligtas, 1:3; 2:10; 3:4
 - b. Si Kristo na ating Tagapagligtas, 1:4; 2:13; 3:6
 - 2. Mga pangdoktrinang katotohanan ng Ebanghelyo na ginamit bilang batayan para sa ating pamumuhay na katulad kay Kristo: (cf. III., c.5.)
 - a. 2:10b-14
 - b. 3:4-7
 - 3. Tala ng mga katangian para sa mga pinuno, 1:7-9 (cf. III., c.2. ihambing sa I Timoteo 3:1ff)
 - 4. Tala ng mga katangian ng mga bulaang mangangaral: (cf. IV., c.3.)
 - a. 1:10-16
 - b. 3:9-11
- C. Mga mahihirap unawaing talata
- 1. Pangteksto – Ang parirala ba sa 1:6b ay tumutukoy sa mga matatanda or sa kanyang

- mga anak?
- a. Mga matatanda - NASB at NRSV
 - b. Mga anak ng matatanda - NIV at Williams
2. Pangkasaysayan – Mayroon bang kahit-anong biblikal o pangkasaysayang katibayan para sa isang pang-apat na pang-misyong paglalakbay?
 - a. Biblikal
 - (1) Ninais ni Pablo na magtungo sa Espanya, Roma 15:24, 28
 - (2) Ang itineraryo sa paglalakbay ni Pablo sa mga Sulat Pastoral ay hindi umaakma sa sa kanyang itineraryo sa paglalakbay sa aklat ng Mga Gawa.
 - b. Pangkasaysayan
 - (1) Si Eusebio sa kanyang aklat na, *Ecclesiastical History*, 2:22:2-3 ay nagpapahiwatig na si Pablo ay pinalaya mula sa bilangguan pagkatapos ng pagsasara ng Mga Gawa.
 - (2) Ang ibang mga sinaunang tradisyong iglesiya, na si Pablo ay dinala ang Ebanghelyo sa malayong kanluran ng Dagat Mediteranyo
 - (a) Clemente ng Roma
 - (b) Muratorian Fragment
 3. Teolohiko – ang doktrina ba ng nakakapagligtas na bautismo ay tinataguyod mula sa 3:5?
 4. Mga talata ng nagdudulot ng pagkalito – ang mga matatanda ay hindi lubusang umiiwas, but “hindi gumon sa labis na alak,” 1:7. Ang katulad na bagay ay inihahayag para sa mga nakakatandang babae, 2:3.

MGA TAGA-EFESO 2

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Mula sa Kamatayan Patungo sa Buhay	Sa Biyaya sa pamamagitan Ng pananampalataya	Mga Pakinabang kay Kristo	Mula sa Kamatayan Patungo sa Buhay	Kaligtasa kay Kristo, isang Walang-bayad na Kaloob
2:1-10	2:1-10	2:1-10	2:1-3 2:4-10	2:1-6 2:7-10
Isa kay Kristo	Brought Near sa		Isa kay Kristo	Pagkakasundo ng mga Hudyo, Mga Pagano, Kasama ang Iba at Diyos
2:11-13	2:11-13 Si Kristo ang Kapayapaan	2:11-22	2:11-12 2:13-18	2:11-18
2:14-22	2:14-22		2:19-22	2:19-22

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN NG 2:1-22

- A. Ang Gnostiko at Pang-hudyong pagbibigay-diin sa kaligtasan ng tao na nakatuon sa mga gawa ay pinaliit sa pamamagitan ng pagbibigay-diin ni Pablo sa (1) pagpili ng Diyos sa kabanata 1; (2) ang nangungunang biyaya ng Diyos sa 2:1-10; at (3) ang hiwaga ng plano ng katubusan ng mula sa mga panahon (i.e., Hudyo at Hentil ngayon ay isa kay Kristo) sa 2:11-3:13. Si Pablo ay nagbibigay-diin sa tatlong bagay na kung saan ang mga tao ay walang bahagi! Ang kaligtasan ay galing sa Diyos (cf. 1:3-14; 2:4-7), ngunit ang bawat isa ay kailangan tumugon nang personal (cf.

2:8-9) at mabuhay sa liwanag ng Bagong Kasunduan (2:10).

- B. Mayroong tatlong kaaway ang nalugmok sangkatauhan na isinasalaysay savv. 2-3 (cf. Santiago 4:1,4,7): (1) ang nalugmok na sistema ng mundo, v. 2; (2) ang maka-anghel na kaaway, si Satanas, v. 2; at (3) ang kalikasan ng mapahamak sa sangkatauhan (Adamikong kalikasan), v. 3. Ang mga talatang 1-3 ay nagpapakita ng kawalang-pag-asa at kawalang kakayahan ng nalugmok na sangkatauhan na hiwalay at naghihimagsik laban sa Diyos (cf. Roma 1:18-2:16).
- C. Habang inilalarawan ng mga talatang 1-3 nakalulunus na kalagayan ng sangkatauhan, ang mga talatang 4-6 ay pinag-iba ang mga yaman ng pag-ibig at kahabagan ng Diyos para sa nalugmok nasangkatauhan. Ang kasalanan ng tao ay masama, ngunit ang pag-ibig at kahabagan ng Diyos ay mas dakila (cf. Roma 5:20)! Kung ano ang ginawa ng Diyos kay Kristo (cf. 1:20), Kristo ngayon ay ginawa para sa mga mananampalataya (cf. 2:5- 6).
- D. Mayroong tunay na pag-igting sa Bagong Tipan sa pagitan ng walang-bayad na biyaya ng Diyos at pagpupunyagi ng tao. Ang pag-igting na ito ay maaaring maipahayag sa kabalintuanang tambalan: nagpapahiwatig (isang pahayag) at utos (isang kautusan); biyaya/pananampalataya na nilalayon (ang nilalaman ng ebanghelyo) at panarili (karanasan ng isa sa ebanghelyo); nagwagi sa takbuhin (kay Kristo) at tumakbo sa takbuhin (para kay Kristo). Ang pag-igting na ito ay maliwanag na makikita sa 2:8-9, na nagbibigay-diin sa biyaya, habang ang 2:10 ay nagbibigay-diin sa mabubuting gawa. Ito ay hindi isang alinman/o ngunit isang kapwa/at na teolohikong paksa. Subalit, ang biyaya ay palaging unang dumaring at ang saligan ng isang pamumuhay na katulad kay Kristo. Ang mga talatang 8-10 ay isang klasikong buod ng kabalintunaan ng Kristiyong ebanghelyo—walang-bayad, ngunit ito ay nagkakahalaga ng lahat! Pananampalataya at mga gawa (cf. Santiago 2:14-26)!
- E. Isang bagong paksa ang ipinakilala sa 2:11-3:13. Ito ay isang hiwaga, na tinago mula noong pasimula, na ang Diyos ay nagnanais ng katubusan ng lahat ng sangkatauhan, Hudyo (cf. Ezekiel 18:23,32) at Hentil (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9), sa pamamagitan ng personal na pananampalataya sa panghaliling katubusan ng Mesias. Ang pangkalahatang alok na ito ng kaligtasan ay hinulaan sa Genesis 3:15 at 12:3. Ang sukdulang walang-bayad na pagpapatawad na ito (cf. Roma 5:12-21) yumanig sa mga Hudyo at lahat ng mga pang-relihiyong elitista (mga gnostikong bulaang mangangaral, Judaizers) at lahat ng mahabagong “mga gawang-katuwiran” nagpanukala.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-10

¹At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, ²Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway; ³Sa gitna ng mga yaon, tayo rin naman, ng ibang panahon ay nangabubuhay sa mga kahalayan ng ating laman, na ating ginagawa ang mga pita ng laman at ng pagiisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kagalitan, gaya naman ng mga iba: ⁴Nguni't ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kaniyang malaking pagibig na kaniyang iniibig sa atin, ⁵Bagama't tayo'y mga patay dahil sa ating mga kasalanan, tayo'y binuhay na kalakip ni Kristo (sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas), ⁶At tayo'y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan *mga lugar*, kay Kristo Hesus: ⁷Upang sa mga panahong darating ay maihayag

niya ang dakilang kayamanan ng kaniyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin kay Kristo Hesus: ⁸Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; ⁹Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri. ¹⁰Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Diyos nang una upang siya nating lakaran.

2:1 Alinman sa mga talatang 1-7 o 1-10 ay bumubuo ng isang pangunugsap sa Griyego, na may pangunahing pandiwa sa v. 5. Ito ay isang nagpapatuloy na pangangatuwiran. Kasama sa pagpapakilala ni Pablo ay (1) ang kawalang pag-asa, kawalang kakayahan, at espirital na pagkapahamak ng lahat ng sangkatauhan, vv. 1-3; (2) ang di-karapat-dapat na biyaya ng Diyos, vv. 4-7; at (3) ang pangangailangan ng pagtugon, pananampalataya at pamumuhay ng tao, vv. 8-10.

▣ **“kayo”** Sa Colosas at Efeso ang PANGMARAMIHANG PANGHALIP na ito ay palaging tumutukoy sa nananampalatayang mga Hentil (cf. 1:13; 2:12).

▣ **“ay mga patay”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI ay nangangahulugang “nananatiling patay.” Ito ay tumutukoy sa espirital na kamatayan (cf. v. 5; Roma 5:12-21; Colosas 2:13). Ang Bibliya ay nagpapahayag ng tatlong antas ng kamatayan: (1) espirital na kamatayan (cf. Genesis 2:17; 3; Isaias 59:2; Roma 7:10-11; Santiago 1:15); (2) pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5); at (3) walang hanggang kamatayan, na tinatawag na “ang pangalawang kamatayan” (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8).

▣ **“mga pagsalangsang”** Ang Griyegong termino (*paraptōma*) ay nangangahulugang “pagkahulog sa isang panig” (cf. 1:7). Ang lahat ng Griyegong mga salita para sa “mga kasalanan” ay nauugnay sa Hebreong konsepto ng paglihis mula sa pamantayan ng katuwiran ng Diyos. Ang terminong “tama,” “matuwid,” at kanilang pinanggalingan sa Hebreo ay mula sa talinghagang pagkakayari para sa isang panukat ng tambo. Ang Diyos ay ang pamantayan. Ang lahat ng tao ay lumihit mula sa pamantayan (cf. Mga Awit 14:1-3; 5:9; 10:7; 36:1; 53:1-4; 140:3; Isaias 53:6; 59:7-8; Roma 3:9-23; I Pedro 2:25).

▣ **“mga kasalanan”** Ang Griyegong terminong ito (*hamartia*) ay nangangahulugang “kulang sa tanda” (cf. 4:26). Ang dalawang termino para sa kasalanan sa talata I ay ginamit bilang mga kasingkahulugan upang ilarawan ang nalugmok, nahiwalay na kalalagayan ng sangkatauhan condition (cf. Roma 3:9,19,23; 11:32; Galacia 3:22).

2:2 “na inyong nilakaran noong una” “nilakaran” ay isang biblikal na talinghaga para sa pamumuhay (cf. 2:1,10; 4:1,17; 5:2,8,15).

▣
NASB, NKJV “ayon sa lakad ng sanglibutang ito”
NRSV “na sumusunod sa lakad ng sanglibutang ito”
TEV “na sumusunod sa masamang paraan ng mundo”
NJB “namumuhay alinsunod sa mga prinsipyo ng mundong ito”

Ang kasalukuyang nalugmok na sistema ng mundo (i.e., age) ay nagbibigay katauhan bilang isang kaaway (cf. Galacia 1:4). Ito ay isang nalugmok na sangkatauhan nagtatangkang matugunan ang lahat ng mga pangangailangan na hiwalay sa Diyos. Sa sulat ni Juan, ito ay tinatawag na “ang mundo” (cf. I Juan 2:2,15-17; 3:1,13,17; 4:1-17; 5:4,5,19) o “Babilonya” (cf. Pahayag 14:8; 16:19; 17:5; 18:2,10,21). Sa ating makabagong terminolohiya, ito ay tinatawag na “ateistikong humanismo.” Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng *Kosmos* sa Colosas 1:6.



NASB, NKJV
NRSV
TEV

“ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin”
“na sumusunod sa mga alituntunin ng kapangyarihan ng hangin”
“ikaw ang sumusunod sa pinuno ng mga espiritwal na kapangyarihan sa himpapawid”

NJB **“sumusunod sa pinuno na namamahala sa hangin”**

Ito ay ang pangalawang kaaway ng nalugmok na sangkatauhan, si Satanas, ang taga-paratang. Ang sangkatauhan ay sumasailalim sa isang personal na maka-anghel na manunukso (cf. Genesis 3, Job. 1-2, Zacarias 3). Siya ay tinatawag na pinuno o diyos ng mundong ito (cf. Juan 12:31; 14:30; 16:11; II Corinto 4:4; I Juan 5:19).

Sa NT ang himpapawid ay ang nasasakupan ng mga demonyo. Ang mas mababang himpapawid (*aēr*) ay nakikita ng mga Griyego na madumi at samakatuwid ang nasasakupan ng mga masasamang espiritu. Ang ilan ay nakikita ang gamit nitong “himpapawid” na tumutukoy sa di-materyal na kalikasan ng nasasakupang espiritwal. Ang konsepto ng “pagkuha sa iglesiya” ay galing sa saling Latin ng I Tesalonica 4:17, “kinuha pataas.” Ang mga Kristiyano ay katatagpuin ang Panginoon sa gitna ng kaharian ni si Satanas, “ang himpapawid,” upang ipakita ang pagkatalo nito! Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: PERSONAL (PANSARILING) KASAMAAN

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Ang teolohiya*, pp. 300-306).
2. Ang konsepto sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblikal* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikong Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espirtualismo ng *Greco-Roman*.

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat.

1. Mga taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. Mga anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. Mga demonyong tagapag-usig (I Cronika 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3

ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh.* 29a). Ang “mga anak ng Diyos” ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikal, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga “anak ng Diyos” (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tiro bilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba’t-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualismo at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, mabuti at masama. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang “digmaan sa kalangitan.” Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggal!



NASB, NKJV “sa mga anak ng pagsuway”
NRSV “sa kanila na masuwayin”
TEV “ang tao na sumusuway sa Diyos”

NJB “sa paghihimagsik”

Ito ay isang Hebreong wikain para sa paghihimagsik at pinagpasiyahang katangian (cf. 5:6).

2:3 “tayo rin naman, ng ibang panahon” Sa Efeso “tayo” ay tumutukoy sa mga Hudyong mananampalataya, sa pagkakataong ito, si Pablo at kanyang pangkat sa ministeryo. Ang huling pariralang na “gaya naman ng mga iba,” na maaaring gawin na ang pariralang ito ay tumutukoy sa lahat ng mga piniling tao sa OT, ang mga Hudyo. Ang PANDIWANG ITO ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay maaaring magbigay-diin na ang nalugmok na sangkatauhan ay hinahawakan ng panlabas na mga masasamang espiritwal pwerse, tulad ni Satanas o ang demonyo, na nabanggit sa v. 2 at 3:10; 6:12.



NASB, NKJV “sa mga kahalayan ng ating laman”

NRSV “sa mga pagkahumaling sa ating laman”

TEV “sang-ayon sa ating likas na pagnanasa”

NJB “mga mahalay na pamumuhay”

Ito ay ang pangatlong kaaway ng nalugmok na sangkatauhan. Bagamat ito ay hindi nakatala sa isang panggramatikong magkakaagapay na kayarian (“sang-ayon sa...”) kasama ang dalawang kaaway sa v. 2, ito ay isang teolohikong pagkakaagapay. Ang nalugmok, mayabang na sarili ng sangkatauhan (cf. Genesis 3) ay ang pinakamasamang kaaway nito (cf. Galacia 5:19-21). Binabaluktot at hinahawakan nito ang lahat ng bagay at bawa’t-isa sa pansarili nitong kapakanan (cf. Roma 7:14-25).

Si Pablo ay gumagamit ng terminong “laman” sa dalawang magkaibang. Dito lamang sa konteksto ito malalaman ang pagkakaiba. Sa 2:11,14; 5:29,31; 6:5 at 12 ito ay nangangahulugang “ang pantaong persona,” hindi “ang nalugmok na makasalanang likas” tulad dito.



NASB “ginagawa ang mga pita ng laman at ng pag-iisip”

NKJV “pagsasakatuparan ng mga pita ng laman at ng pag-iisip”

NRSV “pagsunod sa mga pita ng laman at mga pang-unawa”

TEV “at gawin kung anuman ang akma sa mga hiling ng ating sariling mga katawan”

NJB “pamunuan ng lubusan ng ating sariling mga pisikal na pagnanasa at ating kaisipan”

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na nagbibigay-diin napapatuloy, walang-tigil, kinaugaliang pagkilos. Ang katawang ng tao at pag-iisip ay hindi masama sa loob at sa kanilang sarili, ngunit sila ang larangan ng digmaan ng panunukso at kasalanan (cf. 4:17-19; Roma 6 & 7).

■ **“sa katutubo”** Ito ay tumutukoy sa nalugmok, Adamikong mga hilig ng sangkatauhan (cf. Genesis 3; Mga Awit 51:5; Job 14:4; Roma 5:12-21; 7:14-25). Ito ay nakakagulat na ang mga rabbi sa pangkalahatan ay hindi nagbibigay-diin sa pagkapahamak ng sangkatauhan sa Genesis 3. Sila ay sa halip ay nagpapahayag na ang sangkatauhan ay may dalawang layunin (*yetzers*), isang mabuti, isang masama. Ang mga tao ay nakapangibabawan ng kanilang mga pagpili. Mayroong isang sikat na rabinikal na kasabihan: “Bawat tao ay mayroong isang itim at isang putting aso sa kanyang puso. Ang isang kanyang pinapakain nang pinakamarami ay ang isang magiging pinakamalaki.” Subalit, ang NT ay ipinapakita ang maraming teolohikong kadahilanan ng kasalanan ng sangkatauhan (1) ang pagkahulog ni Adan, (2) kinusang kamangmangan at (3) mga makasalanang pagpili.

■ **“anak ng kagalitan”** “Anak ng...”, tulad ng “mga anak ng...”, ay isang Hebraikong wikaing parirala para sa isang katangian ng tao. Ang Diyos ay sumasalungat sa kasalanan at paghihimagsik sa kanyang nilikha. Ang poot ng Diyos ay kapwa pansamantala (sa panahon) at eskatolohiko (sa katapusan ng panahon).



NASB “gaya naman ng mga iba”
NKJV “ginawa tayong nakaupong magkakasama”
NRSV, TEV “tulad ng bawat isa”
NJB “gaya naman ng iba”

Ito ay tumutukoy sa ang kalugmukan ng lahat ng mga tao, kapwa Hudyo at Hentil (cf. Roma 1:18-3:21). Si Pablo ay kadalasang gumagamit ng terminong “iba” upang tumukoy sa mga nalugmok (cf. I Tesalonica 4:13; 5:6).

2:4 “Nguni't ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kaniyang malaking pagibig na kaniyang iniibig sa atin” Mayroong ganyang madamdaming pagpapalit sa pagitan ng kawalang pag-asa at kawalang kakayahan ng vv. 1-3 at ang kamangha-manghang biyaya at kahabagan ng Diyos sa vv. 4-7.

Anong isang dakilang katotohanan! Diyos's mercy at love ay ang keys to kaligtasan (cf. v. 7). Ito ay Kanyang mahabaging katangian (cf. 1:7,18; 2:7; 3:8,16), hindi ang pagpupunyagi ng sangkatauhan, na nag-aalok ng isang paraan ng katuwiran. Tingnan ang mga tala sa “mga yaman” sa 1:7.

Ito ay mahalaga na ang talatang ito sa biyaya ng Diyos ay nagtataglay ng isang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI at isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Inibig tayo ng Diyos sa nakalipas at nagpapatuloy tayong iniibig (cf. I Juan 4:10)!

2:5 “Bagama't tayo'y mga patay dahil sa ating mga kasalanan,” Ang pariralang ito ay katulad ng sa v. 1a. Si Pablo ay bumalik sa kanyang orihinal na kaisipan pagkatapos ng kanyang panaklong na kaisipan (cf. vv. 1-3) patungkol sa pagkapahamak ng sangkatauhan. Sa gitna ng ating pangangailangan, ang Diyos ay kumikilos sa pag-ibig (cf. Roma 5:6,8).

▣ **“tayo'y binuhay na kalakip ni Kristo”** Ang Ingles na parirala ay naglalarawan ng isang Griyegong salita (*suzōpoieō*). Ito ay isang pangunahing pandiwa ng pangungusap (AORIST TAHAS NA NA MAY PAHIWATIG) na nagsimula sa v. 1. Ito ay ang una sa tatlong tambalang MGA PANDIWA kasama ang Griyegong PANG-UKOL, *syn*, na nangangahulugang “magkasamang pagsali sa.” Si Hesus ay nabuhay mula sa mga patay sa 1:20 at mga mananampalataya ay binuhay sa espiritwal na pamumuhay sa pamamagitan Niya (cf. Colosas 2:13). Ang mga mananampalataya ngayon ay tunay ngang nabubuhay kay Kristo.

▣ **2:5,8 “sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PAIKOT-IKOT NA PANDIWARI, na naulit sa v. 8 para sa pagbibigay-diin. Ito ay nangangahulugan na ang mga mananampalataya naligtas sa nakalipas, sa pamamagitan ng panlabas na kinatawan, na may lumalagong bunga; “sila ay naging at patuloy na magiging ligtas sa pamamagitan ng Diyos.” Ang katulan na kayariang ito ay inulit sa v. 8 para sa pagbibigay-diin. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Efeso 1:7.

Ito ay isan sa mga biblikal na na talata na bumubuo sa batayan ng doktrina ng kasiguraduhan ng mga mananampalataya (cf. Juan 6:37, 39; 10:28; 17:2, 24; 18:9; Roma 8:31-39). Tulad ng lahat ng biblikal na mga doktrina, kailangan itong itimbang (tinangan sa pag-igting) sa iba pang mga katotohanan at mga teksto.

2:6 “tayo'y ibinangong kalakip niya” Ito ay ang pangalawang sa mga AORIST na tambalan na may *syn*. Ang mga mananampalataya ay muling nabuhay kasama ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay inililing kasama Niya sa bautismo (cf. Colosas 2:12; Roma 6:3-11) at nabuhay kasama Niya sa pamamagitan ng Ama (cf. Colosas 2:13; Roma 6:4-5) na siyang bumuhay kay Hesus (binuhay ng Espiritu sa Roma 8:11). Ang mga ito ay mga natatanging pangkatubusang paghahalintulad. Ang mga mananampalataya sa espiritu ay lumahok sa pangunahing mga pangyayari sa karanasan ni Hesus:

pagkapako sa krus, kamatayan, paglibing, muling pagkabuhay, at pagkaluklok sa trono! Ang mga mananampalataya ay may bahagi sa Kanyang buhay at paghihirap; sila rin ay makakabahagi sa Kanyang kaluwalhatian (cf. Roma 8:17)!



NASB, NRSV “seated us with Him”
NKJV “made us sit together”
TEV “to rule with him”
NJB “gave us a place with him”

Ito ay ang pangatlo sa AORIST na mga tambalan na may *syn*. Ang ating kalalagayan sa Kanya ay isa sa kasalukuya, gayundin sa hinaharap, tagumpay (cf. Roma 8:37)! Ang konsepto ng pag-upo kasama Niya ay nangangahulugang panghahari kasama Niya. Si Hesus ay ang Hari ng mga Harin na nakaupo sa trono ng Diyos Ama at mga mananampalataya ay kahit ngayon ay kasamang naghahari kasama Niya (cf. Mateo 19:28; Roma 5:17; Colosas 3:1; II Timoteo 2:12; Pahayag 22:5). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: PAMAMAHALA SA KAHARIAN NG DIYOS

Ang konsepto ng pamamahala kasama si Kristo ay bahagi ng mas malaking kauriang teolohiko na tinatawag na “ang Kaharian ng Diyos.” Ito ay isang pagpapatuloy mula sa konsepto sa OT ng Diyos bilang tunay na hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7). Siya na namahala sa simbulo (I Samuel 8:7; 10:17-19) sa pamamagitan ng isang nagmula sa lahi ni Judah (cf. Genesis 49:10) at sa pamilya ni Jessie (cf. II Samuel 7).

Si Hesus ang katuparan ng propesiya patungkol sa Mesias. Pinasinayaan Niya ang Kaharian ng Diyos sa Kanyang pagkakatawang-tao sa Betlehem. Ang Kaharian ng Diyos ay naging pangunahing sandigan ng pangangaral ni Hesus. Ang Kaharian ay lubusang damating sa Kaniya (cf. Mateo 10:7; 11:12; 12:28; Marcos 1:15; Lucas 10:9,11; 11:20; 16:16; 17:20-21).

Gayunman, ang Kaharian ay isa ring panghinaharap (eskatolohiko). Ito ay nandito na ngunit wala pang kaganapan (cf. Mateo 6:10; 8:11; 16:28; 22:1-14; 26:29; Lucas 9:27; 11:2; 13:29; 14:10-24; 22:16,18). Si Hesus ay dumating sa unang pagkakataon bilang isang nagdurusang lingkod (cf. Isaias 52:13-53:12); bilang mapagbakumbaba (cf. Zacarias 9:9) ngunit Siya ay babalik bilang Hari ng mga (cf. Mateo 2:2; 21:5; 27:11-14). Ang konsepto ng “pamamahala” ay tiyakang isang bahagi ng “pangkaharian” teolohiya. Ang Diyos ang nagbigay ng kaharian sa mga tagasunod ni Hesus (tingnan ang Lucas 12:32).

Ang konsepto ng pamamahala ni Kristo ay may maraming mga aspeto at mga tanong.

1. Ang mga talata ba ng nagbibigay-diin na ang Diyos ay nagbigay sa mga mananampalataya ng “kaharian” sa pamamagitan ni Kristo ay tumutukoy sa “pamamahala” (cf. Mateo 5:3,10; Lucas 12:32)?
2. Ang mga salita ba ni Hesus sa orihinal na mga alagad sa konteksto ng unang siglong Hudyo ay tumutukoy lahat sa mga mananampalataya (cf. Mateo 19:28; Lucas 22:28-30)?
3. Ang pagbibigay-diin ba ni Pablo sa pamamahala sa kasalukuyang buhay ay sumasalungat o humuhusto sa mga talata sa itaas (cf. Roma 5:17; I Corinto 4:8)?
4. Paano naging magkaugnay ang pagdurusa at pamamahala (cf. Roma 8:17; II Timoteo 2:11-12; I Pedro 4:13; Pahayag 1:9)?
5. Ang umuulit na paksa ng Pahayag ay pagbabahagi maluwalhating paghahari ni Kristo, ngunit ang paghahari ay
 - a. Pang-mundo, 5:10
 - b. milenyo, 20:5,6
 - c. walang hanggan, 2:26; 3:21; 22:5 at Daniel 7:14,18,27



NASB, NKJV,

NRSV

TEV

NJB

“sa sangkalangitang mga lugar”

“sa makalangit na mundo”

“sa langit”

Ang PANTUNTON (ng kabilugan) NA WALANG KASARIANG PANGMARAMIHANG PANG-URI, “sa makalangit na mga lugar,” ay ginamit lamang sa Efeso (cf. 1:20; 2:6; 3:10; 6:12). Mula sa konteksto ng lahat ng kanyang mga gamit, ito ay kailangang mangahulugang ang espiritwal na nasasakupan kung saan ang mga mananampalataya naniniraahan dito at ngayon, hindi kalangitan.

2:7 “sa mga panahong darating” Ang mga Hudyo ay naniniwala sa dalawang panahon, ang kasalukuyang masamang panahon (Galacia 1:4) at ang darating na matuwid na panahon (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:21). Ang Bagong Panahong ito ng katuwiran ay pasisinayaan sa pagdating ng Mesias sa kapangyarihan ng Espiritu. Sa 1:20 ang “panahon” ay PANG-ISAHAN, dito ito ay PANGMARAMIHAN (cf. I Corinto 2:7; Hebreo 1:2; 11:3). Ipinapahiwatig nito na (1) mayroong hindi kukulang sa dalawang panahon o (2) ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang mapatingkad at mapalaki ang darating na panahon—isang rabinikong wikain na tinatawag na “pangmaramihang kamaharlikahan.” Ang paggamit na ito ng PANGMARAMIHAN sa isang pasagisag na diwa ay makikita sa mga talatang tumutukoy sa nakalipas na “mga panahon” (cf. Roma 10:25; I Corinto 10:11; II Timoteo 1:9; Tito 1:2).

Ang ilang mga iskolar ay naniniwala na ito ay payak lamang na talinghaga para sa walang hanggan dahil ang paraan na ginamit ang parirala ay nasa sekular na Koine Griyego at sa maraming mga dako sa NT (cf. Lucas 1:33, 55; Juan 12:34; Roma 9:5; Galacia 1:5; I Timoteo 1:17).



“**maiayag Niya**” Ito ay isang AORIST PANGGITNANG MAY PASAKALI. Maliwanag na naihayag ng Diyos ang Kanyang sariling katangian (cf. 1:5-7). Ang terminong ito ay nangangahulugang “ipakita sa madla” (cf. Roma 9:17,22). Ang kahabagan at layunin ng Diyos kay Kristo ay maliwanag na naihayag sa mga anghel sa pamamagitan ng Kanyang pakikitungo sa napahamak na sangkatauhan (cf. 3:10; I Corinto 4:9; I Pedro 1:12).



“**dakila**” *Huperballō*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng mga Tambalang *Huper* sa 1:19.

2:8 “Sapagkat sa biyaya” Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng “biyaya” ng Diyos (cf. Efeso 1:3-14). Ang katangian ng Diyos ay naiyahag sa pamamagitan ng Kanyang kahabagan (cf. vv. 4-6). Ang mga mananampalataya ay ang mga tropeyo ng Kanyang pag-ibig. Ang biyaya ay pinakamainam na bigyang kahulugan bilang di-karapatdapat, di-marapat ng pag-ibig ng Diyos. Ito ay dumadaloy mula sa kalikasan ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo at anuman ang halaga o katangian ng isang inibig.



“**kayo'y nangaligtas**” Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PAIKOT-IKOT NA PANDIWARI na katulad ng sa v. 5. Ang kahulugan nito ay ang “mga mananampalataya ay naging at magpapatuloy na maging” ligtas sa pamamagitan ng Diyos.

Sa OT ang terminong “ligtas” ay nagsasabi ng “pisikal na pagpapalaya” (cf. Santiago 5:15). Sa NT ang kahulugan nito ay kinuhay sa isang espiritwal dimensyon. Pinalaya ng Diyos mga mananampalataya mula sa bunga ng kasalanan at pinagkalooban sila ng walang hanggang buhay.



“**sa pamamagitan ng pananampalataya**” Ang pananampalataya ay tinatanggap ang walang-bayad na kaloob ng Diyos kay Kristo (cf. Roma 3:22,25; 4:5; 9:30; Galacia 2:16; I Pedro 1:5). Ang sangkatauhan ay kailangang tumugod sa alok na biyaya at kapatawaran ng Diyos kay Kristo (cf. Juan 1:12; 3:16-17,36; 6:40; 11:25-26; Roma 10:9-13).

Ang Diyos ay nakikitungo sa napahamak sa sangkatauhan sa pamamagitan ng isang kasunduan. Siya

ang palaging nagpapauna (cf. Juan 6:44, 65) at nagtatakda ng adyenda at mga hangganan (cf. Marcos 1:51; Mga Gawa 3:16,19; 20:21). Pinahihintulutan Niyang makalahok ang nalugmok na sangkatauhan sa kanilang sariling kaligtasan sa pamamagitan ng pagtugon sa Kanyang pangkasunduang alok. Ang pinag-uutos na pagtugon ay pasimula at nagpapatuloy na pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, paglilingkod, pagsamba, at pagtitiyaga.

Ang terminong “pananampalataya” sa OT ay isang talinghagang pagpapahaba ng isang matibay na tindig. Ito ay dumating upang ipakahulugan ang tiyak, mapagkakatiwalaan, maaasahan at matapat. Wala sa mga ito ang naglalarawan ng tinubos na napahamak na sangkatauhan. Ito ay hindi ang pagiging mapagkakatiwalaan, maaasahan, o matapat ng sangkatauhan, ngunit ng Diyos. Tayo ay nagtitiwala sa Kanyang mga matapat na pangako, hindi sa ating pagiging matapat. Ang pangkasunduang pagsunod ay dumadaloy mula sa ating pasasalamat! Ang pagtuon ay palaging nasa Kanyang katapatan, hindi sa pananampalataya ng mga mananampalataya. Ang pananampalataya ay hindi nakakapagligtas ng simunan. Tangin biyaya ang nakapagliligtas, ngunit ito ay tatanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pagtuon ay hindi kailanman sa laki ng pananampalataya (cf. Mateo 17:20), ngunit sa layon nito (Hesus).

▣ **“at ito’y hindi”** Ito ay isang Griyegong PAMATLIG NA PANGHALIP (*touto*), isang WALANG KASARIAN sa KASARIAN. Ang pinakamalapit na MGA PANGGALAN, “biyaya” at “pananampalataya,” ay kapwa PAMBABAE sa KASARIAN. Samakatuwid, ito ay tumutukoy sa buong pamamaraan ng ating kaligtasan sa natapos na gawain ni Kristo.

Mayroon pang isang posibilidad batay sa isang katulad na pang-gramatikong kayarian sa Filipos 1:28. Kung ganito ang katayuan, ang maka-abay na parirala ay nauugnay sapananampalataya, na isa ring kaloob ng biyaya ng Diyos! Diya ay ang hiwaga ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao.

▣ **“hindi sa inyong sarili”** Ito ay ang una sa tatlong mga parirala na maliwanag na ipinapakita na ang kaligtasan ay hindi batay sa pagpupunyagi ng tao: (1) “hindi sa inyong sarili,” v. 8 (2) “kaloob ng Diyos” v. 8 at (3) “Hindi sa pamamagitan ng mga gawa,” v. 9.

▣ **“ang kaloob ng Diyos”** Ito ay ang diwa ng biyaya—pag-ibig na walang pasubali (cf. Roma 3:24; 6:23). Ang kabalintunaan ng kaligtasan bilang kapwa isang walang-bayad na kaloob at isang pinag-uutos na pangkasunduang pagtugon ay napakahirap maunawaan. Ngunit kapwa ay totoo! Ang kaligtasan ay tunay na walang-bayad, ngunit ang halaga ay lahat ng bagay. Karamihan sa mga biblikal na doktrina ay pinapakilala bilang mga tambalan ng katotohanan na puno ng pag-igting (kasiguraduhan laban sa pagtitiyaga, pananampalataya laban sa mga gawa, dakilang kapangyarihan ng Diyos laban sa malayang pagpili ng tao, predestinasyon laban sa pagtugon ng tao at pagiging lalong malayo laban sa pagiging malapit).

NATATANGING PAKSA: KATIBAYAN SA BAGONG TIPAN PARA SA KALIGTASAN NG ISA

Ito ay batay sa Bagong Kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) kay Hesus:

1. Ang katangian ng Ama (cf. Juan 3:16), ang gawa ng Anak (cf. II Corinto 5:21), at ang ministryo ng Espiritu (cf. Roma 8:14-16) hindi sa makataong pagsasagawa, hindi sahod dahil sa pagsunod, hindi lamang kredo
2. Ito ay isang kaloob (cf. Roma 3:24; 6:23; Efeso 2:5,8-9)
3. Ito ay isang bagong buhay, isang bagong pananawa sa mundo (cf. Santiago at I Juan)
4. Ito ay karunungan (ang ebanghelyo), pakikisama (pananampalataya sa at kay Hesus), at bagong pamumuhay (pinangungunahan ng Espiritung pagiging wangis ni Kristo) lahat ng tatlo, hindi lamang alinman sa kanila

5. Tignan ang mga pagsusuri sa tunay na kaligtasan sa Kontekstwal na mga Kaunawaan sa I Juan 2:3-27, C.

2:9 “Hindi sa pamamagitan ng mga gawa,” Ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng kagalingan (cf. Roma 3:20, 27-28; 9:11, 16; Galacia 2:16; Phil 3:9; II Timoteo 1:9; Tito 3:5). Ito ay tuwirang pagkakaiba sa mga bulaang mangangaral.

▣ **“upang ang sinoman ay huwag magmapuri”** Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, hindi sa pagpupunyagi ng tao, upang walang lugar sa pagmamayabang ng tao (cf. Roma 3:27; 4:2). Kung mga mananampalataya ay nagmamapuri, hayaan silang magmapuri kay Kristo (cf. I Corinto 1:31, na isang sipi sa Jeremias 9:23-24).

NATATANGING PAKSA: PAGMAMAPURI O KAYABANGAN

Ang mga Griyegong salita, *kauchaomai*, *kauchēma*, at *kauchēsis*, ay ginamit ng mga tatlumpu't-limang beses kay Pablo at dalawang beses lamang sa natitirang bahagi ng NT (kapwa kay Santiago). Ito ay higit na ginamit sa I at II Corinto.

May dalawang pangunahing katotohanan na umuugnay sa pagmamapuri.

★ Walang laman ang maluluwalhati/magmamapuri sa harapan ng Diyos (cf. I Corinto 1:29; Efeso 2:9)

★ Ang mga mananampalataya ay kailangang magluwalhati sa Panginoon (cf. I Corinto 1:31; II Corinto 10:17, na isang pagkabanggit sa Jeremias 9:23-24)

Samakatuwid, mayroong angkop at di-angkop na pagmamapuri/pagluluwalhati (i.e., pagmamataas).

A. Angkop

1. sa pag-asa ng kaluwalhatian (cf. Roma 4:2)
2. sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesus (cf. Roma 5:11)
3. sa krus ng Panginoong Hesukristo (i.e., pangunahing paksa ni Pablo, cf. I Corinto 1:17-18; Galacia 6:14)
4. Si Pablo ay nagmapuri sa
 - a. Kanyang gawain na walang kabayaran (cf. I Corinto 9:15,16; II Corinto 10:12)
 - b. Kanyang awtoridad na mula kay Kristo (cf. II Corinto 10:8,12)
 - c. Kanyang di-pagmapuri sa gawain ng ibang tao (tulad ng ilang sa Corinto, cf. II Corinto 10:15)
 - d. Kanyang pinagmulang lahi (tulad ng ibang gumagawa nito sa Corinto, cf. II Corinto 11:17; 12:1,5,6)
 - e. Kanyang mga iglesiya
 - (1) Corinto (II Corinto 7:4,14; 8:24; 9:2; 11:10)
 - (2) Tesalonica (cf. II Tesalonica 1:4)
 - (3) Kanyang pagtitiwala sa kaaliwan at pagpapalaya ng Diyos (cf. II Corinto 1:12)

B. Di-angkop

1. May kaugnayan sa pang-Hudyon lipi (cf. Roma 2:17,23; 3:27; Galacia 6:13)
2. Ilang mga iglesiya sa Corinto ay nagmamapuri
 - a. Sa tao (cf. I Corinto 3:21)
 - b. Sa karunungan (cf. I Corinto 4:7)
 - c. Sa Kalayaan (cf. I Corinto 5:6)
3. mga bulaang mangangaral ay nagtatangkang magmapuri sa iglesiya sa Corinto (cf. II Corinto 11:12)

2:10 “tayo'y kaniyang gawa,” Ang Ingles sa salitang “tula” ay nanggaling sa Griyegong terminong ito (*poiēma*). Ang salitang ito ay ginamit lamang nang dalawang beses sa NT, dito at Roma 1:20. Ito ay ang kalalagayan ng mga mananampalataya sa biyaya. Sila ay sa kabalintunaan, ang Kanyang natapos na gawa na hanggang ngayon ay nagpapatuloy!

▣ **“nilalang kay Kristo Hesus”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK PANDIWARI. Ang Espiritu ay hinuhubog ang mga mananampalataya sa ministryo ni Kristo sa pamamagitan ng ang kalooban ng Ama (cf. 1:3-14). Ang pagkilos na ito na isang bagong espiritwal paglalalang ay ay inilarawan sa katulad na mga terminong ginamit sa panimulang paglalang sa Genesis (cf. 3:9; Colosas 1:16).

▣ **“para sa mabubuting gawa”** Ang pamumuhay ng mga mananampalataya pagkatapos nilang makilala si Kristo ay isang katunayan ng kanilang kaligtasan (cf. Santiago at I Juan). Sila ay naligta sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya para sa mga gawa! Sila ay naligtas upang maglingkod! Ang pananampalatayang walang gawa ay patay, gaya ng mga gawang walang pananampalataya (cf. Mateo 7:21-23 at Santiago 2:14-26). Ang layunin ng pagpili ng Ama ay upang ang mga mananampalataya maging “banal at walang dungis” (cf. 1:4).

Si Pablo ay kadalasang inaatake dahil sa kanyang radikal na walang-bayad na ebanghelyo dahil ito ay tila nagpapasigla sa walang-diyos na pamumuhay. Ang isang ebanghelyo na tila lubhang walang kaugnayan sa pagpupunyaging moral ay kadalasang nauwi sa pang-aabuso. Ang ebanghelyo ni Pablo ay walang-bayad sa biyaya ng Diyos, ngunit ito rin ay nangangailanga ng isang nararapat na pagtugon, hindi lamang panimulang pagsisisi, ngunit nagpapatuloy na pagsisisi. Ang maka-Diyos na pamumuhay ay ang bunga, hindi kawalang kautusan. Ang mga mabubuting gawa ay hindi paraan ng kaligtasan, ngunit ang bunga. Ang kabalintunaanang ito ng isang lubusang walang-bayad na kaligtasan at isang napakamahal na pagtugon ay mahirap ipabatid, ngunit ang dalawa ay dalawa ay kailangang tanganan sa isang puno ng pag-igting na pagtitimbang.

Ang Amerikanong indibidwalismo ay pinasama ang ebanghelyo. Ang ma tao ay hindi naligtas dahil inibig sila nang lubusan ng Diyos nang panarili, ngunit dahil iniibig ng Diyos ang napahamak na sangkatauhan, sangkatauhang nilalang sa Kanyang wangis. Siya ay nagliligtas at nagbabago ng mga tao upang maabot ang marami pang tao. Ang sukdulang pagtuon ng pag-ibig una sa lahat panglahatan (cf. Juan 3:16), ngunit ito ay kailangang tanggapin ng isahan (cf. Juan 1:12; Roma 10:9-13; I Corinto 15:1).

▣ **“na mga inihanda ng Diyos nang una”** Ang malakas terminong ito (*pro + hetoimos*, “ihanda bago”) ay nauugnay sa teolohikong konsepto ng predestinasyon (cf. 1:4-5,11) at ginamit lamang dito at sa Roma 9:23. Pinili ng Diyos ang isang bayan upang ipakilala ang Kanyang katangian. Sa pamamagitan ni Kristo, ang Ama ay napanumbalik ang Kanyang larawan sa nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:11-22

¹¹Kaya nga alalahanin ninyo, na kayo noong una, mga Hentil sa laman, tinatawag na Di-pagtutuli niyaong tinatawag na Pagtutuli sa laman, na ginawa ng mga kamay: ¹²Alalahanin niyo, na kayo nang panahong yaon ay mga hiwalay kay Kristo, na mga di kabilang sa bansa ng Israel, at mga taga ibang lupa tungkol sa mga tipan ng pangako, na walang pagasa at walang Diyos sa sanglibutan. ¹³Datapuwa't ngayon kay Kristo Hesus kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit sa dugo ni Kristo. ¹⁴Sapagka't siya ang ating kapayapaan, na kaniyang pinagisa ang dalawa, at iginiba ang pader na nasa gitna na nagpapahiwalay, ¹⁵Na inalis ang pagkakaalit sa pamamagitan ng kaniyang laman, *kahit* kautusan na may mga batas *na nakapaloob sa mga palatuntunan*; upang sa dalawa ay lalangin sa kaniyang sarili ang isang taong bago, sa ganito'y ginagawa ang kapayapaan; ¹⁶At upang papagkasunduin silang dalawa sa isang katawan sa Diyos sa pamamagitan ng krus, na sa kaniya'y pinatay ang pagkakaalit. ¹⁷AT SIYA'Y NAPARITO AT

IPINANGARAL ANG KAPAYAPAAAN SA INYONG NALALAYO, AT ANG KAPAYAPAAAN SA NANGALALAPIT:
¹⁸Sapagka't sa pamamagitan niya tayo'y may pagpasok sa isang Espiritu rin sa Ama. ¹⁹Kaya nga hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Diyos, ²⁰Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Kristo Hesus din ang pangulong *bato* sa panulok; ²¹Na sa kaniya'y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon; ²²Na sa kaniya'y itinayo naman kayo upang maging tahanan ng Diyos sa Espiritu.

2:11 “Samakatuwid” Ito ay maaaring tumukoy sa (1) vv. 1-10, o (2) 1:3-2:10. Kadalasang ginagamit ni Pablo ang salitang ito upang magsimula ng isang bagong pampanitikang yunit sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga pinagsamang katotohanan sa naunang mga yunit (cf. Roma 5:1; 8:1, 12:1).

Ito ay ang pangatlong pangunahing katotohan sa pangdoktrinang pagpapangkat ni Pablo (mga kabanata 1-3). Ang una ay walang hanggang pagpili ng Diyos batay sa Kanyang mapagbiyayang katangian, ang pangalawa ay ang kawalang pag-asa ng nalugmok na sangkatauhan, iniligtas sa pamamagitan ng mapagbiyayang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo na kailangang tanggapin at ipamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngayon, ang pangatlo, ang kalooban ng Diyos ay palagiang naging kaligtasan ng lahat ng mga tao (cf. Genesis 3:15), kapwa Hudyo at Hentil (cf. 2:11-3:13). Walang pangtaong karunungan (i.e., Gnostics) ang nakaunawa sa mga nahayag na katotohanang ito.

▣ **“alalahanin”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang mga Hentil na ito ay inutusan alalahanin ang kanilang nakalipas pagkakalayo mula sa Diyos, vv. 11-12.

▣ **“a kayo noong una, mga Hentil sa laman”** Sa literal, ito ay “mga bansa” (*ethnos*). Ito ay tumutukoy sa lahat ng mga tao na wala sa linya ni Jacob. Sa ang OT ang terminong “mga bansa” (*go'im*) ay isang mapanirang paraan ng pagtukoy sa lahat ng mga hindi Hudyo.

▣ **“tinatawag na Di-pagtutuli”** Kahit na sa OT, ang seremonyang ito ay isang panlabas na tanda ng panloob na pananampalataya (cf. Levitico 26:41-42; Deuteronomyo 10:16; Jeremias 4:4). Ang “Judaizers” ang Galacia ay inaangkin na ito ay kalooban parin ng Diyos at napakahalaga sa kaligtasan (cf. Mga Gawa 15:1ff; Galacia 2:11-12). Mag-ingat na hindi malito sa sagisag na may espiritwal na katotohanan na kung saan ito ay tumitindig (cf. Mga Gawa 2:38 para sa isa pang halimbawa).

2:12

NASB “hiwalay kay Kristo”

NKJV, NRSV “wala si Kristo”

TEV “inihiwala kay Kristo”

NJB “wala kang Kristo”

Sa literal, ito ay “sa mga inihiwalay na saligan.” Ang mga iilang susunod na mga parirala (i.e., v. 12), tulad ng vv. 1-3, ay nagpapakita ng kawalang kakayahan at kawalang pag-asa ng mga Hentil kung wala si Kristo.

▣

NASB, NJB “di kabilang”

NKJV, NRSV “pagiging mga dayuhan”

TEV “mga banyaga”

Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI na nangangahulugang “naging at nagpatuloy na di kabilang.” Sa OT ang termino ay tumutukoy sa mga naninirahang di-mamamayan na may mga piling karapatan (mga dayuhan). Ang mga Hentil ay naging at nagpatuloy na hiwalay, malayo mula sa

Kasunduan ni YHWH.

▣ **“sa bansa ng Israel”** Sa literal, ito ay “pagkamamamayan” (*politeia*). Ang salitang ito ay dumating sa Ingles bilang “pulitika.” Ito ay tumutukoy sa piniling mga inanak ni Abraham. Ang kanilang mga pakinabang ay tinala sa Roma 9:4-5.

▣ **“tungkol sa mga tipan ng pangako,”** Ang NT ay maaring tumukoy sa OT bilang isang kasunduan o bilang maraming mga kasunduan. Ang teolohikong pag-igting na ito ay maaaring makita bilang isang pangkasunduang pananampalataya na naihayag sa magkakaibang kinakailangan. Ang Diyos ay hinarap ang mga tao sa OT sa magkakaibang mga paraan. Ang Kanyang salita kay Adam ay patungkol sa mga bagay na nasa hardin ng Eden, kay Noah patungkol sa daong, kay Abraham patungkol sa isang anak at isang lugar upang mamuhay, kay Moises patungkol sa pamumuno ng mga tao, atbp. Ngunit sa lahat ng ito ay pagsunod sa salit ng Diyos! Ang ilang mga pangkat (dispensationalists) ay tumuon sa pagkakaiba. Ang ibang mga pangkat (Calvinists) ay tumuon sa pag-iisa ng aspeto ng pananampalataya aspect. Si Pablo ay tumuon sa kasunduan ni Abraham (cf. Roma 4) bilang pagbubuo ng huwaran para sa lahat ng pakikipag-ugnayang pananampalataya.

Ang Bagong Kasunduan ay tulad ng mga lumang kasunduan sa kanilang pangangailangan sa pagsunod at personal na pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos. Ito ay naiiba sa nilalaman (cf. Jeremias 31:31-34). Ang kasunduan kay Moises ay tumutuon sa pantaong pagsunod at pagpupunyagi, habang ang NT tumutuon sa pagsunod at pagtupad ni Kristo. Ang bagong kasunduang ito ay paraan ng Diyos upang pag-isahin ang mga Hudyo at mga Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. 2:11-3:13).

Ang Bagong Kasunduan, tulad ng luma, ay kapwa walang pasubali (pangako ng Diyos) at may pasubali (pagtugon ng tao). Ito ay naglalarawan kapwa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (predestinasyon) at ang malayang pagpili ng sangkatauhan (pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, pagtitiyaga).

NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (TIPAN)

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay kailangang gumawa ng isang malaking

- bangka na malayo sa water at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (tensyon) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa “bagong kasunduan.” Ang pag-igting (tensyon) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa: (1) ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagtanggap sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap. Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. Roma 7; Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan ay lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian! Ang pag-igting (tensyon) ay maliwanag na makikita sa Hebreo.

▣ **“na walang pagasa at walang Diyos sa sanglibutan”** Kung mayroong tunay na isang manlilikhang Diyos at ang Israel ay ang Kanyang piniling bayan, ang mga Hentil ay tinanggalan ng kahit anong pag-asa, nalugmok sa pagsamba sa diyus-diyosan at paganismo (cf. I Tesalonica 4:13 at Roma 1:18-2:16).

2:13 “Datapuwa't ngayon” Mayroong pag-iiba sa pagitan ng kawalang pag-asa ng nakalipas ng mga Hentil, vv. 11-12, at kanilang dakilang pag-asa sa ebanghelyo, vv. 13-22.

▣ **“kayo na noong panahon ay nalalayo ay inilapit”** Ang katulad na konsepto ay inulit sa v. 17, kung saan ang Isaias 57:14-19 ay sinipi. Sa Isaias, ang tekstong ito ay tumutukoy sa mga Pang-hudyong pagpapatapon, ngunit dito sa Efeso ito ay tumutukoy sa mga Hentil. Ito ay isang halimbawa ng tipolohikong paggamit ni Pablo ng mga talata sa OT. Ang Apostol ng NT ay pinaginglahat ang pag-asa sa OT. Bilang mga ipinatapong Hudyo na malayo sa Diyos, gayundin naman, ang mga Hentil ay pinalayo mula sa Diyos.

▣ **“sa pamamagitan ng dugo ni Kristo”** Ito ay tumutukoy sa panghalili, para sa ibang katubusan ni Kristo (cf. 1:7; Roma 3:25; 5:6-10; II Corinto 5:21; Colosas 1:20; Hebreo 9:14,28; I Pedro 1:19; Pahayag 1:5). Ang pamilya ng Diyos ay hindi pambansa, ngunit espirital (cf. Roma 2:28-29; 4:16-25).

Ang dugo of Kristo ay isang paghahandog na talinghaga (cf. Levitico 1-2) para sa kamatayan ng Mesias (cf. TEV). Sinabi ni Juan Bautista patungkol kay Hesus, “Narito, ang Kordero ng Diyos, na

nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan” (cf. Juan 1:29). Si Hesus ay dumating upang mamatay (cf. Genesis 3:15; Isaias 53; Marcos 15:53; 10:45).

2:14 Ang talatang ito ay may tatlong MGA MAKADIWA. Ang una ay isang PANGKASALUKUYANG NA MAY PAHIWATIG. Si Hesus ay nagpapatuloy na maging at magkaloob ang ating kapayapaan. Ang pangalawang at pangatlo ay AORIST TAHAS NA MGA PANDIWARI; lahat ng ito ay kinakailangan upang maisakatuparan ang pag-iisa ng mga Hudyo at mga Hentil sa bagong kalalgayan (ang iglesiya).

Ang kapayapaan sa pagitan ng Hudyo at Hentil ay nakatuon sa pampanitikang yunit 2:11-3:13. Ito ang hiwaga ng ebanghelyo na itinago sa panahong nakalipas. Ang terminong “kapayapaan” ay tumutukoy sa (1) kapayapaan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan (cf. Juan 14:27; 16:33; Roma 5:1-11; Filipos 4:7,9) at (2) kapayapaan sa pagitan ng Hudyo at Hentil, vv. 14, 15, 17 (cf. Galacia 3:28; Colosas 3:11).

▣ **“Sapagka't siya sa Kaniyang sarili ang ating kapayapaan”** “Siya sa Kanyang sarili” (*autos*) ay pagbibigay-diin. Ang terminong “kapayapaan” ay nangangahulugang “ipanumbalik kung anuman ang nasira” (pagkakasundo). Si Hesus ang Mesias ay tinawag na Pangulo ng Kapayapaan (cf. Isaias 9:6 at Zacarias 6:12-13). Ang kapayapaan ng Diyos kay Kristo ay maraming mga aspeto. Tingnan ang Natatanging mga Paksa: Kapayapaan at Ang Kristiyano at Kapayapaan sa Colosas 1:20.

▣
NASB “na kaniyang pinagisa ang dalawa”
NKJV “na kaniyang ginawang isa ang dalawa”
NRSV “kaniyang ginawang isa ang kapwa pangkat”
TEV “sa pamamagitan ng paggawa sa mga Hudyo at mga Hentil na isang bayan”
NJB “na ginawa ang dalawa na isa”

Ang mga mananampalataya ay hindi na Hudyo o Hentil, ngunit Kristiyano (cf. 1:15; 2:15; 4:4; Galacia 3:28; Colosas 3:11). Ito ay ang hiwaga ng Diyos na naihayag sa Efeso. Ito ay palagiang plano ng Diyos (Genesis 3:15). Pinili ng Diyos si Abraham upang pumili ng isang bayan, upang upang pumili ng isang mundo (Genesis 12:3; Exod. 19:5-6). Ito ay pinagkaisang paksa ng Luma at Bagong mga Kasunduan (mga Tipan).

▣
NASB “ang pader na nasa gitna na nagpapahiwalay”
NKJV “ang panggitnang pader ng paghihiwalay”
NRSV “ang naghihiwalay na pader”
TEV “ang pader na naghihiwalay”
NJB “ang pader na ginamit upang sila ay paghiwalayin”

Sa literal, ito ay “ang panggitnang pader na naghihiwalay.” Ito ay di-karaniwang termino. Sa kontekstong ito, maliwanag na ito ay tumutukoy sa ang kautusan ni Moises (cf. v.15). Ang ilang taga-pagpuna ay binigyang-diin na ay isang pagkabanggit sa isang pader ng Templo ni Herodes sa pagitan ng panig ng mga Hentil at ang panig ng mga Kababaihan, na naghihiwalay sa mga Hudyo at Hentil na nananambahan. Ang katulad nitong simbolismo ng pagtatanggal ng mga harang ay makikita sa talukbong ng Templo na nahati mula sa taas pababa sa kamatayan ni Hesus (cf. Mateo 27:51). Ang pagkakaisa ay ngayon ay maaari na. Ang pagkakaisa ngayon ay kalooban na ng Diyos (cf. Efeso 4:1-10).

Sa Gnostisismo, ang terminong ito ay tumutukoy sa isang harang sa pagitan ng langit at lupa, na maaaring nabanggit sa Efeso 4:8-10.

2:15
NASB “inalis”
NKJV “na inalis”
NRSV “na binuwag”

TEV
NJB

“nabuwag”
“winawasak”

Ang terminong “binuwag” ay isang paborito ni Pablo (cf. Roma 3:31; 6:6; Colosas 2:14). Sa literal, ito ay nangangahulugang “gawing walang halaga o walang kabuluhan” o “dalhin sa kawalang epekto.” Ito ay isang AORIST TAHAS NA PANDIWARI. Lubusang tinanggal ni Hesus ang parusang kamatayan sa OT Kautusan (cf. v. 16; Colosas 2:14; Hebreo 8:13).

Hindi ito nangangahulugang ipinapahiwatig nito na ang OT ay hindi kinasihan at mahalagang kapahayagan para sa mananampalataya sa NT (cf. Mateo 5:17-19). Hindi ito nangangahulugang ang Kautusan ay hindi paraan sa kaligtasan (cf. Mga Gawa 15; Roma 4; Galacia 3; Hebreo). Ang Bagong Kasunduan (Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-36) ay batay sa bagong puso at isang bagong espiritu, hindi pa pagpupunyagi ng tao sa legal sa kodigo. Ang mga nananampalatayang Hudyo at nananampalatayang mga Hentil ngayon ay may magkatulad na kalalagayan sa harapan ng Diyos—ang ibinilang na katuwiran ni Kristo.

NATATANGING PAKSA: WALANG HALAGA AT WALANG KABULUHAN (*KATARGEŌ*)

Ito (*katargeō*) ay isa sa mga paboritong mga salita ni Pablo. Ginamit niya ito ng dalawampu't-limang beses ngunit ito ay may malawaka ng pang-semantikong saklaw.

- A. Ang pangunahing etimolohikong salitang-ugat ay galing sa argos na nangangahulugang
 1. Walang pag-iral
 2. Walang saysay
 3. Hindi nagagamit
 4. Walang paggagamitan
 5. Walang bisa
- B. Ang tambalang may *kata* ay ginagamit upang ipahayag ang
 1. Walang pag-iral
 2. Walang paggagamitan
 3. Iyang alinmang nawalang-bisa
 4. Iyang alinmang ginawa palayo
 5. Iyang alinmang lubusang walang bisa
- C. Ito ay minsang ginamit sa Lucas upang ilarawan ang isang di-namumunga, samakatuwid walang silbing puno (cf. Lucas 13:7)
- D. Ginamit ito ni Pablo sa isang matalinghagang kaunawaan sa dalawang pangunahing pamamaraan
 1. Ang Diyos na ginawang walang-bisang bagay ang mga may kaaway sa sangkatauhan
 - a. Makasalanang kalikasan ng sangkatauhan – Roma 6:6
 - b. Ang Kautusan ni Moises sa kaugnayan nito sa pangako ng Diyos ng “ang binhi” – Roma 4:14; Galacia 3:17; 5:4,11; Efeso 2:15
 - c. Espirituwal na puwersa – I Corinto 15:24
 - d. Ang “tao ng kawalang kautusan” – II Tesalonica 2:8
 - e. Pisikal na kamatayan – I Corinto 15:26; II Timoteo 1:16 (Hebreo 2:14)
 2. Ang pagpapalit ng Diyos ng luma (kasunduan, panahon) para sa bago
 - a. Mga bagay na may kaugnayan sa Kautusan ni Moises – Roma 3:3,31; 4:14; II Corinto 3:7,11,13,14
 - b. Pagkakatulad ng kasalang ginamit sa Kautusan – Roma 7:2,6
 - c. Ang mga bagay ng panahong ito – I Corinto 13:8,10,11
 - d. Ang katawang ito – I Corinto 6:13
 - e. Mga pinuno ng panahong ito – I Corinto 1:28; 2:6

Ang salitang ito ay isinalin sa maraming magkakaibang pamamaraan, ngunit ang kanyang

pangunahing kahulugan ay gawin ang isang bagay na walang silbing, walang halaga at walang kabuluhan, walang pag-iral, walang kapangyarihan, ngunit hindi kinakailangang di-nananatili, nawasak o napuksa.

- ▣ **NASB, NKJV** “ng Kanyang laman”
- NRSV (2:14)** “laman”
- TEV (2:14)** “ng kanyang sariling katawan”
- NJB (2:14)** “ng kanyang sariling pagkatao”

Ito ay nagbibigay-diin sa pagiging tao ni Hesus (cf. Colosas 1:22) gayundin mana sa Kanyang ministryo ng pagkakatawang-tao (cf. Efeso 4:8- 10). Ang mga bulaang mangangaral ay kapwa itinatangi ito dahil sa kanilang ontolohikong dualismo sa pagitan ng espiritu, na nakita nila bilang mabuti, at materya, na nakita nila bilang masama (cf. Galacia 4:4; Colosas 1:22).

▣ **“ang pagkakaalit”** Ang balanseng kayarian ay katumbas “ang pagkakaalit” (cf. v. 16) sa “Batas ng kautusan na nakapaloob sa mga mga utos.” Ang sabi ng OT ay “gawin at mabuhay,” ngunit ang nalugmok na sangkatauhan ay walang kakayahang isakatuparan ang Kautusan ni Moise. Minsang malabag, ang mga kautusan ng OT ay naging isang sumpa (cf. Galacia 3:10); “ang kaluluwang nagkasala ay tiyak na mamamatay” (cf. Ezekiel 18:4,20). Ang Bagong Kasunduan ang nagtanggap ng pagkakaalit sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga tao ng isang bagong puso at espiritu (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27). Ang pagpupunyagi ang naging bunga, hindi layunin. Ang kaligtasan ay isang kaloob, hindi isang gantimpala para sa gawaing naisakatuparan.

- ▣ **NASB** “kautusan na may mga batas *na nakapaloob sa mga palatuntunan*”
- NKJV** “ang batas ng mga kautusan na nagpatuloy sa mga palatuntunan”
- NRSV** “ang batas na may mga kautusan at palatuntunan”
- TEV** “ang Pang-hudyong Kautusan, kasama nitong mga palatuntunan”
- NJB** “ang mga kautusan at mga atas ng Kautusan”

Ito ay tumutukoy na paraan ng kaligtasan na inisip na matatagpuan lamang sa pamamagitan ng pagpupunyagi sa Kautusan of Moises (cf. Roma 9:30-32; Galacia 2:15-21).

NATATANGING PAKSA: ANG KAUTUSAN NI MOISES AT ANG KRISTIYANO

- A. Ang Kautusan ay kinasihang kautusan at walang-hanggan (cf. Mateo 5:17-19).
- B. Ang Kautusan bilang isang paraan ng kaligtasan ay walang bisa at palagiang ganito, ngunit ang sangkatauhan na naghahangad na makita ang kanyang sariling pagpupunyagi ay walang saysayfutile (cf. Mateo 5:20, 48; Roma 7:7-12; Galacia 3:1ff; Santiago 2:10).
- C. Ang ebanghelyo ni Kristo ay ang tanging paraan sa Diyos (cf. Juan 14:6; Roma 3:21; Galacia 2:15-21; Hebreo 8:12).

Ang Lumang Tipan ay patuloy na makakatulong sa mga mananampalataya bilang kalooban ng Diyos sa mga tao para sa lipunan, ngunit hindi bilang isang paraan ng kaligtasan. Ang cultus ng Israel (sistemang paghahain, mga banal na araw, kautusan pang-sibika at pang-relihiyon) ay lumipas na ngunit Diyos patuloy na nagsasalita sa pamamagitan ng OT. Ang mga tadhanang nabanggit sa ga Gawa 15:20 ay tumutukoy lamang sa mga isyu ng pakikipag-ugnayan, hindi ng kaligtasan.

▣ **“upang lalangin sa kaniyang sarili”** Ang PANGHALIP “Kaniyang sarili” ay pagbibigay-diin. Ang walang hangang layunin ng Diyos sa pagkakaisa ng mga tao sakaligtasan (cf. Genesis 3:15) at

pakikipag-ugnayan ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng pagtupad ng persona ng Mesias, hindi ng Kautusan ni Moises.

▣ **“isang taong bago,”** Ang Griyegong termino ay nangangahulugang “bago” sa uri, hindi sa panahon. Ang bayan ng Diyos ay hindi mga Hudyo, hindi mga Hentil, ngunit mga Kristiyano! Ang Iglesiya ay isang bagong pagkakilanlan, sa loob at sa pamamagitan at para kay Kristo (cf. Roma 11:36; Colosas 1:16; Hebreo 2:10).

▣ **“establishing kapayapaan”** Ito ay isang paboritong termino para kay Pablo. Ito ay ginamit ng labing-isang beses sa Roma at pitong beses sa Efeso (cf. 1:2; 2:14,15,17; 4:3; 6:15,23). Ginamit niya ito sa tatlong kaparaanan.

1. kapayapaan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, Colosas 1:20
2. panariling kapayapaan sa Diyos tsa pamamagitan ni Kristo, Juan 14:27; 16:33; Filipos 4:27
3. kapayapaan sa pagitan ng mga tao, Efeso 2:11-3:13.

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG NA BALINTIYAK PANDIWARI. Si Kristo nagpapatuloy na gumawa ng kapayapaan para sa mga nalugmok na anak ni Adan na tutugon sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kapayapaan ni Kristo ay hindi kusa (AORIST MAY PASAKALI ng v. 16), ngunit ito ay inilaan sa lahat (cf. Roma 5:12-21).

2:16 “upang papagkasunduin” Ang Griyego terminong ay nangangahulugang ilipat ang sinuman mula sa isang kalalagayan papunta sa iba. Ipinapahiwatig nito ang pagpapalit ng mga magkakaibang kalalagayan (cf. Roma 5:10-11; Colosas 1:20,22; II Corinto 5:18,21). Sa isang kaunawaan, ang pagkakasundo ay isang pagtatanggal ng sumpa sa Genesis 3. Ang Diyos at sangkatauhan ay naipanumbalik sa malapit na pakikipag-ugnayan kahit na sa buhay na ito, sa lugmok sa sistema ng mundo. Ang pagkakasundong ito sa Diyos ay ipinapaliwanag ang kanyang sarili sa isang bagong pakikipag-ugnaya sa ibang mga tao at sa huli ay sa kalikasan (Isaias 11:6-9; 65:25; Roma 8:18-23; Pahayag 22:3). Ang pagkakaisa ng mga Hudyo at mga Hentil ay isang magandang halimbawa ng gawaing pagsasama sa ating mundo.

▣ **“sa isang katawan”** Ang talinghagang ito ng pagkakaisa ay ginamit sa maraming iba’t-ibang mga paraan sa mga sulat ni Pablo: (1) ang pisikal na katawan ni Kristo (cf. Colosas 1:22) o ang katawan ni Kristo, ang iglesiya (cf. Colosas 1:23; 4:12; 5:23,30); (2) ang bagong sangkatauhan na kapwa Hudyo at Hentil (cf. 2:16); o (3) isang paraan ng pagtukoy sa pagkakaisa at pag-iiba ng mga espiritwal na kaloob (cf. I Corinto 12:12-13,27). Sa isang kaunawaan, silang lahat ay maiuugnay sa #1.

▣ **“sa pamamagitan ng krus”** Ang Hudyong mga pinuno ay inakalang ang krus ni Kristo ay isang sumpa (cf. Deuteronomyo 21:23). Ginamit ito ng Diyos bilang paraan ng katubusan (cf. Isaias 53). Si Hesus ang naging “sumpa” para sa atin (cf. Galacia 3:13)! Ito ang naging kanyang karwaheng tagumpay (cf. Colosas 2:14-15), sa pagkaloob ng tagumpay sa mga mananampalataya sa (1) sumpa ng OT; (2) mga masamang kapangyarihan; at (3) ang pagkakaalit sa pagitan ng Hudyo at Hentil.



NASB	“na sa kaniya'y pinatay ang pagkakaalit”
NKJV	“sa gayung paraan ay pinatay ang pagkakaalit”
NRSV	“sa gayon ay pinatay ang pagkakasalungatan sa pamamagitan nito”
TEV	“Winasak ni Kristo ang pagkakaalit”
NJB	“sa kanyang sariling persona ay pinatay ang pagsasalungatan”

Ang Ingles na mga salit ay nagpapakita na ang pariralang ito ay maaaring maunawaan sa dalawang paraan. can be understood in two ways. Ito ay dahil ang PANG-ISAHAN PANGHALIP ay maaaring isang DATIBONG PANGLALAKI (TEV, NJB) o DATIBONG WALANG KASARIAN (NASB, NRSV). In konteksto, alinman ay maaari. Ang pagbibigay-diin ng mas malaking konteksto ay ang natapos na gawaing

pangkatubusan ni Kristo.

2:17 Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 57:19 o maaari sa 52:7. Ang mga rabi, sa pagbalik sa Isaias 56:6, ay gumamit ng pariralang ito upang tumukoy sa mga Hentil na nagbago na paniniwala.

2:18 Ang gawain ng Trinidad ay maliwanag na inihahayag sa aklat na ito (cf. 1:3-14,17; 2:18; 4:4-6). Bagaman ang terminong “trinidad” ay hindi isang biblikal na salita, ang konsepto ay tiyak (cf. Mateo 3:16-17; 28:19; Juan 14:26; Mga Gawa 2:33-34,38-39; Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:9-10; I Corinto 12:4-6; II Corinto 1:21-22; 13:14; Galacia 4:4-6; Efeso 1:3-14; 2:18; 3:14-17; 4:4-6; I Tesalonica 1:2-5; II Tesalonica 2:13; Tito 3:4-6; I Pedro 1:2; Judas 20-21). Tingnan ang Natatanging Paksa at 1:3.

▣ **“tayo'y may pagpasok”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nangangahulugang “tayo ay nagpapatuloy na magkaroon ng pagpasok.” Ito ay isang konsepto kay Hesus na siyang personal na nagdadala ng mga mananampalataya sa harapan ng Diyos at pinagkakalooban sila ng isang personal pagpapakilala (cf. Roma 5:2; ito ay rin ay ginamit sa diwa ng pagtitiwala sa Hebreo 4:16; 10:19,35).

▣ **“sa isang Espiritu”** Ito ay rin ay binigyang-diin sa Efeso 4:4. Ang mga bulaang mangangaral ay nagdudulot ng kawalan ng pagkakaisa, ngunit ang Espiritu ay nagbubunga na pagkakaisa (hindi pagkakapareho)!

2:19 Ang mga Hentil na nahiwalay (vv. 11-12) ngayon ay lubusang kasama. Ito ay maliwanag na nahayag sa pamamagitan ng paggamit ng apat na karaniwang biblikal na mga talinghaga: (1) mga kasamang mamamayan (lungsod); (2) mga banal (banal na bansa na inihiwalay para sa Diyos); (3) sambahayan ng Diyos (mga miyembro ng pamilya); at (4) isang espiritwal na gusali (templo, vv. 20-22a).

▣ **“mga banal”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa Colosas 1:2.

2:20 “Na mga itinatayo sa ibabaw” Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK PANDIWARI. Ang saligan ng ating pananampalataya ay naging lubos, natapos, at ganap na nalagak sa pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang mabuting balita ng Diyos ay naihayag sa pamamagitan ng mga Apostol at mga propeta (cf. 3:5).

▣ **“kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta”** Si Hesus ang lagak ng saligan of ng ebanghelyo (cf. I Corinto 3:11). Ang OT ay hinulaan ang darating na Kaharian ng Diyos, ang buhay na ginabayan ng Espiritu, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo ang nagsakatuparan nito, at ang mga Apostol ang nangaral ng mga katotohanang ito. Ang tanong lamang ay, para kanino ang terminong “mga propeta” pumapatungkol? Sila ba ay mga propeta sa OT o mga propeta sa NT (cf. 3:5; 4:1)? Ang kaayusan ng termino ay nagpapahiwatig na mga propeta ng NT (cf. vv. 3:5; 4:11), ngunit ang pagkabanggit ng OT Mesias sa “sandigang bato” ay nagpapahiwatig ng propesiya sa OT.

Ang dahilan para sa pagkakaiba sa pagitan ng OT at NT mga propeta ay ang isyu ng kapahayagan. Ang mga propeta sa OT ang nagsulat ng Banal na Kasulatan. Sila ang mga kasangkapan ng Diyos sa kinasihang paghahayag ng sarili. Subalit, ang propesiya ay isang nagpapatuloy na kaloob sa NT (I Corinto 12:28; Efeso 4:11). Ang pagsusulat ba ng Banal na Kasulata ay nagpapatuloy pa? Mayroong isang pagkakaiba ang makikita sa pagitan ng inspirasyon (mga Apostol at OT mga propeta) at iluminasyon at pagkakaroon ng espiritwal na kaloob (pinagkaloobang mananampalataya sa NT).

■ **“ang pangulong bato sa panulok”** Ito ay isang pang-Mesias na talinghaga sa OT (cf. Isaias 28:16; Mga Awit 118:22; I Pedro 2:4-8). Sa OT, ang katatagan, kalakasan, at pagtitiyaga ng Diyos ay kadalasang makikita sa “Bato” bilang isang titulo (cf. Deuteronomyo 32:4, 15, 18, 30; Mga Awit 18:2, 31, 46; 28:1; 33:3; 42:9; 71:3; 78:15).

Ang talinghaga ni Hesus bilang isang bato

1. isang tinanggihang bato - Mga Awit 118:22
2. isang tagapagtayong bato - Mga Awit 118:22; Isaias 28:16
3. isang bato ng katitisan - Isaias 8:14-15
4. isang makapanaig at mananakop na bato (kaharian) - Daniel 2:45
5. Si Hesus ay gumamit ng mga talatang ito upang ilarawan ang Kanyang sarili (cf. Mateo 21:40; Marcos 12:10; Lucas 20:17). Siya ang ang susing bagay sa pagtatayo na hindi pinapansin sa ritwalismo at legalismo ng OT (cf. Isaias 8:14).

NATATANGING PAKSA: SANDIGANG BATO

I. Mga Pagkagamit sa OT

- A. Ang konsepto ng isang bato bilang isang matigas at matibay na bagay na nakagagawa ng isang mabuting saligan (pundasyon) ay ginamit upang ilarawan si YHWH (cf. Awit 18:2).
- B. Ito ay yumabong sa isang titulo ng Mesias (cf. Genesis 49:24; Awit 118:22; Isaias 28:16).
- C. Ito ay dumating upang katawanin ang isang kahatulan mula kay YHWH sa pamamagitan ng Mesias (cf. Isaias 8:14; Daniel 2:34-35, 44-45).
- D. Ito ay yumabong sa isang talinghagang panggusali.
 1. Isang saligang bato, ang unang inilalagay, na siyang nagtitiyak at nagtatakda ng mga panulukan para sa natitiran bahagi ng gusali, ay tinatawag na “ang sandigang bago”
 2. ito ay maaaring tumutukoy sa panghuling bato na ilalagay, na humahawak sa pader na magkakasama, (cf. Zacarias 4:7; Efeso 2:20,21), ay tinatawag na “ang mataas na bato,” mula sa Hebreong *rush* (i.e., ulo)
 3. ito ay maaaring tumutukoy sa “susing bato,” na nasa gitna ng arko ng dadaanan ng pinto at humahawak sa bigat ng buong pader

II. NT Mga Pagkagamit

- A. Sinipi ni Hesus ang Awit 118 nang araming beses na tumutukoy sa Kanyang sarili (cf. Mateo 21:41-46; Marcos 12:10-11; Lucas 20:17)
- B. Ginami ni Pablo ang Awit 118 sa kaugnayan nito sa pagtanggap ni YHWH sa kawalang pananampalatay, mapanghimagsik na Israel (cf. Roma 9:33)
- C. Ginagamit ni Pablo ang konseptong sa isang “sandigang-bato” sa Efeso 2:20-22 na tumutukoy kay Kristo
- D. Ginagamit ni Pedro ang konseptong ito kay Hesus sa I Pedro 2:1-10. Si Hesus ay ang sandigang-bato at ang mga mananampalataya ay mga buhay na bato (i.e., mga mananampalataya bilang mga templo, cf. I Corinto 6:19), na natatag sa Kaniya (i.e., Si Hesus ay ang bagong Templo, cf. Marcos 14:58; Mateo 12:6; Juan 2:19-20). Ang mga Hudyo ay tinanggihang ang tunay na sandigan ng kanilang pag-asa noong tinanggihang nila si Hesus bilang Mesias.

III. Mga Teolohikong Pamamahayag

- A. Pinahintulutan ni David/Solomon na itayo ang templo. Sinabi Niya sa kanila na kapag iningatan nila ang kasunduan, sila ay Kaniyang pagpapalain at makakasama nila (cf. II Samuel 7), ngunit ngunit kung hindi nila gagawin, ang templo ay mawawasak (cf. I Hari 9:1-9)!
- B. Ang Rabinikong Judaismo ay tumutuon sa anyo at ritwal at pinapabayaan ang personal na aspeto ng pananampalataya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Naghahanaw ang Diyos ng isang pang-araw-araw, personal, maka-Diyos pakikipag-ugnayan sa mga nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Ang Lucas 20:17-18 ay naglalaman ng mga nakakatakot na

mga salita ng kahatulan, tulad ng sa Mateo 5:20, papuntang Judaismo.

- C. Ginamit ni Hesus ang konsepto ng isang templo na kumakatawan sa Kanyang pisikal na katawan (cf. Juan 2:19-22). Ito ay pinapatuloy at pinapalaki ang konsepto ng personal na pananampalataya kay Hesus bilang ang Mesias ay susi sa isang pakikipag-ugnayan kay YHWH (i.e., Juan 14:6; I Juan 5:10-12).
- D. Ang kaligtasan ay nangangahulugan na ipanumbalik ang nasirang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (Genesis 1:26-27 at kabanata 3) upang ang pagkikipag-ugnayan sa Diyos ay maaari. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging katulad ni Kristo ngayon. Ang mga mananampalataya ay kailangang maging mga buhay na bato (i.e., mga maliliit na templo na itinayo/itinulad kay Kristo).
- E. Si Hesus ay ang sandigan ng ating pananampalataya at ang sandigang-bato ng ating pananampalataya (i.e., ang Alpha at Omega). Ngunit gayundin ang bato ng pagkatisod at bato ng pag pagdurusang. Ang Siya ay hindi matagpuan ay hindi ay hindi matagpuan ang lahat ng bagay. Walang maaaring panggitnang saligan dito!

2:21-22 Ang sama-sama o pangkalahatang kaisipan sa bayan ng Diyos ay makikita sa v. 19 (dalawang beses), 21 at 22 ay ipinapahayag sa PANGMARAMIHANG “mga bahal.” Ang maging ligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang gusali, isang katawan, isang templo.

Ang konsepto ng iglesia bilang isang templo ay naihayag sa I Corinto 3:16-17. Ito ay isang pagbibigay-diin sa pangkalahatang kalikasan ng iglesia. Ang pansariling aspeto ay naihayag sa I Corinto 6:16. Kapwa totoo!

Ang MGA PANDIWA sa vv. 21-22 ay mayroon ding pangkalahatang pagtuon. Sila ay may tambalang *syn*, na nangangahulugang “magkasamang nakikilahok sa.” Sila ay kapwa PANGKASALUKUYANG BALINTIYAK. Ang Diyos ay nagpapatuloy na magtatag/magdagdag sa kanyang iglesia.

Mayroon isang suliranin sa Griyegong kasulatan na kaugnay sa pariralang “ang buong gusali.” Ang mga sinaunang unsiyong kasulatan \aleph^* , B, D, F at G walang PANTUKOY, habang ang \aleph^c , A, C, at P ay mayroon. Ang tanong ay, si Pablo ba ay tumutukoy sa isang mas malaking gusali (NASB, NKJV, NRSV, NIV, TEV, REB) o sa maraming mas maliliit na mga gusali (ASV, NJB, Phillips) na nagkaisa sa anumang paraan? Ang Ika-4 na pagkalimba ng United Bible Society Griyegong teksto ay nagbibigay ng isang “B” na antas to ANARTHROUS na kayariah, na nagpapahiwatig na sila ay “almost tiyak” na ito ay tumutukoy sa isang gusali. Ang gusaling ito ay hindi pa natatapos. Ito ay nasa proseso ng paglago. Ang talinghaga sa gusali ay pagkabanggit sa espiritwal na templo (ang bayan ng Diyos).

NATATANGING PAKSA: NAGPAPATIBAY

Ang salitang ito *oikodomeō* at kanyang ibang anyo ay madalas na ginamit ni Pablo. Sa literal, ito ay nangangahulugang “magtatag ng isang bahay” (cf. Mateo 7:24), ngunit ito ay ginamit na patalinghaga para sa:

1. katawan ni Kristo, ang iglesia, I Corinto 3:9; Efeso 2:21; 4:16
2. pagpapatibay ng
 - a. mga mahinang kapatid, Roma 15:1
 - b. kapwa, Roma 15:2
 - c. bawa't-isa, Efeso 4:29; I Tesalonica 5:11
 - d. ang mga banal para sa gawain, Efeso 4:11
3. tayo ay nagpapatatag o nagpapatibay sa pamamagitan ng
 - a. pag-ibig, I Corinto 8:1; Efeso 4:16

- b. pagtatakda ng pansariling kalayaan, I Corinto 10:23-24
 - c. pag-iwas sa mga haka-haka, I Timoteo 1:4
 - d. pagtatakda sa mga magsasalita sa mga panambahang paglilingkod (mga umaawit, mga guro, mga propeta, mga nagsasalit ng mga wika, at mga taga-pagsalin), I Corinto 14:3-4,12
4. ang lahat ng mga bagay ay kailangang makapagpatibay
- a. kapangyarihan ni Pablo, II Corinto 10:8; 12:19; 13:10
 - b. buod na mga pahayag sa Roma 14:19 at I Corinto 14:26

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayong. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang lahat ba ng mga tao ay totoong hiwalay mula sa Diyos?
2. May mahalaga bang bahagi ang mga tao sa kanilang sariling kaligtasan?
3. Bakit napakahalaga ng pagsasama ng Hudyo at Hentil?
4. Paano ginawa ni Hesus na “walang halaga at walang bisa” and Kautusan?
5. Ang Kautusan ba ng Diyos ay walang-hanggan? Paano ugnay ang mga Kristiyano sa Kautusan ni Moises at sa buong Lumang Tipan?
6. Bakit binigyan-diin ni Pablo ang talinghaga ng gusali sa vv. 19-23?

MGA TAGA-ROMA 5

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN				
UBS ⁴	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Mga Bunga ng Pag-aaring-ganap	Pagtatagumpay ng Pananampalataya sa gitna ng Kaguluhan	Ang mga Kinahinatnan ng Pag-aaring-ganap	Maging Tama sa Diyos	Ang Pananampalataya ay Tumitiyak ng Kaligtasan
5:1-11	5:1-5 Si Kristo ang Ating Dako 5:6-11	5:1-5 5:6-11	5:1-5 5:6-11	5:1-11
Sina Adan at Kristo	Kamatayan kay Adan, Buhay kay Kristo	Sina Adan at Kristo; Paghahambing at Pag-iiba	Sina Adan at Kristo	Sina Adan at Hesukristo
5:12-14	5:12-21	5:12-14	5:12-14b 5:14c-17	5:12-14
5:15-21		5:15-17 5:18-21	5:18-19 5:20-21	5:15-21

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TEKSTO

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

- A. Ang talata 1-11 ay isang pangungusap sa Griyego. Sila ang nagpayabong ng mahalagang konsepto ni Pablo ng “Pag-aaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya” (cf. 3:21-4:25).

B. Maaaring balangkas ng vv. 1-11:

Mga talata 1-5	Mga talata 6-8	Mga talata 9-11
1. Ang Kabutihan ng Kaligtasan	1. Ang Batayan ng Kaligtasan	1. Ang Hinaharap na Katiyakan ng kaligtasan
2. Mga Pangsariling Karanasan sa Pag-aaring Ganap	2. Mga Nilalayong Katotohanan sa Pag-aaring Ganap	2. Ang Hinaharap na Katiyakan ng Pag-aaring-Ganap
3. Pag-aaring-ganap	3. Umuunlad na Pagpapaging-Banal	3. Pagluluwalhati
4. Antropolohiya (tao)	4. Teolohiya (Diyos)	4. Eskatolohiya (mga bagay na darating)

C. Ang mga talatang 12-21 ay isang pagtalakay kay Hesus bilang pangalawang Adan (cf. I Corinto 15:21-22, 45-49; Filipos 2:6-8). Ito ay nagbibigay-diin sa teolohikong konsepto ng kapwa pansariling kasalanan at pangkalahatang pagkakasala. Ang pagtalakay ni Pablo sa pagbagsak ng sangkatauhan (at ng paglalang) kay Adan ay lubhang natatangi at magkakaiba mula sa mga rabi (na nagpayabong na kanilang doktrina ng kasalanan mula Genesis 6), habang ang kanyang pananaw na pagkalahatan ay lubhang naaayon sa mga turong rabinikal. Ipinapakita nito ang kakayahan ni Pablo sa ilalalim ng inspirasyon upang gumamit o magdagdag sa mga katotohanan na natutunan niya sa kanyang pag-aaral sa Herusalem sa ilalim ni Gamaliel (cf. Gawa 22:3).

Ang doktrina ng *Reformed* Ebadyeliko sa orihinal na kasalanan na mula sa Genesis 3 ay pinayabong nina Augustino at Calvin. Ito ay pangunahing nagbibigay-diin na ang mga tao ay ipinanganak na makasalanan (lubusang kasamaan). Kasalasang ang Awit 51:5; 58:3; at Job 15:14; 25:4 ay ginagamit bilang mga patunay na teksto sa OT. Ang kahaliling teolohikong posisyon na ang mga tao ay may umuunlad, moral at spirtuwal, na may pananagutan para sa kanilang sariling mga pagpili at patutunguhan na pinayabong nina Pelagio at Armineo. May mga ilang katunayan para sa kanilang pananaw sa Deuteronomio 1:39; Isaias 7:15; at Jonas 4:11; Juan 9:41; 15:22,24; Gawa 17:30; Roma 4:15. Ang kahulugan ng teolohikong posisyon ay ang mga bata ay walang pananagutan (inosente) hangang sa pagsapit ng taon ng pananagutang moral (para sa mga rabi, ito ay 13 taong gulang para sa mga batang lalaki at 12 taong gulang para sa mga batang babae).

Mayroong namamagutang posisyon na ang kapwa isang pangloob na kasamaan likas at isang taon ng pananagutang moral ay kapwa totoo! Ang kasamaan ay hindi lamang pangkalahatan, ngunit ito ay umuunlad na kasamaan sa indibidwal na sarili sa kasalanan (buhay na nagpapatuloy na mas lalo pang napapalayo sa Diyos). Ang kasamaan ng sangkatauhan ay hindi ang isyu (cf. Genesis 6:5,11-12,13; Roma 3:9-18,23), nguni kung kailan, sa kapanganakan o mamaya sa buhay?

D. Mayroong maraming teoriya patungkol sa kahihinatnan ng v. 12

1. Ang lahat mga tao ay mamamatay dahil ang lahat mga tao ay pinili ang kasalanan (Pelagio)
2. Ang kasalanan ni Adan ay dinamay ang buong nilikha at, sa gayon, ang lahat ay mamamatay (vv. 18-19, Augustino)
3. Ang katotohanang ito ay maaaring ang pagsasama ng orihinal na kasalanan at kinusang kasalanan

E. Ang paghahalintulad ni Pablon ng “kung paano na” ay nagsimula sa v. 12 ay hindi natapos hanggang sa v. 18. Ang mga talata 13-17 ay bumubuo ng isang panaklong na lubhang katangian ng mga sulat ni Pablo.

F. Tandaan ang pagpapakilala ni Pablo sa ebanghelyo, 1:18-8:39, ay isang nagpapatuloy na

pangangatuwiran. Ang kabuuan ay kailangang makita sa kaayusan upang wastong maipaliwanag at pahalagahan ang mga bahagi.

- G. Sinabi ni Martin Luther sa kabanata 5, “Sa kabuuan ng Bibliya marahil ay wala ng kabanata ang makakatumbas sa matagumpay na tekstong ito.”

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-5

¹Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo; ²Sa pamamagitan din naman niya'y nangagkaroon tayo ng ating pagpasok sa pamamagitan ng pananampalataya sa biyayang ito na diyang ay nagsisilagi tayo; at nangagagalak tayo sa pagasa ng kaluwalhatian ng Diyos. ³At hindi lamang gayon, kundi naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan; ⁴At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pagasa: ⁵At ang pagasa ay hindi humihiya; sapagka't ang pag-ibig ng Diyos ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na ibinigay sa atin.

5:1 “Yaman nga” Ang salitang ito ay kadalasang naghuhudyat ng

1. ang buod ng teolohikong pangangatuwiran hangang sa puntong ito
2. ang mga katapusan na nakabatay sa ganitong teolohikong pagpapakilala
3. ang pagpapakilala ng bagong katotohanan (cf. 5:1; 8:1; 12:1)

▣ **“na mga inaaring-ganap sa pananampalataya”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI; Inaring-ganap ng Diyos ang mga mananampalataya. Ito ay inilagay sa una sa Griyegong pangungusap (vv. 1-2) para sa pagbibigay-diin. May tila baga isang pagkakasunod-sunod na pahahon sa vv. 1-11.

1. vv. 1-5, ang ating pagkasaluyang karanasan sa biyaya
2. vv. 6-8, Ang natapos na gawain ni Kristo para sa atin
3. vv. 9-11, ang ating panghinaharap na pag-asa at katiyakan ng kaligtasan

Tingnan ang Balangkas, B. Kaunawaang Kontekstuwal.

Ang kaligiran sa OT (tandaang ang mga may-akda sa NT ay Hebreong palaisip na na nagsusulat sa Griyegong lansangan) sa salitang “inaring-ganap” (*dikaioō*) ay siang “tuwid na talim” o “pansukat na tambo.” Ito ay dumating upang gamitng patalinghaga sa Diyos sa Kanyang sarili. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:17. Ang katangian, kabanalan ng Diyos ay ang nag-iisang pamantayan ng kahatulan (cf. LXX of Levitico 24:22; at sa teolohiya sa Mateo 5:48). Dahil sa pag-aalay, panghaliling kamatayan ni Hesus (cf. Isaias 53), mga mananampalataya ay nagkaroon ng legal (forensic) kalalagayan sa harapan ng Diyos (tingnan ang tala sa 5:2). Hindi nito impinapahiwatig na ang kawalan ng pagkakasala ng mananampalataya, ngunit mabuti pa nga ay katulad ng pagpapatawad. May isang nagbayad ng kaparusahan (cf. II Corinto 5:21). Ang mga mananampalataya ay ipinahayag na pinatawad (cf. vv. 9,10).

▣ **“sa pananampalataya”** Ang pananampalataya ay ang kamay na tumanggap sa kaloob ng Diyos (cf. v. 2; Roma 4:1ff). Ang pananampalataya ay hindi nakatuon sa antas o tindi ng pangako o panindigan ng mananampalataya (cf. Mateo 17:20), ngunit sa katangian at mga pangako ng Diyos (cf. Efeso 2:8-9). Ang salita sa OT para sa “pananampalataya” ay orihinal na tumutukoy sa isang nasa matatag na pagkakatayong tindig. Ito ay dumating upang gamitin ng patalinghaga sa isang taong matapat, maaasahan at mapagkakatiwalaan. Ang pananampalataya ay hindi nakatuon sa ating pananampalatay o pagkamatapat, ngunit sa Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang pananampalataya sa 4:5.

▣ **“mayroon tayong kapayapaan”** May isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan dito. Ang PANDIWANG ito ay alinman sa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI (*echōmen*, MSS \aleph^* , A, B*, C, D) o sa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (*echomen*, MSS \aleph^1 , B², F, G). Ang katulad gramatikong kalabuan ay matatagpuan sa vv. 1, 2 & 3.

1. Kung ito ay MAY PASAKALI ito ay maaaring maisaling “tayo ay magpatuloy na malugod sa kapayapaan” o “magpatuloy malugod sa kapayapaan.”
2. Kung ito ay MAY PAHIWATIG ito ay maaaring maisaling “tayo ay mayroong kapayapaan.”

Ang konteksto ng vv. 1-11 ay hindi pangangaral, ngunit paghahayag na kung ano mga mananampalataya ngayon at mayroon sa pamamagitan ni Kristo. Samakatuwid, ang PANDIWA ay maaaring PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, “tayo ay mayroong kapayapaan.” Ang USB⁴ ay nagbigay sa opsyong ito na “A” na antas (tiyak).

Marami sa ating mga sinaunang Griyegong kasulatan ay nagawa ng isang taong nagbabasa ng isang teksto at at maraming iba ang gumagawa ng sipi. Ang mga salitang binibigkas nang magkatulad ay kadalasang nakakalito. Dito ay kung saan ang konteksto at minsan ang paraan ng pagsulat at ang kadalasang talasalitaan ng may-akda ay nakakatulong na gawing mas madali ang pagpapasya.

▣ **“kapayapaan”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: KAPAYAPAAAN (magkakaibang mga diwa)

Ang Griyegong salita na sa orihinal ay nangangahulugang “sama-samang pagbibigkis ng mga nasira.” May tatlong paraan ang NT nagpapahayag ng kapayapaan ang NT:

1. Isang layuning aspeto, ang ating kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Colosas 1:20)
2. Isang panariling aspeto, ang ating pagiging matuwid sa Diyos (cf. Juan 14:27; 16:33; Filipos 4:7)
3. Na ang Diyos ay pinag-isa sa iisang bagong katawan, sa pamamagitan ni Kristo, kapwa mananampalatayang Hudyo at Hentil (cf. Efeso 2:14-17; Colosas 3:15). Kapag napasaatin ang kapayapaan sa Diyos, ito ay dapat maglabas ng kapayapaan sa kapwa! Ang patayo ay dapat maging pahalang.

Sina Newman at Nida sa, *A Translator’s Handbook on Paul’s Letter to the Romans*, p. 92, ay may isang mabuting puna tungkol sa “kapayapaan.”

“Kapwa sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan ang salitang kapayapaan ay may malawak na hanay ng kahulugan. Inilalarawan nito ang buong pagkatao ng isang buhay ng tao; ito ngayon ay ginagamit sa mga Hudyo bilang pormula ng pagbati (*shalom*). Ang salitang ito ay mayroong malawak na kahulugan na ito rin ay maaaring gamiting ng mga Hudyo bilang isang paglalarawan ng pagliligtas ng Mesias. Dahil dito, mayroong maraming mga pagkakataon na ito ay halos kasingkahulugan ng salitang ibinigay ‘na magkaroon ng tamang relasyon sa Diyos.’ Dito ang salita ay lumilitaw nag gagamitin bilang isang paglalarawan ng matiwasay na pakikipang-ugnayan na itinatag sa pagitan ng tao at Diyos batay sa Diyos na naglagay ng mga tao sa Kanyang sarili a” (p. 92).

▣ **“sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo”** Si Hesus ay ang kinatawan (*dia*, cf. vv. 2,9,11,17,21; ng Espiritu sa v. 5) na nagdadala ng kapayapaan sa Diyos. Si Hesus ang tanging daan sa kapayapaan sa Diyos (cf. Juan 10:7-8; 14:6; Gawa 4:12; I Timoteo 2:5). Para sa mga salita sa titulong “Panginoong Hesukristo” tingnan ang mga tala sa 1:4.

5:2 “nangagkaroon tayo ng ating pagpasok” Ang PANDIWANG ito ay GANAP NA TAHAS NA MAY

PAHIWATIG; ito ay nagsasaad ng isang nakalipas na pagkilos na naging lubusan (o ganap) at ngayon ay nagbubunga sa isang kalalagayan ng pag-iral.

Ang salitang “panimula” sa literal ay nangangahulugang “pagpunta” o “pagpasok” (*prosagōgē*, cf. Efeso 2:18; 3:12). Ito ay dumating upang gamiting patalinghaga para sa

1. Personal na pagpapakilalasa maharlika
2. Ligtas na pagdala sa isang daungan (cf. I Pedro 3:18)

Ang pariralang ito ay nagtataglay ng isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan. Ang ilang sinaunang mga kasulatan ay nagdagdag ng “sa pamamagitan pananampalataya” (cf. \aleph^{*2} , C, gayundin ang ilang Lumang Latin, Vulgata, Syriac, at mga saling Coptic). Ang ibang kasulatan ay nagdagdag ng isang PANG-UKOL sa “sa pamamagitan ng pananampalataya” (cf. \aleph^1 , A, at ilang mga saling Vulgata). Gayunman, ang ansyanong mga kasulatang B, D, F, at G ay tinanggal ito ng lahatan. Ito ay tila ang mga manunulat (eskriba) ay karaniwang pinunan ang pagkakatulad ng ng 5:1 at 4:16 (dalawang beses), 19, at 20. “sa pamamagitan ng pananampalataya” ay isang nagpapatuloy na paksa ni Pablo!

▣ **“sa biyayang ito”** Ang salitang ito (*charis*) ay nangangahulugang di-karapat-dapat, walang-taling-nakakabit, di-pinagsumikapan na pag-ibig ng Diyos (cf. Efeso 2:4-9). Ito ay maliwanag na makikita sa kamatayan ni Kristo para sa makasalanang sangkatauhan (cf. v. 8).

▣ **“na diyan ay nagsisilagi tayo”** Ito ay isa pang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG; sa literal “kami ay tumindig at nagpapatuloy na tumindig.” Ito ay nagpapaliwanag ng teolohikong kalalagayan ng mga mananampalataya kay Kristo at ang kanilang kapasyahang manatili sa pananampalataya na pinagsasama ang teolohikong kabalintunaan ng pagkamataas (kapangyarihan) ng Diyos (cf. I Corinto 15:1) at ang kusang kalooban ng tao (cf. Efeso 6:11, 13,14).

NATATANGING PAKSA: PANININDIGAN (*HISTĒMI*)

Ang karaniwang salitang ito ay ginamit sa maraming teolohikong kahulugang sa Bagong Tipan

1. magtatag
 - a. ang Kautusan sa OT, Roma 3:31
 - b. isang sariling katuwiran, Roma 10:3
 - c. ang bagong kasunduan, Hebreo 10:9
 - d. isang tungkulin, II Corinto 13:1
 - e. katotohanan ng Diyos, II Timoteo 2:19
2. hadlangan sa espiritwal
 - a. ang demonyo, Efeso 6:11
 - b. sa araw ng kahatulan, Pahayag 6:17
3. paghadlang sa pamamagitan ng pagtayo sa lupa ng isa
 - a. talinghagang pang-militar, Efeso 6:14
 - b. talinghagang pang-sibil, Roma 14:4
4. isang kalalagayan sa katotohanan, Juan 8:44
5. isang kalalagayan sa biyaya
 - a. Roma 5:2
 - b. I Corinto 15:1
 - c. I Pedro 5:12
6. Isang kalalagayan sa pananampalataya
 - a. Roma 11:20
 - b. I Corinto 7:37
 - c. I Corinto 15:1
 - d. II Corinto 1:24
7. Isang kalalagayan ng pagmamataas, I Corinto 10:12

Ang salitang ito ay nagpapahayag ng kapwa pang-kasunduang biyaya at awa ng isang makapangyarihang Diyos at ang katotohanang pangangailangan ng mga mananampalataya na tumugon dito at kumapit dito sa pamamagitan ng pananampalataya! Kapwa ay mga biblikal na katotohanan. Sila ay dapat panghawakan nang magkasama!

▣ **“nangagalak tayo”** Ang gramatikong anyong ito ay maaaring maunawaan bilang (1) isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG, “tayo ay nangagalak” o (2) isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) MAY PASAKALI, “magalak tayo.” Ang mga iskolar ay hati sa mga pamimilian. Kung ang isa ay kinuha ang “tayo ay” sa v. 1 bilang isang MAY PAHIWATIG ang salin ay kailangang maging kalinsunod ng ‘sa pamamagitan’ ng v.3.

Ang salitang-ugat ng “magalak” ay “kayabangan” (NRSV, JB). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:17. Ang mga mananampalataya ay hindi nangagalak sa kanilang sarili (cf. 3:27), ngunit sa kung ano ang ginawa sa kanila ng Panginoong (cf. Jeremias 9:23-24). Ito na katulad na Griyegong salitang-ugat ay inulit sa vv. 3 at 11.

▣ **“sa pag-asa ng”** Si Pablo ay kadalasang ginagamit ang salitang ito sa maraming magkakaiba ngunit sa magkakaugnay na mga pagkakaunawa. Tingnan ang Tala sa 4:18. Kadalasang ito ay isinasama sa kalubusan (o kapuspusan) ng pananampalataya ng mga mananampalataya. Ito ay maaaring maipahayag iblang kaluwalhatian, walang-hanggang buhay, lubos na kaligtasan, Pangalawang Pagdating, atbp. Ang kalubusan ay tiyak, ngunit ang sangkap ng panahon ay sa hinaharap at walang nakakaalam. Ito ay kadalasang isinasama sa “pananampalataya” at “pag-ibig” (cf. I Corinto 13:13; Galacia 5:5-6; Efeso 4:2-5; I Tesalonica 1:3; 5:8). Isang bahagi ng tala ng ilang paggamit ni Pablo ang sumusunod.

1. Ang Pangalawang Pagdating, Galacia 5:5; Efeso 1:18; Tito 2:13
2. Si Hesus ang ating pag-asa, I Timoteo 1:1
3. Ang mananampalataya ay ihaharap sa Diyos, Colosas 1:22-23; I Tesalonica 2:19
4. Pag-asa na nakalagak sa langit, Colosas 1:5
5. Lubos kaligtasan, I Tesalonica 4:13
6. Ang kaluwalhatian ng Diyos, Roma 5:2; II Corinto 3:12; Colosas 1:27
7. Katiyakan ng kaligtasan, I Tesalonica 5:8-9
8. Walang hanggang buhay, Tito 1:2; 3:7
9. Mga bunga ng paglago ng Kristiyano, Roma 5:2-5
10. Katubusan ng lahat nilikha, Roma 8:20-22
11. Isang titulo para sa Diyos, Roma 15:13
12. Kalubusan ng pagkukup, Roma 8:23-25
13. OT bilang gabay sa mga mananampalataya ng NT, Roma 15:4

NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN

A. Maaari bang malaman ng Kristiyano na siya nga ay ligtas (cf. I Juan 5:13)? Ang I Juan ay may tatlong pagsusuri o mga katunayan.

1. Pang-Doktrina (pananampalataya) (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
2. Pamumuhay (pagsunod) (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
3. Panlipunan (pag-ibig) (vv. 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal

1. Si John Calvin ay binatang ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
2. Si John Wesley ay binatang ang katiyakan sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan

3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesia ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang nakapangyayaring Iglesia. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
 4. Karamihan ng mga ebandyeliko ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. Galacia 5:22-23).
- C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos
1. Pag-ibig ng Diyos Ama
 - a. Juan 3:16; 10:28-29
 - b. Roma 8:31-39
 - c. Efeso 2:5,8-9
 - d. Filipos 1:6
 - e. I Pedro 1:3-5
 - f. I Juan 4:7-21
 2. Mga pagkilos ng Diyos Anak
 - a. Kamatayang para sa ating kapakanan
 - 1) Gawa 2:23
 - 2) Roma 5:6-11
 - 3) II Corinto 5:21
 - 4) I Juan 2:2; 4:9-10
 - b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
 - c. Nagpapatuloy na pamamagitan
 - 1) Roma 8:34
 - 2) Hebreo 7:25
 - 3) I Juan 2:1
 3. Gawain ng Diyos Espiritu
 - a. pagtawag (Juan 6:44,65)
 - b. pagtatak
 - 1) II Corinto 1:22; 5:5
 - 2) Efeso 1:13-14; 4:3
 - c. pagtitiyak
 - 1) Roma 8:16-17
 - 2) I Juan 5:7-13
- D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)
1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
 - a. Marcos 1:15
 - b. Gawa 3:16,19; 20:21
 2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo
 - a. Juan 1:12; 3:16
 - b. Roma 5:1 (at sa paghahalintulad 10:9-13)
 - c. Efeso 2:5,8-9
 3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya
 - a. Marcos 13:13
 - b. I Corinto 15:2
 - c. Galacia 6:9
 - d. Hebreo 3:14
 - e. II Pedro 1:10

- f. Hudas 20-21
- g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21
- 4. Ang mga mananampalataya ay harap sa tatlong pagsusuri
 - a. Pang-doktrina (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16)
 - b. pamumuhay (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10)
 - c. panlipunan (vv. 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)
- E. Ang katiyakan ay mahirap dahil sa
 - 1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
 - 2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
 - 3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
 - 4. Isang uri ng personalidad (i.e., pagiging walang-sala) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
 - 5. Sa Bibliya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19)

▣ **“kaluwalhatian ng Diyos”** Ang pariralang ito ay isang kataga sa OT para sa personal presensiya ng Diyos. Ito ay tumutukoy sa kalalagayan ng mananampalataya sa harapan ng Diyos sa pananampalatayang-katuwiran na ipinagkaloob ni Hesus sa Araw ng Muling Pagkabuhay (cf. II Corinto 5:21). Ito ay kadalasang tinatawag sa teolohikong salita ng “pagluluwalhati” (cf. vv. 9-10; 8:30). Ang mga mananampalataya ay magiging kabahagi sa wangis ni Hesus (cf. I Juan 3:2; II Pedro 1:4). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa 3:23.

5:3

NASB “At hindi lamang gayon, kundi”

NKJV “at hindi lamang *gayon*, kundi”

NRSV “at hindi lamang gayon, ngunit”

TEV –tinanggal–

NJB “hindi lamang gayon”

Ginamit ni Pablo ng maraming beses ang ganitong pagsasama ng mga salita (cf. 5:3,11; 8:23; 9:10, at II Corinto 8:19).

▣

NASB “nangagalak tayo sa ating mga kapighatian”

NKJV “tayo rin ay nagagalak sa ating mga kapighatian”

NRSV “tayo rin ay nagmamataas sa ating mga kapighatian”

TEV “tayo rin ay nagmamataas sa ating mga pagkabagabag”

NJB “tayo ay magalak, pati sa ating mga paghihirap”

Kung ang mundo ay napopoot kay Hesus, kakapootan din nito ang Kanyang mga tagasunod (cf. Mateo 10:22; 24:9; Juan 15:18-21). Si Hesus ay ganap, sa pangtaong pangungusap, sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyag ipinagdusa (cf. Hebreo 5:8). Ang pagdurusa na nagbubunga ng pagtitiwala at paglago. Ang pagiging katulad ni Kristo ay ang plano ng Diyos sa bawat mananampalataya, ang pagdurusa ay bahagi nito (cf. 8:17-19; Gawa 14:22; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-19)!

NATATANGING PAKSA: BAKIT NAGDURUSA ANG MGA KRISTIYANO?

1. dahil sa mga personal na kasalanan (pansamantalang kahatulan). Ito ay hindi nagpapahiwatig na ang lahat ng mga suliranin at mga masasamang pangyayari ay isang

bunga ng kasalanan (cf. Job; Awit 73; Lucas 14:1-5; Nehemia 9; Gawa 5:1-11; I Corinto 11:29-30; Galacia 6:7).

2. Upang lumago ang pagiging katulad kay Kristo (Hebreo 5:8). Kahit na si Hesus, sa pagsasalitang pantao, ay kailangang lumago, gayundin, ang Kanyang mga taga-sunod (cf. Roma 5:3-4, 8:28-29; II Corinto 12:7-10; Filipos 3:10; Hebreo 12:5-12; Santiago 1:2-4; I Pedro 1:7).
3. Upang lumago ang isang makapangyarihan, mabisang patotoo (cf. Mateo 5:10-12; Juan 15:18-22; I Pedro 2:18-21, 3:13-17).
4. Bilang isang tanda ng mga kirot sa pagsilang ng Bagong Panahon (cf. Mateo 24:6; Marcos 13:8).

▣ **“nalalaman”** Ito ay isang GANAP NA PANDIWARI, ng “*oida*.” Ito ay GANAP sa anyo, ngunit ito ay ginagamit bilang isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ang mga mananampalataya na nalalaman ang mga katotohanan ng ebanghelyo gaya ng kanilang pag-uugnay nito sa sa pagdurusa ay pinahihintulutan silang harapin ng buhay na may kagalakan at tiwala na hindi nakabatay sa mga pangyayari, kahit na sa panahon ng pag-uusig (cf. Filipos 4:4; I Tesalonica 5:16,18). Ang mga mananampalataya ay magagalik “sa” mga kapighatian, hindi “dahil sa” kanila!

5:3 “kapighatian” Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

NATATANGING PAKSA: KAPIGHATIAN

Mayroong pangangailangan na magkaroon ng teolohikong pagkakaiba sa pagitan ng paggamit ni Pablo ng salitang ito (*thlipsis*) at ni Juan.

A. Paggamit ni Pablo (na nagpapaliwanag ng paggamit ni Hesus)

1. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaan na kinabibilangan ng isang nalugmok na sanglibutan
 - a. Mateo 13:21
 - b. Roma 5:3
 - c. I Corinto 7:28
 - d. II Corinto 7:4
 - e. Efeso 3:13
2. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaang dinulot ng mga di-mananampalataya
 - a. Roma 5:3; 8:35; 12:12
 - b. II Corinto 1:4,8; 6:4; 7:4; 8:2,13
 - c. Efeso 3:13
 - d. Filipos 4:14
 - e. I Tesalonica 1:6
 - f. II Tesalonica 1:4
3. Mga suliranin, mga kapighatian, kasamaan sa pagwawakas ng panahon
 - a. Mateo 24:21,29
 - b. Marcos 13:19,24
 - c. II Tesalonica 1:6-9

B. Paggamit ni Juan

1. Si Juan ay gumawa ng tiyak na pagkakaiba sa pagitan ng *thlipsis* at *orgē* o *thumos* (poot) sa Pahayag. *Thlipsis* ay kung ano ang ginagawa ng mga di-mananampalataya sa mga mananampalataya at *orgē* at *thumos* ay kung ano ang ginagawa ng Diyos sa mga di-mananampalataya.
 - a. *thlipsis* - Pahayag 1:9; 2:9-10,22; 7:14

- b. *orgē* - Pahayag 6:16-17; 11:18; 16:19; 19:15
 c. *thumos* - Pahayag 12:12; 14:8,10,19; 15:2,7; 16:1; 18:3
 2. Si Juan ay gumagamit din ng salitang ito sa kanyang Ebanghelyo upang ipaliwanag ang mga suliranin ng mga mananampalataya na kinakaharap sa bawat panahon - Juan 16:33.

5:3,4 “katiyagaan” Ang salitang ito ay nangangahulugang “sariling kalooban,” “masigla,” “palagian,” “katatagan.” Ito ay isang salita na maiuugnay sa kapwa pagtitiis ng mga tao, gayundin naman ang mga pangyayari. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:25.

5:4

NASB “ang pagpapatunay”
NKJV, NRSV “ang katangian”
TEV “pagpayag ng Diyos”
NJB “nasubok na katangian”

Sa LXX ng Genesis 23:16; I Hari 10:18; I Cronica 28:18 ang salitang ito ay ginamit sa pagsusubok ng mga bakal para sa kadalisan at pagkatotoo (cf. II Corinto 2:9; 8:2; 9:13; 13:3; Filipos 2:22; II Timoteo 2:15; Santiago 1:12). Ang mga pagsusulit ng Diyos ay palagiang para sa pagpapalakas (cf. Hebreo 12:10-11)! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagsusulit (pagsubok) sa 2:18.

NATATANGING PAKSA: KRISTIYANONG PAGLAGO

Roma 5:3-4

Ang pighati ay
 Nagdudulot ng
 * pagtitiyaga
 moralidad
 * napatunayang katangian
 * pag-asa (cf. v. 2)

Galacia 5:22-23

Bunga ng Espiritu
 * pag-ibig
 * kaligayahan
 * kapayapaan
 * pagtitiis
 * kabaitan
 * kabutihan
 * katapatan
 * kaamuhan
 * pagtitimpi

Santiago 1:3-4

Ang pagsubok ay
 nagbubunga ng
 * tatag
 * paglago
 1. pagkamatapat
 2. Pagiging lubos

II Pedro 1:5-7

Paggamit ng kasigasigan
 * mataas na uri ng
 * kaalaman
 * pagtitimpi
 * pagtitiyaga
 * kabanalan
 * kabaitan sa kapwa
(philadelphia)
 * Kristiyanong pag-ibig
(agapē)

5:5 “ang pagasa ay hindi humihiya” Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa isang Hebreong kataga (i.e., pagkahiya, cf. Awit 25:3,20; 31:1,17; 119:116; Isaias 28:16 [sinipi sa Roma 9:33]; Filipos 1:20).

▣ **“sapagka't ang pag-ibig ng Diyos ay nabubuhos sa ating mga puso”** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG; sa literal, “Ang pag-ibig ng Diyos ay umiiral at nagpapatuloy na ibuhos.” Ang PANDIWANG ito ay kadalasang ginagamit sa Banal Espiritu (cf. Gawa 2:17,18,33; 10:45 at Tito 3:6), na maaaring magpaliwanag ng Joel 2:28-29 (Isaias 32:15).

Ang DYENITIBO PARIRALA, “ang pag-ibig ng Diyos” sa gramatika ay maaaring tumukoy sa (1) ating pag-ibig para sa Diyos o (2) pag-ibig ng Diyos para sa atin (cf. Juan 3:16; II Corinto 5:14). Ang ikalawang bilang ang tanging opsyon sa konteksto.

▣ **“pamamagitan ng Banal na Espiritu na ibinigay sa atin”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay kadalasang ginagami upang ipahayag ng kinatawan ng

Diyos. Ipinapahiwatig nito na ang mga mananampalataya ay hindi kinakailangan ang higit sa Espiritu. Sila ay alinman sa Espiritu o sila ay hindi Kristyano (cf. 8:9). Ang pagkakaloob ng Espiritu ay ang tanda ng Bagong Panahon (cf. Joel 2:28-29), ang Bagong Tipan (kasunduan) (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-32).

▣ Pansinin ang presensiya ng tatlong banal na Persona ng Trinidad sa talataang ito.

1. Ang Diyos, vv. 1,2,5,8,10

2. Si Hesus, vv. 1,6,8,9,10

3. ang Espiritu, v. 5

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:6-11

⁶Sapagka't nang tayo ay mahihina pa ay namatay si Kristo sa kapanahunan dahil sa mga masama. ⁷Sapagka't ang isang tao'y bahagya nang mamatay dahil sa isang taong matuwid: bagama't dahil sa isang taong mabuti marahil ay may mangangahas mamatay. ⁸Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Kristo ay namatay dahil sa atin. ⁹Lubha pa nga ngayong inaaring-ganap sa pamamagitan ng kaniyang dugo, ay mangaliligtas tayo sa galit ng Diyos sa pamamagitan niya. ¹⁰Sapagka't kung, noong tayo'y mga kaaway ay pinakipagkasundo tayo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak, lubha pa, ngayong nangagkakasundo na, ay mangaliligtas tayo sa kaniyang buhay; ¹¹At hindi lamang gayon, kundi tayo'y nangagagalak naman sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo, na sa pamamagitan niya'y tinamo natin ngayon ang pagkakasundo.

5:6

NASB

“Sapagka't nang tayo ay mahihina pa”

NKJV

“sapagkat nang tayo pa ay walang lakas”

NRSV

“habang nang tayo pa ay mahihina”

TEV

“habang nang tayo pa ay walang magawa”

NJB

“nang tayo pa ay walang magawa”

Ang PANDIWANG ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI. Ito ay tumutukoy sa nalugmok na kalikasan ni Adan ng sangkatauhan. Ang mga tao ay walang kapangyarihan laban sa kasalanan. Ang PANGHALIP na “tayo” ay nagpapaliwanag at naghahalintulad sa inilalarawang ng PANGNGALAN sa v. 6b “laban sa Diyos,” 8 “mga makasalanan,” at v. 10 “mga kaaway.” Ang mga talata 6 at 8 ay magkatulad sa teolohiya at sa kayarian.

Pansinin ang paghahalintulad:

	①	②	③
v. 6	Tayo ay walang magawa	Si Kristo ay namatay para sa mga makasalanan	---
v. 8	Tayo ay mga makasalanan	Si Kristo ay namatay para sa atin	---
v. 9	---	sa pamamagitan ng Kanyang dugo	Ngayon ay nagtamo ng pag-aaring-ganap
v. 10	Tayo ay mga kaaway	ang kamatayan ng Kanyang Anak	Nakatanggap ng pagkakasundo

Ang mga pangunahing mga katotohanan ay inulit upang magbigay-diin.

1. Ang ating pangangailangan
2. Ang pagkakaloob (probisyon) ni Kristo
3. Ang ating bagong katatayuan



NASB, NRSV “sa kapanahunan”
NKJV “sa takdang panahon”
TEV “sa panahong pinili ng Diyos”
NJB “sa Kanyang itinakdang pagkakataon”

Ito ay maaaring tumukoy sa pangkasaysayan sa:

1. Ang Romanong kapayapaan (at mga daan) na nagpapahintulot ng walang-bayad na paglalakbay
2. Ang Griyegong wika na pinahihintulot na gamiting sa pakikipag-usap sa ibang kultura
3. Ang paglipas ng mga Griyego at Romanong diyus-diyosan ay nagdudulot ng isang pag-aasam, espirituwal na pagkagutom ng mundo (cf. Marcos 1:15; Galacia 4:4; Efeso 1:10; Tito 1:3)

Sa teolohiya, ang pagkakatawang-tao ay isang ipinanukala, pang-Diyos na pangyayari (cf. Lucas 22:22; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; Efeso 1:11).

5:6,8,10 “**namatay si Kristo. . .sa mga masama**” Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Tinatanaw nito ang buhay at kamatayan ni Hesus bilang isang pinag-kaisang pangyayari. “Si Hesus ang nagbayad sa pagkakautang na hindi niya inutang at tayo ang may pagkakautang na hindi nating mababayaran” (cf. Galacia 3:13; I Juan 4:10).

Ang kamatayan ni Kristo ay isang umuulit na paksa sa mga sulat ni Pablo. Gumamit siya ng maraming magkakaibang mga salita at mga parirala na tumutukoy sa paghaliling kamatayan ni Hesus.

1. “dugo” (cf. 3:25; 5:9; I Corinto 11:25,27; Efeso 1:7; 2:13; Colosas 1:20)
2. “ipinagkaloob Niya ang Kanyang sarili” (cf. Efeso 5:2,25)
3. “muling nabuhay” (cf. Roma 4:25; 8:32)
4. “alay” (cf. I Corinto 5:7)
5. “namatay” (cf. Roma 5:6; 8:34; 14:9,15; I Corinto 8:11; 15:3; II Corinto 5:15; Galacia 5:21; I Tesalonica 4:14; 5:10)
6. “krus” (cf. I Corinto 1:17-18; Galacia 5:11; 6:12-14; Efeso 2:16; Filipos 2:8; Colosas 1:20; 2:14)
7. “pagpapapako sa krus” (cf. I Corinto 1:23; 2:2; II Corinto 13:4; Galacia 3:1)

Ang PANG-UKOL bang *huper* sa kontekstong ito ay nangangahulugan ng

1. pagkatawan, “sa ngalan natin”
2. paghalili, “sa ating kalalagayan”

Kadalasang ang pangunahing kahulugan ng *huper* na may DYENITIBO ay “sa ating kalalagayan” (Louw at Nida). Ipinahahayag nito ang ilang pakinabang na idinadagdag sa mga tao (*The New International dictionary of New Testament Theology*, tomo 3, p. 1196). Gayunman, *huper* ay walang diwa ng *anti*, na nangangahulugang “sa lugar ng,” sa gayon ay tumutukoy sa teolohiya sa isang panghaliling katubusan alang-alang sa iba (cf. Marcos 10:45; Juan 11:50; 18:14; II Corinto 5:14; I Timoteo 2:6). Si M. J. Harris (NIDNTT, tomo 3, p. 1197) ay sinabi na, “ngunit bakit hindi kailanman sinabi ni Pablo na si Kristo ay namatay na *anti hēmōn* (I Timoteo 2:6 ang pinakamalapit sa kanyang pagdating—*antilutron huper pantōn*)? Marahil dahil sa ang panlaping. *huper*, di tulad ng *anti*, may maaaring magkasapay na ipahayag ang pagkatawan at paghalili.”

Si M. R. Vincent, *Word Studies*, tomo 2, ay sinabing

“Ito ay maraming pagtatalo kung ang *huper*, sa ngalan natin, ay palaging itinutumbas sa *anti*, sa halip na. Ang mga klasikong manunulat ay nakakakita ng mga pagkakataon na ang mga kahulugan ay maaaring magpalitan. . . Ang kahulugan ng talatang ito, gayunman, ay lubhang walang katiyakan na hindi ito maisisipi nang walang kinikilingan sa mga katibayan. Ang pang-

ukol ay mayroong isang lokal na kahulugan, *sa ibabaw* ng patay. Wala sa mga talatang ito ang maaaring ipalagay na tiyakan. Ang ang pinaka masasabi na ang *huper* ay nasa hangganan ng kahulugan ng . *Sa halip na* ay inihihimok na malawak sa dogmatikong larangan. Ang pinaka nakakarami sa mga talata, ang pagkaunawa ay maliwanag na *para sa kapakanan, sa ngalan ng*. Ang tunay na paliwanag na tila katulad noon, sa mga talatang ang pangunhanin sa tanong, sila, na binabanggit, na kaugnay sa kamatayan ni Kristo, tulad dito, Galacia 3:13; Roma 14:15; I Pedro 3:18, ang *huper* ay ipinapakilala ang mas tiyak at pangunahing proposiyon—si Kristo ay namatay para sa atin—na nag-iiwang ng katangi-tanging pagkaunawa sa ‘sa ngalan ng’ hindi tiyak, at maipagkakasundo sa iba pang mga talata. Ang kahulugan ng *sa halip na* ay maaaring maisama dito, ngunit sa pangangatuwiran lamang” (p. 692).

5:7 Ang talatang ito ay nagpapakita ng pag-ibig ng tao habang ang talata 8 ay nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos!



NASB, NKJV,

TEV “sa isang taong matuwid”

NRSV “sa isang matuwid na tao”

NJB “para sa isang mabuting tao”

Ang salitang ito ay ginamit sa katulad na pagkaunawa kina Noah at Job bilang matuwid o taong walang kapintasan. Sinusunod nila ang mga hinihingi ng relihiyon. Ito ay hindi nagpapahiwatig ng kawalan ng kasalanan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

5:8 “ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pag-ibig” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (cf. 3:5). Ipinadala ng Ama ang Anak (cf. 8:3,32; II Corinto 5:19). Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi madamdamin, ngunit nakabatay sa pagkilos (cf. Juan 3:16; I Juan 4:10) at hindi magbabago.

▣ **“na nang tayo’y mga makasalanan pa”** Nakakagulat na isipin nating na ang pag-ibig ng Diyos ay naihayag sa “mga makasalanan,” hindi sa mga maka-Diyos na tao o mga tao ng isang partikular na bansang pinagmulan, ngunit sa mga rebelde! Ang biyaya, hindi kagalingan, ay ang saligang katotohanan! Ninanais pa rin ng Diyos ang pakikipag-ugnayan sa mga tao. Ito ay ang Kanyang di-nagbabagong katangian na nagbibigay sa atin ng kapayapaan at pag-asa (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8; 145:8).

5:9 “Lubha pa nga” Ito ay isa sa mga itinatanging mga pahayag ni Pablo (cf. vv. 10,15,17). Kung ang Diyos ay inibig ang mga mananampalataya nang lubusan kahit na sila pa ay mga makasalanan, gaanong higit na pag-ibig Niya ngayon sa kanila na Kanyang mga anak (cf. 5:10; 8:22).

▣ **“ngayong inaaring-ganap”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI, na nabibigay-diin sa pag-aaring-ganap bilang isang natapos na gawain na naisakatuparan ng Diyos. Inuulit ni Pablo ang katotohanan sa v. 1. Pansinin din ang pagkakatulad sa pagitan ng mga salitang “inaaring-ganap” (v. 9) at “nagkasundo” (vv. 10-11).

▣ **“sa pamamagitan ng kaniyang dugo”** Ito ay may sanggunian sa pag-aalay na kamatayan ni Kristo (cf. 3:5; 4:25; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Ang konspetong ito ng pag-aalay, isang walang-kasalanang buhay na ibinigay sa kalalagayan ng may-kasalanang buhay, ay maibabalik sa Levitico 1-7 at maaaring sa Exodo 12 (ang tupa ng Paskuwa), at ginamit sa teolohiya kay Hesus sa Isaias 53:4-6. Ito ay yumabong sa isang Kristolohikong pagkaunawa sa aklat ng Hebreo (cf. chaps. 9-10). Ang Hebreo sa

katunayan sa pinaghahambing ang Luma at Bagong Tipan sa ilang bilang ng mga paksa.

▣ **“mangaliligtas tayo”** Ito ay PANGHINAHARAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. v. 10). Tinutukoy nito ang aling lubusang kaligtasan, na tinawatag na “pagluluwalhati” (cf. v. 2; 8:30, I Juan 3:2).

Inilalarawan ng NT ang kaligtasan sa lahat ng mga panahunan ng PANDIWA.

1. Isang natapos na gawa (AORIST), Gawa 15:11; Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Tito 3:5
2. Nakalipas na gawa na nagduduloy ng isang pagkasalukuyang kalalagayan (GANAP), Efeso 2:5,8
3. Nagpapatuloy na pamamaraan (PANGKASALUKUYAN), I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15; I Tesalonica 4:14; I Pedro 3:21
4. Panghinaharap na kalubusan (PANGHINAHARAP), Roma 5:9,10; 10:9.

Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:4. Ang kaligtasan ay nagsisimula sa isang panimulang pagpapasya (cf. 10:9-13; Juan 1:12; 3:16) ngunit nagpapatuloy sa isang bawat-sandaling pakikipag-ugnayan na sa isang araw ay malulubos (o mapupuspos). Ang konseptong ito ay kadalasang inilalarawan sa pamamagitan ng tatlong teolohikong mga salita.

1. Pag-aaring-ganap, na nangangahulugang “pinalaya mula sa kabayaran ng kasalanan”
2. Pagpapaging-banal, na nangangahulugang “pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan”
3. Pagluluwalhati, na nanganganhuluang “pinala mula sa kinaroroonan ng kasalanan”

Ito ay karapat-dapat na pansinin na ang pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal ay kapawa mapag-biyayang pagkilos ng Diyos, na ipinagkaloob sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Gayunman ang NT ay nagsasabi din ang ang pagpapaging-banal ay isang nagpapatuloy na proseso ng pagiging katulad ni Kristo. Sa dahilang ito, ang mga teologo ay nagpapahayag ng “pagkalagayang pagpapaging-banal” at “nagpapatuloy na pagpapaging-banal.” Ito ay ang hiwaga ng walang-bayad ng kaligtasan na inuugnay sa isang maka-Diyos na buhay! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4.

▣ **“sa poot ng Diyos”** Ito ay isang eskatolohikong konteksto. Ipinapahayag ng Bibliya ang dakila, di-karapat-dapat, di-matutumbasang pag-ibig ng Diyos, ngunit maliwanag din ipinapahayag ang palagiang pagsalungat ng Diyos sa kasalanan at paghihimagsik. Nagkaloob ang Diyos ang isang paraan ng kaligtasan at kapatawaran sa pamamagitan ng Kristo, ngunit ang mga tatangi sa Kanya ay nasa ilalim ng poot (cf. 1:18-3:20). Ito ay isang antropomorpikong parirala (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:18), ito ay nagpapahayag ng isang katotohanan. Ito ay isang kakila-kilabot na bagay na mailalatag sa kamay ng isang napopoot na Diyos (Hebreo 10:31).

5:10 “kung” Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang sangkatauhan, ang pangunahing nilikha ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), ay naging mga kaaway! Ang tao (cf. Genesis 3:5) ay naghangad na mamahala, nagnais na maging mga diyos.

▣ **“pinakipagkasundo tayo sa Diyos. . . ngayong nangagkakasundo na”** Ito ay kapwa isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG at isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang PANDIWANG “nagkasundo” (cf. I Corinto 7:11; II Corinto 5:18,19,20; also note Colosas 1:20) sa orihinal ay nangangahulugang “magpalit.” Ipinagpalit ng Diyos ang ating kasalanan para sa katuwiran ni Hesus (cf. Isaias 53:4-6). Naipanumbalik ang kapayapaan (cf. v. 1)!

▣ **“sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak”** Ang ebanghelyo ng kapatawaran ay nakasandig sa

1. pag-ibig ng Diyos (cf. Juan 3:16)
2. gawain ni Kristo (8:32; Galacia 1:4; 2:20)

3. pag-uudyok ng Espiritu (Juan 6:44,65),
4. pananampalataya/pagsisising pagtugon ng isang indibidwal (Marcos 1:15; Juan 1:12; Gawa 20:21)

Wala nang iba pang paraan upang maging matuwid sa Diyos (cf. 10:1-2,7-8; Juan 14:6; Gawa 4:12; I Timoteo 2:5). Ang katiyakan ng kaligtasan ay nakabatay sa katangian ng Trinidad na Diyos (cf. Exodo 34:6; Nehemia 9:17; Awit 103:8; 145:8), hindi sa pagsusumikap ng tao! Ang kabalintunaan ay ang pagsusumikap ng tao na pagkatapos ng kaligtasan ay isang katunayan ng isang walang-bayad na kaligtasan (cf. Santiago at I Juan).

▣ **“mangaliligtas tayo”** Ipinapahayag ng NT ang kaligtasan bilang nakalipas, kasalukuyan, at hinaharap. Dito, ang hinatarap ay tumutukoy sa ating lubusan, ganap na kaligtasan sa Pangalawang Pagdating (cf. I Juan 3:2). Tingnan ang Tala sa v. 9 at sa Natatanging Paksa sa 10:13.

▣ **“sa kaniyang buhay”** Ang Griyegong salita para sa buhay ay *zoa*. Ang salitang ito sa mga sulat ni in Juan sa palaging tumutukoy muling pagkabuhay, walang hanggang buhay, o kahariang buhay. Si Pablo ay ginamit din ito sa teolohikong pagkakaunawa. Ang kahulugan ng kontekstong ito ay nang binayaran ng Diyos ng malaking halaga para sa kapatawaran ng mga mananampalataya, may katiyakang ipagpapatuloy niya ang bisa (pag-iral) nito.

“Ang buhay” ay maaaring tumukoy sa kahit alinman sa

1. muling pagkabuhay ni Hesus (cf. 8:34; I Corinto 15)
2. mapagkalingang gawain ni Hesus (cf. 8:34; Hebreo 7:25; I Juan 2:1)
3. Ang pagbuo ng Espiritu kay Kristo sa atin (cf. Roma 8:29; Galacia 4:19)

Binigyang-diin ni Pablo ang buhay at kamatayan sa mundo ni Hesus gayundin ang Kanyang linuwalhating buhay (pag-akyat sa langit, Gawa 1) ay mga batayan ng ating pagkakasundo.

5:11 “At hindi lamang gayon, kundi” Tingnan ang Tala sa talata 3.

▣ **“tayo’y nangagagalak naman”** Tingnan ang Tala sa 5:2. Ito ay ang pangatlong paggamit ng “magalak” (magmataas) sa kontekstong ito.

1. Magalak sa pag-asa ng kaluwalhatian, v. 2
2. Magalak sa kapighatian, v. 3
3. Magalak sa pagkakasundo, v. 11

Ang salungat na pagmamayabang ay makikita sa 2:17 at 23!

▣ **“inamo natin ngayon ang pagkakasundo”** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, isang natapos na pagkilos. Ang pagkakasundo sa mga mananampalataya ay (“magpalit”) ay tinatalakay din sa v. 10 at II Corinto 5:18-21; Efeso 2:16-22; Colosas 1:19-23. Sa kontekstong ito, ang “pagkakasundo” ay ang teolohikong kasingkahulugan ng “pag-aaring-ganap.”

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:12-14

¹²Kaya, kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan, at ang kamataya’y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito’y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka’t ang lahat ay nangagkasala—¹³Sapagka’t ang kasalanan ay nasa sanglibutan hanggang sa dumating ang kautusan: nguni’t hindi ibinibilang ang kasalanan kung walang kautusan. ¹⁴Bagaman ang kamatayan ay naghari mula kay Adan hanggang kay Moises, kahit doon sa hindi nangagkasala man ng tulad sa pagsalangsang ni Adan, na siyang anyo niyaong darating.

5:12 “Kaya” Ang Roma ay maraming mga mahusay na pagkakalagay na “kaya (samakatuwid)” (cf. 5:1;

8:1; 12:1). Ang pangkahulugang tanong ay sa kung ano ang kanilang inuugnay. Sila ay maaaring isang paraan ng pagtutukoy sa buong pangangatuwiran ni Pablo. Tiyak na ang isang ito ay nauugnay sa Genesis at, samakatuwid, marahil sa maibabalik sa Roma 1:18-32.

▣ **“kung paano na sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan”** Ang lahat ng tatlong MGA PANDIWA sa v. 12 ay mga AORIST NA PANAUNAN. Ang pagbagsak ni Adan ay nagbunga ng kamatayan (cf. I Corinto 15:22). Ang Bibliya ay hindi tinatalakay ang pinagmula ng kasalanan. Ang kasalanan ay makikita din sa mundo ng mga anghel (cf. Genesis 3 at Pahayag 12:7-9). Kung papaano at kailan ay hindi tiyak (cf. Isaias 14:12-27; Ezekiel 28:12-19; Job 4:18; Mateo 25:41; Lucas 10:18; Juan 12:31; Pahayag 12:7-9).

Ang kasalanan ni Adan ay kinapapalooban ng dalawang aspeto (1) ang pagsuway sa isang partikular na utos (cf. Genesis 2:16-17), at makasariling kayabangan (cf. Genesis 3:5-6). Ipinagpapatuloy nito ang pagkabanggit sa Genesis 3 na nagsimula sa Roma 1:18-32.

Ito ay ang teolohiya ng kasalanan na lubhang maliwanag na inihihwalay si Pablo mula sa rabinikal na kaisipan. Ang mga rabi ay hindi nakatuon sa Genesis 3; binigyan-diin nila sa halip, ay mayroong dalawang dalawang “layunin” (*yetzers*) sa bawat tao. Ang kanilang tanyag na rabinikal ng kasabihan ay “Sa bawat puso ng tao ay isang itim at isang puting aso. Ang isa na pinapakain mo na mas marami ay magiging pinaka-malaki.” Nakita ni Pablo ang kasalanan bilang isang pangunahing hadlang sa pagitan ng banal Diyos at ng Kanyang nilikha. Si Pablo ay hindi isang sistematikong teologo (cf. James Steward’s *A Man in Christ*). Siya ay nagbigay ng maraming pinagmulan ng kasalanan (1) pagbagsak ni Adan, (2) panunukso ni Satanas, at (3) nagpapatuloy na pantaong rebelyon (i.e., Efeso 2:2-3).

Sa teolohikong pag-iiba at paghahalintulad sa pagitan ng Adan at Hesus dalawang maaaring implikasyon ang makikita.

1. Si Adan ay totoong pangkasaysayang tao.
2. Si Hesus ay totoong tao.

Kapwa ang katotohanang ito ay pinaninindigan ng bibliya sa mukha ng bulaang mga katuruan. Pansinin ang paulit-ulit na paggamit ng “isang tao” o “ang isa.” Ang dalawang paraang ito na tumutukoy kay Adan at Hesus ay ginamit ng labing-isang beses sa kontekstong ito.

▣ **“isang tao”** Ang pagkaraniwang parirala (lit. *henos anthrōpou*) ay ginamit upang ipakilala si Adan (vv. 12,16,17,18,19) o Hesus (vv. 15 [dalawang beses], 17 [dalawang beses], 18,19). Sila ay kapwa kumakatawang sa isang pangkat o kominidad (i.e., “marami,” cf. 15 [dalawang beses], 19[dalawang beses]; “lahat,” cf. vv. 12,13,18 [dalawang beses]).

▣ **“kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan”** Si Augustino ang unang nagbanggit ng salitang “orihinal na kasalanan.” Inilalarawan nito ang kinahinatnan ng mga pagpili ni Adan/Eba sa Genesis 3. Ang kanilang rebelyon ay nakaapekto sa lahat ng linikha. Ang mga tao ay pinalala ng

1. Isang bumagsak ang sistemang pang-mundo
2. Isang personal na manunukso
3. Isang bumagsak na likas

Ang orihinal na kasalanan (vv. 12-14,16a,17) ay bumubuo ng isang pagsasama sa personal na kasalanan (vv. 12d,16b) upang gawing makasalanan ang lahat ng mga tao! Ang kasalanan ay nagbunga ng “kamatayan” (cf. 1:32; 6:13,16,21,23; 7:5,9,10,11,13,24; 8:13).

Ang Jerome Biblical Commentary (p. 308) ay binabanggit ang tatlong rabinikong tradisyong na tatlong yugto sa kasaysayan.

1. Adan – Moises
2. Moises – Mesias
3. Mesias – eschaton

Kung si Pablo ay iniisip ang ganitong pagkabaha-bahagi, ngayon

1. Adan – Moises (orihinal na kasalanan, walang kautusan ngunit may kamatayan)
2. Moises – Mesias (personal na kasalanan, paglabag sa kautusan)
3. Mesias – (kalayaan mula sa Kautusan/kautusan sa pamamagitan ng biyaya)

▣ **“ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao”** Ang pangunahing kahulugan ng talataan ay ang pagkalahatang kahihinatnan ng kasalanan (cf. vv. 16-19; I Corinto 15:22; Galacia 1:10), na kamatayan.

1. espirituwal na kamatayan – Genesis 2:17; 3:1-24; Isaias 59:2; Roma 7:10-11; Efeso 2:1; Colosas 2:13; Santiago 1:15
2. pisikal na kamatayan – Genesis 3:4-5; 5:1-32
3. walang hanggang kamatayan – Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8

▣ **“sapagka't ang lahat ay nangagkasala”** Ang lahat ng mga tao ay nagkasala kay Adan sa pangkalahatan (i.e., nagmala ng isang makasalanan kalalagayan at isang makasalanan kalikasan.) Dahil dito, bawat tayo ay piniling magkasala ng pansarili at paulit-ulit. Ang Bibliya ay mariin na ang lahat ng mga tao ay mga makasalanan sa kapwa pangkalahatan at pansarili (cf. I Hari 8:46; II Cronica 6:36; Awit 14:1-2; 130:3; 143:2; Kawikaan 20:9; Ecclesiastes 7:20; Isaias 9:17; 53:6; Roma 3:9-18,23; 5:18; 11:32; Galacia 3:22; I Juan 1:8-10).

Gayunman, ito ay kailangang sabihin na ang binibigyang-diin sa konteksto (cf. vv. 15-19) ay ang isang pagkilos na nagdulot ng kamatayan (Adan) at isang pagkilos na nagdulot ng buhay (Hesus). Gayunman, ang Diyos ay lubhang inayos ang Kanyang pakikipag-ugnayan sa sangkatauhan na nagpapasiya ng tao ay isang napakahalagang aspeto ng “pagkawala” at “pag-aaring-ganap.” Ang mga tao ay may kusang pagsasangkot sa kanilang panghinaharap na mga kahihinatnan! Sila ay magpapatuloy na piliin ang kasalanan o piliin nila si Kristo. Hindi nila kayang makaapekto sa dalwang mga pagpiling ito, ngunit may pagkusang maipapakita kung saan sila kabilang!

Ang saling “dahil sa” ay karaniwan, ngunit ang kahulugan nit ay kadalasang pinagtatalunan. Ginamit ni Pablo ang *eph' hō* sa II Corinto 5:4; Filipos 3:12; at 4:10 sa kaunawaan ng “dahil sa.” Samakatuwid, lahat at bawat pagpili ng tao ay upang personal na makilahok sa kasalanan at paghihimagsik laban sa Diyos. Ang ilan ay sa pagtanggap ng natatanging kapahayagan, ngunit ang lahat ay sa pagtanggapin ng kapahayagan sa kalikasan (cf. 1:18-3:20).

5:13-14 Ang katulad na katotohanang ito ay tinuro sa Roma 3:20; 4:15 at Gawa 17:30. Ang Diyos ay patas. Ang mga tao ay may pananagutang lamang sa kung ano ang mayroon para sa kanila. Ang talatang ito ay partikular na nagsasabi patungkol sa natatanging kapahayagan (OT, Hesus, NT), hindi ang kapahayagan ng kalikasan (Awit 19:1-6; Roma 1:18-23; 2:11-16).

Pansinin na ang NKJV ay nakikita na paghahalintulad ng v. 12 bilang inihawalay ng mahabang panaklong (cf. vv. 13-17) mula sa kanyang konklusyon sa vv. 18-21.

5:14

NASB, NKJV,

NJB “kamatayan ay naghari”

NRSV “kamatayan ay nagpapatupad na kapamahalaan”

TEV “kamatayan ay namumuno”

Ang kamatayan ay namumuno bilang Hari (cf. vv. 17 at 21). Ang pagbibigay ng katauhan ito sa kamatayan at kasalanan bilang malupit ay napanatili sa kabuuan ng kabanatang ito at kabanata 6. Ang pangkalahatang karanasan ng kamatayan ay nagpapatunay ng pagkalahatang kasalanan ng sangkatauhan. Sa mga talata 17 at 21, ang biyaya ay binigyan ng katauhan. Ang biyaya ang naghahari! Ang mga tao ay may pagpili (ang dalawang paraan sa OT, i.e., kamatayan o buhay, cf. Deuteronomio 11:26; 30:1,19), kamatayan o buhay. Sino ang naghahari sa iyong buhay?

▣ **“kahit doon sa hindi nangagkasala man ng tulad sa pagsalangsang ni Adan”** Linabag ni Adan ang isang ipinahayag na utos ng Diyos (i.e., Genesis 2:15-17), kahit na si Eba ay hindi nagkasala sa katulad na paraan narinig Niya kay Adan ang tungkol sa puno, hindi mismo galing sa Diyos. Ang mga tao mula kay Adan hanggang kay Moises ay apektado ng rebelyon ng Adan! Hindi nila linabag ang isang partikular na utos mula sa Diyos, ngunit ang 1:18-32, na siyang tiyak na bahagi ng teolohikong kontekstong ito, ay nagpapahayag ng katotohanan na linabag nila ang liwanag na kanilang taglay mula pa ng paglalang at samakatuwid ay may pananagutan sa Diyos sa paghihimagsik/kasalanan. Ang makasalanan likas ni Adan ay kumalat sa lahat ng kanyang mga anak.



NASB, NKJV,

NRSV “na siyang anyo niyaong darating”

TEV “Si Adan ay anyo ng isang darating”

NJB “Si Adan ang kaanyuan ng Isang darating”

Ipinapahayag ito sa isang napaka-tiyak na paraa ng tipolohiyang Adan-Kristo (cf. I Corinto 15:21-22,45-49; Filipos 2:6-8). Sila ay kapwa nakita bilang una sa isang kalipunan, ang pinagmulan ng isang lahi (cf. I Corinto 15:45-49). Si Adan lamang ang taong mula sa OT na partikular na tinawag na isang “tipo” ng NT (para sa “Israel” tingnan ang I Corinto 10:6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Anyo (*Tupos*) sa 6:17.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:15-17

¹⁵Datapuwa't gayon din ang kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng pagsuway. Sapagka't kung sa pagsuway ng isa ay nangamatay ang marami, lubha pang sumagana sa marami ang biyaya ng Diyos, at ang kaloob dahil sa biyaya ng isang lalaking si Hesukristo. ¹⁶At ang kaloob ay hindi gaya ng nangyari sa pamamagitan ng isang nagkasala: sapagka't ang kahatulan ay dumating sa isang pagsuway sa ipagdurusa, datapuwa't ang kaloob na walang bayad ay dumating sa maraming pagsuway sa ikaaaring ganap. ¹⁷Sapagka't kung, sa pagsuway ng isa, ay naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa; lubha pang magsisipaghari sa buhay ang nagsisitanggap ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng katuwiran sa pamamagitan ng isa, sa makatuwid baga'y si Hesukristo.

5:15-19 Ito ay isang nagpapatuloy na pangangatuwiran na ginagamit ang mga magkakatulad na mga parirala. Ang NASB, NRSV, at TEV ay nahahati sa talataan sa v. 18. Gayunman UBS⁴, NKJV, at JB ay isinalin ito bilang isang yunit. Tandaan na ang susi sa pagpapaliwanag ng orihinal na naisin ng may-akda ay isa sa pangunahing katotohanan per talataan.

Pansinin na ang salitang “marami,” vv. 15 & 19, ay kasingkahulugan ng “lahat” sa vv. 12 at 18. Ito ay totoo rin sa Isaias 53:11-12 at v. 6. Walang teolohikong pagkakaiba (ang pinili laban sa di-pinili ni Calvin) ay kailangang nakabatay sa mga salitang ito!

5:15 “ang kaloob na walang bayad” May dalawang magkakaibang Griyegong mga salita para sa “kaloob” na ginamit sa kontekstong ito—*charisma*, vv. 15,16 (6:23) at *dorea/dorama*, vv. 15, 16, 17 (tingnan ang tala sa 3:24)—ngunit sila ay magkasingkahulugan. Ito ya totoong ang Mabuting Balita patungkol sa kaligtasan. Ito ay isang walang-bayad kaloob mula sa Diyos sa pamamagitan ng Hesukristo (cf. 3:24; 6:23; Efeso 2:8,9) sa lahat ng nananampalataya kay Kristo.

▣ **“kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang kasalanan ni Adan ay nagdulot ng kamatayan sa lahat mga tao. Ito ay katulad ng v. 17.

▣ **“sumagana”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 15:13.

5:16 “ipagdurusa... ikaaaring ganap” Ang kapwa salita ay pang-kautusan, at legal. Kadalasang ipinapakilala sa OT ang mensahe ng propeta’s mensahe bilang isang tagpuan sa hukuman. Ginagamit ni Pablo ang ganitong anyo (cf. Roma 8:1, 31-34).

5:17 “kung” Ito ay isa pang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang kasalanan ni Adan ay nagbunga ng kamatayan sa lahat mga tao.

▣ **“lubha pa... sa buhay ang nagsisitanggap”** Ang mga talatang 18-19 ay hindi tiyak na may teolohikong pagtimbang (balanse). Ang pariralang ito ay hindi maiaalis mula sa konteksto ng Roma 1-8 at ginamit bilang isang patunay na teksto para sa pangkalahatan m (na ang lahat ay maliligtas sa katapusan). Ang mga tao ay kailangang tanggapin ang (v. 17b) pag-aalay sa Diyos kay Kristo. Ang kaligtasan ay para sa lahat, ngunit kailangang tanggaping pansarili (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13).

Ang isang gawa ng rebelyon ni Adan ay nagdulot ng buong rebelyon sa lahat ng mga tao. Ang isang gawa ng makasalanan ay napalaki! Ngunit kay Kristo ang isang matuwid na pag-aalay ay napalaki upang magtakip ng maraming indibidwal na mga kasalanan gayundin ang pagkalahatang epekto ng kasalanan. Ang “lalong higit” na gawa ni Kristo ay binigyang-diin (cf. vv. 9,10,15,17). Ang biyaya ay nananagana!

5:17,18 “kaloob ng katuwiran... magsisipaghari sa buhay... ikaaaring-ganap ng buhay” Si Hesus ay ang kaloob ng Diyos at ang panustos sa lahat ng pangangailangang espirituwa ng bumagsak na sangkatauhan (cf. I Corinto 1:30). Ang mga magkakatulad ng mga parirala ay nangangahulugang

1. ang makasalang sangkatauhan ay pinagkalooban ng matuwid na kalalagayan sa Diyos sa pamamagitan ng natapos na gawain ni Kristo na nagbunga ng isang “maka-Diyos na buhay”
2. ang pariralang ito ay kasingkahulugan ng “walang hanggang buhay”

Ang konteksto ay tinataguyod ang unang pamimilian. Para sa pag-aaral ng salita sa katuwiran Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

Ang PANDIWA “naghahari” ay ginamit ng maraming beses sa kontekstong ito.

1. “kamatayan ang naghari mula kay Adan hanggang kay Moises,” v. 14 (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
2. “kamatayan ang naghari sa pamamagitan ng isa,” v. 17 (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
3. “lalong higit ang tumanggap ng kasaganahan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ang maghahari sa buhay,” v. 17 (PANGHINAHARAP TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
4. “kasalanan ang naghari sa kamatayan,” v. 21 (AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
5. “ang biyaya ay maghahari,” v. 21 (AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI)
6. “huwang mong hayaan na maghari ang kasalanan,” 6:12 (PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS)

Ang pagbibigay-buhay sa kasalanan at kamatayan laban sa kaloob ng biyaya ay isang makapangyarihang paraan upang ipahayag ang teolohikong katotohanan!

NATATANGING PAKSA: PAMAMAHALA SA KAHARIAN NG DIYOS

Ang konsepto ng pamamahala kasama si Kristo ay bahagi ng mas malaking kauriang teolohiko na tinatawag na “ang Kaharian ng Diyos.” Ito ay isang pagpapatuloy mula sa konsepto sa OT ng Diyos bilang tunay na hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7). Siya na namahala sa simbulo (I Samuel 8:7; 10:17-19) sa pamamagitan ng isang nagmula sa lahi ni Judah (cf. Genesis 49:10) at sa pamilya ni Jessie (cf. II Samuel 7).

Si Hesus ang katuparan ng propesiya patungkol sa Mesias. Pinasinayaan Niya ang Kaharian ng Diyos sa Kanyang pagkakatawang-tao sa Betlehem. Ang Kaharian ng Diyos ay naging pangunahing sandigan ng pangangaral ni Hesus. Ang Kaharian ay lubusang damating sa Kaniya (cf. Mateo 10:7; 11:12; 12:28; Marcos 1:15; Lucas 10:9,11; 11:20; 16:16; 17:20-21).

Gayunman, ang Kaharian ay isa ring panghinaharap (eskatolohiko). Ito ay nandito na ngunit wala pang kaganapan (cf. Mateo 6:10; 8:11; 16:28; 22:1-14; 26:29; Lucas 9:27; 11:2; 13:29; 14:10-24; 22:16,18). Si Hesus ay dumating sa unang pagkakataon bilang isang nagdurusang lingkod (cf. Isaias 52:13-53:12); bilang mapagbakumbaba (cf. Zacarias 9:9) ngunit Siya ay babalik bilang Hari ng mga (cf. Mateo 2:2; 21:5; 27:11-14). Ang konsepto ng “pamamahala” ay tiyakang isang bahagi ng “pangkaharian” teolohiya. Ang Diyos ang nagbigay ng kaharian sa mga tagasunod ni Hesus (tingnan ang Lucas 12:32).

Ang konsepto ng pamamahala ni Kristo ay may maraming mga aspeto at mga tanong.

1. Ang mga talata ba ng nagbibigay-diin na ang Diyos ay nagbigay sa mga mananampalataya ng “kaharian” sa pamamagitan ni Kristo ay tumutukoy sa “pamamahala” (cf. Mateo 5:3,10; Lucas 12:32)?
2. Ang mga salita ba ni Hesus sa orihinal na mga alagad sa konteksto ng unang siglong Hudyo ay tumutukoy lahat sa mga mananampalataya (cf. Mateo 19:28; Lucas 22:28-30)?
3. Ang pagbibigay-diin ba ni Pablo sa pamamahala sa kasalukuyang buhay ay sumasalungat o humuhusto sa mga talata sa itaas (cf. Roma 5:17; I Corinto 4:8)?
4. Paano naging magkaugnay ang pagdurusa at pamamahala (cf. Roma 8:17; II Timoteo 2:11-12; I Pedro 4:13; Pahayag 1:9)?
5. Ang umuulit na paksa ng Pahayag is sharing the glorified Kristo’s reign, but that reign is
 - a. Pang-mundo, 5:10
 - b. milenyo, 20:5,6
 - c. walang hanggan, 2:26; 3:21; 22:5 at Daniel 7:14,18,27

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:18-21

¹⁸Kaya kung paanong sa pamamagitan ng isang pagsuway ay dumating ang hatol sa lahat ng mga tao sa ipagdurusa; gayon din naman sa pamamagitan ng isang gawa ng katuwiran, ang kaloob na walang bayad ay dumating sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay.

¹⁹Sapagka't kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ang marami ay naging mga makasalanan, gayon din sa pamamagitan ng pagtalima ng isa ang marami ay magiging mga matuwid. ²⁰At bukod sa rito ay pumasok ang kautusan, upang ang pagsuway ay makapanagana; datapuwa't kung saan nanagana ang kasalanan, ay nanaganang lubha ang biyaya: ²¹Upang, kung paanong ang kasalanan ay naghari sa ikamamatay, ay gayon din naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran sa ikabubuhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesukristo na Panginoon natin.

5:18

NASB

“gayon din naman sa pamamagitan ng isang gawa ng katuwiran, ang kaloob na walang bayad ay dumating sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay”

NKJV

“kahit na sa pamamagitan ng matuwid na gawa ng isang Tao ang walang-bayad na kaloob ay dumating sa lahat ng tao”

NRSV

“dahil dito ang matuwid na gawa ang isang tao ay maghahatid sa pag-aaring-ganap at buhay para sa lahat”

TEV

“sa katulad na paraan ang matuwid na gawa ay nagpalaya sa lahat ng tao at nagkaloob sa kanila ng”

NJB **“dahil dito, ang mabuting gawa ng isang tao ay nagdulot sa bawat-isa ng buhay at sila ay inarin-ganap”**

Hindi nito sinasabing ang bawat-isa ay maliligtas (pangkalahatan). Ang talatang ito ay hindi maaaring ipaliwanag na hiwalay sa mensahe ng aklat ng Roma at sa malapit nakonteksto. Ito ay tumukoy sa isang potensyal na kaligtasan ng lahat mga tao sa pamamagitan ng buhay/kamatayan/ muling pagkabuhay ni Hesus. Ang sangkatauhan ay kailangang tumugon sa paghahandog ng sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21). Ang Diyos ang palaging nagsisimula (cf. Juan 6:44,65), ngunit pinili Niya na ang bawat-isa ay kailangang tumugong pansarili (cf. Mateo 11:28-29; Juan 1:12; 3:16; at Roma 10:9-13). Ang kanyang handog ay pangkalahatan (cf. I Timoteo 2:4,6; II Pedro 3:9; I Juan 2:2), ngunit sa hiwaga ng kasalayan ay maraming nagsasabing “hindi.”

Ang “gawa ng katuwiran” ay alinman sa

1. Ang buong buhay na pagsunod ni Hesus at ang katuruan ay lubusang inihayag ng Ama
2. Partikular sa Kanyang kamatayan para sa makasalanan sangkatauhan

Yamang ang buhay ng isang taon ay nakaapekto sa lahat (pangkalahatan sa mga Hudyo, cf. Joshua 7), gayundin naman, ang isang walang-kasalanang buhay ay nakaapekto salahat (Levitico 1-7,16). Ang dalawang gawang ito ay magkatulad, ngunit hindi magkatumbas. Ang lahat ay apektado ng kasalanan ni Adan ngunit ang lahat ay maaaring naapektuhan ng buhay ni Hesus, ang mga mananampalataya lamang na tumanggap ng kaloob ng pag-aaring-ganap. Ang gawa ni Hesus nakaapekto din sa lahat ng kasalanan ng tao, para sa kanila na nanampalataya at tumanggap, sa nakalipas, sa kasalukuyan, at sa hinaharap!

5:18-19 “ang hatol sa lahat ng mga tao. . . sa lahat ng mga tao sa ikaaaring-ganap ng buhay. . . ang marami ay naging mga makasalanan. . . ng marami ay magiging mga matuwid” Ang mga magkakatulad na pariral na nagpapakita ng salitang “marami” ay walang pagtatakda ngunit ngunit may kinabibilanang. Ang pagtutulad na ito ay matatagpuan sa Isaias 53:6 “lahat” at 53:11,12 “marami.” Ang salita “marami” ay hindi maaaring gamiting sa isang pagkagamit na may pagtatakda upang lagyang ng hangganan ang pag-aalok ng kaligtasan ng Diyos sa lahat sangkatauhan (ang pinili laban sa di-pinili ni Calvin).

Pansinin ang BALINTIYAK NA TINIG ng dalawang MGA PANDIWA. Sili ay tumutukoy sa gawain ng Diyos. Ang mga tao ay nagsala sa pakikipag-ugnayan sa katangian ng Diyos (isang pamantayang nalabag) at sila ay inaring-ganap sa kaugnayan nito sa Kanyang katangian (isang kaloob ng Kanyang biyaya).

5:19 “pagsuway ng isang tao. . . pagtalima ng Isa” Ginagamit ni Pablo ang teolohikong kaisipan ng Lumang Tipan sa pangkalahatan. Ang mga pagkilos ng isa ay nakakaapekot sa buong komunidad (cf. Achan sa Joshua 7). Ang pagsuway nina Adan at Eba ay nagbunga ng kahatulan ng Diyos sa lahat ng linikha (cf. Genesis 3). Ang lahat ng linikha ay naapektuhan ng mga kinahinatnan ng rebelyon ni Adan (cf. 8:18-25). Ang mundo ay hindi pareho. Ang mga tao ay hindi magkakatulad. Ang kamatayan ang naging hantungan ng lahat ng nabubuhay sa mundo (cf. Genesis 5). Hindi ito ang mundo na ninanais ng Diyos!

Sa katulad na pangkalahatang diwa ang isang gawain ng pagsunod kay Hesus, ang Kalbaryo, ay nagbunga sa (1) isang bagong pahanon, (2) isang bagong mga mga tao, at (3) isang bagong kasunduan. Ang kumakatawang teolohiya ay tinatawag na “ang tipolohiyang Adan-Kristo” (cf. Filipos 2:6). Si Hesus ang pangalawang Adan. Siya ang bagong simula para sa nalugmok na lahi ng tao.

▣ **“magiging mga matuwid”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17.

5:20

NASB **“At bukod sa rito ay pumasok ang kautusan, upang ang pagsuway ay makapanagana”**

NKJV **“At sa gayon, ang kautusan ay pumasok upang ang kasalanan ay managana”**

NRSV “Ngunit ang kautusan sa pumasok, na ang bunga at pagsasalang ay lumaki”
TEV “Ang Kautusan ay ipinakilala upang ang dumagdag ang paggawa ng masama”
NJB “Nang dumating ang kautusan, it ay upang lumaki ang mga pagkakataong mahulog”

Ang layunin ng Kautusan ay hindi-kailanman upang iligtas ang sangkatauhan ngunit upang ipakita ang pangangailangan at kawalang kakayahan ng nalugmok na sangkatauhan (cf. Efeso 2:1-3) at sa gayo ay dalhin sila kay Kristo (cf. 3:20; 4:15; 7:5; Galacia 3:19, 23-26). Ang Kautusan mabuti, but sangkatauhan ay makasalan (cf. Roma 7)!

▣ “**nanaganang lubha ang biyaya**” Ito ang pangunahing paksa ni Pablo sa bahaging ito. Ang kasalanan ay nakakatakot at malaganap, ngunit ang biyaya ay nanaganana at hinihigitan ang kanyang nakakamatay na lakas! Ito ay isang paraan upang pasiglahin ang unang siglong baguhang iglesia. Sila ay nakapanaig kay Kristo (cf. 5:9-11; 8:31-39; I Juan 5:4). Ito ay hindi isang pang-aabuso upang lalong magkasala! Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng *Huper* na mga Tambalan sa 1:30.

Tingnan ang Natatanging Paksa sa isang kaugnay na salit (managana) na ginamit sa v. 15 at Roma 15:13.

5:21 Kapwa ang “kasalanan” at ang “biyaya” ay binagyang buhay bilang mga hari. Ang kasalanan ay naghahari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkalahataing kamatayan (vv. 14, 17). Ang biyaya ay naghahari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng itinuring na katuwiran sa pamamagitan ng natapos na gawa ni Hesukristo at pananampalataya at pagsisising personal na pagtugon ng mga mananampalataya personal sa ebanghelyo.

Bilang mga bagong tao ng Diyos, bilang katawang ni Kristo, mga Kristyano ay maghahari din kasama si Kristo (cf. 5:17; II Timoteo 2:12; Pahayag 22:5). Ito ay makikita sa pang-mundo o milenyong paghahari (cf. Pahayag 5:9-10; 20). Ang Bibliya ay nagsasabi din ng katulad na katotohanan sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na ang Kaharian ay ibinigay sa mga binanal (cf. Mateo 5:3,10; Lucas 12:32; Efeso 2:5-6). Tingnan ang Natatanging Paksa: Paghahari sa Kaharian ng Diyos sa 5:17,18.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang kahulugan ang “katuwiran” ng Diyos
2. Ano ang teolohikong pagkakaiba sa pagitan ng “pangkakalagayang pagpapaging-banal” at “nagpapatuloy na pagpapaging-banal”?
3. Tayo ba ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya o pananampalataya (cf. Efeso 2:8-9)?
4. Bakit nagdurusa ang mga Kristiyano?
5. Tayo ba ay naligtas o naliligtas o maliligtas?
6. Tayo ba ay mga makasalan dahil sa tayo ay nagkasala, o tayo ba ay nagkakasala dahil sa tayo ay mga makasalan?
7. Papanong ang mga salitang “inaring-ganap,” “naligtas” at “napagkasundo” ay may kaugnaya sa kabanatang ito?

8. Bakit pinanghahawakan ng Diyos na ako ay may pananagutan paras sa ibang taoong nagkasala na nabuhay sa nakaraang limang libong taon (vv. 12-21)?
9. Bakit ang lahat ay namatay sa pagitan ng Adan at Moises kung ang kasalanan ay hindi ibinibilang sa yugtong iyon (vv. 13- 14)?
10. Magkasingkahulugan ba ang mga salitang “lahat” at “marami” (vv. 18-19, Is. 53:6, 11-12)?

MGA TAGA-ROMA 6

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN				
UBS ⁴	NKJV	NRSV	TEV	NJB
Kamatayan sa Kasalanan ngunit Pagkabuhay kay Kristo	Kamatayan sa Kasalanan, Pagkabuhay sa Diyos	Pagkamatay at Pagbangon kay Kristo	Kamatayan sa Kasalanan ngunit Pagkabuhay kay Kristo	Bautismo
6:1-11	6:1-14	6:1-4 6:5-11	6:1-4 6:5-11	6:1-7 6:8-11 Kabanalan, hindi Kasalanan ang maging Panginoon
6:12-14	Mula sa Pagiging Alipin ng Kasalanan hanggang sa Pagiging Alipin ng Diyos	6:12-14	6:12-14	6:12-14
Mga Alipin ng Katuwiran		Ang Dalawang Pagkaalipin	Mga Alipin ng Katuwiran	Ang Kristiyano ay Malaya na sa Pagkaalipin ng Kasalanan
6:15-23	6:15-23	6:15-19	6:15-19	6:15-19 Ang Gantimpala ng Kasalanan at ang Gantimpala ng Pagiging Matuwid
		6:20-23	6:20-23	6:20-23

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. viii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TEKSTO

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAAN SA KAUGNAY NA KAHULUGAN (KONTEKSTO)

- A. Ang kabanatang 6:1-8:39 ay bumubuo ng isang yunit kaisipan (pampanitikang yunit) na nauugnay sa ugnayan ng Kristiyano sa kasalanan (i.e., pagpapaging-banal). Ito ay isang napakahalagang isyu dahil sa ang ebanghelyo is ay nakabatay sa walang-bayad di-makakayang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo (3:21-5:21) ngayon, samakatuwid, papaano nakakaapekto ang kasalanan sa mananampalataya? Ang kabanata 6 ay nakabatay sa dalawang ipinapalagay na mga tanong, vv. 1 at 15. Ang talata 1 ay nauugnay sa 5:20, habang ang v. 15 nauugnay sa 6:14. Ang una ay may kaugnayan sa kasalanan bilang isang pamumuhay (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN), ang pangalawa ay sa pansariling paggawa ng kasalanan (AORIST NA PANAHUNAN). Ito ay maliwanag din na ang vv. 1-14 ay may kaugnayan kalayaan ng mga mananampalataya mula sa pangingibabaw ng kasalanan, habang ang vv. 15-23 ay may kaugnayan sa kalayaan ng mga mananampalataya na maglingkod sa Diyos gayundin sa kanilang nakalipas na paglilingkod sa kasalanan—lubusan, ganap, at buong-puso.
- B. Ang pagpapaging-banal ay kapwa (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4)
1. Isang kalalagayan (itinuring tulad ng pag-aaring-ganap at kaligtasan, 3:21-5:21)
 2. Isang lumalagong pagiging katulad ni Kristo
 - a. 6:1-8:39 ay nagpapahayag ng ganiong teolohikong katotohanan
 - b. 12:1-15:13 ay ipinapahayag ito sa pagkilos (praktikal) (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:4)
- C. Kadalasang ang mga tagapag-bigay ng kahulugan ay kailangang ihiwalay sa teolohiya ang paksa ng pag-aaring-ganap at pangkalalagayang pagpapaging-banal upang makatulong maunawaan ang kanilang mga biblikal na kahulugan. Sa katotohanan, sila ay magkasabay ng mga gawa ng biyaya (pagkalagayan, I Corinto 1:30; 6:11). Ang pamamaraan sa dalawa ay iisa—Ang biyaya ng Diyos na naisakatuparan sa buhay, kamatayan at muling pagkabuhay/pag-akyat sa langit ni Hesus ay tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Efeso 2:8-9).
- D. Ang kabanatang ito ay nagtuturo ng maaaring lubusang pag-unland (kawalan ng kasalanan, cf. I Juan 3:6,9; 5:18) ng mga anak ng Diyos kay Kristo. Ang kabanata 7 at I Juan 1:8-2:1 ay nagpapakita ng katotohanan ng nagpapatuloy pagkakasala ng mga mananampalataya.
- Ang maraming pagtatalo sa papanaw ni Pablo sa kapatawaran (i.e., pag-aaring-ganap sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya) ay nauugnay sa isyu ng moralidad. Ang mga Hudyo ay nagnais makatiyak ng isang maka-Diyos na pamumuhay sa paghingi na ang mga bagong nagbalik-loob na tumalima sa kautusan ni Moises. Ito ay kailangang tanggapan na ang ilan ay gumamit at gumagamit ng mga papanaw ni Pablo bilang isang pang-aabuso sa kalayaan sa kasalanan (cf. vv. 1,15; II Pedro 3:15-16). Naniniwala si Pablo na ang nanananahang Espiritu, hindi isang panlabas na kodigo, ang pagdudulot ng mga tagasunod na maka-Diyos na katulad ni Kristo. Sa katotohanan, ito ang pagkakaiba sa pagitan ng Lumang Tipan (cf. Deuteronomio 27-28) at ng Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27).
- E. Ang Bautismo ay sa karaniwan ay isang pisikal na paglalarawan ng katotohanang espirituwal ng pag-aaring-ganap/pagpapaging-banal. Sa Roma ang kambal ng mga doktrina ng pangkalalagayang pagpapaging-banal (pag-aaring-ganap) at pang-karanasang pagpapaging-banal (pagiging katula ni Kristo) ay kapwa binibigyang-diin. “Inilibing kasama Niya” (v. 4) ay katulad ng “ipinako sa krus na kasama Niya” (v. 6).
- F. Ang mga susi upang mapagtagumpayan ng tukso at kasalanan sa buhay Kristiyano ay
1. Kilalanin mo kung sino ka kay Kristo. Kilalanin mo kung ano ang ginawa Niya sa’yo. Ikaw ay malaya na sa kasalanan! Ikaw ay patay sa kasalanan!
 2. Ipagbigay-sulit/ibilang ang iyong kalalagayan kay Kristo sa iyong mga pang-araw-araw na kalalagayan sa buhay.
 3. Hindi nating pagmamay-ari ang ating sarili! Kailangan nating paglingkura/sundin ang

ating Panginoon. Tayo ay naglilingkod/sumusunod bilang pasasalamant at pag-ibig sa Isa na unang umibig at nagkaloob ng Kanyang sarili para sa atin!

4. Ang buhay ng Kristiyano ay isang higit sa karaniwang buhay. Ito, tulad ng kaligtasan, ay isang kaloob mula sa Diyos kay Kristo. Siya ang nagpasimula nito at nagbigay ng kapangyarihan nito. Kailangan tayong tumugon sa pagsisisi at pananampalataya, kapwa sa pasimula at pang-araw-araw.
5. Huwag mong paglaruan ang kasalanan. Tatakan ito kung ano ito. Tumalikod mula dito; tumakas dito. Huwag mong ilagay ang inyong sarili sa lugar ng tukso.
6. Ang kasalanan sa mananampalataya ay isang pagkagumon na maaaring sirain, ngunit kailangan nito ang pagkaalam sa ebanghelyo, ang presensya ng Espiritu, panahon, pagpupunyagi, at pagkukusa.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-7

¹Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana? ²Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan? ³O hindi baga ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Kristo Hesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan? ⁴Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Kristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay. ⁵Sapagka't kung tayo nga ay naging kalakip *niya* dahil sa kawangisan ng kaniyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo dahil sa *kawangisan* ng kaniyang pagkabuhay na maguli; ⁶Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip *niyang* napako sa krus, upang ang katawang salarin ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan; ⁷Sapagka't ang namatay ay ligtas na sa kasalanan.

6:1

- NASB “Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana”
NKJV “Magpapatuloy ba tayo kasalanan upang ang biyaya ay managana”
NRSV “Magpapatuloy ba tayo kasalanan upang sumagana ang biyaya”
TEV “Magpapatuloy ba tayong mamuhay sa kasalanan upang ang biyaya ng Diyos ay lumago”
NJ “Tama ba na dapat tayong manatili sa kasalanan upang hayaan ang biyaya na may mas dakilang saklaw”

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI. Sa literal, ito ay nagtatanong ng tanong, Ang mga Kristiyano ba ay “mamamalagi sa” o “yayakap sa” kasalanan? Ang tanong na ito ay bumabalik sa 5:20. Si Pablo ay gumagamit ng isang ipinalalagay na tagapag-tutol (diatriba) upang iugnay sa maaaring maling paggamit ng biyaya (cf. I Juan 3:6,9; 5:18). Ang biyaya at awa ng Diyos ay hindi para abusuhin sa isang rebeldeng pamumuhay.

Ang ebanghelyo ni Pablo ng isang walang-bayad kaligtasan bilang kaloob ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. 3:24; 5:15, 17; 6:23) ay nagtataas ng maraming mga tanong patungkol sa katuwiran sa lakad ng buhay. Papanong ang walang-bayad na kaloob ay magbubunga ng moral pagkamatuwid? Ang pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal ay kailangang hindi paghiwalayin (cf. Mateo 7:24-27; Lucas 8:21; 11:28; Juan 13:17; Roma 2:13; James 1:22-25; 2:14-26).

Sa puntong ito, hayaan niyo sipiin ko sa F. F. Bruce sa *Peter: Apostle of the Heart Set Free*, “ang bautismo ng mga Kristiyano ay nagtatatag ng hangganan sa pagitan ng kanilang lumang pag-iral na walang buhay at kanilang bagong buhay kay Kristo: ito ay tanda ng

kanilang kamatayan sa lumang kaayusan, upang para sa mga nabautismuhang Kristiyano na bumalik sa kasalanan ay kahangalan tulad ng isang napalayang alipin na mananatili sa pagkaalipin sa kanyang dating amo (cf. Roma 6:1-4, 15-23) o para sa isang balong babae na manatiling nagpapasakop sa ‘ang kautusan ng kaniyang asawang lalaki’” (pp. 281-82, cf. Roma 7:1-6).

Sa aklat ni James S. Stewart, *A Man in Christ*, sinulat niya na:

“Ang *locus classicus* para sa lahat ang panig ang mga pag-iisip ng apostol ay matatagpuan sa Roma 6. Dito si Pablo, na may kahanga-hangang lakas at pagpupunyagi, inihatid sa tahanan ng puso at budhi ang mga aral na ipinagkaisa kay Hesus sa kanyang kamatayan na paraan ng mananampalataya sa isang lubusan at marahas na pagsira sa kasalanan” (pp. 187-88).

6:2 “Huwag nawang mangyari” Ito ay isang di-pangkaraniwang OPTATIBONG anyo na isang gramatikong PANAGANO O MODA na ginamit sa kahilingan o panalangin. Ito ay pangkakangyahan pamamaraan ni Pablo (i.e., Hebraic kataga) sa pagsagot ng isang ipinapalagay na tagapagtutol. Ipinapaliwanag nito ang pagkabigla at pagkasuklam sa hindi pagkakaunawa ng di-mananampalatayang sangkatauhan sa pag-abuso ng biyaya (cf. 3:4,6).

▣ **“Tayong mga patay na sa pagkakasala”** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang “tayo ay namatay na.” Ang PANG-ISAHAN “kasalanan” ay ginamit ng lubhang madalas sa buong kabanata. Ito ay tila tumutukoy sa aking “makasalanang likas” na minana mula kay Adan (cf. Roma 5:12-21; I Corinto 15:21-22). Kadalasang ginagamit ni Pablo ang konsepto ng kamatayan bilang isang talinghaga upang ipakita ang bagong pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya kay Hesus. Sila ay hindi na napapailalim sa kapangyarihang ng kasalanan.

▣ **“tayong mabubuhay pa riyan”** Sa literal ito ay “lumakad.” Ang talinghagang ito ay ginamit upang bigyang-diin ang alinman sa ating pamumuhay sa pananampalataya (cf. Efeso 4:1; 5:2,15) o pamumuhay sa kasalanan (cf. v. 4; Efeso 4:17). Ang mga mananampalataya ay hindi dapat maging masaya sa kasalanan!

6:3-4 “ay nangabautismuhan. . .ay nangalibing” Ito ay kapwa AORIST NA BALINTIYAK NA MAY MGA PAHIWATIG. Ang ganitong gramatikong anyo ay kadalasang binibigyang-diin ang isang buong gawain na naisakatupara ng isang panglabas na kinatawang, dito ang Espiritu. Sila ay katulad sa kontekstong ito.

NATATANGING PAKSA: BAUTISMO

Si Curtis Vaughan, *Acts*, ay may isang nakakawiling tala sa p. 28.

“Ang Griyegong salita para sa ‘na-bautismuhan’ ay isang pangatlong panauhang pautos; ang salita para sa ‘pagsisisi,’ isang pangalawang panauhan pautos. Ang pagbabagong ito mula sa mas tahas na pangalawa panauhang pautos patungo sa mas kakaunting tahas na pangatlong panauhan ng ‘na-bautismuhan’ ay nagpapahiwatig na ang pangunahing pangangailangan ni Pedro ay para sa pagsisisi.”

Ito ang sinsundang pag-bibigay-diin sa pangangaral ni Juan Bautista (cf. Mateo 3:2) at Hesus (cf. Mateo 4:17). Ang pagsisisi ay tila baga isang espirituwal na susi at ang ang bautismo ay isang panglabas na pagpapahayag ng espirituwal na pagbabago. Hindi nakikilala ng Bagong Tipan ang mga di-na-bautismuhang mga mananampalataya! Sa naunang iglesia ang bautismo ay ang pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya. Ito ay isang pagkakataon para sa pang-madlang pagpapahayag ng pananampalataya kay Kristo, hindi isang mekanismo para sa kaligtasan!

Kailangang matandaan na ang bautismo ay hindi nabanggit sa pangalawang sermon ni Pedro, bagkus

ang pagsisisi (cf. 3:19; Lucas 24:17). Ang bautismo ay isang halimbawa na itinakda ni Hesus (cf. Mateo 3:13-18). Ang bautismo ay inuutos ni Hesus (cf. Mateo 28:19). Ang makabagong tanong ng pangangailangan ng bautismo para sa kaligtasan ay hindi pinag-tuunang-pansin sa Bagong Tipan; lahat mga mananampalataya ay inaasahang magpa-bautismo. Gayunman, ang isa ay kailangang bantayan laban sa isang sakramentong pagmamakina! Ang kaligtasan ay isang isyu ng pananampalataya, hindi isyu ng isang tamang-lugar, tamang-mga salita, tamang-pagseseremonya!

▣ **“kay Kristo Hesus”** Ang gamit ng *eis* (sa) ay tumutulad sa Dakilang Komisyon ng Mateo 28:19, na nag bagong mga mananampalataya ay nabautismuhan *eis* (sa) sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Ang PANG-UKOL ay ginamit din upang ilarawan ang mga mananampalataya na nabautismuhan ng Espiritu sa katawan ni Kristo sa I Corinto 12:13. Ang *eis* sa kontekstong ito ay magkasingkahulugan sa *en* (kay Kristo) sa v. 11, na paboritong paraan ni Pablo upang ipakilala ang mga mananampalataya. Ito ay isang PANGTUON NG SAKLAW . Ang mga mananampalataya ay nabubuhay at kumikilos at taglay ang kanilang pag-iral kay Kristo. Ang MGA PANG-UKOL ay ipinapahayag ang matalik ang pagkakaisang ito, ang sakop ng pakikipag-ugnayang ito, ang ubas at sangang pakikipag-ugnayang ito. Ang mga mananampalataya ay makikilala kay at sasama kay Kristo sa Kanyang kamatayan (cf. v. 6; 8:17), sa Kanyang muling-pagkabuhay (cf. v. 5), sa Kanyang pagsunod na paglilingkod sa Diyos, at sa Kanyang Kaharian!

▣ **“sa kanyang kamatayan. . . Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya”** Ang bautismo sa pamamagitan ng paglubog ay nagpapakita ng kamatayan at paglibing (cf. v. 5 at Colosas 2:12). Ginamit ni Hesus ang bautismo bilang isang talinghaga para sa Kanyang kamatayan (cf. Marcos 10:38-39; Lucas 12:50). Ang pagbibigay-diin dito ay hindi sa isang doktrina ng bautismo, ngunit ang Kristiyanong pananaw, napakalapit na pakikipag-ugnayan sa kamatayan at paglibing ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay makikilala sa bautismo, na may Katangian niya, na may pag-aalay Niya, sa Kanyang misyon. Ang kasalanan ay walang kapangyarihan sa mga mananampalataya!

6:4 “ayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan” Sa kabanatang ito, bilang katangian ng lahat ng sulat ni Pablo, siya ay gumagamit ng marming *sun* (kay) na mga tambalan (e.g., tatlo in Efeso 2:5-6).

1. *sun* + *thaptō* = kasamang inilibing, v. 4; Colosas 2:12; tingnan din sa v. 8
2. *sun* + *phuō* = kasamang itinanim, v. 5
3. *sun* + *stauroō* = kasamang ipinako sa krus, v. 6; Galacia 2:20
4. *sun* + *zaō* = kasamang nabubuhay, v. 8; II Timoteo 2:11 (gayundin ay kasamang namatay at kasamang maghahari)

▣ **“gayon din naman tayo'y makalalakad sa panibagong buhay”** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI. Ang inaasahang bunga ng kaligtasan ay pagpapaging-banal. Dahil tumanggap ang mga mananampalataya ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng Kristo at pinananahan ng Espiritu, ang kanilang pamumuhay ay dapat na iba. Ang ating bagong buhay (*zoē*) ay hindi nagdudulot ng kaligtasan, ngunit ito ay ang bunga ng kaligtasan (cf. vv. 16, 19; 8:4; 13:13; 14:15; at Efeso 1:4; 2:8-9,10; Santiago 2:14-26). Ito ay hindi isang alinman/o na tanong ng pananampalataya o mga gawa, ngunit mayroong isang pagkasunod-sunod na kaayusan.

NATATANGING PAKSA: PAGPAPAGING BANAL

Ang NT ay nagsasaysay na kung ang mga makasalanan ay lumapit kay Hesus sa pagsisisi at pananampalataya, silay ay kagyat na inaring ganap at pinagpaging banal. Ito ang kanilang bagong

kalalagyan kay Kristo. Ang kanyang katuwiran ay ibinibilang sa kanila (cf. Roma 4). Sila ay idiniklarang matuwid at banal (isang legal na pagkilos ng Diyos).

Ngunit ang NT ay hinihimok din ang mga mananampalataya sa kabanalanan o pagpapaging banal. Ito ay parehong teolohikong kalalagyan sa natapos na gawa ni Hesus Kristo at isang pagtawag upang maging wangis kay Kristo sa saloobin at pagkilos sa pangaraw-araw na buhay. Dahil sa ang kaligtasan ay walang-bayad na kaloob at magugol sa lahat na pamumuhay, ganun din, ang pagpapaging banal.

Paunang Pagtugon

Kristo

Gawa 20:23; 26:18

Roma 15:16

Corinto 1:2-3; 6:11

Thesalonica 2:13

Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12

I Pedro 1:12

Isang Pagpapaunlad sa Pagiging-wangis ni

Roma 6:19

II Corinto 7:1

Efeso 1:4; 2:10

I Thesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23

I Timoteo 2:15

II Timoteo 2:21

Hebreo 12:14

I Pedro 1:15-16

▣ **“panibagong buhay”** Ito ay “bago” sa kabuuan, hindi lang bago sa panahon. Ito ay ginamit sa magkakaibang mga paraan sa NT upang isalaysay ang isang sukdulang pagbabago na idinulot ng Mesias. Ito ay ang bagong panahon, cf. Isaias 40-66.

1. bagong kasunduan, Lucas 22:20; I Corinto 11:25; II Corinto 3:6; Hebreo 8:8,13; 9:15
2. bagong kautusan, Juan 13:34; I Juan 2:7,8; II Juan v. 5
3. bagong paglilikha, II Corinto 5:17; Galacia 6:15
4. kabaguhan ng buhay, Roma 6:4
5. kabaguhan ng espiritu, Roma 7:6
6. bagong tao, Efeso 2:15; 4:24
7. bagong langit at lupa, II Pedro 3:13; Pahayag 21:1 (cf. Isaias 66:22)
8. bagong pangalan, Pahayag 2:17; 3:12 (cf. Isaias 62:2)
9. bagong Herusalem, Pahayag 3:12; 21:2
10. bagong awitin, Pahayag 5:9; 14:3 (cf. Isaias 42:10)

▣ **“si Kristo ay nabuhay”** Sa kontekstong ito, ang pagtanggap ng Ama at ang pagpapatibay ng mga salita at mga gawa ng Anak ay ipinahahayag sa dalawa dakilang pangyayari.

1. Ang muling pagkabuhay ni Hesus mula sa mga patay
2. Ang pag-akyat sa langit ni Hesus patungo sa kanan ng Ama

Ang lahat ng tatlong person ng Trinidad ay kasangkot sa muling pagkabuhay ni Hesus mula sa mundo ng mga patay. Tingnan ang buong tala sa v. 9 at 8:11.

▣ **“ng kaluwalhatian ng Ama”** Para sa “kaluwalhatian” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:23. Para sa “Ama” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:7.

6:5 “kung” Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ipinapalagay ni Pablo na ang kanyang tagapagbasa ay mga mananampalataya.

▣ **“tayo nga ay naging kalakip niya”** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na maaaring maisalin na, “naging at nagpapatuloy sa pagkakakabit na magkasama” o “naging o nagpapatuloy magkasamang itinanim.” Ang katotohanang ito ay teolohikong katulad sa “manatili” sa Juan 15. Kung ang mga mananampalataya ay kinilalang kasama sa kamatayan ni Hesus (cf. Galacia 2:19-20; Colosas

2:20; 3:3-5), sa teolohiya, sila ay dapat kilalanin sa Kanyang muling pagkabuhay (cf. v. 10).

Ang ganitong aspetong pangtalinghaga ng bautismo bilang kamatayan ay upang ipakita na

1. Tayo ay namatay na sa lumang buhay, ang lumang kasunduan
2. Tayo ay buhay sa Espiritu, ang bagong kasunduan

Ang pagbabautismo sa Kristiyano, samakatuwid, hindi katulad ng bautismo ni Juan Bautista, na siyang huling propeta ng OT. Ang bautismo ay pagkakataon sa mga naunang iglesia para sa pangmadlang pagpapahayag ng pananampalataya ng mga bagong mananampalataya. Ang pinakaunang pormula sa bautismo, na uuulitin ng babautismuhan, ay “Ako na nananampalataya na si Hesus ang Panginoon” (cf. Roma 10:9-13). Ang pangmadlang pagpapahayag ay isang pormal, ritwal na paggawa ng mga nangyari sa nakalipas na karanasan. Ang bautismo ay hindi ang pamamaraan ng kapatawaran, kaligtasan, o ng pagdating ng Espiritu, ngunit ang pagkakataon para sa kanilang pangmadlang pagpapahayag at pag-amin ng kasalanan (cf. Gawa 2:38). Gayunman, hindi rin ito di-dapat sundin. Inutos ito ni Hesus (cf. Mateo 28:19-20), at inihalimbawa ang kanyang sarili dito, (cf. Mateo 3; Marcos 1; Lucas 3) at ito ay naging bahagi ng mga pangangaral ng Apostol at mga alituntunin sa mga Gawa.

6:6

NASB	“Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip niyang napako sa krus”
NKJV	“nalalaman natin, na ang ating lumang pagkatao ay naipako sa krus kasama niya”
NRSV	“Nalalaman natin na ang ating lumang sarili ay naipako sa krus kasama niya”
TEV	“At nalalaman natin ito: ang ating lumang pagkatao ay inilagay sa kamatayan kasama ni Kristo sa kanyan krus”
NJB	“Dapat nating isipin na ang ating dating mga sarili ay naipako sa krus kasama niya”

Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na nangangahulugang “ang ating lumang sarili ay minsanan para sa lahat ay naipako sa krus sa pamamagitan ng Espiritu.” Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapakilala ng pang-Diyos na kinatawan. Ang katotohanang ito ay napakahalaga sa matagumpay na pamumuhay Kristiyano. Ang mga mananampalataya ay kailangang maisaisip ang kaniyang bagong pakikitungo sa kasalanan (cf. Galacia 2:20; 6:14). Ang lumang naglugmok sa sarili ng sangkatauhan (likas ni Adan) ay namatay kasama ni Kristo (cf. v. 7; Efeso 4:22 at Colosas 3:9). Bilang mga mananampalataya tayo ngayon ay may pagpili tungkol sa kasalanan gaya nang orihinal na ginawa ni Adan.



NASB, NKJV	“upang ang katawang salarin ay magiba”
NRSV	“upang ang katawan ng kasalanan ay maaaring magiba”
TEV	“upang ang kapangyarihan ng makasalanang sarili ay maaaring magiba”
NJB	“upang gibain ang makasalanang katawan”

Ginagamit ni Pablo ang salitang “katawan” (*soma*) na maraming DYENITIBONG mga parirala.

1. Katawan ng (ang) kasalanan, Roma 6:6
2. Katawan ng kamatayang ito, Roma 7:24
3. Katawan ng laman, Colosas 2:11

Si Pablo ay nagsasalita patungkol sa pisikal na buhay ng panahong ito ng kasalanan at rebelyon. Ang bagong muling pagkabuhay na katawan ni Hesus ay ang katawan ng bagong panahon ng katuwiran (cf. II Corinto 5:17). Hindi siliranin ang pagiging pisikal (pilosopiyang Greogo), ngunit ang kasalanan at rebelyon. Ang katawan ay hindi masama. Ang Kristiyanismo ay pinatitibay ang paniniwala sa isang pisikal na katawan sa walang-hanggan (cf. I Corinto 15). Gayunman, ang pisikal na katawan ay ang dako ng digmaan sa tukso, kasalanan, at sarili.

Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PASAKALI. Ang pariralang “ay magiba” ay nangangahulugang “gawing walang-bisa,” “gawing walang kapangyarihan,” o “gawing walang bunga,” hindi “lipulin.” Ito ay isang paboritong salita ni Pablo, na ginamit sa mahigit dalawampu’t-limang beses. Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang-Bisa at Walang Halaga (*katargeō*) at 3:3. Ang ating pisikal na katawan ay walang kinikilingan pangmoral ngunit ito rin ay dako ng digmaan para sa nagpapatuloy na labanang espirituwal (cf. vv. 12-13; 5:12-21; 12:1-2).

6:7 “Sapagka’t ang namatay ay ligtas na sa kasalanan” Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PANDIWARI at isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, na nangangahulugang “siya na namatay na ay naging at patuloy na magiging malaya mula sa kasalanan.” Dahil ang mga mananampalataya ay bagong mga nilikha kay Kristo sila ay naging at magpapatuloy na maging malaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan at sariling minana mula sa pagbagsak ni Adan (cf. 7:1-6).

Ang Griyego salita ay isinalin dito bilang “napalaya” ay isang salitang isinalin saan man sa panimulang mga kabanata bilang “inaring-ganap” (ASV). Sa kontekstong ito ang “napalaya” (NKJV, NRSV) ay mas lalong nagkakaroon ng kabuluhan (katulad ng paggamit nito sa Gawa 13:39). Tandaan, na ang konteksto ang nagpapasiya sa kahulugan ng salita, hindi isang tala-salitaan o itinakdang teknikal na kahulugan. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mga pangungusap at mga pangungusap ay mayroong lamang kahulugan sa mga talata.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:8-11

⁸Datapuwa’t kung tayo’y nangamatay na kalakip ni Kristo, ay naniniwala tayo na mangabubuhay naman tayong kalakip niya; ⁹Na nalalaman nating si Kristo na nabuhay na maguli sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang kamataya’y hindi naghahari sa kaniya. ¹⁰Sapagka’t ang kamatayan na ikinamatay niya, ay kaniyang ikinamatay na minsan sa kasalanan: datapuwa’t ang buhay na kaniyang ikinabubuhay, ay kaniyang ikinabubuhay sa Diyos. ¹¹Gayon din naman kayo, ibilang ninyong kayo’y tunay na mga patay na sa kasalanan, nguni’t mga buhay sa Diyos kay Kristo Hesus.

6:8 “Kung” Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang bautismo ng mga mananampalataya sa pagkakita ay ginagawang halimbawa ang ang kamatayan ng isa kay Kristo.

▣ **“mangabubuhay naman tayong kalakip niya”** Ang kontekstong ito ay nangangailangan ng “dito at ngayong” pagkakaangkop (cf. I Juan 1:7), hindi isang natatanging paghinaharap na tagpo. Ang talata 5 ay nagsasabi ng ating pagbabahagi sa kamatayan ni Kristo, habang ang talata 8 ay nagsasabi ng ating pagbabahagi sa Kanyang buhay. Ito ay ang katulad na pag-igting (tensyon) na likas sa biblikal na konsepto ng Kaharian ng Diyos. Ito ay kapwa dito at ngayon, ngunit sa hinaharap. Ang walang-bayad na biyaya ay kailangang magbunga ng pagpigil sa sarili, hindi self-control, hindi sa pag-aabuso.

6:9 “na nabuhay na maguli sa mga patay” Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI (tingnan sa 6:4, AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG).

Pinagtitibay ng NT na ang tatlong persona ng Trinidad ay aktibo sa muling pagkabuhay ni Hesus.

1. Ang Espiritu (cf. Roma 8:11)
2. Ang Anak (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. at pinaka-madalas, ang Ama (cf. Gawa 2:24,32; 3:15,26; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9)

Ang mga pagkilos ng Ama ay ang pagpapatunay ng Kanyang pagtanggap sa buhay, kamatayan, at mga katuruan ni Hesus. Ito ay isang pangunahing aspeto ng mga naung pangangaral ng mga Apostol. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang *Kerygma* at 1:2.



NASB “ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya”
NKJV, NRSV “Ang kamatayan ay walang lang paghahari sa Kaniya”
TEV “kamatayan ay hindi na mamumuno sa kaniya”
NJB “Ang kamatayan ay wala nang kapangyarihan sa kaniya”

Ang PANDIWANG *kurieuō* ay mula sa salitang *kurios* (i.e., Panginoong), na nangangahulugang “may-ari,” “amo,” “asawang lalaki,” o “panginoon,” Si Hesus na ngayon ang panginoon sa ibabaw ng kamatayan (cf. Pahayag 1:18). Si Hesus ang unang mga bunga ng muling pagkabuhay. May ilang mga tao na

1. dinala sa langit na buhay (i.e., kinuha sa langit, Enoch at Elijah)
2. ibinalik sa pisikal na buhay (i.e., pagbabalik ng malay-tao)

Si Hesus lamang ang nag-iisang muling nabuhay na may isang katawan sa bagong panahon. Si Hesus ang unag simura sa kapangyarihan ng kamatayan (cf. I Corinto 15)!

6:10 “Sapagka't ang kamatayan na ikinamatay niya, ay kaniyang ikinamatay na minsan sa kasalanan” Si Hesus ay nabuhay sa isang makasalanang mundo at kahit na hindi siya nagkasala, ang makasalanang mundo ang nagpapako sa Kaniya sa krus (cf. Hebreo 10:10). Ang paghaliling kamatayan ni Hesus para sa sangkatauhan ay ang nag-alis ng mga kakailanganin at mga kahihinatnan ng Kautusan sa kanila (cf. Galacia 3:13; Colosas 2:13-14).

▣ **“minsan sa kasalanan”** Sa kontekstong ito si Pablo ay nagbibigay-diin sa pagpapapako sa krus ni Hesus. Ang kanyang minsanang kamatayan para sa kasalanan ay nakaapekto sa kamatayan ng Kanyang tagasunod sa kasalanan.

Ang aklat ng Hebreo ay binibigyang-diin din sa kahigitan ng minsanang ibinigay ni para sa pag-aalay ng kamatayan. Ang minsanan-lamang na kaligtasan at kapatawaran ay naisakatuparan magpailanman (cf. “minsan” [*ephapax*], 7:27; 9:12; 10:10 at “minsan para sa lahat” [*hapax*], 6:4; 9:7,26,27,28; 10:2; 12:26,27). Ito ay paulit-ulit, natapos, pag-aalay na paninindigan.

▣ **“datapuha't ang buhay na kaniyang ikinabubuhay, ay kaniyang ikinabubuhay sa Diyos”** Ang dalawang AORIST ng v. 10a ay pinag-iiba sa dalawa PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY MGA PAHIWATIG sa v. 10b. Ang mga mananampalataya ay namatay kasama ni Kristo; mga mananampalataya ay nabubuhay para sa Diyos, sa pamamagitan ni Kristo (cf. Galacia 2:19-20). Ang layunin ng ebanghelyo ay hindi lamang kapatawaran (pag-aaring-ganap) ngunit paglilinggod sa Diyos (pagpapaging-banal). Ang mga mananampalataya ay iniligtas upang maglingkod!

6:11 “Gayon din naman kayo, ibilang ninyong kayo'y tunay na mga patay na sa kasalanan” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS. Ito ay isang nagpapatuloy, kinagawian utos para sa mga mananampalataya. Ang kaalaman ng mga Kristyano sa gawa ni Kristo para sa kanila ay napakahalaga para sa pang-araw-araw na buhay. Ang salitang “ibilang” (cf. 4:4,9), ay salitang patutuos na nangangahulugang “maingat na idagdag” at pagkatapos ay kumilos sa kaalamang iyon. Ang mga talata 1-11 ay kinikilala ang kalalagayan ng isa kay Kristo (pangkalalagayang pagpapaging-banal), habang ang 12-13 ay nagbibigay-daan sa paglakad kasama Niya (nagpapatuloy na pagpapaging-banal). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4.



NASB, NRSV,
TEV, NJB “Kristo Hesus”

NKJV “Kristo Hesus na ating Panginoon”

Ang mas maiklang pagkakabasa ay makikita sa MSS P⁴⁶, A, B, D, F, G. Ang UBS⁴ gives it an “A” rating (certain). Ang pinalawak na parirala ay maaga (MSS P⁹⁴, Ⓝ, C), ngunit ito ay maaaring idinagdag ng isang tagapagsulat (eskriba) mula v. 23. Tulad ng malawak na nakakaraming mga pagkakaibang tekstuwal, ito ay may maliit na pagkakaiba sa kaulugan ng teksto.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:12-14

¹²Huwag ngang maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, upang kayo'y magsisunod sa kaniyang mga pita: ¹³At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan *na* pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap *na* pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Diyos. ¹⁴Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo: sapagka't wala kayo sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim ng biyaya.

6:12 “Huwag ngang maghari ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na kadalasang nangangahulugan ng paghinto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang salita “maghari” ay maiuugnay sa 5:17-21 at 6:23. Pablo na nagbibigay-buhay sa marami teolohikong konsepto.

1. pananaig ng kamatayan bilang hari (cf. 5:14,17; 6:23)
2. pananaig ng biyaya bilang hari (cf. 5:21)
3. pananaig ng kasalanan bilang hari (cf. 6:12,14)

Ang totoong tanong ay sino ang naghahari sa iyong buhay? Ang mananampalataya ay may kapangyarihan kay Kristo na mamili! Ang sakuha para sa mga tao, ang lokal na iglesiaya, at ang Kaharian ng Diyos ay kung ang mga mananampalataya ay pinili ang sarili at kasalanan, kahit na habang inaangkin ang biyaya!

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang pananaig ng Kaharian ng Diyos sa 5:17-18.

6:13 “huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan” Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugan ng paghinto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Ipinapakita nito na maaaring mag ang nagpapatuloy na kasalanan sa buhay ng mga mananampalataya (cf. 7:1ff; I Juan 1:8-2:1). Ngunit ang pangangailangan ng kasalanan ay naalis sa bagong pakikipag-ugnayan ng mga mananampalataya kay Kristo, vv. 1-11.

▣ **“na pinaka-kasangkapan”** Ang salitang ito ay (*hoplon*) tumutukoy sa “isang armas ng isang sundalo” (cf. 13:12; Juan 18:3; II Corinto 6:7; 10:4). Ang ating pisikal na katawang ay ang lugar ng digmaan para sa pagnunukso (cf. vv. 12-13; 12:1-2; I Corinto 6:20; Filipos 1:20). Ang ating buhay ay ipinapakita ang ebanghelyo sa madla.

▣ **“kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos”** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS isang panawagan para sa isang tiyak na pagkilos (cf. 12:1). Ang mga mananampalataya ay ginagawa ito sa kaligtasan sa pamamagitan pananampalataya, ngunit sila ay dapat magpatuloy na gawin ito habang-buhay.

Pansinin ang pagkakatulad sa talatang ito.

1. Ang katulad na PANDIWA at kapwa MGA PAUTOS
2. Mga talinghaga sa pagkikidigma
 - a. Mga sandata ng kawalang-katuwiran
 - b. Mga sandata ng katuwiran
3. mga mananampalataya ay maaaring ialay ang kanilang mga katawan sa kasalanan o ang kanilang mga sarili sa Diyos

Tandaan, na ang talata ay tumutukoy sa mga mananampalataya—ang pagpili ay nagpapatuloy; ang digmaan ay nagpapatuloy (cf. 6:12,19; I Corinto 6:18-19; Efeso 6:10-18)!

6:14 “Sapagka't ang kasalanan ay hindi makapaghahari sa inyo” Ito ay isang PANGHINAHARAP TAHAS NA MAY PAHIWATIG (cf. Awit 19:13) ay gumaganap bilang isang PAUTOS, “ang kasalanan ay hindi kailangang maging panginoon mo!” Ang kasalanan ay hindi panginoon sa mga mananampalataya dahil sa ito ay hindi panginoon kay Kristo, (cf. v. 9; Juan 16:33).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:15-19

¹⁵Ano nga? mangagkakasala baga tayo, dahil sa tayo'y wala sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim ng biyaya? Huwag nawang mangyari. ¹⁶Hindi baga ninyo nalalaman, na kung kanino ninyo inihahandog ang inyong mga sarili na pinaka alipin upang tumalima ay kayo'y mga alipin niyaong inyong tinatalima; maging ng kasalanan sa ikamamatay, maging ng pagtalima sa ikapagiging matuwid? ¹⁷Datapuwa't salamat sa Diyos, na, bagama't kayo'y naging mga alipin ng kasalanan, kayo'y naging mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo; ¹⁸At yamang pinalaya kayo sa kasalanan ay naging mga alipin kayo ng katuwiran. ¹⁹Nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng mga tao dahil sa karupukan ng inyong laman: sapagka't kung paanong inyong inihandog ang inyong mga sangkap ng katawan na pinaka alipin ng karumihan at ng lalo't lalong kasamaan, gayon din ihandog ninyo ngayon ang inyong mga sangkap na pinaka alipin ng katuwiran sa ikababanal.

6:15 Ang pangalawang inaakalang tanong (diatribe) ay katulad ng 6:1. Ang kapwa sagot sa magkakaibang mga tanong patungkol sa kaugnayan ng Kristiyano ng kasalanan. Ang talata 1 ay tumutukoy sa biyaya na hindi ginagamit bilang isang pagkakataon sa kasalanan, habang ang v. 15 ay tumutukoy sa pangangailangan ng Kristiyano's makipaglaban, o tutulang, ang mga gawaing pansarili ng kasalanan. Gayundin, sa katulad na panahon, ang mananampalataya ay kailangang maglingko sa Diyos ngayon na may katulad na kasigasigan sa kanyang dating pinaglingkurang kasalanan (cf. 6:14).



NASB, NKJV,

TEV “mangagkakasala baga tayo”

NRSV “tayo ba ay dapat magkasala”

NJB “na tayo ay malaya sa kasalanan”

Ang mga saling Williams at Phillips ay kapwa isinalin itong AORIST NA TAHAS NA MAY PASAKALI bilang isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI na katulad sa v. 1. Ito ay hindi ganap na pagtuon. Pansinin ang ibang mga salin

1. KJV, ASV, NIV – “tayo ba ay magkakasala?”
2. The Centenary Translation – “Tayo ba ay makagagawa ng isang pagkilos ng kasalanan?”
3. RSV – “magkakasala ba tayo?”

Ang tanong na ito ay isang pagbibigay-diin sa Griyego at inaasahan ang “oo” na sagot. Ito ay ang pamamaraang patuligsa (diatribe) sa pagpapahayag ng katotohanan. Ang talatang ito ay naghahayag ng bulaang teolohiya! Sinagot ito ni Pablo sa pamamagitan ng kanyang katangian “Nawa ay hindi ito mangyari magpakailanman.” Ang ebanghelyo ni Pablo ng sukdulang walang-bayad ng biyaya ng Diyos ay di-nauunawaan at minamalabis ng maraming mga bulaang mangangaral.

6:16 Ang tanong ay inaasahan ang isang “oo” na tugon. Ang mga tao ay naglilingkod sa anumang bagay o sa kaninuman. Sino ang naghahari sa iyong buhay, kasalanan o Diyos? Kung ano ang sinusunod ng mga tao ay nagpapakita ng kanilang pinaglilingkuran (cf. Galacia 6:7-8).

6:17 “Datapuwa't salamat sa Diyos” Si Pablo ay kadalasang ay nagsisimula sa pagpuri sa Diyos. Ang kanyang mga sulat ay dumadalow mula sa kanyang mga panalangin at kanyang mga panalangin na mula sa kanyang kaalamang sa ebanghelyo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Panalangin, Pagpuri, at Pasasalamant ni Pablo sa Diyos sa 7:25.

▣ **“kayo’y naging. . . kayo'y naging”** Ito ay ang DI-GANAP NA PANAUNAN ng PANDIWA, “naging,” na naglalarawan ng kanilang naging kalalagayan sa nakalipas (mga alipin ng kasalanan) na sinusundan ng AORIST NA PANAUNAN na nagbibigay-diin na ang kanilang rebelyong kalalagayang ay tumigil na.

▣ **“mga matalimahin sa puso doon sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo”** Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa kanilang pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, na dapat magdulot sa pang-araw-araw na pagiging katulad ni Kristo.

Ang salitang “aral” tumutukoy sa katuruan ng Apostol o ang ebanghelyo.

▣ **“puso”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 1:24.



NASB “sa uri ng aral na pinagbigyan sa inyo”

NKJV “sa anyo ng doktrina na idinala ko sa inyo”

NRSV, NIV “sa anyo aral na ipinagkatiwala sa inyo”

TEV “ang katotohanan na natagpuan sa mga turo na inyong tinggap”

NJB “ang huwaran ng pagtuturo na sa inyo ay ipinasimula”

Ang kaisipang ito ay katulad sa I Corinto 15:1 at tumutukoy sa mga katotohanan ng ebanghelyo truths na narinig at tinanggap ng mga mananampalataya. Ang ebanghelyo ay

1. Isang persona na tinanggap
2. Mga katotohanan patungkol sa persona na pananampalatayan
3. Isang buhay tulad ng sa personang nabubuhay!

▣ **“anyo”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANYO (TUPOS)

Ang suliranin ay ang salitang *tupos*, na mayroong iba’t-ibang gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
 - a. tularan
 - b. balangkas
 - c. anyo o paraan ng pagsulat
 - d. kahatulan o kautusan
 - e. kaparusahan o kapasyahan
 - f. uliran ng katawang ng tao bilang mga panatang handog sa nagpapagaling na diyos
 - g. PANDIWA na ginamit sa pagkaunawa ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, tomo 2, p. 249
 - a. pilat (cf. Juan 20:25)
 - b. larawan (cf. Gawa 7:43)
 - c. huwaran (cf. Hebreo 8:5)
 - d. halimbawa (cf. I Corinto 10:6; Filipos 3:17)
 - e. pinagparisan (cf. Roma 5:14)
 - f. uri (cf. Gawa 23:25)
 - g. mga nilalaman (cf. Gawa 23:25)

3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411
 - a. tatak, isang bakas, isang palatandaan (cf. Juan 20:25)
 - b. isang paglalarawan
 - c. isang larawan (cf. Gawa 7:43)
 - d. isang reseta, pamamaraan (cf. Roma 6:17)
 - e. anyo, diwa (cf. Gawa 23:25)
 - f. isang hugis, kapilas (cf. I Corinto 10:6)
 - g. isang inaasahang hugis, uri (cf. Roma 5:14; I Corinto 10:11)
 - h. isang huwarang tularan (cf. Gawa 7:44; Hebreo 8:5)
 - i. isang mabuting tularan/huwaran (cf. Filipos 3:17; I Tesalonica 1:7; II Tesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Sa kaugnay na kahulugang ito, ang # i sa taas ang tila pinakamainam. Ang ebanghelyo ay kapwa aral at implikasyon ng lakad ng buhay. Ang walang bayad ng kaloob ng kaligtasan kay Kristo ay nangangailangan ng buhay na tulad kay Kristo!

6:18 “At yamang pinalaya kayo sa kasalanan” Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang ebanghelyo ang nagpalaya sa mga mananampalataya sa gawain ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ni Kristo. Ang mga mananampalataya ay a napalaya na sa kapwa mula sa kabayara ng kasalanan (pag-aaring-ganap) at ang kalupitan ng kasalanan (pagpapaging-banal, cf. vv. 7 at 22). Balang-araw sila ay mapapalay sa presensya ng kasalanan (pagluluwalhati, cf. 8:29-30).

▣ **“naging mga alipin kayo ng katuwiran”** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG, “kayo ay naging alipin ng katuwiran.” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:17. Ang mga mananampalataya ay ay napalaya sa kasalanan upang maglingkod sa Diyos (cf. vv. 14,19,22; 7:4; 8:2)! Ang layunin ng walang-bayad na biyaya ay isang maka-Diyos buhay. Ang pag-aaring-ganap ay kapwa isang legal na kapahayagan at isang pagpapalakas para sa pansariling katuwiran. Nais ng Diyos na iligtas at baguhin tayo upang maabot ng iba! Ang biyaya ay hindi natatapos sa isang pansariling kaligtasan ng mananampalataya (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

6:19 “Nagsasalita ako ayon sa kaugalian ng mga tao dahil sa karupukan ng inyong laman” Si Pablo ay ay nagsasalita sa mga mananampalataya sa Roma. Siya ba ay nagsasabing sa isang lokal na suliranin na kanyang narinig (ang pagseselos sa mga Hudyong mananampalataya at mga Hentil mananampalataya) o siya ba ay nagbibigay-diin sa isang katotohanan patungkol sa lahat mga mananampalataya? Ginamit ni Pablo ang pariralang ito sa Roma 3:5, gayundin ang ginawa niya sa Galacia 3:15.

Ang talata 19 ay katulad ng v. 16. Inuulit ni Pablo ang kanyang mga teolohikong paksa para sa pagbibigay-diin.

Ang iba ay magsasabi na ang pariralang ito ay nangangahulugang si Pablo ay humihingi sa kapatawaran sa paggamit ng isang talinghaga sa pagkaalipin. Gayunman, “dahil sa kahinaan ng inyong laman” ay hindi umaakma sa ganitong pagpapaliwanag. Ang pagkaalipin ay hindi tinitingnan bilang masama ng unang-siglo lipunan, lalo na sa Roma. Ito ay karaniwang sa kultura ng mga panahong iyon. Dalawang-ikalto sa mundo ng Roma ay mga alipin.

▣ **“laman”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **“katuwiran sa ikababanal”** Ito ang layunin ng pag-aaring-ganap (cf. v. 22). Ginamit ng NT ang salitang ito sa dalawang teolohikong kaunawaan na nag-uugnay sa kaligtasan.

1. Ang pangkakagayang pagpapaging-banal, na siyang kaloob ng Diyos (nilalayong aspeto) na

ipinagkaloob sa kaligtasan kasama ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. Gawa 26:18; I Corinto 1:2; 6:11; Efeso 5:26-27; I Tesalonica 5:23; II Tesalonica 2:13; Hebreo 10:10; 13:12; I Pedro 1:2)

2. Ang nagpapatuloy pagpapaging-banal na gawain din ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang ang buhay ng mga mananampalataya ay magbagong-anyo sa larawan at paglago kay Kristo (panariling aspeto, cf. II Corinto 7:1; I Tesalonica 4:3,7; I Timoteo 2:15; II Timoteo 2:21; Hebreo 12:10,14)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapaging-banal sa 6:4.

Ang pagpapaging-banal ay kapwa isang kaloob at isang uto! Ito ay isang kalalagayan (katatayuan) at isang pagkilos (pamumuhay)! Ito ay isang MAY PAHIWATIG (isang pahayag) at isang PAUTOS (isang utos)! Ito ay nanggaling sa simula ngunit hindi magiging ganap (o lubos) hanggang sa katapusan (cf. Filipos 1:6; 2:12-13).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:20-23

²⁰Sapagka't nang kayo ay mga alipin ng kasalanan, kayo'y laya tungkol sa katuwiran. ²¹Ano nga ang ibinunga ninyo sa panahong yaon sa mga bagay na ngayo'y ikinahihiya ninyo? sapagka't ang wakas ng mga bagay na yaon ay kamatayan. ²²Datapuwa't ngayong mga laya na kayo sa kasalanan at naging mga alipin ng Diyos, kayo ay mayroong inyong bunga sa ikababanal, at ang wakas ay ang buhay na walang hanggan. ²³Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Kristo Hesus na Panginoon natin.

6:20-21 Ito ay karaniwang pagpapahayag ng kasalungat ng vv. 18 at 19. Ang mga mananampalataya ay makapaglilingkod lamang sa iisang panginoon (cf. Lucas 16:13).

6:22-23 Ang mga talatang ito ay bumubuo ng isang lohikong pagpapatuloy ng kabayaran na ibinabayad sa sinuman ng naglilingkod. Salamat sa Diyos sapagtalakay na ito ng kasalanan at ang mananampalataya ay magtatapos sa pagtuon sa biyaya! Ang una ay ang kaloob na kaligtasan sa pamamagitan ng ating pakikipagtulungan, at pagkatapos ang kaloob na Kristiyanong buhay, gayundin sa pamamagitan ng pakikipagtulungan. Ang kapwa ay ay mga natanggap sa kaloob sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi.

6:22 “kayo ay mayroong inyong bunga sa ikababanal, at ang wakas ay ang buhay na walang hanggan” Ang salitang “pakinabang,” sa literal “bunga” ay ginamit sa v. 21 upang talakayin ang mga kinahinatnan ng kasalanan, ngunit sa v. 22 ito ay tumatalakay sa mga kahihinatnan ng paglilingkod sa Diyos. Ang agarang pakinabang ay ang pagiging katulad kay Kristo ng mga mananampalataya. Ang pangwakas na pakinabang ay ang pagiging kasama niya at kawangis niya magpakailanman (cf. I Juan 3:2). Kung walang agarang bunga (nabagong buhay, cf. Santiago 2) ang pangwakas sa bunga maaaring karapat-dapat na usisain (walang hanggang buhay, cf. Mateo 7). “Walang bunga, walang ugat!”

6:23 Ito ay ang buod ng buong kabanata. Inilarawan ni Pablo ang pagpili sa itim at puti. Ang pagpili ay nasa sa atin—kasalanan at kamatayan o walang-bayad biyaya sa pamamagitan ng Kristo at walang hanggang buhay. Ito ay lubhang katulad sa “dalawang paraan” ng Pangkarunuwang panitikan sa OT (Deuteronomio 30:1,17; Awit 1; Kawikaan 4; 10-19; Mateo 7:13-14).

▣ “**ang kabayaran ng kasalanan**” Ang kasalanan ay binigyang-buhay bilang (1) isang may-ari ng alipin, (2) isang heneral na panghukbo, o (3) isang hari na nagbabayan ng sahod (cf. 3:9; 5:21; 6:9,14,17).

▣ “**ng kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan**” Ang salitang ito, na isinalin sa

“walang-bayad na kaloob” (*charisma*) ay galing sa salitang-ugat para sa biyaya (*charis*, cf. 3:24; 5:15, 16, 17; Efeso 2:8-9). Tingnan ang Tala sa 3:24.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano maiuugnay ang mga mabubuting gawa sa kaligtasan (cf. Efeso 2:8-9,10)?
2. Paano maiuugnay ang nagpapatuloy na kasalanan sa buhay ng mga mananampalataya sa kaligtasan (cf. I Juan 3:6,9)?
3. Ang kabanata bang ito ay nagtuturo ng “sakdal na kawalang kasalanan?”
4. Paano maiuugnay ang kabanata 6 sa mga kabanata 5 at 7?
5. Bakit tinalakay ang bautismo dito?
6. Ang mga Kristiyano ba ay pinananatili ang kanilang lumang kalikasan? Bakit?
7. Ano ang implikasyon ng pangigingibabaw ng mga PANGKASALUKUYANG PANAHUNANG PANDIWARI sa v. 1-14 at MGA ORIST NA PANAHUNANG PANDIWARI sa 15-23?

DAGDAG PABALAT ISA

ANG LUMANG TIPAN BILANG KASAYSAYAN

Ang Kristyanismo at Judaismo ay mga makasaysayang pananampalataya. Ibinabatay nila ang kanilang pananampalataya sa makasaysayang pangyayari (sinamahan ng kanilang mga interpretasyon). Ang problema ay dumarating sa pagsusubok na ipaliwanag o ilarawan kung ano ang “kasaysayan” o “makasaysayang pag-aaral.” Marami sa problema sa makabagong teolohikal na interpretasyon ay nakalagak sa makabagong panitikan o makasaysayang pagpapalagay na itinuoon pabalik sa sinaunang Near Eastern biblika na literatura. Hindi lamang walang nararapat na pagtanggap sa temporal at kultural na pagkakaiba, ngunit sa pampanitikang pagkakaiba rin. Bilang makabagong kanluraning mga tao tayo ay simpleng hindi nauunawaan ang mga dyanra at pampanitikang mga teknik ng sinaunang Near Eastern na mga kasulatan, kaya iniinterpret natin sila ayon sa kanluraning literal na mga dyanra.

Ang ikalabingsiyam na siglong paglapit sa biblika na mga pag-aaral at pinaliit at pinababa ang mga aklat ng Lumang Tipan bilang makasaysayan, pinagkaisang mga dokumento. Ang makasaysayan kawalang paniniwala ay nakaapekto sa hermenyutik at makasaysayan imbestigasyon sa Lumang Tipan. Ang kasalukuyang takbo tungo sa “kanonikal na hermenyutik” (Brevard Childs) ay nakatulong na magpokus sa kasalukuyang anyo ng teksto ng Lumang Tipan. Ito, sa akin opinyon, ay isang makatutulong na tulay para sa pagitan ng German mas mataas na kritisismo ng ikalabing-siyam na siglo. Dapat tayong makitungo sa kanonikal na teksto na ibinagay sa atin ng di-nalalamang makasaysayang proseso na ang inspirasyon ay ipinalagay.

Maraming mga iskolar ay bumabalik sa pagpapalagay ng pagkamakasaysayan ng OT. Hindi ito tiyak na nangangahulugang itakwil ang halatang pag-eedit at pagpapabago ng OT ng mga kalaunang eskribang Hudyo, ngunit ito ay pangunahing pagbalik sa OT bilang isang balidong kasaysayan at ang dokumentasyon ng tunay na mga pangyayari (kasama ng kanilang teolohikal na mga interpretasyon).

Isang sipi mula kay R. K Harrison in *The Expositor's Bible Commentary*, vol. 1, sa artikulong, “Historical and Literary Criticism of the Old Testament” ay makatutulong.

“Ang komparatibong makasaysayang-grapikong mga pag-aaral ay nagpakita na, kasama ng mga Hittites, ang sinaunang mga Hebreo ay pinakatumpak, obhektibo, at responsableng tagatala ng Near Eastern na kasaysayan. Ang anyo-kritikal na mga pag-aaral ng mga aklat gaya ng Genesis at Deuteronomy, batay sa partikular na mga tipo ng mga tableta na nakuha mula sa lugar na nagsama sa Mari, Nuzu, at Boghazköy, ay nagpakita na ang kanonikal na materyal ay may tiyak na di-pampanitikang mga katapat sa mga kultura ng ilang mga tao ng Near Eastern. Bilang resulta, posible na tignan ito sa panibagong antas ng kompyansa at respeto doon sa mga naunang mga tradisyon ng mga Hebreo na ipinahiwatig na makasaysayang-grapiko sa kalikasan” (p. 232). Ako ay espesyal na nalulugod sa gawa ni R. K. Harrison sapagkat ginawa niyang priyoridad na bigyan kahulugan ang Lumang Tipan ayon sa pangkasalukuyang mga pangyayari, kultura at dyanra. Sa aking mga sariling mga klase sa naunang mga Hudyong panitikang (Genesis - Deuteronomy at Josue), Sinusubukan kong itatag ang isang mapagkakatiwalaang dugtong sa ibang mga sinaunang Near Eastern literatura at artepakto.

A. Genesis mga pampanitikang mga kahanay mula sa sinaunang Near East

1. Ang pinakaunang nalalamang pampanitikang kahilera ng kultural na tagpuan ng Genesis 1-11 ay ang Ebla kyuniporm na mga tableta mula sa hilagang Syria na may petsa ng mahigit 2500 B.C., isinulat ni Akkadian.
2. Paglikha
 - a. Ang pinakamalapit na Mesopotamiang tala na tumatalakay sa paglikha,

Enuma Elish, na may petsa na mahigit 1900-1700 B.C., na natagpuan sa silid-aklatan ni Ashurbanipal sa Nineveh at ilang iba pang mga lugar. Mayroong pitong kyuniprom na mga tableta na naisulat sa Akkadian na naglalarawan sa paglikha ni Marduk.

- 1) ang mga diyos, *Apsu* (tubig tabang -lalake) at *Tiamat* (tubig-alat -babae) ay mayroong di-masupil, maiingay na mga anak. Ang dalawang mga diyos na ito ay sinubukang patahimikin ang mas nakababatang mga diyos.
 - 2) Isa sa mga anak ng diyos, *Marduk*, ay tumulong na malupig si *Tiamat*. Binuo niya ang mundo mula sa kanyang katawan.
 - 3) Si *Marduk* ay binuo ang mga tao mula sa ibang mga natalo na diyos si, *Kingu*, na lalakeng konsorte ni *Tiamat* pagkatapos ng kamatayan ni *Apsu*. Ang sangkatauhan ay nagmula sa dugo ni *Kingu*.
 - 4) Si *Marduk* ay ginawang pangunahing pinuno ng panteon ng Babylonian.
 - b. “Ang selyo ng paglikha” ay isang kyuniporm na tableta na isang larawan ng nakahubad na lalake at babae katabi ng isang punong-kahoy na may kasamang ahas na nakapulupot sa katawan ng puno at nakaposisyon sa itaas ng balikat ng babae na wari ito ay nakikipagusap sa kanya.
3. Ang Paglikha at Pagbaha– *The Atrahasis Epic* ay nagtatala ng rebelyon ng mas mababang mga diyos dahil sa labis na pagtratrabaho at sa paglikha ng pitong pares n tao upang magsagawa ng mga tungkulin ng mas mababang mga diyos. Dahil sa (1) sobrang populasyon at (2) ingay, ay mga tao ay binawasan ang bilang sa pamamagitan ng salot, dalawang pamilya at sa kahulihan ay isang baha, ang plinano ni *Enlil*. Ang mga ito ang pangunahing mga pangyayari na nakita ng magkasunod sa Genesis 1-8. Ang kyuniporm na mga nilalaman ay may petsa mula sa mahigit na kaparehong beses ng sa *Enuma Elish* at sa *Gilgamesh Epic*, mahigit 1900-1700 B.C. Lahat ay nasa Akkadian.
4. Ang pagbaha sa panahon ni Noah
- a. Isang Summeriang tableta mula sa Nippur, tinawag na *Eridu Genesis*, na may petsa mula 1600 B.C., ay nagsasabi patungkol kay *Zivsudra* at ang paparating na pagbaha.
 - 1) *Enka*, ang diyos ng tubig, ay nagbabala ng paparating na baha
 - 2) *Zivsudra*, isang haring-saserdote, iniligtas sa malaking barko
 - 3) Ang baha ay tumagal ng pitong araw
 - 4) Si *Zivsudra* ay binuksan ang durungawan ng barko at pinakawalan ang ilang mga ibon upang tignan kung may tuyong lupa na ang lumitaw
 - 5) Siya rin ay nagsakripisyo ng isang baka at tupa nang siya lumisan sa barko
 - b. Isang pinaghalong Babylo niang pagbaha na tala mula sa apat na mga kwento ng Summerian, kilala bilang ang *Gilgamesh Epic*, sa orihinal ay may petsa na mahigit 2500-2400 B.C., bagamat na isinulat ang pinaghalong anyo na kyuniporm na Akkadian, ay mas higit na kalaunan. Ito ay nagsasaad patungkol sa mga naligtas sa pagbaha si, *Utnapishtim*, na nagsasabi kay *Gilgamesh*, ang hari ng *Uruk* kung paano siya nakaligtas sa matinding pagbaha at binigyan ng buhay na walang hanggan.
 - 1) *Ea*, ang diyos ng tubig, ay nagbabala sa paparating na pagbaha at nagsasabi kay *Utnapishtim* (Babylo niang anyo ng *Zivsudra*) na gumawa ng isang barko
 - 2) *Utnapishtim* at kanyang pamilya, kasama ng piniling mga halamang gamot, ay nakaligtas sa pagbaha
 - 3) Ang baha ay tumagal ng pitong araw
 - 4) Ang barko ay tumigil sa hilagang silangan ng Persia, sa Mt. Nisir
 - 5) Siya ay nagpadala ng tatlong magkakaibang mga ibon upang tignan kung may tuyong lupain ang lumitaw.
5. Ang Mesopotamiang literatura na naglalarawa ng sinauang baha ay kumuha mula sa

- kaparehong pinanggalingan. Ang mga pangalan ay madalas na nag-iiba, ngunit ang plot ay magkapareho. Isang halimbawa ay ang *Zivsudra*, *Atrahasis*, at *Utnapishtim* lahat ay magkaparehong taong hari.
6. Ang mga makasaysayan kahilera sa mga naunang mga pangyayari ng Genesis ay maaring maipaliwanag ayon sa bago pa na pagpapakalat sa mga tao (Genesis 10-11) na kaalaman at karanasan sa Diyos. Ang mga tunay na makasaysayang kaibuturang mga memorya na ito ay dinitalye at pina-alamat tungo sa pangkasalukuyang mga tala ng pagbaha sa buong mundo. Ang kapareho ay maari rin na sabihin sa paglikha (Genesis 1-2) at ang pagsasama ng mga tao at anghel (Genesis 6).
 7. Araw ng Patriyarka (Panggitnang Bronse)
 - a. Mari na mga tableta – kyuniporm na legal (kultura ng Ammonite) at personal na mga teksto na naisulat sa n Akkadian mula mahigit 1700 B.C.
 - b. Nuzi na mga tableta – kyuniporm na mga arkibos ng tiyak na mga pamilya (Horite o Hurrian na kultura) naisulat sa Akkadian mula mahigit 100 na milya SE ng Nineveh mahigit 1500-1300 B.C. Sila ay nagtala ng pamilya at pangnegosyong pamamaraan. Para sa mas partikular na mga halimbawa, tignan Walton, pp. 52-58.
 - c. Alalak na mga tableta – kyuniporm na mga teksto mula sa hilagang Syria mula mahigit 2000 B.C.
 - d. Ilang mga pangalan na natagpuan sa Genesis ay pinagalaman bilang lugar sa Mari na mga tableta: Serug, Peleg, Terah, Nahor. Ibang mga biblikal na mga pangalan ay karaniwan rin: Abraham, Isaac, Jacob, Laban, and Joseph.
 8. “Komparatibong makasaysayan grapikong pag-aarala ay nagkapita na, kasama ng mga Hittites, ang sinaunang mga Hebreo ay pinakatumpak, obhektibo at responsableng mga tagatala ng Near Eastern kasaysayan,” R. K Harrison sa *Biblical Criticism*, p. 5.
 9. Ang Arkeolohiya ay nagpatunay na napakanakakatulong sa pagtatatag ng pagkamakasaysayan ng Bibliya. Gayunpaman, isang salita ng pag-iingat ang kinakailangan. Ang Arkeolohiya ay hindi sukdulang mapagkakatiwalaang gabay dahil sa
 - a. Mahinang mga pamamaraan ng mga naunang paghuhukay
 - b. Ilang, napakasubyektibong mga interpretasyon ng mga artepakto na nadiskobre
 - c. Walang napagkasunduang kronolohiya ng Ancient Near East (bagamat may isa na hinuhubog mula sa punong mga singsing)
 - B. Ang Ehiptong paglikhang mga tala ay matatagpuan sa John W. Walton, *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Context*. Grand Rapids, MI: Zondervan, 1990. pp. 23-34, 32-34.
 1. Sa Ehiptong literatura ang paglikha ay nagsimula sa walang istruktura, magulo, at primeval na tubig. Ang paglikha ay tinignan bilang umuunlad na istruktura mula sa magulong katubigan.
 2. Sa Ehiptong literatura mula Memphis, ay paglikha ay naganap sa pamamagitan ng binigkas na salita ni Ptah.
 - C. Sa Josue na pampanitikang mga kahilera mula sa sinauang Near East
 1. Ang Arkeolohiya ay nagpakita na ang marami sa malalaking pader ng mga bayan ng Canana ay winasak at dagliang itinayo noong 1250 B.C.
 - a. Hazor
 - b. Lachish
 - c. Bethel
 - d. Debir (dating tinawag na Kerioth Sepher, 15:15)
 - D. Ang Arkeolohiya ay hindi nagawang makompirma o maitakwil ang biblikal na tala ng pagbagsak sa Jericho (cf. Josue 6). Dahil sa ang lugar ay nasa pinakamahing

kondisyon:

- a. Klima/lokasyon
 - b. Mga kalaunang muling pagtatayo ng mga lumang lugar gamit ang mga lumang materyales
 - c. Walang katiyakan patungkol sa mga petsa ng mga patong
Ang Arkeolohiya ay natagpuan ang isang altar sa Mt. Ebal na maaring konektado sa Josue 8:30-31 (Deutronomio. 27:2-9). Ito ay napakapareho sa deskripsyon na natagpuan sa Mishnah (Talmud).
2. Ang Ras Shamra na mga teksto na nagpuan sa Ugarit ay nagpakit ang pamumuhay at relihiyon ng Canaanite noong 1400 B.C.
 - a. Politiestikong kalikasan ng pagsamba (kulto ng pagkamayabong)
 - b. El ay ang pinunong diyos
 - c. Ang konsorte ni El ay si Asherah (sa kalaunan siya ay naging konsorte ni Ba'al) na sinamba sa anyo ng isang nililok na tulos o buhay na puno, na sinisimbolo nag "ang puno ng buhay"
 - d. Ang kanilang anak na lalake ay si Ba'al (Haddad), ang diyos ng bagyo
 - e. Si Ba'al aynaging "mataas na diyos" ng panteon ng Canaanite. Si Anat ay ang kanyang konsorte
 - f. Ang mga seremonya ay kahawig kay Isis at Osiris ng Ehipto
 - g. Ang pagsamba kay Ba'al ay nakapokus sa lokal na "mataas na mga lugar" o batong mga entablado (ritwal na prostitusyon)
 - h. Si Ba'al ay sinisimbolo ng isang pinataas na poste (phallic na simbolo)
 3. Ang tumpak na paglilista ng mga pangalan ng sinaunang mga bayan ay tumutugma sa isang pangkasalukuyang may-akda, hindi mga kalaunang mga editor(s)
 - a. Jerusalem ay tinawag na Jebus, 15:8; 18:16,28 (15:28 sinasabi na ang Jebusites ay nanatili parin sa natitirang bahagi ng Jerusalem)
 - b. Hebron tinawag na Kiriath-arba, 14:15; 15:13,54; 20:7; 21:11
 - c. Kiriath-jearim ay tinawag na Baalah, 15:9,10
 - d. Sidon ay tumukoy bilang pangunahing bayan ng Phoenician, hindi Tyre, 11:8; 13:6; 19:28, na sa kalaunay naging pangunahing bayan.

DAGDAG PABALAT DALAWA
LUMANG TIPAN ISTORIYOGRAPA IKINUMPARASA PANGKASALUKUYANG
NEAR EASTERN NA MGA KULTURA

I. Mesopotamiang pinanggagalingan

1. Gaya ng pinaka sinaunang literatura ang mga paksa ay madalas ang hari o ilang mga pambansang bayani.
2. Ang mga pangyayari ay madalas ginanyakan para sa propagandang mga layunin.
3. Madalas walang negatibo ang itinala.
4. Ang layunin ay upang suportahan ang kasalukuyang status quo na mga institusyon o ipaliwanag ang panibagong mga rehimen.
5. Ang historikal na pagbaluktot ay kasangkot
 - a. Ginayakang pag-aangkin ng mga dakilang tagumpay
 - b. Mga naunang nakamit ay ipinakita bilang kasalukuyang mga natamo
 - c. Tanging positibong mga aspeto ang itinala
6. Ang literatura ay nagsilbi hindi lamang isang pampropagandang tungkulin, ngunit isang didaktikong tungkulin din

II. Ehiptong pinanggagalingan

1. Sila ay sumusuporta sa napaka-statik na pananaw sa buhay, na hindi apektado ng oras o panahon.
2. Ang hari at kanyang pamilya ang layon ng higit ng literatura.
3. Ito, gaya ng Mesopotamiang literatura, ay napaka pampropaganda.
 - a. Walang negatibong mga aspeto
 - b. Ginanyakang mga aspeto

III. Rabinikal na pinanggagalingan (kalaunan)

1. Ang pagtatangka na gawin ang Kasulatan na kaugnay-ugnay kay Midrash, na gumagalaw mula sa pananampalataya ng interpreter tungo sa teksto at hind nakapokus sa pagkamay-akda na intensyon o historikal na tagpuan ng teksto
 - A. *Halakha* ay tumatalakay na may kasamang mga katotohanan o mga alituntunin sa buhay
 - B. *Haggada* ay tumatalakay na may kasamang aplikasyon at pagpapalakas ng loob para sa buhay
2. Peshet – kalaunang pagunlad na nakita sa Dead Sea Scrolls. Ito ay gumamit ng isang tipolohikal na paglapit upang tignan ang malapropetang katuparan ng nakalipas na mga pangyayari sa kasalukuyang tagpuan. Ang kasalukuyang tagpuan ay ang hinulang eskaton (paparating na bagong panahon).

IV. Halata na ito ay sinaunang Near Eastern na mga dyanra at kalaunay Hudyong literatura ay magkaiba mula sa Lumang Tipan na Kasulatan. Sa maraming paraan ang mga dyanra ng Lumang Tipan, bagamat madalas na nakikibahagi ng mga katangian sa pangkasalukuyang literatura, ay naiiba unique, lalo na sa kanilang depiksiyon sa historikal na mga pangyayari. Ang pinakamalapit sa Hebreo istorigrapiya ay ang Hittite na literatura.

Dapat na kilalanin kung gaano nagkaiba ang sinaunang istoriyograpiya is from modern, western istoriyograpiya. Dito nakasalalay ang problema para sa interpretasyon. Makabagong istoriyograpiya ay nagtatangka na maging obhektibo (walang-propaganda, kung ito ay posible) at upang idokumento at itala ang kronolohikal na sekuwensiya ng kung ano “tunay na nangyari!” Ito ay nagtatangka na idokumento ang “sanhi at bunga” ng historikal na mga pangyayari. Ito ay ipinakikilala

pamamagitan ng mga detalye!

Dahil ang Near Eastern na mga kasaysayan ay hindi gaya ng mga makabagong kasaysayan hindi nangangahulugan na sila ay mali, mas mababa, o hindi mapagkakatiwalaan. Ang mga kanluraning makabagong mga kasaysayan ay nagpapakita ng pagkiling (pagpapalagay) ng kanilang mga manunulat. Ang biblikal na kasaysayan sa kanyang pinaka-kalikasan (inspirasyon) ay magkaiba. Mayroong pakiramdam na ang biblikal kasaysayan ay tinignan sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya ng kinasihang may-akda at para sa mga layunin ng teolohiya ngunit ito ay balido parin bilang makasaysayang tala.

Ang pagkamakasaysayang ito ng Lumang Tipan ay mahalaga para sa akin sa paraan ng pagtatanggol ng aking pananampalataya para sa iba. Kung ang Bibliya ay maaring maipakita na isang historikal magkagayon ang pananampalataya na inaangkin nito ay may mas malakas na pang-akit sa mga di-mananampalataya. Ang aking pananampalataya ay hindi nakasalig sa historikal na kompirasyon ng arkeolohiya at antropolohiya, ngunit ang mga ito ay nakakatutulong upang ipakilala ang mensahe ng Bibliya, at upang bigyan ito ng kredibilidad na sa ibang banda ay maaring wala.

Sa pagbubuod magkagayon, ang pagkamakasaysayan ay hindi gumaganap sa lugar ng inspirasyon, ngunit sa lugar ng apologetiks at ebanghelismo.

DAGDAG PABALAT TATLO

HEBREO HISTORIKAL NA SALAYSAY

I. PANIMULANG MGA PANANALITA

- A. Ang relasyon sa pagitan ng OT at ibang mga paraan sa pag-uulat mga pangyayari
 - 1. Ibang sinaunang Near Eastern na panitikan ay mitolohiko
 - a. politiyestiko (madalas makataong mga diyos na nagpapakita ng mga kapangyarihan ng kalikasan ngunit gumagamit ng interpersonal na mga hidwaang mga paksa)
 - b. Batay sa mga siklo ng kalikasan (kamatayan ang pagsibol ng mga diyos)
 - 2. Greko-Romano ay para sa pag-aaliw at pagpapalakas ng loob kaysa sa pagtatala ng makasaysayan mga pangyayari per se (Homer sa maraming mga paraan ay nagpapakita ng Mesopotamiang mga paksa)
- B. Posibleng ang gamit ng tatlong German na mga termino ay nagpapakita ng pagkakaiba sa mga tipo o mga depinisyon ng kasaysayan
 - 1. “Historie,” ang pagtatala ng mga pangyayari (lantad na mga katotohanan)
 - 2. “Geschichte,” ang interpretasyon ng mga pangyayari na nagpapakita ng kanilang kahalagahan sa sangkatauhan
 - 3. “Heilsgeschichte” tumutukoy ng natatagi sa pagtutubos na plano ng Diyos at aktibidad sa loob ng makasaysayang proseso
- C. Ang OT at NT na mga salaysay ay mga “Geschichte” na nagdadala sa isang pagkakaunawa ng Heilgeschichte Sila ay mga pinili na may pagkakakiling na teolohikal sa mga makasaysayan mga pangyayari
 - 1. piniling mga pangyayari lamang
 - 2. ang kronolohiya ay hindi kasing halaga ng sa teolohiya
 - 3. mga pangyayari ay nakibahagi sa ipinahayag na katotohanan
- D. Ang salaysay ay ang pinaka karaniwang dyanra sa OT. Tinatyansa na mahigit sa 40% ng OT ay salaysay. Samakatuwid, ang dyanra na ito ay makakatulong sa Espiritu na ipagbigay-alam ang mensahe at karakter ng Diyos sa makasalanang sangkatauhan. Ngunit, ito ay nangyari na, hindi pangproposisyon (gaya ng sa sulat ng NT), ngunit sa pamamagitan ng pagpapahiwatig, pagbabbalangkas o ilang mga diyalogo/monologo. Dapat na itanong ng sinoman bakit ito naitala. Ano ang nais na ipagbigay-diin nito? Ang ang teolohikal na layunin nito?
Hindi ito sa anomang paraan ay upang mapababa ang kasaysayan. Ngunit, ang kasaysayan ay tagapaglingkod at daanan ng kapahayagan

II. Biblikal na mga Salaysay

- A. Ang Diyos ay aktibo sa Kanyang mundo. Ang mga kinasihang mga may-akda ng Bibliya ay pinili ang mga tiyak na mga pangyayari upang ipahayag ang Diyos. Ang Diyos ay ang pangunahing karakter ng OT. Every narrative functions in several ways:
 - 1. Sino ang Diyos at ano ang Kanyang ginagawa sa Kanyang mundo
 - 2. Ang sangkatauhan ay ipinahayag sa pamamagitan ng pakikitungo ng Diyos sa mga indibidwal at pangbansang kaluponan
 - 3. Bilang halimbawa partikular na tignan ang militar na tagumpay ni Josue na kadugtong sa tipanang pagsasagawa (cf. 1:7-8; 8:30-35).

B. Madalas ang mga salaysay ay pinagtatali ng magkasama upang gumawa ng mas malaking pampanitikang yunit na nagpapahayag ng iisang teolohikal na katotohanan.

I. Mga pakahulugang prinsipyo ng mga OT salaysay

A. Ang pinakamainam na talakayan na aking nakita patungkol sa pag-iinterpret sa OT na mga salaysay ay kay Douglas Stuart sa *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 83-84

1. Ang OT na salaysay ay madalas ay hindi direktang nagtuturo ng doktrina.
2. Ang OT salaysay ay madalas naglalarawan ng isang doktrina o mga doktrina na itinuro ng iminumungkahi sa ibang lugar.
3. Ang mga salaysay ay natala ng kung ano ang nangyari—hindi kinakailangan kung ano ang dapat na mangyari o ano ang dapat mangyari sa bawat pagkakataon. Samakatuwid, hindi bawat salaysay ay may indibidwal na makikilalang moral ng kwento.
4. Ano man ang ginagawa ng mga tao sa mga salaysay ay hindi kinakailangang magandang halimbawa para sa atin. Kadalasan, ito ay ang kabaligtaran.
5. Karamihan sa mga karakter ng OT na mga salaysay ay napakalayo mula sa pagiging ganap, at ganun din ang kanilang mga aksyon
6. Hindi tayo laging pinagsasabihan sa huli ng salaysay kung ang nangyari ba ay mabuti o masama. Tayo ay inaasahan na may kakayanang manghusga batay sa kung ano ang naituro ng Diyos sa atin ng direkta at may kategorya sa saan mang bahagi ng Kasulatan.
7. Lahat ng mga salaysay at selektibo at di-kompleto. Hindi lahat ng mga may kaugnayang mga detalye ay laging ibinigay (cf. Juan 21:25). Anomang lumitaw sa salaysay ay lahat ng bagay ng ang kinasihang may-akda na nasa isip niya ay mahalaga na malaman natin.
8. Ang mga salaysay hindi isinulat upang sagutin ang lahat ng ating mga teolohikal na mga katanungan. Sila ay may partikular, espisipiko, limitadong mga layunin at tumalakay sa ilang mga isyu, na nag-iiwan sa iba na talakayin, sa ibang mga paraan.
9. Ang mga salaysay ay maaring magturo ng alinman ng hayagan (sa pamamagitan ng malinaw na pagsasaad ng isang bagay) o di-hayagan (sa pamamagitan ng pagpapahiwatig ng isang bagay ng walang aktuwal na pagsasaad nito).
10. Sa huling pag-aanalisa, ang Diyos ay ang bayani ng lahat ng biblikal na mga salaysay.

B. Isang mabuting talakayan sa pag-iinterpret ng mga salaysay ay kay Walter Kaiser na *Toward Exegetical Theology*:

“Ang natatangin aspeto ng mga porsyon ng salaysay sa Kasulatan ay ang mga manunulat ay madalas ay pinahihintulutan ang mga salita at aksyon ng mga tao sa salaysay upang iparating ang pangunahing puwersya ng kanyang mensahe. Kaya, sa halip na sinasabi sa atin sa pamamagitan ng direktang pananalita, gaya ng matatagpuan sa doktrinal, katuruan na bahagi ng Kasulatan, ang manunulat ay may pagkiling na nanatili sa parang kinaligiran ng napakalayo sa direktang pagtuturo o magpahusgang mga pananalita ang mahalaga. Samakatuwid, ito ay nagiging kritikal na mahalaga na malaman ang mas malaking konteksto sa salaysay ang tumutugma at ang magtanong kung bakit ang may-akda ay gumamit ng partikular na mga seleksyon ng mga pangyayari sa nakapatumpak na pagkakasunod-sunod na pinaglayan sa kanila. Ang kambal na palatandaan sa kahulugan ngayon ay ang *pagsasaayos* ng mga episodyo at *seleksyon* ng mga detalye mula sa isang marahas na paggalaw ng posibleng talumpati, mga tao, o mga episodyo. Higit pa, ang banal

na reaksyon sa at pagtyatyanta sa mga tao na ito at sa mga pangyayari ay dapat na madalas na madetermina mula sa paraa na ang may-akda ay nagpahintulot sa isang tao o sa isang grupo ng mga tao upang tumugon sa sukduhan ng piniling sekwensya ng mga pangyayari; yan ay, kung hindi niya ginambala ang salaysay upang ibigay ang kanya (sa pagkakataon na ito, ang Diyos) pagtyatyanta ng Diyos sa kung ang nangyari” (p. 205).

- C. Sa mga salaysay ang katotohanan ay matatagpuan sa buong pampanitikang yunit at hindi sa mga detalye. Mag-ingat sa pruwembang-teksto o paggamit ng OT mga salaysay bilang pamarisan sa iyong buhay.

III. Dalawang mga lebel ng interpretasyon

- A. Ang pagtutubos ni YHWH, nagpapahayag na mga akto ng mga binhi ni Abraham
- B. Ang kalooban ni YHWH para sa bawat buhay ng mga mananampalataya (sa bawat panahon)
- C. Ang una ay nakapokus sa “pagkilala sa Diyos (kaligtasan); ang ikalawa ay sa paglilingkod sa Kanya (ang Kristyanong pamumuhay ng pananampalataya, cf. Roma 15:4; I Corimto 10:6,11)

DAGDAG PABALAT APAT

HEBREONG PROPESIYA

I. Panimula

A. Pambungad na mga Pananalita

1. Ang nananampalatayang komunidad ay hindi nagkakasundo sa kung paano bibigyan kahulugan ang propesiya. Ibang mga katotohanan ay naitatag bilang isang ortodoksiyang posisyon sa buong mga siglo, ngunit hindi ang isa na ito.
2. Mayroong ilang maliwanag na mga yugto ng OT propesiya
 - a. bago ang monarkiya (bago si Haring Saul)
 - (1) mga indibidwal na tinawag na mga propeta
 - (a) Abraham - Genesis 20:7
 - (b) Moses - Bilang 12:6-8; Deutronomio 18:15; 34:10
 - (c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita ni Moses)
 - (d) Miriam - Exodo 15:20
 - (e) Medad at Eldad - Bilang 11:24-30
 - (f) Deborah - Hukom 4:4
 - (g) di-pinangalanan - Hukom 6:7-10
 - (h) Samuel - I Samuel 3:20
 - (2) mga reperensiya sa mga propeta bilang grupo - Deutronomio 13:1-5; 18:20-22
 - (3) propetang mga grupo o samahan - I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7; 4:1,38; 5:22; 6:1, etc.
 - (4) Ang Mesyas ay tinawag na propeta - Deutronomio 18:15-18
 - b. hindi-nagsusulat na monarkyal na mga propeta (sila ay nagsasalita sa hari)
 - (1) Gad - I Samuel 7:2; 12:25; II Samuel 24:11; I Cronico 29:29
 - (2) Nathan - II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22
 - (3) Ahijah - I Hari 11:29
 - (4) Jehu - I Hari 16:1,7,12
 - (5) di-pinangalanan - I Hari 18:4,13; 20:13,22
 - (6) Elias -I Hari 18; II Hari 2
 - (7) Milcaiah - I Hari 22
 - (8) Eliseo - II Hari 2:8,13
 - c. mga klasikal na nagsusulat na mga propeta (sila ay nagsasalita sa bansa gayundin sa hari): Isaias—Malakias (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Termino

1. *ro'eh* = seer, I Samuel 9:9. Ang reperensiya na ito ay nagpapakita ng transisyon sa termino *Nabi*, na nangahulugang “propeta” at nagmumula sa ugat na, “tumawag.” *Ro'eh* ay mula sa pangkalahatang Hebreong termino “makita.” Ang taong ito ay nauunawaan ang mga paraan at plano ng Diyos at kinukonsulta upang matiyak ang kalooban ng Diyos sa isang bagay.
2. *hozeh* = seer, II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang isang kasingkahulugan ng *ro'eh*. Ito ay mula sa bihirang Hebreong termino “makakita ng isang pangitain.” Ang pandiwaring anyo ay ginamit ng madalas upang tumukoy sa mga propeta.
3. *nabi'* = propeta, magkaugnay sa Akkadian na pandiwa *nabu* = “tumawag” at Arabiko *naba'a* = “iprolama.” Ito ang pinaka karaniwang OT na termino upang italaga ang isang propeta. Ito ay ginamit ng higit sa 300 beses. Ang eksaktong etimolohiya ay di-tiyak, ngunit ang “tumawag” sa kasalukuyan ay tila ang pinakamainam na opsyon. Posibleng ang pinamainam na pagkakaunawa ay mula sa nabuong paglalarawan ni YHWH sa relasyon ni Moses sa

Faraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deutronomio 5:5). Ang propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang bayan (cf. Amos 3:8; Jeremias 1:7,17; Ezekiel 3:4).

4. Lahat ng tatlong mga termino ay ginamit sa opisina ng propeta sa I Cronico 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi*; at Gad - *Hozeh*.
5. Ang pariralang *'ish ha - 'elohim*, "lalake ng Diyos," ay isa ring pinalawak na designasyon para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng ilang 76 beses sa OT sa pakahulugan ng "propeta."
6. Ang salitang "propeta" sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa (1) *pro* = "bago" o "para"; (2) *phemi* = "magsalita."

II. Kahulugan ng Propesiya

- A. Ang terminong "propesiya" ay may malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa sa Inglis. Ang mga Hudyo ay tinatakan ang kasaysayang mga aklat mula kay Josue hanggang sa Hari (maliban kay Ruth) "ang mga dating mga propeta." Parehong si Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deutronomio 18:18) ay itinalaga bilang mga propeta (gayundin si Miriam, Exodo 15:20). Samakatuwid, mag-ingat sa isang ipinagpalagay na kahulugan sa Inglis!
- B. "Propetanismo ay lehitimong mabibigyan kahulugan sa pamamagitan ng pag-uunawa sa kasaysayan na tumatanggap ng mga kahulugan sa tanging mga termino sa banal na malasakit, banal na partisipasyon" (*Interpreter's Dictionary of the Bible*, vol. 3, p. 896).
- C. "Ang propeta ay hindi alinman isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang tipanang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang bayan upang mahubog ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma ng kanilang kasalukuyan" ("Prophets and Prophecy," *Encyclopedia Judaica*, vol. 13, p. 1152).

III. Layunin ng Propesiya

- A. Ang propesiya ay isang paraan ng Diyos na magsalita sa Kanyang bayan, nagtutustos ng pagpatnubay sa kanilang kasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pagkontrol sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang kanilang mensahe ay karaniwang pangkalahatan. Ito ay ginawa upang magsuway, magpalakas ng loob, magdagdag ng pananampalataya at pagsisisi, at magbigay impormasyon sa mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at Kanyang mga plano. Hinahawakan nila ang tao ng Diyos sa katapatana sa Tipan ng Diyos. Madalas ito ay ginamit upang malinaw na ihayag ang pagpili ng Diyos sa isang tagapagalita (Deutronomio 13:1-3; 18:20-22). Ito, sa sukdulan, ay tumukoy sa Mesyas.

- B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang makasaysayan o teolohikal na krisis ng kanyang panahon at itinutuon sa isang ekastolohikal na tagpuan. Ang huling-panahon na pananaw sa kasaysayan (teleologikal) ay natatangi sa Israel at sa kanyang banal na eleksyon at tipanang mga pangako.
- C. Ang opisina ng propeta ay tila nagbabalanse (Jeremias 18:18) at pumapalit sa Punong Saserdote bilang isang paraan ng pagkilala sa kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay lumalagpas tungo sa isang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang opisina ng propeta ay tila rin ay lumipas na sa Israel pagkatapos ng Malakias (o ang pagsusulat ng Cronico). Hindi ito lumitaw ay hanggang sa 400 na mga taon na sa kalaunan ay kay Juan na Tagabautismo. Hindi tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng “propesiya” ay nauugnay sa OT. Ang mga Bagong Tipan na mga propetas (Gawa 11:27-28; 13:1; 14:29,32,37; 15:32; I Corinto 12:10,28-29; Efeso 4:11) ay hindi mga tagahayag ng bagong kapahayagan, ngunit mga pasulong-na-tagapahayag at paunang tagapahayag ng kalooban ng Diyos sa kasalukuyang sitwasyon.
- D. Ang Propesiya ay hindi eksklusibo o unang-una ay panghuhula ang kalikasan. Ang prediksyon ay isang paraan upang makompirma ang kanyang opisina at kanyang mensahe, ngunit dapat pansinin “. . .mababa sa 2% ng OT propesiya ay Makamesyas. Mababa sa 5% ay partikular na naglalarawan sa Bagong Tipan na Panahon. Mababa sa 1% inaasahang mga pangyayari ay darating pa lamang (Fee & Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, p. 166).
- E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos para sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa tao tungo sa Diyos. Ito ay isang pangkalahatang pananalita. Mayroong eksepsyon gaya ng Habakkuk, na nagbibigay ng mga katanungan sa Diyos.
- F. Isang dahilan ay napakahirap na maunawaan ng mga propeta dahil sa hindi natin alam kung paano ang kanilang mga aklat ay ibinalangkas. Hindi ito kronolohikal. Sila ay tila tematiko, ngunit hindi laging inaasahan ng sinoman. Madalas walang halatang makasaysayang tagpuan, panahon-banghay, o malinaw na pagkakahati sa pagitan ng mga orakulo, napakahirap na (1) basahin ang mga aklat sa pamamagitan ng isag upuan; (2) na ibalangkas sila sa pamamagitan ng paksa; at (3) mapatunayan ang sentral na katotohanan o pagkamay-akdang intensyon sa bawat orakulo..

IV. Mga Katangian ng Propesiya

- A. Sa Lumang Tipan tila mayroong isang pag-unlad ng konepto ng “propeta” at “propesiya.” Sa naunang Israel nahubog doon ang isang samahan ng mga propeta, pinangungunahan ng isang malakas karismatikong pinuno gaya nina Elias at Eliseo. Minsan ang parirala “ang mga anak ng mga propeta” ay ginamit upang italaga ang grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta paminsan-minsan ay kinikilala sa pamamagitan ng mga anyo ng lubos na kagalakan (I Samuel 10:10-13; 19:18- 24).
- B. Gayunpaman, ang periyod na ito ay lumipas ng mabilis tungo sa panahon ng indibidwal na mga propeta. Ang mga ito ay yaong mga propeta (kapwa totoo at huwad) na nakikiayon sa Hari, at naninirahan sa palasyo (Gad, Nathan). Gayundin, mayroon yaon mga nagsasarili, minsan lubusang walang koneksyon sa antas ng kalagayan ng lipunan ng Israelita (Amos, Micah). Sila

ay kapwa lalake at bababe (II Hari 22:14).

- C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, nakondisyon sa tao o sa mga taong dagliang pagtugon. Madalas ang tungkulin ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilikha na hindi apektado ng pantaong pagtugon. Ang pangkalahatang ekastolohikal na plano ay natatangi sa mga propeta ng Israel sa sinaunang Near East. Prediksyon at Tipanang pagkamatapat ay kambal na pokus ng malapropetang mga mensahe (cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang-una ay pangkalahatan ang pokus. Sila ay madalas, ngunit hindi eksklusibo, ang nagpapahayag sa bansa ng Israel.
- D. Karamihan ng malapropetang materyal ay ibinigay ng pasalita. Ito ay sa kalaunay pinagsama sa pamamagitan ng tema o kronolohiya, o iba pang mga tularan ng Near Eastern panitikan na wala na sa atin. Dahil sa ito ay pasalita, hindi ito nakaistruktura gaya ng isinulat na prosa. Ito ang nagpapahirap sa mga aklat na basahin ng direktso at napakahirap na maunawaan ng walang partikular na makasaysayang tagpuan.
- E. Ang mga propeta ay gumamit ng ilang mga tularan upang iparating ang kanilang mga mensahe
 1. Eksena sa Korte – Ang Diyos ay dinadala ang Kanyang bayan sa korte; madalas ito ay isang deborsyong kaso kung saan si YHWH ay itinatakwil ang kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
 2. Lamay na Panambitan – ang espesyal na metro ng tipo ng mensahe ito at mga katangian “pighati” ay nagtatakda dito bilang isang espesyal na anyo (Isaias 5; Habakkuk 2).
 3. Tipanang pagpapala na pagpapahayag – ang kondisyonal na kalikasan ng Tipan ay binigyan diin at ang mga konsikuwensiya, kapwa positibo at negatibo, ay binaybay para sa hinaharap (Deutronomio 27-29)..

V. Mga Bibliikal na Kwalipikasyon para sa Pagbeberipika ng isang Tunay na Propeta

- A. Deutronomio 13:1-5 (mga prediksyon/tanda ay nakadugtong sa monoteistikong kadalisan)
- B. Deutronomio 18:9-22 (mga bulaang propeta/tunay na mga propeta)
- C. Kapwa lalake at babae ay tinawag at itinalaga bilang mga propeta o propetesas
 1. Miriam - Exodo 15
 2. Deborah - Hukom 4:4-6
 3. Hulda - II Hari 22:14-20; II Cronico 34:22-28
- D. Sa mga nakapaligid na mga kultura ang mga propeta ay pinatutunayan sa pamamagitan ng kanilang paghula. Sa Israel sila ay pinatutunayan sa pamamagitan ng
 1. isang teolohikal na pagsubok – ang paggamit ng pangalan ni YHWH
 2. isang makasaysayang pagsubok – wastong mga prediksyon

VI. Mga Makatutulong na mga Gabay para sa Pagbibigay Kahulugan sa Propesiya

- A. Hanapin ang intensyon ng orihinal na propeta (patnugot) sa pamamagitan ng pagpuna sa makasaysayang tagpuan at pampanitikang konteksto ng bawat orakulo. Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaik na Tipan sa ilang paraan

- B. Basahin at iinterpret ang buong orakulo, hindi lamang bahagi; ibalangkas ito ayon sa nilalaman. Tignan kung paano ito nauugnay sa nakapalibot na mga orakulo. Subuking ibalangkas ang buong aklat (sa pamamagitan ng pampanitikang yunit at sa talataang antas)
- C. Ipagpalagay ang isang literal interpretasyon ng sipi hanggang isang bagay sa teksto mismo ang nagtuturo sa iyo sa isang matalinghagang pagkakagamit; pagkatapos ay tangkain na ilagay ang matalinghagang wika sa prosa.
- D. Ianalisa ang simbolikong aksyon ayon sa makasaysayan-tagpuan at kahilerang mga pasahe. Siguraduhing tandaan na ang sinaunang Near Eastern na panitikan, hindi ang kanluranin o modernong panitikan lamang.
- E. Tratuhan ang mga prediksyon ng may pag-iingat
1. Sila ba ay eksklusibo sa panahon ng may-akda?
 2. Sila ba ay sunod-sunod na natupad sa kasaysayan ng Israel?
 3. Sila ba ay paparating na panghinaharap na mga pangyayari?
 4. Mayroon ba silang pangkasalukuyang katuparan ngunit isang panghinaharap na katuparan?
 5. Pahintulutan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi sa mga modernong may-akda, ang maggabay sa iyong mga kasagutan
- F. Espesyal na mga alalahanin
1. Ang prediksyon ba naangkop sa pamamagitan ng kondisyonal na pagtugon?
 2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
 3. Mayroon bang posibilidad na parehong biblikal at/o makasaysayan para sa maramihang mga katuparan?
 4. Ang mga NT may-akda sa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesyas sa maraming lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila ay tila gumamit ng tipolohiya o salitang paglalaro. Dahil sa tayo ay hindi inspirado, pinakamainam na iwananan ang paglapit na ito sa kanila.

VII. Makatutulong na mga Aklat

1. *A Guide to Biblical Prophecy* ni Carl E. Armerding at W. Ward Gasque
2. *How to Read the Bible for All Its Worth* by Gordon Fee at Douglas Stuart
3. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young
4. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic* ni D. Brent Sandy
5. *Cracking the Old Testament Code*, D. Brent Sandy at Ronald L. Giese, Jr.

DAGDAG PABALAT LIMA

PROPESIYA SA BAGONG TIPAN

- I. Hindi ito tulad ng propesiya sa OT (BDB 611), na may rabinikong pakahulugan ng kinasihang kapahayagan mula kay YHWH (cf. Gawa 3:18,21; Roma 16:26). Ang mga propeta lamang ang maaaring magsulat ng Banal na Kasulatan.
 - A. Si Moises ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).
 - B. Ang mga pangkasaysayang aklat (Joshua - Hari [maliban sa Ruth]) ay tinawang na “mga naunang propeta” (cf. Gawa 3:24).
 - C. Ang mga propeta ay inilalagay sa tungkulin ng Punong Saserdote bilang pinanggagalingan ng kaalaman mula sa Diyos (cf. Isaias - Malakias)
 - D. Ang pangalawang pangkat ng Hebreong kanon ay “ang mga Propeta” (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; Roma 3:21).
- II. Sa NT, ang konsepto ay ginamit sa maraming magkakaibang mga paraan.
 - A. tumutukoy sa mga propeta sa OT at kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2)
 - B. tumutukoy sa a mensahe for an individual rather than a corporate group (i.e., mga propeta sa OT spoke primarily to Israel)
 - C. tumutukoy sa kapwa kay Juan the Baptist (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at Hesus bilang tagapagpahayag ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Inaangkin din ni Hesus na siya ay lalong dakila sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).
 - D. Iba pang mga propeta sa NT
 - a. naunang buhay ni Hesus na natala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga ala-ala ni Maria)
 - Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
 - Zacarias (cf. Lucas 1:67-79)
 - Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
 - Ana (cf. Lucas 2:36)
 - b. Mapanuyang hula (cf. Caiaphas, Juan 11:51)
 - E. tumutukoy sa isang taong nagpapahayag ng ebanghelyo (ang mga tala ng mga kaloob ng pagpapahayag sa I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)
 - F. tumutukoy sa isang nagpapatuloy na kaloob sa iglesia (cf. Mateo 23:34; Gawa 13:1; 15:32; Roma 12:6; I Corinto 12:10,28-29; 13:2; Efeso 4:11). Minsan, ito ay maaaring tumukoy sa mga kababaihan (cf. Lucas 2:36; Gawa 2:17; 21:9; I Corinto 11:4-5).
 - G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)
- III. NT mga propeta
 - A. Hindi sila nagbibigay ng kinasilang kapahayagan na katulad ng kaunawaan sa ginawa ng mga propeta sa OT (i.e., Banal na Kasulatan). Ang kapahayagan ito ay maaaring dahil sa paggamit ng pariralang “ang pananampalataya” (i.e., isang pagkaunawa sa isang ganap ng ebanghelyo) na ginamit sa Gawa 6:7; 13:8; 14:22; Galacia 1:23; 3:23; 6:10; Filipos 1:27; Judas 3,20.

Ang konseptong ay maliwanag na mula sa buong pariralang na ginamit sa Judas 3, “ang pananampalatayang minsan at para sa lahat na inilagak sa mga banal.” Ang “minsan para sa lahat” na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan sa pananaw ng mundo ng Kristiyanismo. Ang minsan-ibinigay na pagbibigay-diin ay ang batayan para sa pagtatakda ng teolohikong inspirasyon sa mga sulat sa NT at hindi pagpapahintulot sa mga nahuli o iba pang mga sulat na maituring na kapahayagan. May mga maraming hindi malinaw, di-tiyak, at malabong bahagi sa NT, ngunit mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang bawat bagay

na “kinakailangan” para sa pananampalataya at pagsasagawa ay kasama na may sapat na kaliwanagan sa NT. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng tinatawag na “ang pangkapahayagang tatsulok”

- a. Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa kasaysayang panahon-kalawakan (KAPAHAYAGAN)
 - b. Pinili Niya ang tiyak na mga taong manunulat upang itala at ipaliwanag ang Kanyang mga gawa (INSPIRASYON)
 - c. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at puso ng mga tao sa pagkakaunawa ng mga sulat na ito, hindi sa kahulugan, ngunit sapat para sa kaligtasan at isang mabisang Kristiyanong buhay (ILUMINASYON O PAGBIBIGAY LIWANAG). Ang punto nito ay tinakda (o limitado) ang inspirasyon sa mga manunulat ng Banal na Kasulatan. Wala nang sumunod pang mga makapangyarihang sulat, pangitain, o kapahayagan. Ang kanon ay sarado na. Mayroon na tayo ng lahat ng katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng naaayon sa Diyos. Ang katotohanang ito ay pinakamainam na makikita sa pagkakaisa ng mga manunula ng bibliya is best seen in the agreement of biblical writers laban sa di-pagsang-ayon ng isang matapat, maka-Diyos na mga mananampalataya. Walang makabagong manunulat o tagapagsalit ang may antas ng maka-Diyos na pamumuno kaysa sa mga ginawa ng manunulat ng Banal na Kasulatan.
- B. Sa isang mga paraan, ang mga propeta sa NT ay katulad ng mga propeta sa OT.
- a. Paghula sa mga panghinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Gawa 27:22; Agabus, Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Gawa 20:23)
 - b. Ipahayag ang kahatulan (cf. Pablo, Gawa 13:11; 28:25-28)
 - c. Mga pang-sagisag ng pagkilos na maliwanag na naglalarawan ng isang pangyayari (cf. Agabus, Gawa 21:11)
- C. Minsan, sila ay nagpapahayag ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa paraang paghuhula (cf. Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pinagtutuan. Ang pagbibigay hula sa I Corinto ay payak na nagpapahayag ng ebanghelyo (cf. 14:24,39).
- D. Sila ang kaalinsabay na paraan ng Espiritu upang ihayag ang mga napapanahon at praktikal na gamit ng katotohanan ng Diyos sa bawat bagong kalagayan, kultura, o yugto ng panahon (cf. I Corinto 14:3).
- E. Sila ay masigasig sa mga unang iglesiya ni Pablo (cf. I Corinto 11:4-5; 12:28,29; 13:29; 14:1,3,4,5,6,22,24,29,31, 32,37,39; Efeso 2:20; 3:5; 4:11; I Tesalonica 5:20) at binanggit sa *Didache* (naisulat noong huling bahagi ng unang siglo o ng pangalawang siglo, di-tiyak ang petsa) at sa Montanismo ng pangalawa at pangatlong siglo sa hilagang Aprika.

IV. Tumigil na ba ang mga kaloob sa NT?

- A. Ang tanong na ito ay mahirap sagutin. Makakatulong na maliwanagan ang isyu sa pagbibigay kahulugan sa layunin ng mga kaloob. Sila ba ay ginagamit upang patunayan ang panimulang pangangaral ng ebanghelyo o sila ba ay nagpapatuloy na paraan para sa iglesiya upang paglingkuran ang sarili at ang nalugmok na mundo?
- B. Tumitingin ba ang tao sa kasaysayan ng iglesiya upang sumagot sa tanong o ang NT mismo? Walang pahiwatig sa NT na ang mga espiritwal na kaloob ay pansamantala lamang. Silang nagtatangkang gamitin ang I Corinto 13:8-13 upang talakayin ang isyung ito ay inaabuso ang layunin ng may-akda sa mga talata, na nagbibigay-diin na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay lilipas.
- C. Ako ay natutukso na sabihin na yamang ang NT, hindi ang kasaysayan ng iglesiya, ay ang awtoridad (o may kapangyarihan), ang mga mananampalataya ay kailangang manindigan na ang mga kaloob ay nagpapatuloy. Gayunman, ako ay naniniwala na ang kultura ay nakakaapekto sa pagbibigay ng kahulugan (interpretasyon). Ang ilan ay napaka-liwanag na mga teksto ay hindi na akma ngayon (i.e., ang banal na halik, mga kababaihang nagsusuot ng belo, mga iglesiyang nagpupulong sa mga tahanan, atbp). Kung ang kultura ay

- nakakaapekto sa mga teksto, gayundin, bakit hindi sa kasaysayan ng iglesia?
- D. Ito ay isang tiyak na tanong na hindi masasagot ng tahasan. Ang ilang mga mananampalataya ay magtataguyod ng “paghinto” at ang iba ay “di-paghinto.” Sa bahaging ito, tulad ng maraming isyung pangkahulugan, ang puso ng mananampalataya ang susi. Ang NT ay hindi malinaw at kultural. Ang kahirapan na mapagpapasyahan ang mga teksto ay apektado ng kultura/kasaysayan at kung saan ang para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng mga kultura (cf. Fee at Stuart’s *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 14-19 at 69-77). Dito ay kung saan ang pagtalakay ng kalayaan at pananagutan, na makikita sa Roma 14:1-15:13 at I Corinto 8-10, ay napakahalaga. Kung paano nating masasagot ang tanong ay mahalag sa dalawang paraan.
- a. Ang bawat mananampalataya ay kailangang lumakad sa pananampalataya sa liwanag na kanilang taglay. Tinitingnan ng Diyos ang ating puso at mga motibo.
 - b. Ang bawat mananampalataya ay kailangang hayaan ang iba pang mga mananampalataya na lumakad sa kanilang pagkaunawa sa pananampalataya. Kailangang magkaroon ng pagpaparaya sa loob ng mga bibilikal na hangganan. Nais ng Diyos na tayo ay mag-ibigan sa bawa’t-isa tulad ng Kanyang ginawa.
- V. Sa paglalagaom ng isyu, ang Kristiyanismo ay isang buhay ng pananampalataya at pag-ibig, hindi isang perpektong teolohiya. Ang isang pakikipag-ugnayan sa Kanya na tumitimo sa ating pakikipag-ugnayan sa iba ay mas mahalaga kaysa pangkahulugang paksa o lubusang pagganap ng kautusan (kredo).

DAGDAG PABALAT ANIM

HEBREONG PANULAAN

I. PANIMULA

- A. Ang tipong ito ng panitikan ay bumubuo ng Lumang Tipan. Ito ay labis na karaniwan sa mga “Propeta” (lahat maliban sa Haggai at Malakias ay naglalaman ng panulaan) at “mga Sulat” na seksyon sa Hebreong kanoniko.
- B. Ito napakaiba sa Englis na panulaan. Ang Englis na panulaan ay nahubog mula sa Griyego at Latin na panulaan, na pangunahing nakabatay sa tunog. Ang Hebreong panulaan ay may higit na kapareho sa taga-Canaan na panulaan. Ito ay pangunahing ibinatay sa isipan sa balanse, kahilera na mga linya.
- C. Ang arkeolohikal na pagkatuklas sa hilaga ng Israel sa Ugarit (Ras Shamra) ay nakatulong sa mga iskolar na maunawaan ang OT panulaan. Ang panulaang ito mula sa 15thsiglong B.C. ay may halatang pampanitikang mga koneksyon sa biblikal na panulaan.

II. PANGKALAHATANG MGA KATANGIAN NG PANULAAN

- A. Ito ay napakasiksik.
- B. Ito ay nagsusubok na ipahayag ang katotohanan, damdamin o mga karanasan sa matalinghangang paglalarawan.
- C. Ito ay unang-una na pasulat hindi pasalita. Ito ay lubhang may kayarian. Ang istrukturang ito ay ipinahayag sa:
 1. balanseng mga linya (pagkakahilera)
 2. salitang mga paglalaro
 3. tunog na paglalaro

III. ANG ISTRUKTURA O KAYARIAN (R. K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 965-975)

- A. Si Bishop Robert Lowth sa kanyang aklat na, *Lectures on the Sacred Poetry of the Hebrews* (1753) ang unang nagpakilala biblikal na panulaan bilang balanseng linya ng isipan. Karamihan ng modernong Englis na mga salin ay inayos upang ipakita ang mga linya ng panulaan.
 1. magkasingkahulugan – ang mag linya ay nagpapakita ng kaparihong kaisipan sa magkaibang mga salita:
 - a. Awit 3:1; 49:1; 83:14; 103:13
 - b. Kawikaan 19:5; 20:1
 - c. Isaias 1:3,10
 - d. Amos 5:24; 8:10
 2. antitetiko – ang mga linya ay nagpapakita ng kabaligtarang mga kaisipan sa pamamagitan ng kasalungat o pasasaad ng positibo at negatibo:
 - a. Awit 1:6; 90:6
 - b. Kawikaan 1:29; 10:1,12; 15:1; 19:4
 3. sintetiko – ang kasunod na dalawa o tatlong mga linya ay humubog sa kaisipan - Awit 1:1-2; 19:7-9; 29:1-2
 4. kiasmiko – isang tularan ng panulaan na nagpapakita ng mensahe sa isang pababa at mataas na pagkakasunod-sunod. Ang pangunahing punto ay matatagpuan sa gitna ng tularan.
- B. Si Charles A. Briggs sa kanyang aklat, *General Introduction to the Study of Holy Scripture* (1899) hinubog ang kasunod na baitang ng pag-aanalisa ng Hebreong panulaan:
 1. emblematico – isang sugnay na literal at ang ikalawa ay metaporikal, Awit 42:1; 103:3
 2. klimatiko o gaya ng hagdan – ang mga sugnay ay nagpapakita ng katotohanan sa isang pataas na moda, Awit 19:7-14; 29:1-2; 103:20-22

3. introverted – isang serye ng mga sugnay, madalas may apat pataas ay pinag-ugnay sa pamamagitan ng panloob na istruktura ng linya 1 hanggang 4 at 2 hanggang 3 - Awit 30:8-10a
- C. Si G. B. Gray sa kanyang aklat, *The Forms of Hebrew Poetry* (1915), hinubog ang konsepto balanse na mga sugnay ng mas higit pa sa pamamagitan ng:
1. kompletong balanse – kung saan bawat salita sa unang linya ay inulit o binalanse ng isang salita sa ikalawang linya, Awit 83:14 at Isaias 1:3
 2. di-kompletong balanse kung saan ang mga sugnay ay hindi magkasinghaba, Awit 59:16; 75:6
- D. Sa ngayon mayroong lumalagong pagkilala sa pampanitikang istrukturang tularan sa Hebreo na tinawag na kiasmo, na madalas na nagpapakita ng bilang ng magkahilera na mga linya (a,b,b,a; a,b,c,b,a) bumubuo ng hugis ng orasang babasagin, madalas ang sentrong linya ay binigyan diin.
- E. Tipo ng mga tunog na mga tularan ay matatagpuan sa panulaan sa pangkalahatan, ngunit hindi madalas sa silanganing panulaan
1. paglalaro sa alpabeto (akrostik, cf. Awit 9,34,37,119; Kawikaan 31:10ff; Panaghoy 1-4)
 2. paglalaro sa katinig (aliterasyon, cf. Awit 6:8; 27:7; 122:6; Isaias 1:18-26)
 3. paglalaro sa mga patinig (rima, cf. Genesis 49:17; Exodo 14:14; Ezekiel 27:27)
 4. paglalaro sa pag-uulit ng kaparehong mga tumutunog na mga salita na may magkaibang mga kahulugan (paronomasia)
 5. paglalaro sa mga salita kung saan, kapag binigkas, ay gaya ng tunog ng kanilang pangalan (onomatopoeia)
 6. espesyal na pambungad at panghuli (inklusibo)
- F. Mayroong ilang mga tipo ng panulaan sa Lumang Tipan. Ilan ay mga pagksang magkakaugnay at ilang ay anyong magkakaugnay:
1. paghahandog na awitin - Bilang 21:17-18
 2. gawaing mga awitin - (ipinahiwatig ngunit hindi itinala sa Hukom 9:27); Isaias 16:10; Jeremias 25:30; 48:33
 3. mga balada - Bilang 21:27-30; Isaias 23:16
 4. umiinom na mga awitin - negatibo, Isaias 5:11-13; Amos 6:4-7, at positibo, Isaias 22:13
 5. pag-ibig na mga tula – Awit ng mga Awit, kasalang na mga bugtong - Hukom 14:10-18, kasalang awit - Awit 45
 6. panaghoy/punebre - (ipinahiwatig ngunit hindi itinala sa II Samuel 1:17 ar II Cronico 35:25) II Samuel 3:33; Awit 27, 28; Jeremias 9:17-22; Panaghoy; Ezekiel 19:1-14; 26:17-18; Nahum 3:15-19)
 7. labanag mga awitin - Genesis 4:23-24; Exodo 15:1-18,20; Bilang 10:35-36; 21:14-15; Josue 10:13; Hukom 5:1-31; 11:34; I Samuel 18:6; II Samuel 1:18; Isaias 47:1-15; 37:21
 8. espesyal na mga basbas o pagpapala ng pinuno - Genesis 49; Bilang 6:24-26; Deutronomio 32; II Samuel 23:1-7
 9. mahikang mga teksto - Balaam, Bilang 24:3-9
 10. sagradong mga tula - Awit
 11. akrostikong mga tula - Awit 9,34,37,119; Kawikaan 31:10ff and Lamentations 1-4
 12. mga sumpa - Bilang 21:22-30
 13. mapangutyang mga tula - Isaias 14:1-22; 47:1-15; Ezekiel 28:1-23
 14. isang aklat para sa labanang mga tula (Jashar) - Bilang 21:14-15; Josue 10:12-13; II Samuel 1:18

IV.PATUNBAY SA PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA HEBREONG PANULAAAN

- A. Hanapin ang sentral na katotohanan ng taludturan o estropa (ito ay gaya ng isang talataan sa isang prosa.) Ang RSV ay ang unang modernong salin na kinalala ang panulaan sa pamamagitan ng taludturan. Ikumpara ang modernong mga salin para sa mas makakatulong na mga kaunawaan.

- B. Kilalanin ang matalinghagang mga wika at ipahayag ito sa prosa. Tandaan na ang tipong ito na panitikan ay napakasiksik, labis ang iniwan sa mambabasa upang punan ito.
- C. Siguraduhin na iugnay ang mas mahabang isyung naangkop na mga tula sa kanilang pampanitikang konteksto (kadalasan ang buong aklat) at makasaysayang tagpuan.
- D. Hukom 4 & 5 ay napakanakakatulong sa pagtingin kung paano ang panulaan ay nagpapakita ng kasaysayan. Ang Hukom 4 ay prosa at ang Hukom 5 ay panulaan ng magkapareong pangyayari (ikumpara rin Exodo 14 & 15).
- E. Ang pagtatangka na kilalanin ang tipo ng pararelismong kasangkot, maging ito man ay magkasingkahuluga, antitetikal, o sentitekal. Ito ay napakahalaga

DAGDAG PABALAT IKAPITU

KARUNUNGANG PAMPANITIKAN

I. ANG DYANRA

A. Karaniwang Pampanitikang tipo sa sinaunang Near East ®. J. Williams, “Wisdom in the Ancient Near East,” *Interpreter Dictionary of the Bible*, Suplemento)

1. Mesopotamia (I Hari 4:30-31; Isaias 47:10; Daniel 1:20; 2:2)
 - a. Ang Sumeria ay mayroong isang nahubog na karununganang tradisyon sa kapwa kasabihan at epiko (mga teksto mula sa Nippur).
 - b. Ang pangkasabihang karunungan ng Babylonia ay konektado sa mga saserdote/mahika. Ito ay hindi moral na nakapokus (W. G. Lambert, *Babylonian Wisdom Literature*). Ito ay hindi nahubog na dyanra gaya ng Israel.
 - c. Ang Assyria ay mayroong isang karununganang tradisyon; ISANG HALIMBAWA AY MAARING ang mga dapat na mga katuruaan ni Ahiqar. Siya ay ang tagapayo ni Sennacherib (704-681 B.C.).
2. Ehipto (I Hari 4:30; Genesis 41:8; Isaias 19:11-12)
 - a. “Ang Katuruaan para sa Vizier Ptah-hotep,” isinulat mahigit sa 2450 B.C. Ang kanyang mga katuruan ay nasa talataan, hindi kasabihang, anyo. Sila ay mga istruktura bilang isang ama sa kanyang anak, kaya nga rin, “The Teachings for King Meri-ka-re,” mahigit 2200 B.C. (LaSor, Hubbard, Bush, *Old Testament Survey*, p. 533).
 - b. The Wisdom of Amen-em-opet, isinulat mahigit 1200 B.C., ay napakahawig sa Kawikaan 22:17- 24:12.
3. Phoenicia (Ezekiel 27:8-9; 28:3-5)
 - a. Ang mga natuklasan sa Ugarit ay nagpapakita ng malapit na koneksyon sa pagitan ng Phoenician at Hebreo karunungan, lalo na ang metro. Marami sa di-karaniwang mga anyo at bihirang mga salita sa biblikal na Karununganang Pampanitikan ay ngayon na mauunawaan mula sa arkeolohikal na mga natuklasan sa at Ras Shamra (Ugarit).
 - b. Mga Awit ni Solomon ay napakahawig ng Phoenician pangkasal na mga awit na tinawag na *wasps* isinulat mahigit 600 B.C.
4. Canaan (i.e., Edom, cf. Jeremias 49:7; Obad. 8) - Albright ay ibinunyag ang pagkakatapareho sa pagitan ng Hebreo at Canaan na karununganang panitikan lalo na ang Ras Shamra na mga teksto mula sa Ugarit, isinulat mahigit 15th siglo B.C.
 - a. madalas ang kaparehong mga salita ay lumitaw bilang mga pares
 - b. presensya ng chiasmus
 - c. mayroong mga paninitik
 - d. mayroong mga musikal na mga notasyon
5. Biblikal Karununganang Panitikan ay naglalaman ng mga kasulatan ng ilang mga hindi - Israelites:
 - a. Job mula kay Edom
 - b. Agur mula kay Massa (isang Israelitang kaharian sa Saudi Arabia (cf. Genesis 25:14 at I Chronicles 1:30)
 - c. Lemuel mula kay Massa
6. Mayroong dalawang mga Hudyong hindi-kanonikal na mga aklat na nakikibahagi sa dyanrang anyong ito.
 - a. Ecclesiasticus (Karununganang ng Ben Sirach)
 - b. Karununganang ni Solomon (karunungan)

B. Pampanitikang mga Katangian

1. Unang unang dalawang mga natatanging mga tipo

- a. kasabihang mga gabay para sa isang masaya, matagumpay na buhay (orihinal na pasalita, cf. Kawikaan 1:8; 4:1)
 - (1) maikli
 - (2) madaling maunawaang kultural (karaniwang mga karanasan)
 - (3) nauudyok sa isipan- nang aarestong mga pananalita ng katotohanan
 - (4) madalas gumagamit ng kaibhan
 - (5) sa pangkalahatan ay totoo ngunit hindi laging partikular na magagamit
 - b. mas mahabang nahubog na natatanging paksa, pampanitikang mga gawa (madalas ay isinulat) gaya ng Job, Ecclesiastes at Jonah..
 - (1) mga monologo
 - (2) mga dyalogo
 - (3) mga sanaysay
 - (4) sila ay tumatalakay sa pangunahing mga katanungan at misteryo ng buhay
 - (5) ang mga matatalino ay bukas loob na humamon sa teolohikal na kalagayan!
 - c. ang pagsasatao ng karunungan (laging babae). Ang terminong karunungan ay naging pambabae.
 - (1) madalas sa Kawikaang karunungan ay inilirawan bilang isang babae (cf. 1:8-9:18)
 - (a) ng positibo
 - i 1:20-33
 - ii 4:6-9
 - iii 8:1-36
 - iv 9:1-6
 - (b) ng negatibo
 - i 7:1-27
 - ii 9:13-18
 - (2) sa Kawikaan 8:22-31 ang karunungan ay isinato bilang ang unang anak ng paglikha na kung saan ang Diyos ay nilalang ang lahat (3:19-20; Awit 104:24; Jeremias 10:12). Ito marahil ang kinaligiran ng pagkakagamit ni Juan ng logos sa Juan 1:1 upang tumukoy kay Hesus ang Mesyas.
 - (3) ito rin ay maaring makikita sa Ecclesiasticus 24.
2. Ang panitikang ito ay natatangi mula sa Kautusan at ang mga Propeta (cf. Jeremias 18:18) sa bahaging ito, ito ay tumatalakay sa indibidwal hindi sa bansa. Walang historikal o kultong mga alusyon. Ito ay unang una na nakapokus sa pang-araw araw, matagumpay, masayahin, matuwid na pamumuhay.
 3. Ang Biblikal na karunungang panitikan ay kahawig ng sa nakapaligid na kalapit nito sa kanyang istraktura ngunit hindi sa nilalaman. Ang Isa at tunay na Diyos ang ang pundasyon kung saan lahat ng biblikal na karunungan ay nakabatay (e.g., Genesis 41:38-39; Job 12:13; 28:28; Kawikaan 1:7; 9:10; Awit 111:10). Sa Babylonia ito ay ang Apsu, Ea o Marduk. Sa Ehipto ito ay ang Thoth.
 4. Hebreong karunungan ay napakapraktikal. Ito ay batay sa karanasan, hindi sa espesyal na kapahayagan. Ito ay nakapokus sa isang indibidwal na nagiging matagumpay sa buhay (lahat ng buhay: sagrado at sekular). Ito ay banal “horse-sense.”
 5. Sapagkat ang karunungang panitikan ay ginamit ang pantaong lohika, karanasan at obserbasyon ito ay internasyunal, trasnkultural. Ito ay ang moteistikong pangrelihojong pananaw sa mundo na madalas ay hindi isinaad na siyang gumawa sa karunungang Israel na nagpapahayag.

II. POSIBLENG MGA PINAGMUMULAN

- A. Ang Karunungan Panitikan ay nahubog sa Israel bilang alternatibo o balanse sa ibang mga anyo ng kapahayagan. (Jeremias 18:18; Ezekiel 7:26)
1. saserdote - kautusan - anyo (pangkalahatan)
 2. propeta - orakulo - motibo (pangkalahatan)
 3. matatalino - karunungan - praktikal, matagumpay na pang-araw araw na buhay (indibidwal)
 4. Gaya ng mayroong mga babaeng mga propeta sa Israel (Miriam, Huldah) gayundin, mayroong mga babaeng mga matatalino (cf. II Samuel 14:1-21; 20:14-22).
- B. Ang tipong ito ng panitikan ay tila nahubog:
1. bilang pambayan na mga kwento sa paligid ng apoy sa kampo
 2. bilang mga pamilyang tradisyon na ipinasa sa mga lalakeng anak
 3. isinulat at sinuportahan ng Maharlikang Palasyo:
 - a. si David ay konektado sa mga Awit
 - b. si Solomon ay konektado sa Kawikaan (I Hari 4:29-34; Awit 72 & 127; Kawikaan 1:1; 10:1; 25:1)
 - c. si Hezekiah ay konektado ay sa pagpapanugot sa karunungan panitikan (Kawikaan 25:1)

III. LAYUNIN

- A. Ito ay karaniwang isang “paano” nakapokus sa kasiyahan at tagumpay. Ito ay unang una indibidwal sa pokus nito. Ito ay nakabatay sa
1. ang karanasan ng naunang mga henerasyon
 2. sanhi at bunga ng mga relasyon sa buhay
 3. pagtitiwala sa Diyos ay mga mga pabuya (cf. Deutronomio 27-29)
- B. Ito ay paraan ng lipunan upang ipasa ang katotohanan at hasain ang kasunod na henerasyon ng mga pinuno at mga mamamayan.
- C. OT na karunungan, bagamat hindi ito laging ipinapakita, tinitignan ang Tipanang Diyos sa likod ng lahat sa buhay. Para sa Hebreo walang matalas na pagkakaiba sa pagitan ng sagrado at sekular. Lahat ng sa buhay ay sagrado. Ito ay isang paraan upang hamunin at mapabalanse ang tradisyonal na teolohiya. Ang mga matatalino ay mga malalayang mang-iisip hindi saklaw ng mga katotohanan sa aklat-aralin. Sila ay nagtatangka na magtanong, “Bakit,” “Paano,” “Paano kapag?”

IV. MGA SUSI SA INTERPRETASYON

- A. Maikling kasabihang pananalita
1. maghanap ng karaniwang mga elemento ng buhay na ginamit upang ipakita ang katotohanan.
 2. ipahayag ang sentral na katotohanan sa isang simpleng paturol na pangungusap.
 3. dahil sa ang konteksto ay hindi makakatulong maghanap ng kahilerang mga sipi sa parehong paksa.
- B. Mas mahabang panitikan na bahagi
1. maging sigurado na ipahayag ang sentral na katotohanan ng kabuuan.
 2. huwag kunin ang mga talata na wala sa konteksto.
 3. suriin ang historikal na okasyon o dahilan ng pagsusulat.

- C. Ilang karaniwang maling mga interpretasyon (Fee & Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, p. 207)
1. Ang mga tao ay hindi binabasa ang buong Karunungan aklat (gaya ng Job at Ecclesiastes) at humanap para sa sentral na katotohanan nito ngunit humugot ng mga bahagi ng aklat na labas sa konteksto nito at iaplay ito ng literal sa modernong buhay.
 2. Ang mga tao ay hindi nauunawaan ang pagkakatangi ng pampanitikang dyanra. Ito ay labis na siksik at matalinghagang Ancient Near Eastern na panitikan.
 3. Ang Kawikaan ay mga pananalita ng pangkalahatang katotohanan. Sila ay malawak na pagtanggap ng panulat hindi partikular na totoo, sa lahat ng sitwasyon, sa lahat ng oras, mga pananalita ng katotohanan.

V. BIBLIKAL NA MGA HALIMBAWA

A. Lumang Tipan

1. Job
2. Awit 1, 19, 32, 34, 37 (akrostiko), 49, 78, 104, 107, 110, 112-119 (akrostiko), 127-128, 133, 147, 148
3. Kawikaan
4. Ecclesiastes
5. Mga Awit ni Solomon
6. Panaghoy (akrostiko)
7. Jonah

B. Ekstra kanonikal

1. Tobit
2. Karunungan ni Ben Sirach (Ecclesiasticus)
3. Karunungan ni Solomon (Aklat ng Karunungan)
4. IV Maccabees

C. Bagong Tipan

1. Ang kawikaan at mga parabula ni Hesus
2. Ang aklat ni Santiago

DAGDAG PABALAT IKAWALO

APOKALIPTIKO

(Ang natatanging paksa na ito ay kinuha mula sa aking komentaryo na Pahayag.)

- I. Ang Pahayag ay isang naiibang Hudyong pampanitikang dyanra, apokaliptiko. Ito ay madalas na ginamit sa puno ng tensyon na mga panahon upang ipahayag ang kombiksyon na ang Diyos ay ang may kontrol ng kasaysayan at magdadala ng kalayaan sa Kanyang bayan. Ang tipo na ito ng panitikan ay kinakikitaan ng
 - A. malakas na pakiramdam ng pangkalahatang soberinidad ng Diyos (monoteismo at determinismo)
 - B. isang paglalaban sa pagitan ng mabuti at masam, ang panahon na ito at ang darating na panahon (dualismo)
 - C. paggamit ng lihim na kodigong mga salita (madalas mula sa OT o intertestamental Hudyong apokaliptikong panitikan)
 - D. paggamit ng mga kulay, mga numero, mga hayop, minsan mga hayop/tao
 - E. paggamit ng mala-anghel ng pamamagitan sa pamamagitan ng mga pangitain at panaginip, ngunit madalas sa pamamagitan ng mala-anghel na pamamagitan
 - F. unang-una na nakapokus sa panghuling-panahon (bagong panahon)
 - G. paggamit ng nakapirming pangkat ng mga simbolo, hindi realidad, upang ipagbigay alam ang pangwakas na panahong mensahe
- H. Ilang mga halimbawa ng tipo ng dyanrang ito ay:
 1. Lumang Tipan
 - a. Isaias 24-27, 56-66
 - b. Ezekiel 37-48
 - c. Daniel 7-12
 - d. Joel 2:28-3:21
 - e. Zacarias 1-6, 12-14
 2. Bagong Tipan
 - a. Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21, at I Corinto 15 (sa ilang mga paraan)
 - b. II Tesalonica 2 (sa pinakamaraming mga paraan)
 - c. Pahayag (mga kabanata 4-22)
 3. di-kanonikal (kinuha mula kay D. S. Russell, *The Method and Message of Jewish Apocalyptic*, pp.37-38)
 - a. I Enoch, II Enoch (ang Secrets of Enoch)
 - b. Ang Aklat ng Jubilees
 - c. Ang Sibylline Oracles III, IV, V
 - d. Ang Testamento ng Labindalawang mga Patriyarka
 - e. Ang mga Awit ni Solomon
 - f. Ang Pagpapalagay ni Moses
 - g. Ang Pagkamartir ni Isaias
 - h. Ang Apokalipso ni Moses (Buhay ni Adan at Eba)
 - i. Ang Apokalipso ni Abraham
 - j. Ang Testamento ni Abraham
 - k. II Esdras (IV Esdras)
 - l. Baruch II, III
- I. Mayroong pakiramdam ng dualidad sa dyanrang ito. Nakikita nito ang realidad bilang mga serye ng mga dualismo, pagkakasalungat, o mga tensyon (napaka karaniwan sa mga kasulatan ni Juan) sa pagitan ng:
 1. langit - lupa

2. masamang panahon (masamang tao at masasamang mga anghel) – bagong panahon ng katuwiran (mabubuting mga tao at mabubuting mga anghel)
 3. kasalukuyang pag-iiral – panghinaharap na pag-iiral
- J. Ang lahat ng mga ito ay sumusulong tungo sa isang konsumasyon na dinala ng Diyos. Hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos na maging , ngunit Siya ay patuloy na naglalaro, gumagawa, at pinanukalang gawin ang Kanyang kalooban para sa isang pagpapanumbalik ng matalik na pakikisam na nagsimula sa Harden ng Eden. Ang Kristong pangyayari ay ang patubigan ng plano ng Diyos, ngunit ang dalawang pagdating ay nagdala ng kasalukuyang mga dualismo.

DAGDAG PABALAT

PARABULA

I. MGA PARABULA

- A. Ang mga Ebanghelyo ay isinulat ng maraming mga taon pagkatapos ng buhay ni Hesus. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo (sa pamamagitan ng tulong ng Espiritu) ay sanay sa kultura ng pasalitang tradisyon. Ang mga rabi ay nagturo ng pasalitang presentasyon. Si Hesus ay ginaya ang pasalitang paraan na ito ng pagtuturo. Sa ating kaalaman Siya ay kailanman ay hindi isinulat ang Kanyang mga katuruan o mga sermon. Upang tulungan ang memorya, ang mga presentasyon ng pagtuturo ay inuulit, binubuod at inilalarawan. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay pinanatili ang mga tulong memoryang ito. Ang mga parabula ay isa sa mga tekniks na ito. Ang mga parabula ay napakahirap na bigyan kahulugan:

“Ang mga parabula ay pinakamainam na maipaliwanag bilang mga kwento na may dalawang mga anyas ng kahulugan; ang antas ng kwento ay nagbibigay ng isang salamin kung saan ang realidad ay nakikita at nauunawaan.” kinuha mula sa *Dictionary of Jesus and the Gospels*, p. 594

“Ang parabula ay isang kasabihan o istorya na naghahanap na madala ang isang punto na ang tagapagsalita ay nais na bigyan diin sa pamamagitan ng paglalarawan nito mula sa isang pamilyar na sitwasyon sa buhay.” kinuha mula sa *The Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia*, p. 590

- B. Ito ay napakahirap na ipaliwanag ng tumpak kung ano ang naunawaan sa pamamagitan ng termino “parabula” sa panahon ni Hesus
1. Ang ilan ay nagsasabi na ito ay nagpapakita ng Hebreong termino na *mashal* na anumang uri ng bugtong (Marcos 3:23), mautak na kasabihan (Kawikaan, Lucas 4:23), maikling kasabihan (Marcos 7:15) o isang misteryosong kasabihan (“madilim na kasabihan”).
 2. Ang iba ay pinanghahawakan ang isa mas limitadong paliwanag sa isang maikling kwento.
- C. Depende sa kung paano maipapaliwanag ng isa ang termino, mahigit sa 1/3 ng mga naitalang mga katuruan ni Hesus ay nasa parabula na anyo. Ito ay isang pangunahing NT panitikang dyanra. Ang mga parabula ay tiyak na mapapanaligang mga kasabihan ni Hesus. Kung tatanggapin ng isa ang ikalawang depinisyon, mayroon paring ilang mga magkakaibang mga tipo ng maikling mga kwento
1. simpleng mga kwento (Lucas 13:6-9)
 2. masalimuot na mga kwento (Lucas 15:11-32)
 3. magkakasalungat na mga kwento (Lucas 16:1-8; 18:1-8)
 4. tipolohical/alegorikal (Mateo. 13:24-30, 47-50; Lucas 8:4-8, 11-15; 10:25-37; 14:16-24; 20:9- 19; Juan 10; 15:1-8)
- D. Sa pagtatalakay ng baryante na ito ng parabulang materyal ang isa ay dapat na iinterpret ang mga kasabihang ito sa ilang mga antas. Ang unang antas ay maaring pangkalahatang hermenyumikong mga prinsipyo na magagamit sa lahat ng mga biblikal na mga dyanra. Ang ilang mga patnubay ay
1. alamin ang layunin ng buong aklat o kahit na ang mas malaking pampanitikang yunit

2. alamin ang orihinal na tagapanood. Mahalaga na madalas ang kaparehong parabula ay ibinigay sa magkaibang mga grupo, halimbawa:
 - a. nawawalang tupa sa Lucas 15 idinirekta sa mga makasalanan
 - b. nawawalang tupa sa Mateo 18 idinirekta tungo sa mga disipulo
3. siguraduhin na pansinin ang kagyat na konteksto ng parabula. Madalas si Hesus o ang ebanghelyong manunulat ay nagsasabi ng pangunahing punto) madalas sa hulihan ng parabula o pagkatapos agad nito).
4. ipahayag ang sentral na intensyon ng parabula sa isang paturol na pangungusap. Ang mga parabula madalas ay may dalawa o tatlong pangunahing mga karakter. Madalas ay mayroong isang ipinahiwatig na katotohanan, layunin o punto (plot) sa bawat karakter.
5. suriin ang kahilerang mga pasaje sa ibang mga Ebanghelyo, pagkatapos sa ibang mga NT na mga aklat at OT na mga aklat.

E. Ang ikalawang antas ng nagpapakahulugang mga prinsipyo ay yaong may kaugnayan sa partikular na parabulang materyal

1. Basahin (pakinggang hanggat maari) ang parabula ng paulit-ulit. Ang mga ito ay ibinigay para sa pasalitang epekto, hindi para sa isinulat na pag-aanalisa.
2. Karamihan sa mga parabula ay may iisang sentral na katotohanan lamang na may kaugnayan sa historikal at panitikang mga konteksto ng kapwa kay Hesus at/o ng ebanghelista.
3. Maging maingat sa pag-iinterpret sa mga detalye. Madalas sila ay bahagi lamang ng tagpuan ng kwento.
4. Tandaa na ang mga parabula ay hindi realidad. Sila ay gaya sa buhay na mga analohiya, ngunit madalas ay mga eksaherasyon, upang ibigay ang isang punto (katotohanan).
5. Alamin ang mga pangunahing punto ng kwento na ang isang unang siglong Hudiyong tagapanood ay naunawaan. Pagkatapos ay hanapin ang pagbaluktot o sorpresa. Madalas ito ay nagmumula mula sa bandang huli ng kwento (cf. A. Berkeley Mickelsen, *Interpreting the Bible*, pp. 221-224).
6. Lahat ng mga parabula ay ibinigay upang mag-udyok ng pagtugon. Ang pagtugon na yaon ay madalas may kaugnayan sa konsepto ng “ang Kaharian ng Diyos.” Si Hesus ay ang tagapagpasinaya ng bagong Makamesyas na Kaharian (Mateo 21:31; Lucas 17:21). Yaong mga nakarinig sa Kanya ay dapat na tumugon na sa Kanya ngayon!

Ang Kaharian ay panghinaharap rin (Mateo 25). Ang hinaharap ng isang tao ay nakadepende kung paano siya tutugon kay Hesus sa oras. Ang mga parabula ng Kaharian ay inilirawan ang bagong kaharian na dumating kay Hesus. Inilarawan nila ito sa etikal at radikal na paghahangad ng pagdidisipulo. Walang bagay na hindi kagaya ng dati. Lahat ay radikal na bago at nakapokus kay Hesus!

7. Ang mga parabula ay madalas hindi nagpapakita ng punto o sentral na katotohanan. Ang interpreter ay dapat na hanapin ang mga kontekstwal na mga susi na nagpapahayag ng halatang orihinal na kultural na sental na mga katotohanan na sa ngayon ay hindi halata sa atin.

F. Ang ikatlong antas na madalas na kontrobersyal ay ang pagkakatago ng parabulang katotohanan. Si Hesus ay madalas na nagsalita ng pagkakatago ng mga parabula (cf. Mateo 13:9-15; Marcos 4:9-13; Lucas 8:8-10; Juan 10:6; 16:25). Ito ay may kaugnayan sa propesiya sa Isaias 6:9-10. Ang puso ng tagapakinig ang nagdedetermina ng antas ng pagkakaunawa (cf. Mateo 11:15; 13:9,15,16,43; Marcos 4:9,23,33-34; 7:16; 8:18; Lucas 8:8; 9:44; 14:35).

Gayunpaman, ito rin ay dapat na ilahad na madalas ang mga tao (Mateo 15:10; Marcos 7:14) at ang mga Fareseo (Mateo 21:45; Marcos 12:12; Lucas 20:19) ay naunawaan ng tumpak kung ano ang sinasabi ni Hesus ngunit tumangging tumugon ng nararapat dito sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi. Sa isang pakahulugan ito ang katotohanan ng Parabula ng mga Lupa

(Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8). Ang mga parabula ay isang paraan upang itago o ihayag ang katotohanan (Mateo 13:16-17; 16:12; 17:13; Lucas 8:10; 10:23-24).

Grant Osborne, sa kanyang *Hermeneutical Spiral*, p. 239, ay ginawa ang puntong ito na “Ang mga parabula ay ang ‘engkwentrong mekanismo at gumagawa ng naiiba depende sa tagapanood. . .Bawat grupo (mga pinunos, mga tao, mga disipulo) ay nakakasalamuha ng magkakaiba sa pamamagitan ng mga parabula.” Madalas maging ang mga disipulo ay hindi maunawaan alinman sa Kanyang mga parabula o Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 15:16; Marcos 6:52; 8:17-18,21; 9:32; Lucas 9:45; 18:34; Juan 12:16).”

G. Ang ikaapat na antas ay kontrobersyal din. Ito ay tumatalakay sa sentral na katotohanan ng mga parabula. Karamihan ng modernong mga interpreter ay sumagot (ng may pangangatwiran) sa alegorikal na interpretasyon ng mga parabula. Ang alegorya ay ginawa ang mga detalye tungo sa paligoy-liguy na sistema ng katotohanan. Ang paraang ito ng interpretasyon ay hind nakapokus sa makaysayang tagpuan, pampanitikang tagpuan o pang may-akdang intensyon, ngunit ipinakita ang kaisipan ng interpreter, hindi ang teksto.

Gayunpaman, ito ay dapat na tanggapin na ang mga parabula na binigyan kahulugan ni Hesus ay napakalapit sa alegorikal o kahit na tipolohikal. Ginamit ni Hesus ang mga detalye upang ipagbigay alam ang katotohanan (ang Tagapaghasik, Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8 ar ang masamang nangungupahan, Mateo 21; Marcos 12, Lucaas 20).

Ilan sa ibang mga parabula ay mayroon rin ilang mga pangunahing katotohanan. Isang mabuting halimbawa ay ang parabula ng Alibughang Anak (Lucas 15:11-32). Hindi lamang ito ang pagmamahal ng Ama at ang pagkaligaw ng mas nakababatang kapatid na lalake na kasama sa buong kahulugan ng parabula.

Isang makakatulong na sipi mula sa *Linguistics and Biblical Interpretation* ni Peter Cotterell and Max Turner, “Si Adolf Julicher higit sa iba pa ang nagdirekte sa Bagong Tipan na iskolarsip tungo sa disididong pagtatangka upang maunawaan ang tungkulin ng parabula sa katuruan ni Hesus. Ang radikal na pag-aalegorya ng mga parabula ay inabanduna at ang pagahahapan ay nagsimula para sa isang susi na maaring makagawa sa atin na pasukin ang tunay na kahulugan. Ngunit gaya ng paglilinaw ni Jeremias, ‘Ang kanyang mga pagpupunyagi na mapalaya ang mga parabula mula sa nakakatuwa at ayon lamang sa sariling kagustuhan na mga interpretasyon ng bawat detalye ang nagdulot sa kanya na bumagsak tungo sa nakamamatay na kamalian.’ Ang kamalian ay ang ipagpilitan ang tila hindi na ang parabula ay dapat na maunawaan bilang isang pagdadala ng isang nag-iisang ideya, ngunit ang ideyang iyan ay dapat na pangkalahatan hanggat maari” (p. 308).

Isa pang nakatutulong na sipi mula sa *The Hermeneutical Spiral* ni Grant Osborne,

“Subalit aking napuna na maraming mga indikasyon ana ang mga parabula ay tunay ngang mga alegorya, kahit na na kontrolado ng intensyon ng may-akda. Si Blomberg (1990) sa katunayan ay nakipagtalo na mayroong maraming mga punto na gaya ng mga karakter sa mga parabula at sila ay tunay ngang mga alegorya. Habang ito ay parang labis na pananalita, ito ay mas malapit sa katotohanan kaysa sa ‘isang puntong’ paraan” (p. 240).

H. Dapat ba ang mga parabula ay gamitin upang magturo ng mga doktrinal na katotohanan o magbigay liwanang sa doktrinal na mga katotohanan? Karamihan ng mga interpreter ay nakaimpluwensya sa pamamagitan ng pag-abuso sa alegorikal na paraan sa pag-iinterpret ng mga parabula na nagpahintulot sa kanila na gamitin upang itatag ang mga doktrina na walang koneksyon sa orhinal na intensyon ni Hesus o nang sa manunulat ng ebanghelyo. Ang kahulugan ay dapat na idugtong sa pagkamay-akdang intensyon. Si Hesus at ang ebanghelyong manunulat

ay nasa ilalim ng inspirasyon, ngunit ang mga interpreter ay hindi.

Gaano man kasama ang mga parabula na inabuso sila pa rin ay gumaganap bilang mga behikulong katuruan ng katotohanan, doktrinang katotohanan. Pakinggan natin si Bernard Ramm sa puntong ito.

“Ang mga parabula ay nagtuturo nga ng doktrina at ang pag-aangkin na sila ay hindi magagamit ng tuluyan sa doktrinal na pagsusulat ay hindi tama... dapat nating suriin ang ating mga resulta sa payak, halatang mga katuruan ng ating Panginoon, at gaya ng sa lahat ng sa Bagong Tipan. Ang mga parabula ay nararapat na gamitin ng may pag-iingat upang maglarawan ng doktrina, magbigay liwanag sa Kristyanong karanasan at upang magturo ng praktikal na mga aralin.” *Protestant Biblical Interpretation*” (p. 285).

II. Sa konklusyon hayaan ninyo ako na magbigay ng tatlong mga sipi na nagpapakita ng mga babala sa ating interpretasyon sa mga parabula.

A. Kinuha mula sa *How to Read the Bible For All Its Worth* ni Gordon Fee at Doug Stuart:

“Ang mga parabula ay nagdanas ng isang tadhana ng maling interpretasyon sa iglesya ikalawa lamang sa Pahayag” (p. 135).

B. Kinuha mula sa *Understanding and Applying the Bible* ni J. Robertson McQuilkin,

“Ang mga parabula ay naging pinagkukunan ng hindi mabanggit na mga pagpapala sa pagbibigay liwanag sa bayan ng Diyos patungkol sa espiritwal na katotohanan. At sa parehong pagkakataon, ang mga parabula ay naging pinagmulan ng di mabanggit na kalituhan kapwa sa doktrina at pagsasagawa sa iglesya” (p. 164).

C. Kinuha mula sa *The Hermeneutical Spiral* ni Grant Osborne,

“Ang mga parabula ay naging kasama sa pinakasinasulat na bagay ngunit ang pinakainabuosng hermenyutikal na bahagi ng Kasulatan. . .ang pinakadaynamiko ngunit pinakamahirap na maunawaan sa lahat ng biblikal na mga dyanra. Ang potensyal ng parabula para sa komunikasyon ay nakamamangha o labis labis, dahil sa ito ay gumagawa ng paghahambing o kwentong batay sa pang-araw-araw na mga karanasan. Gayunpaman, ang kwento mismo ay may kakayahan sa maraming mga kahulugan, at ang modernong mambabasa ay may labis na kahirapan sa pagbibigay kahulugan nito kaysa sa sinaunang mga tagapakinig” (p.235).

DAGDAG NA DAHON SAMPU TALAHULUNGANAN

Adoptionism (Adopsyonismo). Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang “anak” Niya (cf. Roma 1:4; Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

Alexandrian School (Paaralang Alexandriano). Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, “*Has The Church Misread The Bible?*” (Academic, 1987)

Alexandrinus (Alexandrino). Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang “A”, at ang manuskritong pinangalanan bilang “B” (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

Allegory (Alegorya o Talinghaga). Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito’y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espirital na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoria.

Analytical lexicon (Analytical Lexicon). Ito’y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito’y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan). Ito ang parirala na ginagamit upang

isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

Ambiguity (Walang Katiyakan). Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

Anthropomorphic (Antropomorpiko). Nangangahulugan na “mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao.” Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa “sangkatauhan.” Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

Antiochian School (Paaralan sa Antioch). Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Igesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermeyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

Antithetical (Antithetical). Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at nakakodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos 13, II Thesalonica 2 at Pahayag.

Apologist (Apologetics). Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa “pananggol na legal” (“legal defense”). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

A priori (A priori). Kasingkahulugan nito ang katawagang “pagpapalagay” o “palagay.” Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

Arianism (Aryanismo). Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni't hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

Aristotle (Aristotle). Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho, kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

Autographs (mga Autograp). Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

Bezae (Bezae). Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang "D." Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa "Textus Receptus," ang pangunahing manuskrito na Griyego na nasa likod ng King James Version.

Bias (Pagkiling). Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya). Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

Canon (Kanon). Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

Christocentric (Christocentric). Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

Commentary (Komentaryo). Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong,

ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

Concordance (Concordance). Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark's *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

Dead Sea Scrolls (Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat). Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

Deductive (Pangangatuwiran). Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

Dialectical (Dialektiko). Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

Diaspora (Diaspora). Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang handangan ng Ipinangakong Lupain.

Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas). Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "*Introduction to the TEV*."

Eclectic (Eklektiko). Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

Eisegesis (Eisegesis). Ito ang salungat ng “exegesis.” Kung ang “exegesis” ay ang “tulongang palabasin” ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang “pagtulong paloob” ng isang banyagang ideya o pananaw.

Etymology (Etimolohiya). Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

Exegesis (Exegesis). Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay “tulongang palabasin” (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

Genre (Genre). Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

Gnosticism (Nostisismo). Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espiritu ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espiritu, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawag tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawag tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay spiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at spiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

Hermeneutics (Hermenotyotiko). Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may

kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

Idiom (Kataga o Idyoma). Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman sa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: “katakot-takot ang ganda noon” o “alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa).” Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon). Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw). Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

Interlinear (Interlinear). Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito. Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa “analytical lexicon,” ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon). Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

Language of Description (Wika ng Paglalarawan). Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

Legalism (Legalismo). Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

Literal (Literal). Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang

normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

Literary Genre (Pampanitikang Genre). Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

Literary Unit (Pampanitikang Yunit). Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluhan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

Lower Criticism (Mababang Kritisismo). Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

Manuscript (Manuskrito o Kasulatan). Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng “MS” (iisa) o “MSS” (higit sa isa).

Masoretic Text (Masoretic Text). Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudiyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang “basic” na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiyah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-daglat bilang “MT”.

Metonymy (Metonimi). Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng “Ang takuri ay kumukulo” ay “Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo.”

Muratorian Fragments (Muratorian Fragments). Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan). Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at Roma 1-2. Ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang teolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

Nestorianism (Nestoryanismo). Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong “Ina ng Diyos”, na bigay kay

Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

Original Author (Orihinal na May-akda). Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

Papyri (mga Papirus). Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

Parallel Passages (Katulad na Talata). Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap). Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. Orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

Paragraph (Talata o Talataan). Ito ay ang payak na bahagi ng lietryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

Parochialism (Parokyalismo). Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

Paradox (Kabalintunaan). Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

Plato (Plato). Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng esperitwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga teolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

Presupposition (Pagpapalagay). Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata). Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatangal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo). Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggap ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

Revelation (Pahayag o Kapahayagan). Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

Semantic Field (Simantikong Larangan). Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba't ibang kahulugan ng isang salita sa iba't ibang konteksto.

Septuagint (Septuagint). Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoretic Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

Sinaiticus (Sinaitiko). Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

Spiritualism (Espirituwalismo). Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatangal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

Synonymous (Magkasingkahulugan). Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

Syntax (Palaugnayan). Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumutukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

Synthetical (Sintetiko). Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya). Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong teolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

Talmud (Talmud). Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

Textual Criticism (Tekstuwal na Kritisismo). Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't Isaias Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

Textus Receptus (Textus Receptus). Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus.*" Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "*ang Textus Receptus ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 AD.

Torah (Tora). Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

Typological (Tipolohiko). Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

Vaticanus (Vaticano). It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga

autographs. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

Vulgate (Vulgata). Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Igesiyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunungan). Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyon ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan). Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanglibutan ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

YHWH (YHWH). Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong CAUSATIVE ng Hebreong salitang "ako." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

DAGDAG PABALAT LABING-ISA

BIBLIOGRAPIYA NG BINANGGIT AT INIREKOMENDANG MGA AKLAT

- Barr, James. *The Semantics of Biblical Language*. Oxford: Oxford University Press, 1961
- Barton, Juan. *Holy Writings – Sacred Text: The Canon in Early Christianity*. Richmond: Juan Knox Press, 1997
- Berkhof, Louis. *Systematic Theology*. Grand Rapids: Eerdmans, 1939
- _____. *Principles of Biblical Interpretation*. Grand Rapids: Baker 1950
- Black, David A., ed. *Rethinking New Testament Textual Criticism*. Grand Rapids: Baker Academic, 2002
- Braga, James. *How to Study the Bible*. Portland: Multnomah, 1982
- Bruce, F. F. *The Books and the Parchments*. Old Tappan, N. J.: Revell, 1963
- _____. *New Testament History*. Garden City: Doubleday, 1969
- _____. *The English Bible: A History of Translations From the Earliest Versions to the New English Bible*. Oxford: Oxford University Press, 1970
- _____. *Answers to Questions*. Grand Rapids: Zondervan, 1972
- _____, ed. *The New International Commentary on the New Testament*. Grand Rapids: Eerdmans, 1955
- Carson, D. A. *The King James Version Debate: A Plea for Realism*, 1979
- _____. *Biblical Interpretation and the Church*. Nashville: Thomas Nelson, 1984
- _____. *Exegetical Fallacies*. Grand Rapids: Baker, 1984
- Cole, Alan. *The Epistle of Paul to the Galatians*. Grand Rapids: Eerdmans, 1964
- Cotterell, Peter and Max Turner. *Linguistics and Bible Interpretation*, 1989
- Dana, Harvey Eugene. *Searching the Scriptures*. Kansas City: Central Seminary, 1946
- Danker, Frederick W. *Multipurpose Tools for Bible Study*. Concordia, 1970
- Dembski, William A., ed. *Mere Creation*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1998
- Ehrman, Bart D. *The Orthodox Corruption of Scripture*. Oxford: Oxford University Press, 1993
- Falk, Darrell R. *Coming to Peace With Science*. Downers Grove: InterVarsity Press, 2004
- Fee, Gordon D. *Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics*. Peabody: Hendrickson, 1991
- Fee, Gordon D. and Douglas Stuart. *How to Read the Bible for All Its Worth*. Grand Rapids: Zondervan, 1982
- _____. *To What End Exegesis?* Grand Rapids: Eerdmans, 2001
- Ferguson, Duncan S. *Biblical Hermeneutics*. Atlanta: Juan Knox Press, 1937

- Froehlich, Karlfried. *Biblical Interpretation in the Early Church*. Philadelphia: Fortress, 1984
- Gilbert, George Holley. *Interpretation of the Bible, a Short History*. New York: MacMillan, 1908
- Grant, Robert M. and David Tracy. *A Short History of the Interpretation of the Bible*. Philadelphia: Fortress, 1984
- Greenlee, J. Harold. *Introduction to New Testament Textual Criticism*. Grand Rapids: Eerdmans, 1972
- Hayes, Juan H. and Carl R. Holladay. *Biblical Exegesis*. Atlanta: Juan Knox Press, 1934
- Hendricks, Howard G. *Living By the Book*, 1991
- Henricksen, Walter A. *A Layman's Guide to Interpreting the Bible*. Grand Rapids: Zondervan, 1973
- Hirsch, E. D. *Validity In Interpretation*. New Haven: Yale University, 1967
- _____. *Aims of Interpretation*. New Haven: Yale University, 1978
- Hooykaas, R. *Religion and the Rise of Modern Science*. Grand Rapids: Eerdmans, 1972
- Jansen, Juan Fredrick. *Exercises in Interpreting Scripture*. Philadelphia: Geneva Press, 1968
- Jeeves, Malcolm A. *The Scientific Enterprise and the Christian Faith*. Downers Grove: InterVarsity, 1969
- Jensen, Irving L. *Independent Bible Study: Using the Analytical Chart and the Inductive Method*. Chicago: Moody, 1963
- Juanson, Elliott E. *Expository Hermeneutics*. Grand Rapids: Zondervan, 1990
- Juanson, Phillip E. *Darwinism on Trial*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1993
- Kaiser, Otto and Werner G. Kummel. *Exegetical Method*. New York: Seabury, 1981
- Kaiser, Walter C., Jr. *Towards An Exegetical Theology*. Grand Rapids: Baker, 1981
- Kaiser, Walter C. Jr., Peter H. Davis, F. F. Bruce, and Manfred T. Baruch. *Hard Sayings of the Bible*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1996
- Kitchen, K. A. *Ancient Orient and the Old Testament*. Downers Grove: InterVarsity, 1966
- Kubo, Sakae and Walter Specht. *So Many Versions*. Grand Rapids: Zondervan, 1983
- Kuhatschek, Jack. *Apply the Bible*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1990
- Ladd, George Eldon. *A Theology of the New Testament*. Grand Rapids: Eerdmans, 1974
- Liefeld, Walter L. *New Testament Exposition*. Grand Rapids: Zondervan, 1984
- _____. *Biblical Exegesis in the Apostolic Period*. Grand Rapids: Eerdmans, 1999
- Longman, Tremper III. *Literary Approaches to Biblical Interpretation*, vol. 3, 1987
- Marle, Rene S. J. *Introduction to Hermeneutics*. New York: Herder and Herder, 1967
- Marshall, I. Howard, ed. *New Testament Interpretation*. Grand Rapids: Eerdmans, 1977
- Mayhue, Richard. *How to Interpret the Bible For Yourself*. Chicago: Moody, 1986
- McQuilkin, J. Robertson. *Understanding and Applying the Bible*. Chicago: Moody, 1983

- Metzger, Bruce M. *The New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration*. Oxford: Oxford University Press, 1964
- _____. *The New Testament: Its Background, Growth and Content*. New York: Abingdon, 1965
- _____. *A Textual Commentary on the Greek New Testament*. New York: United Bible Societies, 1971
- _____. *The Early Versions of the New Testament*, 1977
- _____. *The Canon of the New Testament*. Oxford: Clarendon Press, 1997
- Mickelsen, A. Berkeley. *Interpreting the Bible*. Grand Rapids: Eerdmans, 1963
- Newport, Juan P. and William Cannon. *Why Christians Fight Over the Bible*. Nashville: Thomas Nelson, 1974
- Nida, Eugene. *God's Word in Man's Language*. London: William Carey, 1952
- _____. *The Hermeneutical Spiral*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1991
- Osborn, Grant R. and Stephen B. Woodward. *Handbook For Bible Study*. Grand Rapids: Baker, 1979
- Patte, Daniel. *Early Jewish Hermeneutics in Palestine*. Missoula, MT: Society of Biblical Literature and Scholars Press, 1975
- Poe, Harry L. and Jimmy H. Davis. *Science and Faith*. Nashville: Broadman, 2000
- Poythress, Vern S. *Science and Hermeneutics*. Grand Rapids: Academie, 1988
- Ramm, Bernard. *The Christian View of Science and Scripture*. Grand Rapids: Eerdmans, 1954
- _____. *Protestant Biblical Interpretation*. Grand Rapids: Baker, 1970
- Ratzsch, Del. *The Battle of Beginnings*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1996
- Rowley, H. H. *The Relevance of the Bible*, 1940
- Sandy, D. Brent and Ronald L. Giese, Jr. *Cracking Old Testament Codes*. Nashville: Broadman, 1995
- _____. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*. Downers Grove: InterVarsity Press, 2002
- Scholer, D. W. *A Basic Bibliographic Guide for New Testament Exegesis*. Grand Rapids: Eerdmans, 1973
- Schultz, Samuel J. and Morris A. Inch, eds. *Interpreting the Word of God*. Chicago: Moody, 1976
- Silva, Moises. *Biblical Words and Their Meaning*. Grand Rapids: Zondervan, 1983
- _____. *Has the Church Misread the Bible?* Grand Rapids: Zondervan, 1987
- Silva, Moises, ed. *Foundations of Contemporary Interpretation*. Grand Rapids: Zondervan, 1996
- Sire, James W. *Scripture Twisting*. Downers Grove: InterVarsity Press, 1980
- Stagg, Frank. *New Testament Theology*. Nashville: Broadman, 1962
- Stein, Robert H. *A Basic Guide to Interpreting the Bible: Playing by the Rules*. Grand Rapids: Baker, 2000

Sterrett, J. Norton. *How To Understand Your Bible*. Downers Grove: InterVarsity, 1973

Stewart, Douglas. *Old Testament Exegesis*. Philadelphia: Westminster, 1980

Stewart, James S. *A Man In Christ*. New York: Harper and Row, 1935

Stibbs, Alan Marshal. *Understanding God's Word*. London: InterVarsity, 1950

Stuart, Douglas. *Old Testament Exegesis*. Philadelphia: Westminster, 1980

Tenney, Merrill C. *Galatians: The Charter of Christian Liberty*. Grand Rapids: Eerdmans, 1950

Terry, Milton. *Biblical Hermeneutics*. Grand Rapids: Zondervan, 1974

Thiselton, Anthony C. *The Two Horizons*. Grand Rapids: Eerdmans, 1980

Traina, Robert A. *Methodical Bible Study*. Grand Rapids: Zondervan, 1985

Vanhoozer, Kevin J. *Is There a Meaning in This Text*. Grand Rapids: Zondervan, 1998

Vaughn, Curtis, ed. *Twenty-Six Translations of the Bible*. Chattanooga: AMG, 1985

Vine, W. E. *Vine's Expository Dictionary of New Testament Words*. Westwood, N. J.: Revell, 1966

Virkler, Henry A. *Hermeneutics*. Grand Rapids: Baker, 1981

Walke, B. K., D. Guthrie, G. D. Fee and R. K. Harrison. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Textual*, 1997

DAGDAG PABALAT LABING-DALAWA

PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinanggagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasari. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya

ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

“Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig.”

A Poem

It cannot mean what it never meant
I've etched that on my brain.
And when I study Scripture
I echo that refrain.
I've studied hermeneutics and exegesis too,
So, as a consequence of this
I've somewhat changed my view.
I've learned some nomenclature
too lengthy to define
like cultural relativity and textual design.

There is so much I want to know,
How to ferret out the truth.
I hope someday that I'll become a
Bible-reading sleuth.
A new respect has taken me, for God's own holy word
inspiring me to know the truth, to hear as it was heard.
But I know I must remember,
I stepped through an open door,
and never can return again to where I was before.

Pat Bergeron
11/27/91